# TINIPONG PAHAYAG NG
# National Democratic Front-Bikol (NDF-BIKOL)
# at
# Romulo Jallores Command
# Bagong Hukbong Bayan-Bikol
# (RJC BHB-BIKOL)

*mula 2017- Hulyo 2019*



*Ang mga pahayag ng NDF-Bikol, RJC BHB-Bikol at ng iba pang mga kumand ng BHB sa rehiyon ay maaaring i-download mula sa sumusunod na website:*

*a. Philippine Revolution Web Central -*
*(www.philippinerevolution.info)*

*b. Silyab Yandex Disk -*
*(www.yandex.disk/silyabbikol1976)*

*c. National Democratic Front-Bikol Information Office -*
*(www.yandex.disk/ndfp73bikol)*

## CDX, Mapanlikhang Armas ng Mamamayang Nag-aaklas

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
24 April 2017 \

Ang mga eksperto sa propaganda at saywar ng mga mersenaryo at berdugong sundalo ng AFP ay nagpapakadalubhasa sa ideya na anumang bagay na paulit-ulit sabihin ay magiging katotohanan din kinalaunan. Ito ay maka-Hitler na prinsipyo sa propaganda. Sa ganito nila nalilinlang at naikikintal sa isip ng midya at taumbayan na terorista ang BHB habang napagtatakpan ang sarili nilang paglabag sa mga karapatang pantao sa Masbate, Camarines Sur at Camarines Norte, patunayan ang deklarasyon nilang "conflict manageable" na ang kalakhang bahagi ng rehiyon at palitawing nagtatagumpay sila sa kanilang kontra-insurhensyang operasyon sa Bikol.

Lumalabas na ignorante ang mga ekspertong ito, sa kabila ng kanilang koleksyon ng diploma't karangalan mula sa iba't ibang paaralan, sa pilit na paggigiit na labag sa batas ang pagmamanupaktura, pag-iimbak at paggamit ng command detonated explosives (CDX) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ang mga mandirigma ng BHB, na karaniwang hindi nakatuntong ng hayskul ay may malalim na paggagap sa mga kinikilalang internasyunal na batas hinggil sa karapatang tao at paggalang sa kapakanan at karapatan ng mga sibilyan kahit sa gitna ng digma. Mulat ang mga pulang mandirigma na ang CDX ay kaiba sa mga land mine na ipinagbabawal sa ilalim ng Ottawa Treaty dahil walang itong itnatanging biktima sa oras na masagi, maapakan o madaanan ng tao o sasakyan. Ang CDX ay mga bombang sumasabog lamang sa sandaling pindutin ang trigger ng blasting machine ng mga nakatalagang bomber. Nangangahulugan ito ng ilang suson ng paniniguro na magagawa ng kumand na matalas na pag-aralan ang umiiral na sitwasyon bago ilabas ang mando para sa pagpapasabog sa bomba.

Epektibo ang CDX sa pagdurog ng modernong sundalo ng estado. Kaya't hindi nakapagtatakang ibuhos ng estado ang lahat ng maaaring hakbang para maagaw sa rebolusyonaryong hukbo ang bentaheng ito. Ganoon na lamang ang pangangatog ng tuhod ng mga pasista sa CDX na sa basyo pa lang ng mga ito ay naninindig na ang kanilang balahibo gaya ng nangyari sa Sityo Laray, Brgy. Buri, Milagros, Masbate. Sa halip na iulat nang tapat na may nasamsam silang mga kaha pa lamang ng hindi pa nabubuong CDX, kagyat nilang idineklarang may mahigit 30 buong CDX silang nakuha sa kinukbob nilang lugar. Ang tatlong sibilyang nasawi sa labanan ay hindi man lamang nagurlisan ng mga CDX ng BHB, bagkus mga bala ng walang prinsipyong sundalo ng estado ang kumitil sa kanila.

Ang AFP-PNP ay malinaw na mersenaryong hukbong sumasahod mula sa kabang-yaman ng bayan. Maamong tuta itong kumikilos sa dikta ng dinidiyos nitong imperyalistang US at lokal na naghaharing-uri. Sunud-sunuran sila sa dinisenyo ng US na Counter Insurgency (COIN) Plan laban sa rebolusyonaryong pwersa. Ang katalinuhan nila'y pinapupurol ng mga estratehiya't taktika sa pananakop militar ng US na search and destroy, encirclement and suppression sa ilalim ng COIN at high and low-intensity conflict.

Kung tutuusin, napakahaba ng listahan ng armas pandigma na nagmula sa mga imperyalistang bansa ang libreng nagagamit ng AFP at PNP para maghasik ng pasismo at terorismo sa hanay ng mamamayan. Ang sandatahang lakas ng Pilipinas ay nasasandatahan ng mga baril (M16), bomba, helikopter at jets na nagmumula sa US. Para kanino, kung gayon ang "total war" ng AFP na tumutugis sa mga rebolusyonaryong Pilipinong

naglalayon ng tunay na progreso ng bansa laban sa kontrol ng mga dayuhang monopolyo kapitalista at lokal na oligarkiya?

Itinutulak ng umiiral na kalagayan ang nakikidigmang pwersa ng lokal na gerilyang Pilipino na mapanlikhang gumawa at magpaunlad ng sarili nitong sandata upang magtagumpay para sa adhikaing makabansa at maka-mamamayan. Gaano man kagaling ang makinarya sa saywar ng AFP at PNP, mananatiling katotohanan na ang CDX ay lehitimo sa ilalim ng Ottawa Treaty. May karapatan ang isang pwersang nag-aaklas, ayon sa mga napagkaisahang internasyunal na batas ng digma na langkapan ang kanyang napakalimitadong lakas ng anumang sandatang magagamit nito para durugin ang isang kontra-mamamayang estado. Ang pananaliksik, pagmamamanupaktura, pag-iimbak at paggamit ng CDX ay bahagi ng karapatang ito.

Ang usapin dito ay lagpas pa sa mga kagamitan at mas hinggil sa layunin ng gumagamit. Ang BHB ay tapat sa layunin nitong ipagwagi ang digmang bayan para sa mamamayang Pilipino. Kapos man sa teknolohiyang ipinagmamayabang ng imperyalistang bansa at lokal na pasistang hukbo, nanatiling nakatumbok sa malinaw na target ang mga sandatang patuloy na pinapaunlad ng BHB. Hangga't ang institusyong ipinagtatanggol ng hukbong sandatahan ay patuloy sa pang-aapi't pagsasamantala sa sambayanan, patuloy na magiging malikhain ang BHB sa paghahanap ng armas, katutubo man o moderno, para tuluyang durugin ang estado.

Ang digma ng pagpapalaya ay isang makatarungang digmang likas na nagbibigay halaga sa buhay ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.

---

## Matatag na Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan!

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
24 April 2017

Isang taas-kamaong pagpupugay ang ipinapaabot ng National Democratic Front-Bikol sa lahat ng mga alyadong rebolusyonaryong organisasyon nito at sa sambayanang Pilipino sa okasyon ng ika- 44 anibersaryo ng NDFP.

Mula nang maitatag ang NDFP at mapagtibay ang 10-puntong programa nito noong Abril 24, 1973, sa pamumuno ng Communist Party of the Philippines (CPP), nagkamit ito ng mga hindi matatawarang tagumpay sa paglalapat at pagpapaunlad ng mga estratehiya at taktika sa pagbubuo ng nagkakaisang prente para sa pagsulong at lubusang pagwawagi ng demokratikong rebolusyong bayan. Nanguna ito sa paghamig ng suporta ng milyun-milyong mamamayan para sa armadong pakikibakang pangunahing isinusulong ng New People's Army.

Mahusay nitong pinanghawakan ang batayang alyansa ng manggagawa at magsasaka. Kinonsolida ang progresibo at patriyotikong pwersa at ilang bahagi ng reaksyunaryong uri upang matipon ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan para sa paghiwalay at pagdurog sa pinakamasasahol na ahente ng imperyalismo, burukrata kapitalismo at pyudalismo.

Naging matunog ang mga mapanlikha at militanteng kampanyang masa sa iba't ibang dako ng bansa sa nakaraang mga buwan. Sa Kabikulan, dumagundong ang mga protesta laban sa militarisasyon. Bumaha sa kalsada, hindi lamang ang libu-libong mamamayang apektado ng terorismong dala ng kontra-insurhensyang programa ng gubyerno, kundi maging ang mga nasa kabayanan at sentrong lunsod na

sumusuporta sa laban para palayasin ang mga militar sa kanayunan. Gayundin, 90% ng mga drayber at opereytor ng dyip sa rehiyon ang lumahok sa buong bansang tigil-pasada upang tutulan ang nakaambang phase-out ng mga dyip na 15 taon pataas at modernisasyon ng lahat ng moda ng transportasyon upang mapalitan ng mga likhang behikulo ng imperyalismo.

Sa gabay ng Partidong humuhugot ng aral at lakas mula sa masa, ang CPP, at sa patnubay ng mga resolusyon mula sa katatapos na Ikalawang Kongreso ng Partido, higit pang tumibay ang kapasyahan at tumaas ang kakayahan ng NDF na iangat ang antas ng pakikibaka ng mamamayan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga lihim na rebolusyonaryong kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran upang direktang sumuporta sa armadong pakikibaka. Sa pagtatayo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan-estudyante, pambansang minorya, intelihensya, propesyunal, maliit na negosyante, relihiyoso at iba pang sektor, ihinahanda ng NDFP ang daan para itindig ang mga organo ng pampulitikang kapangyarihan at patatagin ang demokratikong gubyernong bayan mula sa antas-baryo hanggang munisipyo pataas.

Sa rehiyon, tuluy-tuloy ang pagsisikap na lalo pang paunlarin at palawakin ang saklaw ng NDF. Mula nang maging ganap ang tagumpay ng kilusang pagwawasto noong 1998, muling nakapagpalakas sa Kabikulan ang iba't-ibang alyadong organisasyon ng NDF sa kanayunan at kalunsuran sa kabila ng pinatinding atake ng AFP-PNP-CAFGU. Binalikan ang mga lugar na pansamantalang naiwanan at kagyat na nakapagpalawak naman sa mga bagong erya. Sa ilang bahagi ng rehiyon, mayroon nang mga antas-munisipyong rebolusyonaryong organisasyong masa. Habang sa ibang panig, umiiral ang mga antas-baryong ganap na samahang masa at komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Sa ngayon, nahigitan na ng NDF-Bikol ang rurok ng lakas na inabot sa kalagitnaan ng taong 1987.

Ang reaksyunaryong "Total War-Oplan Kapayapaan" ng mga imperyalista at lokal na naghaharing-uri ay naglalayong durugin ang rebolusyonaryong digmang nagsusulong ng makabayan at demokratikong mithiin ng mamamayan. Ang mga ugat ng hidwaan ang ihinaharap ng NDFP sa usapang pangkapayapaan. Kahit sa mapayapang paraang ito, seryoso ang rebolusyonaryong kilusan upang sumulong ang bansa at makamit ang tunay na kaunlaran, kalayaan, katarungang panlipunan, kasaganaan at sa inaasam na kapayapaan. Masusukat ang pampulitikang kahandaan at determinasyon GRP at rehimeng Duterte sa kakayahan nitong umugit sa tunay na maka-Pilipino at makamamamayang kaunlaran sa negosasyong pangkapayapaan. Ang mga nakaraang tutang rehimen bago si Duterte ay nangabigo sa progresibong pamantayang ito.

Sa kasalukuyan, nananatili ang katotohanang gaano man kaseryoso si Duterte sa pagtutulak ng usapang pangkapayapaan, hawak sa leeg ng mga militarista at masisigasig na tagasunod ng imperyalistang US ang upisinang kinakatawan niya. Hindi magtatagal, makikita ng bayan kung ano talaga ang "maka-sosyalista" at maka-kaliwang pangulo ng Pilipinas.

Bilang kinatawan ng demokratikong gubyernong bayan at ng mamamayang Pilipino sa usapang pangkapayapaan, tinitiyak ng NDFP na nananatili ang integridad ng rebolusyonaryong kilusan. Habang patuloy na lumalangoy sa usapang pangkapayapaan, hindi patatangay ang rebolusyonaryong kilusan sa agos ng repormismo at pasipismong ilinalako ng GRP dahil nakaangkla ang CPP-NPA-NDF sa paninindigang itaguyod ang demokratikong interes ng malawak na mamamayan. Kaya hindi natitinag ang loob ng mamamayang Pilipino sa pag-abante at pagsuporta sa armadong pakikibaka na nananatiling tanging paraan upang lubusang mabago ang kasalukuyang sistema.

Tangan ang diwa ng Ikalawang Kongreso ng Partido, ibayong tumibay ang pagpapasya ng rebolusyonaryong pwersa na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan mula sa gitnang antas tungo sa abanteng antas ng depensiba at kumpletuhin ang rekisitos para sa pagpasok sa tarangkahan ng pagkakapatas.

Sa pagtindi ng mga bitak sa loob ng reaksyunaryong estado at sa gitna ng pagkukumahog ng imperyalistang US na igiit ang kanyang paghahari sa daigdig, dapat sunggaban ng malawak na rebolusyonaryong kilusan ang pagkakataon at buuhin ang ibayong pagkakaisa sa pagitan ng milyun-milyong mamamayan nang mapatalas at maitaas ang antas ng paglaban tungo sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryong kilusang masa. Higit sa lahat, dapat lalo pang pabilisin at pahusayin ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitikang binhi ng demokratikong gubyernong ang lakas ay mula at para sa mamamayan.

Ipagdiwang ang ika-44 Anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines!

Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay!

---

## Panlilinlang at Karahasang Militar sa Mamamayan, Armadong Paglaban ang Kasagutan!

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
25 April 2017

Gaano man kabihasa sa pagpapabango sa midya ang tagapagsalita ng 9th IDPA at ang buong pwersa nito, hindi maitatago ang alingasaw ng patung-patong nilang krimen laban sa mamamayang Bikolano. Sa kabila ng panibagong kontra-insurhensyang programa, ang Oplan Kapayapaan ni Duterte, nananatiling nakatuon ito sa panlalansi at pandarahas sa layuning pahinain ang rebolusyonaryong kilusan at pahupain ang armadong pakikibakang sinusuportahan ng malawak na mamamayan.

Sa unang apat na buwan pa lamang ng taong ito, tigmak na ng dugo ang pangalan ng 9th IDPA. Sa Camarines Sur, pinaslang si Renel Mirabelles habang malubhang nasugatan sina Joseph Sagario at Regie Loprandado at ikinulong si Erick Estadillo, mga residente ng Sityo Traktora, Brgy. Bagong Silang, Sipocot, matapos magpaulan ng bala ang tropa ng militar at palabasing nagkaroon ng labanan noong Marso 30. Hinaras din ang mga upisyales ng barangay sa Brgy. Bataan, Tinambac matapos magpahayag ang mga ito ng pagtutol sa presensya ng militar sa lugar. Sapilitan ding tinipon at pinasusuko ang mga sibilyang naninirahan sa Brgy. Pinamihagan, Lagonoy kung saan nagbabase ang mga militar sa sentrong baryo.

Sa Albay, binalingan ng militar ang pamamaluktot sa mga pahayag ng kapitan ng Brgy. Bulolo, Guinobatan na pinapasinungalingan ang kanilang kwento ng umano'y engkwentro sa NPA sa lugar noong Marso 31. Habang sinunog naman ang ilang kabahayan sa Brgy. Agpay, Guinobatan.

Sa Masbate, walang habas na pinagbabaril ang mga kabahayan sa Sityo Balintanao, Brgy. Amutag, Aroroy upang takutin ang mga residente at paalisin sila sa lugar. Balak na tayuan ng resort at casino ang nasabing lugar. Samantala, ika-15 ng Abril nang patayin ng mga elemento ng 2nd IBPA sina Pepeng Capilian, Walter "Toto" Tagalog Sr., at Walter "Teteng" Tagalog Jr., mga residente ng Sityo Laray, Buri, Milagros, matapos magtamo ang tropa ng militar ng walong kaswalti sa nangyaring labanan sa pagitan nila at ng yunit ng BHB sa lugar. Nitong Abril 21, nasawi matapos walang-awang pagbabarilin ang matandang si Lolita Villamor Pepito, 70 taong gulang, at

mga apo nito na sina Reden Pepito Luna, 9 taong gulang at Christine Pepito Luna, 11 taong gulang. Sugatan naman si Paulino Pepito, 71 taong gulang. Ang apat ay residente ng Sityo Lubigan, Panan-Awan, Cawayan. Ayon kay Paulino, buhay pa ang kanyang asawa matapos tamaan ngunit sinadyang binaril pa siya ng mga sundalo. Kinuha rin ang iba pang residente at gabi na nang pinauwi. Matapos ang insidente ay hindi binigyan ng pagkakataon ng mga militar na makapagluksa ang mga kaanak ng mga biktima bagkus ipinag-utos na dalhin ang mga bangkay sa sentro kung saan sila na umano ang maglalamay dito.

Maging ang mga ligal na organisasyong nagpapahayag ng kanilang mga lehitimong kahilingan at tumutuligsa sa mga kontra-mamamayang aktibidad ng mga militar sa kanayunan ay hindi pinaligtas sa panghaharas ng 9th IDPA. Pilit na pinapababaw ng mga sundalo ang usapin hinggil sa kanilang mga paglabag sa karapatang tao nang bansagan nilang maka-Kaliwa ang mga organisasyon at samahan ng mga mamamahayag na naglalakas-loob ilabas ang katotohanan at gawin ang kanilang trabaho sa kabila ng pagiging bulnerable sa atake ng militar at mga ahente nito.

Ang padalus-dalos at walang habas na pandarahas, pananakot at pagpapalaganap ng maling impormasyon ay bahagi ng Oplan Kapayapaang dinisenyo ayon sa Counter-Insurgency Plan ng imperyalistang US. Ang sunud-sunod na pagtarget sa sibilyan ay tusong pamamaraan ng AFP upang magkintal ng labis na takot at pigilan ang pagsambulat ng nagkakaisang lakas ng mamamayan.

Gayunpaman, hindi kailanman mabubusalan ng AFP-PNP-CAFGU ang sanlaksang boses ng diskuntentadong mamamayan. Sapat nang dahilan ang masidhing kahirapan, kawalan ng lupa, trabaho at mga serbisyo publiko upang tahakin ng mamamayan ang landas ng armadong pakikibaka. Subalit lalo lamang nag-aalab ang diwang mapanlaban ng mamamayan dahil sa kabila ng lehitimong pamamaraan ng masa upang igiit ang kanilang demokratikong interes ay terorismo at pasismong militar ang tugon ng estado.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolnon na higit pang patatagin ang hanay sa harap ng tumitinding militarisasyon sa kanayunan. Walang ibang babalingan ang taumbayan kundi ang pagtangan ng armas. Ibayong tumitingkad ang kawastuhan ng armadong pakikibaka bilang pangunahing paraan upang durugin ang kasalukuyang estadong yumuyurak sa karapatang tao at gumigipit sa sinumang lalaban sa tabing ng huwad na kapayapaan.

---

## Pahayag ng NDF-Bikol sa Araw ng Manggagawa

Ka Maria Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Binati at pinagpugayan ni Ka Maria Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bicol ang lahat ng mga manggagawang Pilipino sa kanyang pahayag para sa nagdaang Pandaigdigang Araw ng Paggawa nitong Mayo 1, 2017. Matagumpay ang mga kilos-protestang isinagawa ng daan-libong obrero at tagasuporta sa buong rehiyon at bansa. Bumaha sa lansangan ang mga nananawagan para sa makabuluhang dagdag sahod at mga benepisyo, pambansang minimum na sahod at pagpawi sa kontraktwalisasyon. Tumingkad din ang paniningil ng taumbayan kay Duterte na tuparin ang mga pahayag nitong bibigyang prayoridad ang pambansang industriyalisasyon at ipahihinto ang mga kontra-manggagawang patakaran.

Ayon kay Ka Maria Roja, lalong itinutulak ng tumitinding pambubusabos ang mga manggagawa at ng mamamayan na patuloy na

isulong ang demokratikong rebolusyong bayan na siyang natatanging solusyon sa matinding pagdarahop. Sa kabila ng mga naunang pahayag ni Duterte na wawakasan niya ang mga kontra-mamamayang patakaran, patuloy na natatali ang gubyerno ng Pilipinas sa mga neoliberal na patakaran ng imperyalistang US. Nananatili ang kawalan ng sapat na trabaho, makabubuhay na sahod at mga benepisyo. Laganap din ang kontraktwalisasyon sa buong rehiyon at bansa. Isinalarawan din ni Ka Maria Roja ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng Rehimeng Duterte.

Sa pahayag, isinaad din ng NDF-Bicol ang pangangailangang higit pang pasiglahin ang kampanya ng mga manggagawa para sa kanilang karapatan. Sumalig sa organisadong lakas ng mga unyon para sa paggigiit ng mga kahilingan at tipunin ang pinakamaraming bilang ng mga obrerong maaaring maorganisa at mapakilos. Binigyang-diin din nito ang kahalagahang mapaloob sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang mga manggagawa. Sa ganitong paraan, higit na mapatataas ng mga manggagawa ang kanilang pagsapol at pagsapraktika ng makauri't syentipikong paninindigan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Bilang pagtatapos, nanawagan si Ka Maria Roja sa pagtungo ng manggagawa sa kanayunan upang mag-organisa ng uring magsasaka, magsulong ng rebolusyong agraryo at higit sa lahat, lumahok sa armadong pakikibakang ilinulunsad ng NPA. Ayon sa kanya, sa pamamagitan nito mapapahigpit ang alyansang manggagawa at magsasaka. Ang sama-samang lakas ng mamamayan, sa mahigpit na pamumuno ng CPP, ang nagbibigay lakas at katiyakan sa tagumpay ng rebolusyong Pilipino.

Mabuhay ang uring manggagawa!
Isulong at pamunuan ang demokratikong rebolusyong bayang may sosyalistang perspektiba hanggang sa tagumpay!

---

## Tutulan at Buong Lakas na Labanan ang Martial Law!

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
26 May 2017

Lubusan nang hinubad ng rehimeng Duterte ang kanyang maka-mamamayang bihis at lalo pang ilinantad ang kanyang pagsalig sa pandarahas bilang pangunahing armas ng kanyang pamumuno nang idineklara niya ang batas militar sa buong Mindanao. Walang pag-aalangan niyang sinabing ang batas militar sa ilalim ng kanyang administrasyon ay walang ipinagkaiba sa batas militar sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos. Kasabay nito'y ang pagsuspendi ng writ of habeas corpus na magbibigay matwid sa panghuhuli sa sinuman kahit walang basbas ng husgado. Kalaunan, naglabas din siya ng pahayag na maaring hindi sapat na sa Mindanao lamang magdeklara ng batas militar. Ihinahanda niya ang mamamayan sa higit pang pagpapalawig nito sa buong bansa nang mas matagal pa sa 60 araw.

Sa gitna ng kaliwa't kanang manipulasyon at destabilisasyon kay Duterte ng naghaharing uri at kanilang mga imperyalistang tagasulsol, nagkukumahog itong panatilihin ang kanyang kapit sa pusisyon. Desperado niyang pinalalakas at kinakabig ang mga militarista sa kanyang panig sa pamamamagitan ng pamumudmod ng mga susing pusisyon sa gabinete sa mga ito. Sa pagtatalaga niya kay Gen. Eduardo Ano, berdugong sangkot sa pagkawala ni Jonas Burgos, bilang pangunahing tagapagpaganap ng batas militar sa Mindanao, binibigyang basbas ni Duterte ang AFP at PNP na gamitin ang kanilang kapangyarihan sa anumang paraan nang walang katatakutang pananagutan. Maaaring nakabig niya ang suporta ng isa sa mga ultra-kanang militarista sa bansa, subalit lalo naman niyang ihinihiwalay ang kanyang sarili sa mamamayang Pilipino.

Ginamit ng rehimeng Duterte ang isang nakadududa't nakahiwalay na pagsalakay sa Marawi City ng Maute group na kilalang may kaugnayan sa mga upisyal militar at sa palitan ng droga bilang tuntungan ng batas militar. Pilit na idinudugtong ng grupong ito ang kanilang sarili sa internasyunal na teroristang grupong ISIS, isa sa mga armadong grupong inaarmasan at sinasanay ng CIA, para higit na palakihin ang kanilang teroristang postura. Hindi nakakapagtataka kung gayon kung gawing sangkalan ng rehimeng Duterte ang banta ng internasyunal na terorismo para bigyang matwid ang higit pang dayuhang panghihimasok sa bansa upang "sugpuin" ito.

Higit pa rito, lalo rin niyang pinapalakas ang kanyang mga kontra-rebolusyonaryong mekanismo upang padapain ang rebolusyonaryong pwersa hindi lamang sa Mindanao kundi pati sa buong bansa. Nangangarap si Duterteng pagtatagumpayan niya ang pagpapaluhod sa lumalakas na armadong kilusan ng BHB at mga armadong grupo ng mamamayang Moro sa pamamagitan ng malawakan at sustenidong kampanya ng karahasan. Lalo lamang niyang ipinapakitang kailanma'y hindi siya naging seryoso sa makatwiranang pagharap sa ugat ng sigalotupang makamtam ang tunay at makabuluhang kapayapaan sa buong bansa.

Kailangang makiisa ang mamamayang Bikolnon sa pagkundena sa pagpatupad ng batas militar sa Mindanao at pagsaklaw nito sa buong bansa. Marapat itong buong lakas na labanan at tutulan ng mga progresibong organisasyon at indibidwal sa kanayunan at kalunsuran. Dapat na manatiling buhay sa puso't isipan ng mga Bikolano ang pananalasa ng batas militar sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na kampanyang propaganda hinggil sa mga pasakit sa ilalim ng pagpapatupad ng batas militar sa rehimeng Marcos at ang implikasyon nito sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kailangang patampukin ang mga demokratikong kahilingan ng iba't ibang sektor at isulong ang kampanyang edukasyon sa pagtataguyod ng mga demokratiko at pulitikal na karapatan ng mamamayan. Samantalahin ang lahat ng buhay, masigla at matalinong palitan ng opinyon sa midya, sa internet at sa lahat ng paaralan, pagawaan, sakahan, plasa, tambayan at kung saan man mayroong umpukan ng mamamayan upang pagkaisahin at pag-ibayuhin ang mga malawakang pagkilos laban sa pagpapatupad ng batas militar.

Lalong pinagtitibay ng ultra-kanang hakbanging ito ni Duterte na tanging ang armadong pakikibaka ang armas ng mamamayan laban sa estadong nangangayupapa sa dikta ng mga imperyalista at mga militarista. Tuluy-tuloy na ilulunsad ng BHB ang mga atritibo at mga anihilatibong bigwas nito laban sa mga ahente ng pasismo at terorismo ng estado sa kanayunan at kalunsuran. Mula sa malawak na kasapian ng rebolusyonaryong kilusan, lalong palalakasin ang hanay ng pulang hukbo sa pamamagitan ng mapangahas at masinsing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayang Bikolnon.

Hindi maiibsan ng kamay na bakal ang patuloy na dinaranas na kahirapan ng sambayanang Pilipino sa gitna ng papasambulat na pandaigdigang krisis. Ito ay aral na ng kasaysayan. Sa panahon ng pinakamalagim na yugto ng kasalukuyang kasaysayan ng Pilipinas, sa ilalim ng batas militar ni Marcos, lalong lumakas ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa katumpakan ng tangan nitong linya. Ang pasismo't terorismo ng estado mismo at ang kawalan ng paggalang sa mga demokratiko't pulitikal na mga karapatan ang nagtulak sa maraming mamamayan para ipagtanggol ang kanilang sarili at itaas ang antas ng pakikibaka sa pamamagitan ng laksa-laksang pagtungo sa kabundukan at pagtangan ng armas.

## Hinggil sa Kampanya ng Kasinungalingan ng 9th IDPA kaugnay sa mga Lehitimong Taktikal na Opensiba ng BHB

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
May 29, 2019

Hindi matapus-tapos ang malisyosong pagpapalaganap ng disimpormasyon ng pasistang tropa ng 9th IDPA sa rehiyong Bikol upang bigyang matwid ang mga operasyong militar nitong sumasakay sa kaguluhan sa Mindanao.

Habang ilinulunsad ng 9th IDPA ang malawakang propaganda sa midya tungkol sa umano'y dagdag na kaguluhang dala ng BHB, walang lubay ang militarisasyon at kampanya ng panunupil at pananakot sa mamamayan sa kanayunan at kalunsuran. Walang patid nitong sinisiraan ang mga lehitimong aksyon ng BHB tulad ng taktikal na opensibang ilinunsad ng yunit ng pulang hukbo sa Brgy. Pinaglabanan, Goa, Camarines Sur nitong Mayo 29. Ipinagpipilitan ng Division Public Affairs Office ng 9th ID, sa pamumuno ni Capt. Randy Llunar, na palabasing nanggugulo lamang at sinasamantala ng BHB-Bikol ang nangyayari sa Marawi upang atakehin ang pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa rehiyon. Paulit-ulit ding binubuhay ang usaping mapanganib diumano sa mga sibilyan ang mga eksplosibong ginagamit ng BHB dahil maaari itong pumutok kapag natapakan o nadaganan ng anumang bagay na may sapat na bigat.

Naninindigan ang NDF-Bikol na bilang tunay na hukbo ng mamamayan, walang anumang armas ng BHB ang tatarget o maglalagay sa alanganin sa masang pinaglilingkuran nito. Ang mga command detonated explosives (CDX) ng pulang hukbo ay mapasasabog lamang sa pamamagitan ng tiyak na kumand ng itinalagang may kasanayang bomber ng yunit. Naaayon ito sa lahat ng internasyunal na batas hinggil sa karapatang tao at pakikidigma. Tiyak at lehitimo ang lahat ng target ng mga opensiba ng BHB. Hindi tulad ng berdugong militar, buong pagpapakumbaba ring nagpupuna sa sarili at nagbibigay ng makatarungang bayad-pinsala ang BHB sa mga sibilyang 'di-sinasadyang madamay sa kurso ng isang taktikal na opensiba. Malaki ang kaibahan nito sa mga walang pakundangang operasyon ng AFP na hindi isinasaalang-alang ang buhay ng mga sibilyan at mismong mga elemento nito. Dalubhasa rin ang mga ito sa pagsala-salabat ng kwento para mailigtas ang sarili sa pananagutan.

Naghahasik ngayon, sa ilalim ng Martial Law, ng matinding takot ang mga aerial bombings ng AFP sa Mindanao. Bago pa man ibaba ang batas militar, marami nang naging biktima ng mga pagpapaulan ng bomba mula sa mortar at sasakyang panghihimpapawid ng militar. Taliwas sa pahayag na sigurado at "surgically precise" umano ang kanilang mga atake, sunud-sunod nang nailalantad sa publiko ang paparaming komunidad na nawawasak at mga sibilyan at elemento mismo ng militar na napapaslang ng walang humpay na pambobomba at pamamaril.

Gaya ng napakarami nang krimen ng 9th IDPA at AFP sa nakaraan, itatago mula sa publiko at pagtatakpan ng mga upisyal ng militar ang lumulobong bilang ng paglabag sa karapatang tao. Hindi kailanman maaasahan ng sambayanan ang utak-pulburang kasundaluhan na kilalanin at panagutan ang kanilang mga krimen laban sa sambayanan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolnon na ibayo pang maging mapanuri, mapagmatyag at aktibong tuligsain ang mga operasyong militar lalaluna sa panahong sinasangkalan ng mga berdugong militar ang nangyayari sa Mindanao upang mapalawak pa ang saklaw ng kanilang pasismo.

## BHB, Ipagtatanggol ang Mamamayan Laban sa Karahasan ng Estado

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
30 May 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang paggamit ng GRP sa direktiba ng CPP noong Mayo 24 upang isantabi ang pagharap sa mga sosyo-ekonomikong usaping ilalatag sana sa ika-limang pulong para sa usapang pangkapayapaan. Kinakampanya ng naturang direktibang paigtingin ng pwersa ng NPA ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa harap ng kanilang pandarahas sa mga sibilyan at paglabag sa karapatang tao sa bisa ng Martial Law.

Dumating ang buong NDFP panel nitong Mayo 27 sa The Netherlands na handang ipagpatuloy ang negosasyon ngunit nagdesisyon ang GRP panel na hindi tumuloy sa usapan. Ayon sa mga kinatawan ng GRP, hindi nito sasalubungin ang mga hakbangin ng NDFP na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan hanggat walang mainam na kundisyon para rito. Nakakubli sa likod ng pahayag na ito ang ultimatum na dapat bawiin ng CPP ang panawagan nitong pag-ibayuhin ang mga bira laban sa mga pasistang elemento ng kasundaluhan ng Pilipinas at na dapat agarang pumasok ang NPA sa isang pangmatagalang tigil-putukan kahit wala pang kasunduan hinggil sa mga sosyo-ekonomikong usapin.

Ayon pa sa pahayag ni Dureza, hindi ang rebolusyonaryong kilusan at mga sibilyan ang target ng batas militar kung kaya't walang dahilan upang paigtingin ng NPA ang mga operasyong militar nito laban sa pwersa ng pamahalaan. Ngunit hindi tumutugma sa kanilang mga pagmamagaling na wala pang ni isang sibilyan ang naging biktima ng paglabag sa karapatang tao sa Mindanao ang sinasabi ng mga aktwal na numero. Patuloy na dumarami ang mga sibilyang namamatay at idinedeklarang kaswalti umano ng Maute group dahil sa tuluy-tuloy na operasyong kombat ng mga militar.

Sa ating rehiyon, ilang daang kilometro mula sa sentro ng kaguluhan sa Marawi, idineklara na ng 9th IDPA ang red alert status sa buong pwersa nito. Kinasangkapan nila ang mga taktikal na opensiba ng NPA laban sa berdugong militar at mga kampanyang lumalabag sa makauring batas ng gubyernong bayan bilang tuntungan ng deklarasyong ito. Inaasahan nang sasamantalahin ng kasundaluhan at mga auxiliary forces nito ang naturang deklarasyon upang higit pang paigtingin ang mga mapanupil na operasyong kombat sa kanayunan. Gayundin, upang magmanman, iharas at tugisin ang mga aktibista at organisasyon sa kalunsuran sa paniniwalang mababago nila ang opinyon ng publiko pabor sa batas militar sa pamamagitan ng karahasan at intimidasyon. Hindi malayo ang posibilidad na gawing tuntungan ng pamahalaan ang mga peke at retokadong balita ng mga teroristang pag-atake maging ang mga taktikal na opensiba ng NPA upang tuluyan nang isailalim sa bangis ng batas militar ang buong bansa.

Hindi na bago ang paninirang ginagawa ng GRP sa mga lehitimong aksyon ng pulang hukbo upang maisantabi ang mga substantibong adyenda ng usapang pangkapayapaan at upang bigyang-matwid ang paghahasik ng terorismo ng kanyang kasundaluhan. Sa kabila nito, naninindigan ang buong rebolusyonaryong kilusan na ang pasya ng CPP na manawagan para pasiklabin ang mga opensiba laban sa mga militar at iba pang galamay nito ay nakabatay sa walang lubay na gerang ilinulunsad nito laban sa mamamayan bago pa man at laluna matapos ang deklarasyon ng batas militar. Ang hakbanging ito ay pagiging tapat lamang ng NPA sa papel nito bilang tunay na hukbo ng bayang magtatanggol sa karapatan ng mamamayan.

Hindi natitinag ang tiwala ng NDF-Bikol at ng mamamayan sa kawastuhan ng desisyon ng CPP na bago iatras ang direktibang maglunsad ng malalawakang operasyong militar laban sa AFP-PNP-CAFGU, dapat ipaliwanag ng gubyerno kung bakit sa kabila ng pahayag nito na ang teroristang grupong Maute lamang ang pakay nito ay mga sibilyan at ang rebolusyonaryong kilusan ang tinatarget ng sunud-sunod na pag-atake ng pwersa nito. Sa gitna ng kaguluhang bumabalot sa Mindanao at iba pang sulok ng bansa, nananatiling malinaw sa sambayanan kung sino ang tunay na mga terorista: ang AFP at ang estadong nagbibigay basbas at nagtatanggol sa kanilang mapanalasang mga operasyon.

Hanggat hindi ihinihinto ng pwersa ng militar ang pag-atake nito sa mga sibilyan at mga komunidad, hindi titigil ang mga yunit ng NPA sa paglulunsad ng mga opensiba upang ipagtanggol ang buhay at kabuhayan ng mamamayan. Hindi kailanman magpapabuyo ang CPP-NPA-NDFP na bitiwan ang armadong pakikibaka at magpatali sa isang pangmatagalang tigil-putukan laluna sa harap ng nag-uulol na terorismo at pasismo ng estado nang walang napagkakasunduang repormang sosyo-ekonomiko at pulitikal. Anumang oras na maging handa ang panig ng GRP na matapat na harapin ang negosasyon ay nakahanda ang NDFP na muling bumalik sa mesa at isulong ang kagalingan ng mamamayan.

## Pahayag Hinggil sa Batas Militar

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
May 31, 2017

Lubusan nang hinubad ng rehimeng Duterte ang kanyang maka-mamamayang bihis at lalo pang ilinantad ang kanyang pagsalig sa pandarahas bilang pangunahing armas ng kanyang pamumuno nang idineklara niya ang batas militar sa buong Mindanao. Walang pag-aalangan niyang sinabing ang batas militar sa ilalim ng kanyang administrasyon ay walang ipinagkaiba sa batas militar sa ilalim ng diktador na si Ferdinand Marcos. Kasabay nito'y ang pagsuspendi ng writ of habeas corpus na magbibigay matwid sa panghuhuli sa sinuman kahit walang basbas ng husgado. Kalaunan, naglabas din siya ng pahayag na maaring hindi sapat na sa Mindanao lamang magdeklara ng batas militar. Ihinahanda niya ang mamamayan sa higit pang pagpapalawig nito sa buong bansa nang mas matagal pa sa 60 araw.

Sa gitna ng kaliwa't kanang manipulasyon at destabilisasyon kay Duterte ng naghaharing uri at kanilang mga imperyalistang tagasulsol, nagkukumahog itong panatilihin ang kanyang kapit sa pusisyon. Desperado niyang pinalalakas at kinakabig ang mga militarista sa kanyang panig sa pamamamagitan ng pamumudmod ng mga susing pusisyon sa gabinete sa mga ito. Sa pagtatalaga niya kay Gen. Eduardo Ano , berdugong sangkot sa pagkawala ni Jonas Burgos, bilang pangunahing tagapagpaganap ng batas militar sa Mindanao, binibigyang basbas ni Duterte ang AFP at PNP na gamitin ang kanilang kapangyarihan sa anumang paraan nang walang katatakutang pananagutan. Maaaring nakabig niya ang suporta ng isa sa mga ultra-kanang militarista sa bansa, subalit lalo naman niyang ihinihiwalay ang kanyang sarili sa mamamayang Pilipino.

Ginamit ng rehimeng Duterte ang isang nakadududa't nakahiwalay na pagsalakay sa Marawi City ng Maute group na kilalang may kaugnayan sa mga upisyal militar at sa palitan ng droga bilang tuntungan ng batas militar. Pilit na idinudugtong ng grupong ito ang kanilang sarili sa internasyunal na teroristang grupong ISIS—isa sa mga armadong grupong inaarmasan at sinasanay ng CIA, para higit na palakihin ang kanilang teroristang postura. Hindi nakakapagtataka kung gayon kung gawing

sangkalan ng rehimeng Duterte ang banta ng internasyunal na terorismo para bigyang matwid ang higit pang dayuhang panghihimasok sa bansa upang "sugpuin" ito.

Higit pa rito, lalo rin niyang pinapalakas ang kanyang mga kontra-rebolusyonaryong mekanismo upang padapain ang rebolusyonaryong pwersa hindi lamang sa Mindanao kundi pati sa buong bansa. Nangangarap si Duterteng pagtatagumpayan niya ang pagpapaluhod sa lumalakas na armadong kilusan ng BHB at mga armadong grupo ng mamamayang Moro sa pamamagitan ng malawakan at sustenidong kampanya ng karahasan.Lalo lamang niyang ipinapakitang kailanma'y hindi siya seryosong harapin nang makatwiranang ugat ng sigalot sa bansa at tunay at makabuluhang kapayapaan sa buong bansa

Kailangang makiisa ang mamamayang Bikolnon sa pagkundena sa pagpatupad ng batas militar sa Mindanao at pagsaklaw nito sa buong bansa. Marapat itong buong lakas na labanan at tutulan ng mga progresibong organisasyon at indibidwal sa kanayunan at kalunsuran. Dapat na manatiling buhay sa puso't isipan ng mga Bikolano ang pananalasa ng batas militar sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na kampanyang propaganda hinggil mga pasakit sa ilalim na pagpapatupad ng batas militar sa rehimeng Marcos at ang implikasyon nito sa ilalim ng rehimeng Duterte. Kailangang patampukin ang mga demokratikong kahilingan ng iba't ibang sektor, isulong ang kampanyang edukasyon sa pagtataguyod ng mga demokratiko at pulitikal na karapatan ng mamamayan. Samantalahin ang lahat ng buhay, masigla at matalinong palitan ng opinyon sa midya, sa internet at sa lahat ng paaralan, pagawaan, sakahan, plasa, tambayan at kung saan man mayroong umpukan ng mamamayan upang pagkaisahin at pag-ibayuhin ang mga malawakang pagkilos laban sa pagpapatupad ng batas militar.

Lalong pinagtitibay ng ultra-kanang hakbanging ito ni Duterte na tanging ang armadong pakikibaka ang armas ng mamamayan laban sa estadong nangangayupapa sa dikta ng mga imperyalista at mga militarista. Tuluy-tuloy na ilulunsad ng BHB ang mga atritibo at mga anihilatibong bigwas nito laban sa mga ahente ng pasismo at terorismo ng estado sa kanayunan at kalunsuran. Mula sa malawak na kasapian ng rebolusyonaryong kilusan, lalong palalakasin ang hanay ng pulang hukbo sa pamamagitan ng mapangahas at masinsing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayang Bikolnon.

Hindi maiibsan ng kamay na bakal ang patuloy na dinaranas na kahirapan ng sambayanang Pilipino sa gitna ng papasambulat na pandaigdigang krisis. Ito ay aral na ng kasaysayan. Sa panahon ng pinakamalagim na yugto ng kasalukuyang kasaysayan ng Pilipinas, sa ilalim ng batas militar ni Marcos, lalong lumakas ang rebolusyonaryong kilusan dahil sa katumpakan ng tangan nitong linya. Ang pasismo't terorismo ng estado mismo at ang kawalan ng paggalang sa mga demokratiko't pulitikal na mga karapatanang nagtulak sa maraming mamamayan para ipagtanggol ang kanilang sarili at itaas ang antas ng pakikibaka sa pamamagitan ng laksa-laksang pagtungo sa kabundukan at pagtangan ng armas.

## Hinggil sa Kampanya ng Kasinungalingan ng 9th IDPA Kaugnay sa Lehitimong Taktikal na Opensiba

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
1 June 2017

Hindi matapus-tapos ang malisyosong pagpapalaganap ng disimpormasyon ng pasistang tropa ng 9th IDPA sa rehiyong Bikol upang bigyang matwid ang mga operasyong militar nitong sumasakay sa kaguluhan sa Mindanao.

Habang ilinulunsad ng 9th IDPA ang malawakang propaganda sa midya tungkol sa umano'y dagdag na kaguluhang dala ng BHB, walang lubay ang militarisasyon at kampanya ng panunupil at pananakot sa mamamayan sa kanayunan at kalunsuran. Walang patid nitong sinisiraan ang mga lehitimong aksyon ng BHB tulad ng taktikal na opensibang ilinunsad ng yunit ng pulang hukbo sa Brgy. Pinaglabanan, Goa, Camarines Sur nitong Mayo 29. Ipinagpipilitan ng Division Public Affairs Office ng 9th ID, sa pamumuno ni Capt. Randy Llunar, na palabasing nanggugulo lamang at sinasamantala ng BHB-Bikol ang nangyayari sa Marawi upang atakehin ang pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa rehiyon. Paulit-ulit ding binubuhay ang usaping mapanganib diumano sa mga sibilyan ang mga eksplosibong ginagamit ng BHB dahil maaari itong pumutok kapag natapakan o nadaganan ng anumang bagay na may sapat na bigat.

Naninindigan ang NDF-Bikol na bilang tunay na hukbo ng mamamayan, walang anumang armas ng BHB ang tatarget o maglalagay sa alanganin sa masang pinaglilingkuran nito. Ang mga command detonated explosives (CDX) ng pulang hukbo ay mapasasabog lamang sa pamamagitan ng tiyak na kumand ng itinalagang may kasanayang bomber ng yunit. Naaayon ito sa lahat ng internasyunal na batas hinggil sa karapatang tao at pakikidigma. Tiyak at lehitimo ang lahat ng target ng mga opensiba ng BHB. Hindi tulad ng berdugong militar, buong pagpapakumbaba ring nagpupuna sa sarili at nagbibigay ng makatarungang bayad-pinsala ang BHB sa mga sibilyang 'di-sinasadyang madamay sa kurso ng isang taktikal na opensiba. Malaki ang kaibahan nito sa mga walang pakundangang operasyon ng AFP na hindi isinasaalang-alang ang buhay ng mga sibilyan at mismong mga elemento nito. Dalubhasa rin ang mga ito sa pagsala-salabat ng kwento para mailigtas ang sarili sa pananagutan.

Naghahasik ngayon, sa ilalim ng Martial Law, ng matinding takot ang mga aerial bombings ng AFP sa Mindanao. Bago pa man ibaba ang batas militar, marami nang naging biktima ng mga pagpapaulan ng bomba mula sa mortar at sasakyang panghihimpapawid ng militar. Taliwas sa pahayag na sigurado at "surgically precise" umano ang kanilang mga atake, sunud-sunod nang nailalantad sa publiko ang paparaming komunidad na nawawasak at mga sibilyan at elemento mismo ng militar na napapaslang ng walang humpay na pambobomba at pamamaril.

Gaya ng napakarami nang krimen ng 9th IDPA at AFP sa nakaraan, itatago mula sa publiko at pagtatakpan ng mga upisyal ng militar ang lumulobong bilang ng paglabag sa karapatang tao. Hindi kailanman maaasahan ng sambayanan ang utak-pulburang kasundaluhan na kilalanin at panagutan ang kanilang mga krimen laban sa sambayanan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolnon na ibayo pang maging mapanuri, mapagmatyag at aktibong tuligsain ang mga operasyong militar lalaluna sa panahong sinasangkalan ng mga berdugong militar ang nangyayari sa Mindanao upang mapalawak pa ang saklaw ng kanilang pasismo.

## Hinggil sa Gawa-gawang Pahayag ng 903rd IB sa Insidente ng Pagsuko sa Masbate

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
15 June 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang 903rd IBgd. sa pagtugis at sapilitang pagpapasuko sa 19 na sibilyan sa Masbate nitong Hunyo 13. Walang katotohanan ang pahayag ni Brig. Gen. Fernando Trinidad na ang naturang mga residente ay mga aktibong kasapi ng BHB na kusang sumuko sa kanilang upisina. Ayon sa Jose Rapsing Command BHB-Masbate, wala na sa serbisyo ang 19 na pinasuko at matagal nang namumuhay bilang mga sibilyan ngunit patuloy silang tinarget ng pandarahas ng militar at sapilitang ihinarap sa madla bilang mga surrenderee. Ito ay malinaw na paglabag sa karapatan ng mga sibilyan sa ilalim ng Protocol II ng Geneva Conventions at Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CAHRIHL) na kapwa sinang-ayunan ng rebolusyonaryong kilusan at ng gubyerno ng Pilipinas.

Alam ng 9th IDPA na lalong lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan kahit matapos ang iba't ibang taktikang ginamit nila laban sa mamamayan. Nagsasagawa sila ng mapanalasang operasyong militar sa kanayunan upang takutin at pasunurin ang masa. Gayundin, naglulunsad sila ng mga mapagpanggap na operasyong sibil militar (CMO) upang hamigin ang loob ng mga Bikolano. Ngunit sa kabila ng lahat nang ito, bigo ang dibisyon sa pagpapahina sa rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at kalunsuran. Isang malaking kabalintunaang sa kabila ng mga hungkag na deklarasyon na conflict manageable na umano ang kalakhan sa mga prubinsya sa rehiyon ay idineklara ng Southern Luzon Command (SOLCOM) ang red alert status bilang paghahanda umano sa pag-igting ng mga taktikal na opensiba sa buong rehiyon. Patuloy na nahihintakutan ang mga militar sa lakas ng BHB at ng mga taga-suporta nito. Hindi magkandamayaw ngayon ang dibisyon sa pag-apula sa tumitinding pagbabalikwas ng mamamayang Bikolnon kung kaya binabalingan na lamang nito ang paglikha ng mga gawa-gawang insidente ng engkwentro o pagsuko. Dahil sa desperasyong kahit paano ay may maipakitang datos at maisalba ang kanilang imahe, itinututok ng kasundaluhan ang kanilang kabagsikan sa terorismo at pasismo laban sa mga sibilyan.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolnon na labanan ang nag-uulol na pang-aatake ng kasundaluhan sa rehiyon. Dapat singilin at pananagutin ang berdugong militar sa kanilang mga paglabag sa karapatang tao. Sa halip na ipagpatuloy ng 9th IDPA ang paghahasik ng terorismo at pasismong militar, dapat tumalima ito sa mga nauna nang napagkasunduang probisyon at internasyunal na batas na pumuprotekta sa karapatang tao kapwa ng mga kombatant at ng mga sibilyan.

Makaaasa ang taumbayan na mananatiling tapat ang lahat ng yunit ng BHB at ang buong kilusan sa pagsusulong ng makatwirang digma ng mamamayan sa harap ng hirap, sakripisyo at kamatayan. Hindi mapipigilan ni mapahihina ng samu't saring bitag ng pasipikasyon at kapitulasyon ng estado ang paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan na tumindig kasama ng masang api sa pagkamit ng tunay na kalayaan at kapayapaan sa pamamagitan ng rebolusyon. Gagap ng rebolusyonaryong kilusan na ang walang pag-iimbot na pagsuporta at paglahok ng masa sa digmang bayan ang mapagpasya sa katuparan na hinahangad na kalutasan sa kahirapan.

## Pakulong Lokalisadong Usapan ng 9th IDPA sa Kabikulan

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
30 June 2017

Nananatiling bigo ang 9th IDPA sa kanilang kampanya laban sa rebolusyonaryong kilusan sa Bikol sa kabila ng kanilang walang lubay na operasyong militar at saywar. Iba't ibang pakulo ang ipinangangalandakan ng mga upisyal at tagapagsalita ng dibisyon sa midya at madla sa pagtatangkang dungisan ang imahe ng kilusan at pahinain ang suporta ng mamamayang Bikolano rito.

Ayon sa kanila, wala na umanong sapat na pwersa ang BHB sa rehiyon at patuloy pang humihina. Apat sa anim na prubinsya ng Bikol ang idineklara na nilang conflict manageable at tinatayang kakayanin na rin umano nilang kontrolin ang presensya ng pulang hukbo sa natitirang prubinsya ng Masbate bago magtapos ang taon. Ang totoo, walang nagawa ang kanilang panananalakay upang pigilan ang ibayong paglakas at pagdami hindi lamang ng pulang hukbo kundi maging ang paglawak at paglalim ng kasapian ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa at mga sangay ng Partido. Lalo lamang nagngalit ang mamamayan sa tumitinding karahasan at pang-aabusong militar. Itinatakwil ng masang Bikolnon ang pagtarget ng kasundaluhan sa mga sibilyan kapwa sa kalunsuran at kanayunan.

### Lokalisadong Peacetalks

Bunsod ng matinding desperasyon, muling binuhay ng 9th IDPA ang kampanya nila para sa lokalisadong peacetalks. Gaano man kaganda ang mga terminong gamitin ng iba't ibang brigada ng 9th IDPA, hindi magtatagumpay ang pagtatangka nilang hatiin ang kilusan sa pamamagitan ng hiwa-hiwalay na peacetalks. Nananatiling matatag at buo ang pamunuan at kasapian ng CPP-NPA-NDF sa buong bansa. Walang anumang yunit ng NPA sa Kabikulan ang papasok sa lokalisadong usapang pangkapayapaan ng militar na hiwalay pa sa negosasyong nagaganap sa kasalukuyan. Kinikilala ng lahat ng yunit ng hukbo ang kakayahan ng NDFP bilang kinatawan ng mamamayan na dalhin sa usapan ang mga sosyo-ekonomikong repormang magsisilbi sa karamihan.

### Pagpapakalat ng Pekeng Balita

Dahil hindi na maapula ng kasundaluhan ang sunud-sunod na tagumpay ng mga opensiba ng NPA, halos araw-araw inaatake ng mga propagandista ng 9th IDPA ang mga aksyong militar ng pulang hukbo. Paulit-ulit nilang binabatikos ang mga mapanlikhang armas ng NPA tulad ng command detonated explosives samantala malinaw na nakasaad sa mga kasunduang kapwa sinang-ayunan ng GRP at CPP na lehitimo ang mga ito. Halos lahat na rin ng nagaganap na krimen ay awtomatikong ibinibintang sa BHB. Pilit nilang isinusubo sa masa ang pekeng balitang sinasamantala ng NPA-Bikol ang nangyayari sa Marawi upang makapaglunsad ng mga aksyon. Sa katunayan, ang pwersa ng militar ang siyang sumasakay sa kaligaligan sa Mindanao upang makapaghasik ng kaguluhan sa rehiyon. Ayon sa pahayag ng mga prubinsyal na kumand ng pulang hukbo, lalong sumahol ang pang-aabusong militar matapos ang deklarasyon ng Batas Militar. Sa kasalukuyang buwan pa lamang, nakapagtala na ng sunud-sunod na kaso ng harasment ang 83rd IBPA sa Albay at 9th IBPA sa Masbate. Samantala, mayroong apat na kaso ng pagpatay ang 31st IBPA sa Sorsogon.

### Pantutugis at Pekeng Pagpapasuko ng mga Sibilyan

Gasgas na ang palabas ng 9th IDPA na marami umanong kaso ng mga sumusukong aktibong

kasapi ng NPA. Halos taun-taong naglalabas ang kasundaluhan ng listahan ng mga umano'y sumuko sa kanilang tanggapan at sa tuwina, kaagad din namang napasisinungalingan ang kahibangan nilang ito. Paulit-ulit na lang ang mga karakter sa kanilang pekeng balita. Laging nariyan ang isang magsasabing pagod na sa kaguluhan kaya sumuko. Lagi ring nariyan ang mapasusukong upisyales ng pulang hukbo. Hindi rin mawawala ang karakter ng isa o dalawang menor de edad o kaya ay matanda na sapilitang nirekluta rin umano ng NPA.

Kahiya-hiya ang desperasyon ng kasundaluhang lumikha ng mga pekeng identidad para lamang masabing nababawasan nila ang bilang ng NPA. Ang mas masahol pa, kadalasang mga sibilyan ang tinatakot, tinutugis at ginigipit nila para sumuko. Walang pag-aalangan sa pagyurak ng karapatang-tao ang 9th IDPA mayroon lamang mailabas na pekeng balitang magsasalba sa kanilang pangalan.

Nananaginip nang gising ang 9th IDPA kung iniisip nitong makukuha nitong pahinain ang rebolusyonaryong kilusang patuloy na kinakatigan ng masa sa pamamagitan ng mga malisyoso at patraydor na pamamaraan nito. Pinanday na ng panahon ang mahigpit na pagkakaisa ng kilusan at ng mamamayan. Patuloy na tatamasain ng rebolusyon ang aktibong paglahok at suporta ng masa dahil nananatili itong tapat na naglilingkod sa interes nila.

Ang hindi nagmamaliw na suporta ng masang Bikolnon ang susi sa matagumpay na gawaing pulitika at militar ng CPP-NPA-NDF sa rehiyon. Sa ilang prubinsya, mayroon nang mga antas-munisipyong rebolusyonaryong organisasyong masa. Habang sa ibang panig, umiiral ang mga antas-baryong ganap na samahang masa at komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Samantala, 45 taktikal na opensiba ang sumalubong sa 9th IDPA sa unang hati ng taon. Hindi kailanman mapatatahimik ng pasismong militar ni malilinlang ng saywar ang malawak na mamamamayang dinarahas at ginugutom sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Buong sikhay na paglaban, iyan ang tanging landas na tinatahak ng laksa-laksang mamamayang namumulat.

---

## Misengkwentro sa pagitan ng BHB sa Caramoan, Walang Katotohanan

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
4 July 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang walang patumanggang pagpapakalat ng 9th IDPA at mga kasabwat nito sa kapulisan ng mga pekeng balita upang pagtakpan ang kabiguan nilang pahinain ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan. Pinatutunayan ng sunud-sunod nilang kasinungalingan na wala silang ni katiting na respeto at pagkilala sa kakayahang magsuri ng midya at madla.

### Pekeng Balita ng Misencounter sa Caramoan, Camarines Sur

Hinugot sa hangin ang napabalitang engkwentro sa pagitan ng dalawang tropa ng NPA-Bikol sa pagitan ng Brgy. Hanopol at Brgy. San Roque, Caramoan noong Hulyo 1, 7:30 ng gabi. Walang naganap na labanan at walang presensya ng mga kasama sa naturang lugar sa panahong nabanggit. Gagamitin lamang ng kasundaluhan ang pekeng balitang ito upang manggulo sa mga komunidad ng Caramoan at libreng makapanggalugad sa kanayunan nito.

### Pekeng Balita Hinggil sa mga Command Detonated Explosives (CDX) ng rebolusyonaryong kilusan

Ipinagyayabang ngayon ng 9th IDPA ang gagawin nilang disposal sa tatlong CDX na nasamsam umano nila sa nakaraang labanan sa Ligao, Albay noong Hunyo 12. Walang

kapaguran ang kanilang mga upisyales at tagapagsalita sa pagpapaulit-ulit na delikado ang naturang mga CDX dahil sensitibo umano ito sa iba't ibang trigger at kung gayon ay maaaring aksidenteng mapaputok at makapinsala sa mga sibilyan. Ngunit narito ngayon ang dibisyon at ipinamamalita ang gagawin nilang disposal at detonation sa nabanggit na mga CDX.

Hindi tumutugma sa nauna nilang mga pahayag na bigla na lamang sasabog ang mga CDX sa pinakamaliit at pinakamahinang mga trigger ang sinasabi nila ngayong kinakailangan pang isailalim sa proseso ng disposal ang hawak nilang mga pampasabog. Lumipas na ang halos isang buwan ngunit wala ni isa sa sinasabing hawak nilang mga CDX ang aksidenteng sumabog. Walang ibang pinapatunayan ang kanilang palabas na disposal kundi ang mataas na kalidad at abanteng teknolohiyang nakalakip sa bawat likhang CDX ng pulang hukbo.

Kahiya-hiyang matapos pagbuhusan ng panahon ng kasundaluhan ang pagpapalaki ng isyu ng CDX at paninira rito ay matatalisod lamang sila sa sarili nilang mga salita. Tunay ngang habang lalong nagiging pasikut-sikot ang kasinungalingan ay lalo rin itong nagiging mahirap pangatawanan.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa 9th IDPA na tigilan na ang malisyosong pagpapakalat ng mga pekeng balita para lamang may mailabas na datos. Nananaginip nang gising ang kasundaluhan kung inaakala nilang mayroon silang mapaniniwala sa kanilang mga kasinungalingan. Mataas ang respeto ng rebolusyonaryong kilusan sa angking talino ng mamamayan. May kakayahan ang masa at ang midya na suriin ang bawat panig at matalinong bumuo ng opinyon batay sa obhetibong kalagayan.

Hanggat walang lubay ang pagsulpot ng mga pekeng balita pinasisimunuan pa mismo ng hukbong sandatahan ng Pilipinas, nariyan ang hamon sa lahat na maging mapanuri. Gayundin, ngayon higit kailanman kinakailangang tupdin ng mga alagad ng midya ang mandatong maghatid ng patas at balansyadong pagbabalita sa taumbayan. Kaisa ng mamamayan ang buong kilusan sa pagtupad sa tungkuling ito. Makakaasa ang lahat na mananatiling tapat ang CPP-NPA-NDFP sa paglilingkod sa sambayanan.

## Hinggil sa Hamon ng 9th IDPA sa Rebolusyonaryong Kilusan na Magbigay ng Tulong sa Marawi

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
9 July 2017

Nitong mga nakaraang araw, naging maingay sa balita ang panghahamon ni Capt. Randy Llunar sa rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan na ipakita ang sinseridad na tulungan ang mamamayan sa pamamagitan ng pagtumbas sa kanilang isinasagawang relief operations para sa Marawi. Buong pagmamalaki pang inisa-isa ng upisyal ng 9th ID Public Affairs Office kung ilang sako ng bigas at karton ng noodles ang nakalap nila para sa mga biktima ng kaguluhan sa Marawi.

Ngunit, nakalimutan ipaliwanag ng tagapagsalita kung ano ang sanhi ng pagkawasak ng Marawi at kung bakit kinakailangan ngayon ng mamamayan ng tulong. Kung gaano kagaling sa pagkwenta ng kanilang nakalap si Capt. Llunar, ganoon din naman siya kagaling sa pagtatago sa intensidad ng pananalasa ng mga operasyon ng AFP sa Marawi. Sa katunayan, ang walang lubay na pambobomba at operasyong militar ng AFP ang nangungunang dahilan sa pagkamatay ng mga residente, paglikas ng daan-libong mamamayan at pagkasira ng mga komunidad.

Nakalimutan niyang sabihing higit sa 12 bomba kada araw ang binabagsak ng tropa

ng militar sa naturang syudad upang tuluyan na umanong ubusin ang natitirang pwersa ng Maute – na ayon din sa kanilang sariling pagtataya ay hindi na lalagpas sa 60. Ano ang resulta nito? Hindi ang pagtapos sa kaguluhan sa Marawi kundi ang pagkawasak ng 40% ng syudad dahil sa aerial bombardment. 400,000 mamamayan na ang nagbakwit samantala 25,000 ang may malubhang trauma dahil sa araw-araw na pagbagsak ng mga bomba mula sa himpapawid.

Ang mas masahol pa, ginagawang dahilan ng kasundaluhan ang kaguluhan sa Marawi upang mag-operasyon sa iba pang bahagi ng Mindanao. Nalantad sa publiko ang pang-aatakeng isinasagawa nila sa Cotabato, Davao, Compostela Valley at Surigao del Sur. Ilan lamang ang 200 estudyante at 43 guro ng eskwelahang Alcadev sa Surigao sa napilitang lumikas dahil sa ilang araw na panhaharas ng pwersa ng 75th IB sa kanila.

Saan humuhugot ng lakas ng loob ang tagapagsalita ng 9th IDPA na angkinin ang tulong ng mamamayan at ipagmayabang ang kanilang relief operations samantala nagpapatuloy ang aerial bombardment at mga operasyong militar na siyang wumawasak sa mga komunidad hindi lang ng Marawi kundi ng buong Mindanao? Nagkakamali si Capt. Llunar at ang buong kasundaluhan kung akala nilang matatabunan ng ilang daang pakete ng kape ang katotohanang ilang libong komunidad at ilang daang buhay ang nalalagas sa araw-araw nilang pag-atake.

Hindi na kinakailangang makipagtagisan ng kilusan sa AFP sa usapin ng pagtulong sa mamamayan. Mula noon, kasama ng mamamayan ang rebolusyonaryong pwersa sa pagpapaunlad ng kanilang mga komunidad – mula sa pagpapataas ng antas ng teknolohiya sa pagtatanim hanggang sa pagtatayo ng mga eskwelahan at klinikang bayan. Sa kabila ng pagtanggi ng gubyerno sa tulong na inialok ng CPP-NPA-NDFP upang magapi ang pananalakay ng mga teroristang grupo, maaasahan ng mamamayan na kasabay nila ang pwersa ng rebolusyonaryong kilusan sa pagtatanggol sa kanilang karapatang mabuhay nang mapayapa at pagbangon mula sa malalim na sugat na dala ng kaguluhan sa Marawi.

Para sa mamamayan, higit pa sa dagliang tulong na ipinapaabot ng ating mga kababayan, ang pagsasawalambisa ng Batas Militar at ang tuluyang pag-alis ng mga tropang militar sa kanayunan ang siyang kinakailangan nila upang muling makapagsimula. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan kasama ang taumbayan na hindi ang araw-araw na pambobomba at ang mapanalasang mga operasyong militar ang tatapos sa kaguluhan sa Marawi kundi ang pagharap ng gubyerno sa ugat ng kahirapan at kawalan ng katarungang panlipunang matagal nang idinadaing ng mamamayang Pilipino.

## Hinggil sa Panlilibak ng 9th IDPA sa CPP-NPA-NDF Bikol

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
12 July 2017

Kamakailan lamang, sunud-sunod ang ilinabas ng CPP-NPA-NDF Bikol na mga tala ng paglabag sa karapatang-tao ng kasundaluhan sa rehiyon. Ilinabas din sa madla ang tala ng mga apektadong mamamayan at komunidad ng mapangwasak na operasyong militar sa Mindanao na pinatindi ng deklarasyong ‘all out war’ at Batas Militar. Ngunit sa halip na sagutin ang usapin ng katakut-takot na pasismo at terorismo sa rehiyon at sa ibang panig ng bansa, nagkasya na lamang si Capt. Ronnie Madrinan sa pambabansag, paninirang-puri at pagpapakawala ng mga komentaryong hindi pinag-isipang mabuti. Liban sa panlilibak, ipinahayag niyang ang paniningil ng rebolusyonaryong buwis ng CPP-NPA-NDF

ang dahilan kung bakit hindi umuusad ang usapang pangkapayapaan. Ayon sa kanya dapat maghanap na lamang ng trabaho ang mga rebolusyonaryo at tumigil na sa pakikidigma.

Para sa kaalaman ni Capt. Madrinan, humaharap ang NDFP at GRP peace panel bilang kinatawan ng dalawang magkapantay na entidad. Kung gayon, bilang isang gubyerno, may karapatan ang rebolusyonaryong kilusan na magpataw ng buwis sa eryang nasasakupan nito at hindi ito maaaring ituring na pangingikil. Gayundin, malinaw na nakahanay ang magiging adyenda ng usapang pangkapayaan. Sa kasalukuyan, nakatuon ang pulong sa Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms (CASER). Dito pag-uusapan ang mga sosyo-ekonomikong repormang ipinapanawagan ng mamamayan tulad ng tunay na reporma sa lupa, pambansang industriyalisasyon at nagsasariling patakarang panlabas. Sa puntong mapagkasunduan na ang lalamnin ng CASER, susulong ang usapan sa Comprehensive Agreement on Political and Constitutional Reforms (CAPCR). Dito papasok ang pagtalakay sa iba't ibang patakaran ng dalawang gubyerno. Kabilang dito ang hinggil sa pagbubuwis. Hanggat hindi pa naaabot ang adyendang ito, mananatiling epektibo ang mga dati nang ipinapatupad na batas ng CPP-NPA-NDFP at GRP.

Kaya naman, walang kalituhan sa usapin ng legalidad ng pagpapataw ng buwis ng rebolusyonaryong kilusan. Pinatunayan lamang ng pahayag ni Capt. Madrinan ang kakapusan ng kanilang pag-intindi sa proseso ng usapang pangkapayapaan. Sa katunayan, ang paggigiit ng GRP na magbaba ng armas ang NPA sa halip na harapin na ang mga repormang tutugon sa kahirapan ng mamamayan ang siyang dahilan ng pagkaantala ng usapan.

Dahil ang tangan ng kilusan sa pagrerebolusyon ay ang mismong karaingan ng mamamayan, taos-pusong iniaalay ng bawat isa ang kanilang talino, lakas, panahon at buhay para sa pagsusulong ng digmang bayan. Mulat silang tanging sa pagtatagumpay ng pagbabalikwas ng mamamayan makakamit ang matagalang solusyon sa kahirapan at kawalang katarungan sa lipunan. Higit sa trabaho, buhay ng isang rebolusyonaryo ang paglilingkod sa taumbayan. Ito ang dapat na maintindihan ni Capt. Madrinan at ng kasundaluhan. Hindi tulad ng bayarang tropa ng gubyerno, hindi naghahangad ng anumang kapalit ang mga rebolusyonaryo.

Ngunit hindi na nakabibigla ang pahayag ni Capt. Madrinan. Walang ibang panggagalingan ang mga hindi pinag-aralang pahayag at komentaryong tulad nito kundi ang isang institusyong masigasig na papet ng imperyalistang US at walang pagrespeto sa talino at kakayahan ng mamamayang intindihin ang mga usaping panlipunan. Ang estilo sa propaganda ng kasundaluhan ay walang ipinag-iba sa isang bully o sangganong manghahamon na lamang ng suntukan kapag napahiya. Sa tuwing mayroong usaping hindi nila kayang sagutin o 'di kaya ay napasisinungalingan ang kanilang mga gawa-gawang kwento, kaagad nilang ilinilihis ang usapan at ibinababa na lamang sa panlilibak. Nagtatago sa likod ng nagtatapang-tapangang imahe ng 9th IDPA ang katotohanang nagkakandarapa na sila sa pag-apula sa matalinong pagtatanong at pagsusuri ng mamamayan sa nangyayari sa lipunan.

Hinahamon ng NDF-Bikol ang 9th IDPA na kilalanin ang kakayahan ng mamamayan at pag-isipang mabuti ang kanilang mga pahayag. Nagkakamali sila kung sa tingin nila ay mapipigilan ng kanilang paninindak ang pag-aaral ng mamamayan tungkol sa lipunan. Sa halip na magpalaganap ng mga gasgas nang paninira, sagutin at panagutan nila ang mga usaping matagal nang sinisingil sa kanila ng taumbayan tulad ng patung-patong na kaso ng paglabag sa karapatang-tao.

Nananawagan din ang NDF-Bikol sa mga kasapi ng kasundaluhan na namumulat na mula sa kabulukan ng institusyong kasalukuyan nilang kinakaaniban. Laging bukas ang

rebolusyonaryong kilusan sa anumang tulong at suporta na nais nilang ipaabot. Naghihintay ang mamamayan sa tuluyan nilang pagtalikod sa pwersa armadang ilang dekada nang instrumento ng pagsasamantala.

Sa huli, hindi magmamaliw ang paniniwala ng rebolusyonaryong kilusan sa kakayahan ng mamamayang kilalanin ang tunay nilang kasama sa laban para sa mga demokratikong karaingan. Ang paglakas at paglawak ng rebolusyonaryong pwersa sa Kabikulan ang hindi maitatangging patunay ng patuloy na pagtangkilik ng masa sa tunay na gubyernong nagsisilbi sa kanila – ang CPP-NPA-NDFP.

## Pahayag ng PNP Ragay hinggil sa narekober na labi ng isang NPA sa Camarines Sur, Kasinungalingan

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
20 July 2017

Walang katotohanan ang pahayag ni Chief Inspector Rommel Tino, tumatayong hepe ng Ragay Police, na may nakuhang labi ng isang kasapi ng New People's Army Camarines Sur sa Barangay Salvacion, Ragay, kahapon ng alas-9 ng gabi. Aniya, napaslang umano ang isang myembro ng NPA-Camarines Sur sa enkwentrong naganap bandang alas-5 ng hapon kahapon.

Sa totoo, walang kasapi ng NPA ang nasugatan o nasawi sa naturang insidente. Ayon sa panimulang ulat ng NPA-Camarines Sur, maaaring ang sinasabing katawang narekober ay isa sa mga sundalong nag-operasyon sa lugar o sibilyang pinagbalingan ng walang habas at patuloy na pagpapaputok ng militar kahit wala nang NPA sa lugar. Sa simula pa lamang ng labanan, pinagpasyahan na ng kumand ng yunit na umatras pansamantala upang maprotektahan ang mga residente ng barangay.

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang militar at kapulisan sa paghahasik ng takot sa mamamayan at panggugulo sa mga komunidad sa buong rehiyon. Ilang ulit nang nalantad sa publiko ang mga gawa-gawang kwentong ipinapalaganap ng kanilang mga upisyales at tagapagsalita. Ilang ulit na silang napahiya sa madla dahil sa hindi magkakatugmang pahayag tulad ng gawa-gawang bilang ng sugatan umano sa panig ng mga kasama sa labanang naganap sa Del Gallego nitong Abril at mga kwentong hinugot sa hangin tulad ng paulit-ulit na pahayag na may sumukong mga kasapi ng pulang hukbo at pekeng balita ng mga labanan.

Paulit-ulit na sinasalaula ng kapulisan at kasundaluhan ang katotohanan habang patuloy na pinagtatakpan ang kanilang pang-aatake sa sibilyan. Nitong nakaraang linggo lamang, lumabas sa balita at kaagad na pinagtakpan ang pambubugbog ng 10 sundalo sa ilalim ng 83rd IBPA sa tatlong sibilyan sa Del Gallego, Camarines Sur. Walang ni katiting na katarungang maasahan ang mamamayan para sa mga krimen ng mersenaryong hukbo ng estado. Ibinaon na sa limot ng 9th IDPA ang kaso ng panggagahasa at pagpatay ng mga kasapi ng CAFGU sa ilalim ng 22nd Cadres' Battalion kay Laesybil Almonacid, estudyante ng Bicol University at residente ng Albay.

Sa tumitinding opensiba sa propaganda ng kapulisan at kasundaluhan, nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolnon na mas maging mapagmatyag. Dapat na suriing mabuti ng taumbayan ang mga krimeng pinagtatakpan ng kasundaluhan sa pamamagitan ng kanilang mga pekeng balita. Dapat pag-aralan ng mamamayan ang katotohanan sa likod ng pamamaluktot at panloloko ng military at ng mga kasabwat nito sa kapulisan at gubyerno.

## Hinggil sa Pagpapalawig ng Batas Militar

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
22 July 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol at mamamayang Bikolnon ang pagpapalawig ng Martial Law hanggang sa katapusan ng Disyembre ngayong taon. Kinukundena ng taumbayan ang 261 senador at kongresistang kasabwat ng rehimeng Duterte at kasundaluhan sa pagpapasa ng panukalang patagalin pa ang Batas Militar sa Mindanao.

Saksi ang mamamayan sa lantarang pagsisinungaling at pamamaluktot na ginawa nina Lorenzana, Esperon, Ano at iba pang galamay nila sa lehislatibo upang bigyang matwid ang pagpapalawig sa Martial Law. Ayon sa kanila, walang dahilan upang katakutan ng mamamayan ang pananatili ng Batas Militar dahil napatunayan naman sa inisyal na dalawang buwang epektibo ito na walang paglabag sa karapatang-taong naganap. Anila, kung mayroon mang maging paglabag sa mga karapatang sibil sa hinaharap, kaagad na parurusahan ang salarin. Ang tanging layunin umano ng pagpapataw nito ay ang wakasan at pigilan ang paglaganap ng terorismo sa Marawi tungo sa ibang bahagi ng bansa. Ipinagpilitan din nilang iba ang Batas Militar ni Duterte sa kasalukuyan sa Batas Militar sa panahon ni Marcos.

Sa katunayan, isang malaking palabas lamang ang naganap na bogus na sesyon upang bihisan ng legalidad ang paghahasik ng lagim ng Batas Militar. Nagpahusayan lamang ang mga nag-aastang magigiting na heneral at mambabatas sa paghahabi ng kani-kanilang kasinungalingan at palusot upang bigyang katwiran ang patuloy na pananalasa ng todo-gera sa Mindanao.

### UNANG KASINUNGALINGAN: MAY BATAYAN ANG PAGPAPALAWIG NG BATAS MILITAR SA BUONG MINDANAO

Hindi mapagtugma nina Lorenzana ang kanilang mga pahayag sa pagsasabing kinakailangan pa rin ng Batas Militar samantala iginigiit din nilang may resulta ang kanilang mga opensiba laban umano sa Maute. Ayon na rin sa kanilang pahayag ay hindi na lalagpas sa 60 ang pwersa ng Maute sa Marawi at wala silang nakikitang kongkretong banta sa seguridad sa iba pang bahagi ng Mindanao. Anila, aapat na barangay na lamang naman ang hawak ng Maute at patuloy na lumiliit ang bahagi ng Marawi na nagagalawan ng mga ito.Ano kung gayon ang dahilan ng AFP at ni Duterte na magpanukala ng dagdag pang panahon para sa Martial Law kung totoong patuloy nang humihina ang grupong Maute at halos kontrolado na nila ang buong lugar?

Sa haba ng kanilang pinagdugtung-dugtong na kwento kahit sila ay natatalisod na sa sarili nilang mga salita. Ang totoo, walang batayan at labag sa konstitusyon ang nais nilang mangyaring pagpapalawig pa ng Batas Militar. Bahagi lamang ito ng kanilang disenyong maghasik ng takot at atakehin ang mamamayan. Bago pa man pumutok ang panggugulo ng grupong Maute, lampas 60% na ng buong pwersa ng kasundaluhan ang binuhos sa Mindanao upang pigilan at durugin ang lumalakas na pwersa ng rebolusyonaryong kilusan at ang lumalawak na pakikibakang Moro. Anumang dahilan ang ihilera ng mga

mersenaryo, malinaw na ang ultimong layunin ng Batas Militar ay maglunsad ng gera laban sa lehitimong paglaban ng mamamayan.

## IKALAWANG KASINUNGALINGAN: WALANG PAGLABAG SA KARAPATANG TAONG NAGANAP SA ILALIM NG BATAS MILITAR

Puro kasinungalingan ang pinagsasabi nina Lorenzana, Ano at Esperon na walang naitalang kaso ng paglabag sa karapatang tao na naganap sa loob ng dalawang buwan na may Martial Law sa Mindanao.

Araw-araw laman sa balita ang sapilitang paglikas ng mga taga-Maranao at iba pang Mindanawon dahil sa tuluy-tuloy na pambobomba sa ere ng kasundaluhan. Hindi nawawala sa telebisyon, pahayagan at radyo ang sunud-sunod na balita ng mga komunidad, eskwelahan, ospital, simbahan at iba pang establisimyentong napulbos ng walang patumanggang pagpapasabog ng militar. Lagpas kalahating milyon na ang mga residenteng nagsisiksikan sa mga evacuation centers at wala nang babalikang kabuhayan at mga ari-arian. Ni wala pa sa kalahati ng 523,430 kabuuang bilang ng mga nagsilikas ang 201,785 na populasyon ng Marawi. Ibig sabihin, maging ang mamamayang nasa ibang bahagi ng Mindanao ay biktima ng mapangwasak na mga operasyong militar. Animnapu't walo na ang iligal na inaresto, daan-daan ang nakaranas ng panghaharas at libo na ang iligal na idenitine. Umabot na 578 ang bilang ng mga sibilyan at kahit nga mismong mga sundalo ang napaslang ng indiscriminate firing o walang habas na pamamaril ng kasundaluhan.

## IKALAWANG KASINUNGALINGAN: MAPARURUSAHAN ANG SINUMANG LUMABAG SA KARAPATANG-TAO

Kahiya-hiya ang pahayag nina Lorenzana at Ano na parurusahan ang sinuman sa kanilang pwersa na mapatutunayang lumabag sa karapatang sibil ng mamamayan. Ang totoo, sila mismo ay mga patunay na walang katarungan at pananagutang maaasahan ang masa mula sa kasundaluhan. Sa kabila ng patung-patong nilang krimen laban sa mamamayan tulad ng pagdakip at pagkawala ni Jonas Burgos na pinamunuan ni Ano, nananatili silang malaya at ngayon ay humahawak pa ng mga susing pusisyon sa gubyerno.

Sa kalagayang binubuo ang kasundaluhan at gubyerno ng mga kriminal, paano paniniwalaan ng mamamayang mananagot at maparurusahan ang sinumang lalabag sa karapatang-tao?

## IKATLONG KASINUNGALINGAN: IBA ANG BATAS MILITAR NI DUTERTE SA BATAS MILITAR NI MARCOS

Nahihibang ang kampo ni Duterte at AFP para isiping mapaniniwala nila ang mamamayan na magkaiba ang pasismo at terorismong dala ng Batas Militar noon sa kasalukuyan sa pamamagitan ng mga binaluktot na pahayag ng kanilang mga upisyales at kasapakat sa Kongreso at Senado. Inaakala nilang kayang lunurin ng kanilang mga kinabisadong testimonya ang mapait na karanasan ng mga Maranawon at Mindanawon sa ilalim ng Batas Militar ng rehimeng Duterte.

Ngunit, malinaw sa mamamayan na walang ipinag-iba ang Batas Militar noon at ang Batas Militar ngayon. Sa parehas na pagkakataon, nakararanas ng sukdulang karahasan at panyuyurak sa karapatan ang mamamayan. Habang sinasalaula ng mga upisyales ng gubyerno at kasundaluhan ang katotohanan sa loob ng sesyon, nasa labas ang libu-libong mamamayan at bakwit upang irehistro ang kanilang tunay na kalagayan.

Naaprubahan man at sinuportahan ng mga taksil na mambabatas ang Batas Militar, hindi magmamaliw ang mga protestang bayan upang ipakita sa sambayanan ang tunay na larawan ng Mindanao sa kamay ng anti-mamamayang todo-gera ni Duterte.

## SIGAW NG MAMAMAYAN: LABANAN ANG BATAS MILITAR

Nagngangalit ang mamamayan sa sukdulang pagmamaniobra ng ng kasundaluhan at harapang pagtataksil ng mga mambabatas sa kanilang mandatong ipagtanggol at unahin ang kapakanan ng sambayanan sa lahat ng oras. Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan at mamamayang Bikolnon sa pagtatakwil ng Batas Militar na patuloy na wawasak sa ilang libo pang komunidad, sisira sa kabuhayan ng milyun-milyong residente at babawi sa buhay at kinabukasan ng ilang milyong mamamayan. Gagap ng mamamayang Bikolano ang labang ito ay hindi lamang laban ng mga Maranawon at Mindanawon. Kasama ng buong Mindanao ang Kabikulan sa pagtatakwil ng Batas Militar at kontra-mamamayang gera ng rehimeng Duterte-AFP.

Patunay ang pagpopostura ng mga reaksyunaryong mambabatas ngayong araw na walang aasahan ang mamamayang Pilipino sa isang estadong kapakanan lamang ng naghaharing-uri ang isinusulong. Tanging sa pagpapatatag ng demokratikong gubyernong bayang pinapamunuan ng inaapi't pinagsasamantalahan tunay na matatamasa ang kapayapaang inaasam ng sambayanang Pilipino. Kakambal ng tunay na pagbabago ang pag-aalsa at pag-aarmas ng mamamayan upang durugin ang isang nabubulok na sistema.

ISULONG ANG DIGMANG BAYAN!
LUMAHOK SA DIGMA NG PAGPAPALAYA!

---

## Hinggil sa iligal na pag-aresto at detensyon ng 9th IDPA kay Antonio Narvaez

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
27 July 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang iligal na pag-aresto at pagdetine kay Antonio Narvaez, residente ng Sityo Salaysay, Brgy. Sibaguan, Sangay, Camarines Sur nitong Hunyo 19. Matapos maghalughog sa tahanan ng pamilya Narvaez nang walang ipinapakitang search warrant, sapilitang dinakip si Antonio ng mga elemento ng 83rd IBPA na nag-operasyon sa kanilang lugar. Ayon sa mga magulang ni Antonio, bumalik pa ulit ang mga sundalo kasama ang kanilang anak ngunit hindi ito hinayaang lumapit sa kanila.

Ang iligal na pang-aaresto at pagdetine kay Antonio Narvaez ay malinaw na paglabag sa International Humanitarian Law na kapwa kinikilala ng gubyerno ng Pilipinas at ng rebolusyonaryong kilusan sa bisa ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights ang International Humanitarian Law.

Sa katunayan, hindi lamang ang internasyunal na makataong batas ang binalewala ng militar, linabag nila maging ang mga batas na isinasaad mismo ng kanilang reaksyunaryong gubyerno sa ilalim ng Revised Penal Code ng Pilipinas o Act No. 3815. Linabag ng yunit ng 83rd IBPA na dumukot kay Narvaez at ng 9th IDPA na sumasaklaw sa naturang batalyon ang sumusunod na mga artikulo ng Act No. 3815 (The Revised Penal Code of the Philippines):

*a. Article 124. Arbitrary detention* – Ayon dito, hindi maaaring magdetine ang isang upisyal o alagad ng batas nang walang karampatang dokumento. Sa kaso ni Narvaez, walang anumang dokumento tulad ng arrest warrant na ipinakita sa pamilya bago kunin ang akusado.

*b. Article 125. Delay in the delivery of detained persons to the proper judicial atuthorities* – Isinasaad dito na dapat mailipat ang kustodiya ng akusado sa tamang otoridad na nakasasaklaw ng kaso. Ang palugit para sa paglilipat ng

kustodiya ay mula labing-dalawang oras para sa magagaang kaso hanggang tatlumpu't anim na oras para sa mabibigat na kaso. Si Antonio Narvaez ay walong araw o pitumpu't dalawang oras nang hawak ng kasundaluhan at hindi pa rin naililipat sa kustodiya ng kapulisan. Hindi ilinatag sa kanyang pamilya o sa kanya ang batayan ng pag-aresto at hindi rin siya hinayaang makipag-ugnayan sa kanyang abugado o ligal na tagapayo.

*c. Article 128. Violation of Domicile* – Hindi pinahihintulutan ng batas na ito ang sinumang upisyales ng gubyerno na pumasok, manghalughog o kumuha ng pagmamay-ari nang walang karampatang dokumento (tulad ng search warrant). Ayon sa pahayag ng pamilya Narvaez, sapilitang pinasok at hinalughog ng mga elemento ng 83rd IBPA ang kanilang tahanan nang walang ipinapakitang search warrant.

Ang kaso ni Antonio Narvaez ay isa lamang sa mahaba nang tala ng mga paglabag sa karapatang-tao ng 9th IDPA sa Kabikulan. Nagngangalit ang mamamayang Bikolnon sa paghahari-harian ng berdugong militar hindi lang sa rehiyon kundi sa buong bansa. Ilang kaso na nga ba ng iligal na pag-aresto, panghahalughog, panghaharas, pambubugbog, panununog ng tahanan, panggagahasa at pagpaslang ang nagawa at hindi pinanagutan ng mga militar?

Ito ang mukha ng kasundaluhan ng Pilipinas. Isang hukbong walang ni katiting na pagrespeto sa karapatang tao at mga batas na pumuprotekta nito. Isang hukbong malayang nakapamamaluktot ng katotohanan at nakapagyayabang sa midya bilang mga tagapagtanggol ng masa sa kabila ng kanilang mga krimen sa mamamayan. Isang hukbong walang takot yurakan ang karapatan ng taumbayan dahil protektado ng pinakamatataas na upisyales ng bansa. Sa bisa ng kontra-mamamayang todo-gera ni Duterte: gera laban sa drogang Oplan Tokhang, kontra-insurhensyang programang Oplan Kapayapaan at Batas Militar, nararanasan ng mamamayan ang ibayong pagsahol ng kalagayan ng karapatang tao sa kamay ng berdugong militar.

Hindi maaasahan ng mamamayan ang estado sa pagtatanggol ng kanilang karapatan sapagkat ito mismo ang tagapagtaguyod ng gera laban sa taumbayan. W alang proteksyong matatamasa ang mamamayan sa ilalim ng isang estadong siya ring lumalabag sa sarili nitong mga batas maipagtanggol lamang ang pasismo at terorismo ng pwersa nito. Walang ibang aasahan ang taumbayan kundi ang sarili nitong lakas na magmumula sa organisado't nagkakaisang pwersa ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan.

Nananawagan ang CPP-NPA-NDF Bikol sa mamamayang Bikolnon na lumahok sa pakikibaka ng mamamayan para sa katarungan, kapayapaan at tunay na pagbabago. Hinahamon ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kagawad ng midya sa Bikol na tupdin ang mandato nitong maghatid ng tunay na nangyayari sa rehiyon labas sa dikta ng kasundaluhan at maging bahagi ng pagtatanggol ng karapatang-tao.

Nananawagan din ang NDF-Bikol sa lahat ng mga tapat na abugado ng bayan na tumulong sa pag-aasikaso ng kaso ni Antonio Narvaez at ng iba pang biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng kasundaluhan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga ligal na organisasyong nagtatanggol sa karapatang sibil tulad ng Karapatan.

Sa huli, ang tunay na katarungan at pagrespeto sa karapatang tao ay makakamit lamang sa pagwasak sa kasalukuyang estado at pagpupundar ng demokratikong gubyernong bayang ititindig ng rebolusyonaryong kilusan at ng laksa-laksang mamamayan.

Berdugong Militar at Pasistang Rehimeng Duterte, Singilin at Pagbayarin!
Mamamayang Bikolnon, Magkaisa! Ipagtanggol ang Karapatang-tao!
Isulong ang Tunay na Pagbabago, Isulong ang Digmang Bayan!

## Hinggil sa Pagkakapaslang kina Andres 'Ka Carlo' Hubilla, Miguel 'Ka Billy' Himor at dalawang sibilyan

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
1 August 2017

Nakikiramay ang NDF-Bikol at buong rebolusyonaryong kilusan sa mga pamilya at kaibigan nina Andres 'Ka Carlo' Hubilla, Miguel 'Ka Billy' Himor, Arnel Borres, Dick Laura na napaslang sa pangungubkob ng magkakumbinang pwersa ng militar at kapulisan sa Sityo Namuro, Brgy. Trese Marteres, Casiguran, Sorsogon nitong Hulyo 28.

Sina Ka Carlo at Ka Billy ay kasapi ng Celso Minguez Command NPA-Sorsogon, samantala, sibilyan at non-combatant sina Arnel Borres at Dick Laura. Ipinagluluksa ng buong Kabikulan ang pagkawala ng apat na buhay sa nagpapatuloy na todo-gera ng rehimeng Duterte laban sa mamamayan. Iniaalay din ng rebolusyonaryong kilusan ang pinakamataas na pagpupugay at pagdakila sa dalawang martir ng sambayanan na inilaan ang kanilang buong buhay sa paglilingkod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Marka ng kaduwagan ang pataksil na kubkob ng humigit-kumulang 30 elemento ng 31st IBPA, 22nd IBPA, 96th Military Intelligence and Combat Operatives (MICO), Casiguran Municipal Police at Sorsogon Provincial Police laban kanila Ka Carlo at Ka Billy na nauwi sa pagkadamay ng dalawa pang sibilyan. Alam ng militar na wala nang ibang pang NPA sa lugar liban sa dalawa. Malinaw na hindi nakadisensyo ang naturang operasyon sa paghahapag ng warrant of arrest at paghuli sa dalawang kasama. Bagkus ito ay isang operasyon para sa isang siguradong pagpaslang sa isang kasamang ilang beses nang nakaalpas sa kanilang pambibitag. Niratrat ng kaaway ang bahay na tinutuluyan nina Ka Carlo. Sa katunayan, kahit walang putok mula sa panig ng mga pulang mandirigma, nagpatuloy pa rin sa pagpapaputok ang kaaway nang walang pagsasaalang-alang sa kaligtasan ng mga sibilyan sa lugar.

Sa ilalim ng International Humanitarian Law at Protocol II ng Geneva Conventions, ang sinumang wala nang kapasidad lumaban ay dapat ituring na hors de combat o bihag ng digma at hindi na kailangang paslangin. Gayundin, kahit na sa panahon ng labanan malinaw na nakasaad sa internasyunal na batas ng digma na dapat isaalang-alang ang buhay at kaligtasan ng mga sibilyan at non-combatant. Sa sitwasyong may mga sibilyang nasa lugar at hindi na nakapagpaputok sina Ka Carlo at napapaligiran na ng mga elemento ng kasundaluhan, dapat ay malapitang pagsukol at hindi walang lubay na pagpapaputok ang ginawa ng militar.

Ngunit nakangangalit man ang ginawa ng kasundaluhan, hindi na ito nakapagtataka. Matagal nang marumi at marahas ang gawi ng kaaway pagdating sa mga labanan. Sa paghahabol ng gantimpala, promosyon at mga medalya, hindi kailanman kinilala ng AFP ang mga batas ng digma. Wala silang pagpapahalaga sa karapatang tao at buhay kapwa ng mga combatant at ng mga sibilyan. Noon pa man, gawain na ng kasundaluhang patayin ang mga nahuhuling kasapi ng NPA sa halip na ituring ang mga itong bihag ng digma. Tortyur at desekrasyon ang ginagawa nila sa mga labi ng kanilang mga pinaslang. Habang simpleng collateral damage ang turing nila sa mga sibilyang nadadamay sa kanilang mga atake.

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, lalo pang nabigyang laya ang pang-aatake at pagiging hayok sa karahasan ng kasundaluhan. Sa baluktot niyang pananaw, walang halaga kung ilanmang pagpatay ang gawin ng kanyang mersenaryong hukbo dahil ipagtatanggol niya ang mga ito. Araw-araw na reyalidad ng sambayanang Pilipino ang walang sagka at walang pananagutang pagpaslang ng pwersa ng

estado. Walang pagkakaiba kung ang mapaslang ng kasundaluhan at kapulisan ay sibilyan o hindi. Napakadaling bansagang NPA, durugista o 'di kaya ay terorista ang mga biktima.

Sa mundo ng isang pangulong nag-uulol sa kapangyarihan, walang bisa ang mga batas at walang halaga ang mga karapatan. Palakpak at pagkilala ang pasalubong sa mga sundalo't pulis na naglustay sa ilang libong buhay at nangwasak sa ilang daang komunidad. Kagitingan ang tawag sa pagsalaula sa karapatang tao at panggegera sa mamamayan. Hindi importante kung dumanak ang dugo, ang mahalaga lamang ay makapatay. Ang bawat bangkay ay isang puntos palapit sa mga gantimpala at tropeyo.

Kasalukuyang nararanasan ng sambayanang Pilipino ang isa sa mga pinakamabalasik na pag-atake sa karapatan at buhay ng mamamayan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa lahat ng masang inaapi't pinagsasamantalahan na manindigan laban sa kontra-mamamayang gera ng estado. Walang aasahan ang masang Bikolnon at ang buong sambayanan sa isang pamahalaang bala ang tugon sa lahat ng karaingan ng mamamayan.

Ang pagkamatay nina Ka Carlo at Ka Billy ay hamon na magbalikwas mula sa isang lipunang walang ni kapiranggot na pagpapahalaga sa buhay ng tao. Habang nagpapakalango ang 9th IDPA sa kanilang hungkag na tagumpay, rumaragasa sa kanayunan at mga kabundukan ang naglalagablab na apoy ng armadong pakikibaka. Sa huli, hindi mapipigilan ng nag-uulol na gera ng estado ang pagsiklab ng apoy ng rebolusyon. Bulkang sasabog ang nag-uumapaw na lakas ng sambayanan na siyang tatapos sa pagsasamantala.

Pagpupugay kina Ka Carlo, Ka Billy at lahat ng martir ng sambayanan!

Wakasan ang Pagsasamantala, Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan hanggang tagumpay!

Ipaglaban ang Karapatan, Katarungan at Tunay na Kapayapaan, Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## Andres Hubilla Martir ng Sambayanan!

Maria Roja Banua, Spokesperson
NDFP Bicol Region (Region V)
5 August 2017

Ipinapaabot ng NDF-Bicol ang pinakamataas na pagpupugay sa apat na martir ng sambayanang Pilipino na nagbuwis ng kanilang buhay nitong Hulyo 28 sa Trece Martirez, Casiguran, Sorsogon. Nakikiisa ang NDF-Bicol at lahat ng kasama sa pagdadalamhati ng kanilang mga kapamilya't kaibigan. Gayundin, pinupuri ng buong rebolusyonaryong kilusan ang Sorsogon sa pagluluwal ng mamamayang malinaw na gumagampan sa pagbubuo ng kasaysayan ng pagpapalaya ng uring api. Pakatandaang marahas mang pinunit ng mga bala ang hininga mula sa kanilang katawan, hindi kailanman mapapalis ng mga berdugo ang kanilang alaala mula sa ating puso't isipan. Dapat manginig ang tuhod ng taksil na bayarang sundalo at estado pagkat mula sa ating mga luha ay uusbong ang libong rebolusyonaryong maniningil sa kanilang utang na dugo sa bayan.

Si Andres Hubilla ay kilala bilang Ka Carlo, Ka Magno, Ka Bunso at Pay ng kasama't masa. Siya ang nag-iisang Lolo Pay para sa napakaraming kabataang nakasaksi't nakapiling niya sa kanyang walang sawang pakikisalamuha sa masa. Taong 1958, tulad ng kanyang tukayo, ipinanganak din siya sa huling araw ng Nobyembre sa Sta. Cruz, Casiguran, Sorsogon.

Aki nin paraoma kaya harani ang boot sa mga paraoma.

Di pa man Martial Law naging bahagi na ng Kabataang Makabayan ang isa sa kanyang mga

kapatid. Habang nakatanghod sa kanilang mga pulong pag-aaral unti-unti siyang namulat sa mga isyu sa lipunan at ang bahagi na dapat gampanan ng mamamayan para mabago ito. Katorse't nagbibinata siya nang ilegal na inaresto't ikinulong noong 1975 matapos ituro ng isang impormer. Hindi nakaligtas ang kanyang murang katawan sa panonortyur sa loob ng dalawang buwan niyang pagkakapiit. Matapos mapainalo sa korte ang kanyang kaso, ipinagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Likas na lider, naging Sangguniang Kabataan Chairman siya noong 1976 sa kanilang lugar.

Makwela niyang naikukuwento kung paanong paglampaso't pagpapakain ng baboy ang nakatawid sa kanyang pag-aaral hanggang matapos niya ang kursong BS Education sa Annunciation College ng Sorsogon (ngayo'y Saint Lewis College). Naging bahagi siya ng konseho ng mga mag-aaral sa buong panahon niya sa kolehiyo. Biro pa nga niya, wala nang ibang kukulit pa sa mga estudyante ng high school. Madalas daw siyang tuksuhin ng kanyang mga estudyante sa Annunciation High School ng Bacon, Sorsogon dahil mas matangkad pa sa kanya ang ilan sa mga ito. Ngunit sa kabila ng patuloy na pagsulong ng kanyang karera, napaloob siya sa lihim na organisasyon ng mga magsasaka noong 1984. Di naglaon, 1986, sumumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Taong 1987 nang magpasya siyang buong panahong maglingkod sa Bagong Hukbong Bayan. Pagkatapos ng isang taong pagpultaym sa BHB, 1988, sumumpa siya bilang ganap na kasapi ng Partido.

Saksi ang ilang henerasyon ng mga Sorsoganong naging estudyante ni Ka Karlo sa iba't ibang antas ng edukasyong ibinigay niya kung gaano kahusay niyang ginampanan ang gawain sa instruksyon. At bilang estudyante rin ng pamantasan ng buhay-uring api, naging malikhain siya kung paano ilapat ang kanyang teoretikal na kakayanan sa pang-araw-araw na pakikibaka.

Sadyang mahilig sa mga bata si Lolo Pay. Maliban sa kanyang limang anak, itinuring niyang anak ang lahat ng bata sa lahat ng lugar na napuntahan niya. Hindi na mabilang ang mga batang nakapagpatuloy ng pag-aaral dahil sa pagpupursige niya't kanyang kolektibo na makapagpalitaw ng mga rekurso para matulungan ang mga bata. Hindi na bagong tanawin ang paglalakad ni Lolo Pay kasama ng mga tumatawang kabataang nakikipagkulitan sa kaniya.

Tuloy-tuloy ang kanyang ipinakitang katapatan sa paggampan ng anumang gawain at tungkuling iniatang sa kanya. Matapos ang ilang dekada ng matapat na pagsisilbi at walang pag-aalangang paghubog sa sarili sa komunistang balangkas, ihinirang siyang kalihim ng prubinsya ng Sorsogon at di kalauna'y kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon.

Bilang kalihim ng isa sa mga sumusulong na sonang gerilya sa buong rehiyon at bansa, malaki ang naiambag ni Kasamang Carlo at ang kanyang kolektibo sa paglalatag ng lakas at pagbababalanse ng rebolusyonaryong pwersa sa buong rehiyon at bansa. Buong tatag na hinarap ng prubinsya ang pananalasa ng magkakasunod na oplang pinakawalan ng pasistang estado. Sa halip na mapadapa ang prubinsya tulad ng kanilang ibinubudyong, higit pa itong nakapagpalakas at nakapagpalawak.

Kung tutuusin eksperto na si Ka Carlo sa pagpuslit mula sa bitag ng kaaway. Apat na beses na siyang nakulong at sa lahat ng pagkakataong ito ay nakaalpas siya't nakabalik sa piling ng masa't pulang hukbo sa iba't ibang paraan. Biro pa nga niya noong mahuli siya sa pangatlong pagkakataon: Oh no, not me, na naman?! Ipinataw sa kanya ang disiplinaryong aksyong mahigpit na babala dahil sa pagluluwag niya sa usapin ng seguridad.

Sa kabila nito, hindi nakapigil sa kanyang pagiging organisador ang mga panahong siya'y nakapiit. Itinuring siyang tunay na kaibigan at tagapagpayo ng kanyang mga kasama sa kulungan. Ibinukas niya ang kanilang mga mata upang unawain ang isang lipunang nabubulok at hungkag ang sistema ng hustisya. Sa ilalim

ng kanyang paggabay, naging aktibo ang mga nakakarsel sa pagbubuklod ng sarili at pagkilala ng maaari pa nilang maiambag sa lipunan. Malaki ang pasasalamat ng kanyang mga "kakosa" dahil naibsan ang gang war sa loob ng kulungan habang nandoon si Ka Karlo.

Isinilang si Miguel "Ka Billy" Himor noong Mayo 28, 1996 sa kaparehong baryo ni Andres Hubilla. Hinubog ang kanyang kamulatan sa kandungan ng lumalawak na pulang kapangyarihan. Bata pa lamang siya'y aktibo na sa grupo ng kabataan. Hindi tulad ng ibang kabataang nangangarap na magkaroon ng marangyang buhay o kaya ng kasikatan, sa murang edad malinaw na ang mga pangarap ni Ka Billy bilang pulang mandirigma. Aktibo niyang ginampanan ang mga gawaing itinakda sa kanya ng Partido bilang part-timer habang naghihintay na dumating sa tamang edad dahil hindi pa siya maaring tanggapin sa BHB.

Matalas ang paggagap ni Ka Billy sa pagsasamantalang minsang siya mismo ang nakaranas bilang mala-manggagawa sa Maynila. May ilan taon rin siyang naging tindero sa isang tindahan doon. Ngunit ilang panahon matapos ang ang kanyang ika-18 kaarawan, kagyat siyang umuwi sa Bikol para sumampa sa BHB taong 2014.

Isa si Ka Billy sa mga kabataang hukbo na kinakitaan ng potensyal sa gawaing militar. Tangan ang kanyang kakwelahan, pinagagaan niya ang pagharap sa anumang balakid na sinusuong. Bukod tangi rin ang disiplinang ipinakita niya sa pagkapit sa prinsipyo ng simpleng pamumuhay at tuluy-tuloy na pagpapanibagong hubog laluna nang maipakat sa gawaing istap ng prubinsya.

GGSS o gwapung-gwapo sa sarili si Ka Billy, pero para sa kanya ito ay biro lang para mapatawa ang mga kasama. Hindi rin nagtagal, may napaniwala naman siya. Wagas kung umibig, ika nga nila. Pero rebolusyonaryong pag-ibig. Tangan ng binuo nilang rebolusyonaryong pamilya ang pag-ibig na hindi makasarili, bagkus hinulma nila ang kanilang pagpapamilya sa balangkas ng pagbabago ng daigdig. Puno ng pag-asa si Ka Billy habang ipinagbubuntis ng kanyang asawa ang kanilang pangalawang anak.

Hindi nakapagtataka kung gayon kung bakit mas pinili ng kaaway na paslangin si Ka Karlo at Ka Billy. Walang rehas na makakapigil sa isang komunista para magmulat, mag-organisa at magpakilos. Kung tutuusi'y mas nakakapinsala sa hanay ng kaaway ang talas ng linyang gumagabay sa rebolusyonaryong tunguhin ng mga kasama.

Kaya't sa kanilang pagpanaw, suklian natin ang kanilang walang pag-iimbot na sakripisyo; ang buo-buong pag-aalay sa sarili sa bayan; ang bukod tanging bakas na iginuhit ng kanilang pakikipagrebolusyon! Hiramin natin kay Ka Karlo ang paborito niyang mga kataga: Huwag mag-alala! No narcotic side-effect! Makakaasa ang mamamayang Bikolano't Pilipino na sa kabila ng paglamlam ng liwanag mula sa kanilang mga mata, ipagpapatuloy ng Sorsogon at buong Bikol ang pagtahak sa rebolusyonaryong landas para sa tagumpay!

Si Ka Karlo at si Ka Billy, mga pulang hukbo ng Casiguran, ay isang patak lamang sa daluyong ng sanlaksang nagngangalit na mamamayan na handang magbuwis ng buhay para sa bayan. Sa kasalukuyang ipinapakitang kabangisan ng Rehimeng US-Duterte, hindi dapat mangimi ang sambayanan. Walang itinatangi ang nag-uulol na estado sibilyan man o pulang hukbo. Dapat singilin ang mga berdugo't bayaran sa pagmasaker sa dalawa pang sibilyan sina Arnel Borres at Dick Laura! Marapat na ipagtanggol ng mamamayan ang karapatang mamuhay sa isang lipunang tunay na malaya at payapa.

Wara na ki ibang mas kukusog pa sa satong pagkasararo!

Pagpupugay sa lahat ng martir ng sambayanan!
Tahakin ang landas na kanilang hinawan!
Ipadagos ang digmang bayan!
Mag-upod sa Bagong Hukbong Bayan.

## Pahayag ng NDF-Bikol hinggil sa magkakasunod na panggigipit at pantutugis sa sibilyan ng kasundaluhan at kapulisan sa Sorsogon

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
August 8, 2017

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang kasundaluhan at kapulisan sa pagpapakalat ng panibago na namang serye ng malisyosong disimpormasyon laban sa rebolusyonaryong kilusan at pang-aatake ng kanilang hanay sa mga sibilyan sa prubinsya ng Sorsogon.

Kasinungalingan ang pahayag ng 31st IBPA at 5th PPSB na naroon sila sa Brgy. Antonio, Barcelona kahapon upang maghapag ng warrant of arrest kay Michael Bagasala na diumano'y kasapi ng NPA. Wala ring katotohanan ang ipinagyayabang nilang engkwentrong naganap sa pagitan nila at limang hinihinalang NPA sa kurso ng pag-aresto kay Bagasala. Ang totoo, pawang mga elemento ng kasundaluhan at kapulisan ang walang habas na nagpaputok at iligal na nanghalughog sa mga kabahayan. Walang anumang yunit ng NPA sa lugar sa panahong iyon. Gayundin, sibilyan at hindi aktibong kasapi ng NPA sina Bagasala at Rosalina Equisa na pangunahing target ng kanilang pamamaril.

Hinugot din sa hangin ang mga pangalang sinampahan ng kaso ng kapulisan matapos ang taktikal na opensiba ng NPA-Sorsogon sa Gubat nitong nakaraang buwan. Sa kainutilan nilang pahinain ang NPA sa prubinsya at upang maisalba ang kanilang reputasyon, nagkasya na lamang sila sa pagsasampa ng kaso sa mga sibilyan at sa mga personaheng hinihinala nilang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Kahiya-hiya si PCI Jimi Jeremias at ang buong Inter-Agency Legal Assistance Group ng kasundaluhan sa pagpaparada ng mga pangalan ng mga sibilyan bilang utak ng naturang opensiba nang walang ibang batayan kundi kamag-anak ang mga ito ng isang pumanaw nang kasapi ng NPA.

Bilang isang belligerent state ay may karapatan ang CPP-NPA-NDF na magpatupad ng mga aksyong pamamarusa at magsagawa ng mga opensiba laban sa anumang entidad na banta sa kanyang nasasakupan. Walang ligal na merito ang pagturing ng kapulisan sa mga lehitimong opensiba ng NPA bilang kasong kriminal. Taktika lamang ito ng mga ahente ng pasismo ng estado upang siraan ang prestihiyo ng rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit din nitong batayan ang mga gawa-gawang kasong tulad ng murder, arson at illegal possession of firearms para bulukin sa kulungan ang mga nasusukol na kasapi ng CPP-NPA-NDF at maging ang mga pinaghihinalaang tagasuporta nito.

Liban sa panggigipit at pantutugis sa mga sibilyan, sunud-sunod din ang ekstrahudisyal na pamamaslang ng berdugong militar at kapulisan sa prubinsya. Umaabot na sa 10 sibilyan ang pinatay at tatlo ang pinagtangkaang paslangin ng kanilang pwersa sa loob lamang ng kalahating taon. Lantaran nilang ibinabaling ang nag-uulol na karahasan laban sa mamamayan sukdulang labagin na ang lahat ng mga batas ng digma. Ngunit sa kabila ng lahat ng ito, nananatiling matatag ang pagkakaisa ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Pudpod na ang dila ng mga tagapagsalita ng kaaway sa pagpapaulit-ulit ng mga retokadong pakulo at pekeng balita ngunit hindi pa rin nila maideklarang conflict manageable ang prubinsya ng Sorsogon. Kahit ang mga prubinsyang dati na umano nilang nakontrol ay patuloy ding nagpapamalas ng malalakas na bigwas laban sa kanilang hanay.

Habang humahaba ang listahan ng krimen laban sa masa ng AFP-PNP-CAFGU, lalo ring

iigting ang paniningil ng mamamayang Bikolnon. Nagkakamali sila kung iniisip nilang kakayanin nilang padapain ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng kanilang pinaglipasan nang saywar at nagdudumilat na karahasan. Dahil nananatiling superyor ang pampulitikang paninindigan ng CPP-NPA-NDF, patuloy nitong tatamasain ang malawak na suporta ng masang api't pinagsasamantalahan. Patuloy na babagtasin ang kabukiran ng libu-libong pulang mandirigmang handang paglingkuran ang makatwirang digma ng mamamayan para sa tunay na katarungan at kapayapaan.

## Ipagtanggol ang Karapatang-tao, Labanan ang Kontra-Mamamayang Gera ng Rehimeng Duterte!

August 13, 2017
Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Tuluyan nang hinubad ni Duterte ang kanyang maka-mamamayang maskara at lantarang ipinakita ang pagiging masunuring alagad ng imperyalistang US. Tulad ng mga nakaraang rehimen, ibinalangkas ni Duterte ang kanyang pamumuno sa disenyo ng US na pahupain ang rebolusyonaryong kilusan at paglaban ng mamamayan sa mga bansang tulad ng Pilipinas. Walang kasing-bagsik at kasing-sahol ang atake ni Duterte sa karapatang tao sa ilalim ng kanyang kontra-mamamayang gerang Oplan Kapayapaan, Oplan Tokhang at Batas Militar.

Umaasta si Duterte bilang isang sangganong haring kayang baluktutin ang batas anumang oras niya naisin. Paulit-ulit niyang ipinapakitang wala siyang ni katiting na pagkilala sa karapatan ng mamamayan. Ang kanyang pinakamasusugid na tagasunod sa militar at gubyerno ay mga asong naglalaway - sumusunod sa bawat layaw ng kanilang baliw-sa-kapangyarihang panginoon sa pagnanais na makabahagi sa yaman at impluwensya.

Sa mundo ng baliw na si Duterte, walang pagkakaiba ang sibilyan sa kombatant, sa terorista o sa durugista. Napakadali nga namang sabihing kasapi ng NPA ang isang malamig nang bangkay. Hindi na makaaalma, tagurian mang durugista o terorista, ang isang sibilyang inunahan ng kitilan ng buhay. Ano ang ikatatakot ng kasundaluhan at kapulisan kung itinakda na ng pangulong wala silang pananagutan sa anumang pagpatay na gawin nila?

Sa ilalim ng kanyang paghahari-harian, malayang naglilipana at pinoprotektahan pa nga ang mga mersenaryong walang lubay sa paglabag sa karapatang-tao. Sa Kabikulan, 16 sibilyan na ang pinaslang ng mga elemento ng 9th IDPA mula Marso hanggang Agosto ngayong taon. Liban pa ito sa 42 na kaso ng panghaharas at pananakit, iligal na panghahalughog, paninira at panununog ng ari-arian ng mga sibilyan, iligal na pang-aaresto, tortyur, panggagahasa at tangkang pagpatay na naitala mula nang ipatupad ang Oplan Kapayapaan. Maging ang social media ay nagiging daluyan ng kanyang mga bayarang trolls upang takutin at bantaan ang mga nagpapahayag ng pagsuporta sa pagbabalikwas ng mamamayan.

Ang mas masahol pa, linulustay ang buwis ng taumbayan bilang pabuya sa mga krimen ng mga mamamatay-taong hukbo ng estado. Sa halip na mga makabuluhang reporma at kongkretong plano para maresolba ang kahirapan, walang ibang narinig ang madla mula kay Duterte kundi mga nagtatapang-tapangang pahayag ng pananakot at banta laban sa sambayanan. Walang pondo para sa pagpapatupad ng libreng edukasyon ngunit kinaya ng kanyang gubyernong maglabas ng tatlong bilyon para tustusan ang pagwasak sa Marawi sa ilalim ng batas militar. Walang sapat na suporta sa usapin ng agrikultura ngunit mayroong dalawang milyong pabuya para sa bawat mapapatay na pulis na hawak umano ng pamilya Parojinog ng Ozamis.

Walang kongkretong plano para sa pagtataas ng sweldo ng mga manggagawa at empleyado ng gubyerno, samantala nag-alok siya sa pamamagitan ni Gen. Eduardo Ano ng P100,000 pabuya sa bawat kasapi ng NPA at Moro fighter na mapapatay.

Sa rehiyon, hindi magkandaugaga ang 9th IDPA sa kaliwa't kanang pananakot at pamimilit sumuko ng mga sibilyan upang makakuha ng pabuya. Wala nang halaga sa kanila gaano man kalayo sa katotohanan ang kanilang kwento. Ang tanging mahalaga ay makapagyabang na mayroon silang napasuko, nadakip o 'di kaya ay napatay na umano'y kasapi o sumusuporta sa NPA. Maski siyam na taong gulang na bata (tulad ng kaso ni Rechelene Luna ng Masbate) ay hindi ligtas sa kanilang pamamaslang. Pangunahing target nila ang mga magsasaka at mga katutubong naninirahan sa mga liblib na lugar sa rehiyon.

Sa paghahasik ng lagim ng rehimeng US-Duterte, walang ibang pagpipilian ang mamamayan kundi ang ibayong patatagin ang hanay at magbuklod laban sa tumitinding karahasan ng estado. Walang ibang makapipigil sa nag-uulol na kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte kung hindi ang nagkakaisang organisadong lakas ng mamamayan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa sambayanang inaapi na palakasin ang armadong pakikibaka ng mamamayan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Dapat patuloy na itatag ang mga organo ng kapangyarihang pampulitikang magsisilbing binhi ng demokratikong gubyernong bayan. Tanging sa pagwasak ng kasalukuyang estado at pagpupundar ng panibagong gubyernong pamumunuan ng uring pinagsasamantalahan makakamit ang tunay na katarungan at kapayapaan.

Puspusang labanan ang kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte! Militar sa kanayunan, palayasin!
Itaguyod ang demokratikong rebolusyong bayan! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## Itakwil ang Paglapastangan sa Karapatang-tao ng Rehimeng US-Duterte at kanyang mga alipures sa kongreso! Labanan ang kontra-mamamayang gera!

August 14, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Sukdulan na. Sukdulan na ang pambubusabos sa karapatang tao ng rehimeng US-Duterte. Nagngangalit ang taumbayan sa labis-labis, walang pakundangan at hindi makatwirang karahasang namamayagpag sa ilalim ng sabwatang US-Duterte at lokal na naghaharing-uri. Kaisa ng masang Bikolnon ang NDF-Bikol sa pagkundena at paniningil sa lantarang paglapastangan ng estado sa buhay ng mamamayan.

Nang maupo sa pwesto si Duterte, nangako siya ng pagbabago. Makalipas ang higit isang taon, tuluyan nang humupa ang kanyang maka-masang larawan at lumitaw ang pagiging dakilang tuta ng imperyalistang US. Walang ibang pagbabagong naramdaman ang mamamayan kundi ang panibago at mas masidhing banta para sa kanilang buhay. Nagmistulang isang malaking sementeryo ang buong bansa. Libu-libong labi ang bumubulagta gabi-gabi sa kamay ng kapulisan. Daan-libong katawan ang nagsisiksikan sa mga evacuation centers habang binobomba ng kasundaluhan ang kanilang mga komunidad. Bawat araw, pumuputok sa balita ang mga bagong kaso ng pagpaslang samantala nag-iipon ng mga duguang medalya at parangal ang kriminal na AFP-PNP-CAFGU. Milyun-milyong buhay ang nalalagas sa harap ng tripleng gera ng rehimen samantala patuloy ang pagpapasasa ng naghaharing-uri at imperyalistang kapangyarihan sa yaman ng bansa.

Sa rehiyon, nagluluksa pa lamang ang taumbayan sa harap ng sunud-sunod na pagpatay ay may panibago na namang krimen laban sa mamamayan ang kasundaluhan at kapulisan. Pinaslang si Kgwd. Salvador Atienza ng mga elemento ng 9th IDPA at kapulisan habang nagmamaneho ng kanyang tricycle nitong Setyembre 12 sa Casiguran, Sorsogon. Kasama niya ang kanyang dalawang menor de edad na anak nang siya ay pagbabarilin. Bago ang insidente ng pamamaslang, nauna nang binantaan ng mga elemento ng 31st IBPA si Atienza at iba pang mga lokal na upisyales ng bayan ng Casiguran. Sa naturang pulong, binanggit ng mga militar na mayroon silang dalawang kagawad na target isunod kay Kap. Oscar Jetomo, pinaslang na kapitan ng Brgy. Marinas, Gubat.

Samantala, pinaulanan ng bala ng apat na kalalakihang nakasakay sa motor ang habal-habal driver na si Alvin Oplida, residente ng Brgy. Maalo, Juban kahapon habang naghihintay ng pasahero. Si Oplida ay matagal nang pinag-iinitan ng mga sundalo at pinararatangang tagasuporta ng NPA. Sa loob lamang ng kalahating taon, umabot na sa 18 sibilyan ang pinatay ng berdugong AFP-PNP-CAFGU.

Ang mas masahol pa, itinatambal ng rehimeng US-Duterte sa kanyang kontra-mamamayang gera ang pagpilay sa mga institusyon ng gubyernong ang mandato ay itaguyod at ipagtanggol ang karapatang-tao. Kahapon, naipasa sa kongreso ang panukalang maglaan lamang ng P1000 para sa Commission on Human Rights. Tuwang-tuwa sa kanilang mga sarili ang 119 taksil na mambabatas na bumoto pabor sa naturang panukala. Muli na naman nilang napatunayan kung gaano kadaling imaniobra pabor sa kanilang mga pansariling interes ang prosesong lehislatibo ng bansa. Ang kahiya-hiya, may lakas-loob pang humarap ang mga ito sa madla at sabihing sapat lamang ang pondo para tustusan ang ahensyang walang ibang ginawa kundi bantayan ang bawat kibot ng gubyerno.

Sa totoo, ang paglalaan ng P1000 para sa CHR ay hindi lamang usapin ng pang-iinsulto sa naturang institusyon. Higit sa lahat, ito ay pang-iinsulto sa buhay at karapatan ng masang Pilipino. Isinasalarawan nito ang pagsasabwatan at pamamayagpag sa gubyerno ng mga naghaharing-uring walang paggalang sa buhay ng mamamayan. Pinapatunayan lamang nito na sa mata ng mga naggigiting-gitingang mambabatas at upisyales, wala pa sa isang sentimo ang katumbas ng isang buhay. Ilinantad lamang nito ang sukdulang kabulukan ng isang estadong handang pagtaksilan ang taumbayan kapalit ng pangako ng kapangyarihan.

Ano ang aasahan ng masa sa isang papet na gubyernong walang ni katiting na pagkilala sa karapatang-tao at sunud-sunuran lamang sa madugong disenyo ng kanyang among US? Anong pagbabago ang dadalhin ng isang estadong pinuprotektahan at buong lugod na sinusuportahan ang paglapastangan ng kanyang armadong pwersa sa karapatan ng mamamayan? Anong pagbabago ang maipagmamayabang ng isang rehimeng sistematikong tinatanggal ang lahat ng makinaryang sisiguro ng kanyang pananagutan sa mamamayan para tuluyang maging walang sagka ang kanyang opensiba laban sa taumbayan?

Nagkakamali ang reaksyunaryong estado kung iniisip nitong mapaluluhod nito ang sambayanan sa pamamagitan ng kanyang pasismo. Ilang ulit nang nasaksihan ng kasaysayan ang kakayahan ng nagkakaisang mamamayang singilin at pananagutin ang lahat ng kriminal na may utang na dugo. Hindi mangingimi ang malawak na masang Pilipinong muli itong patunayan. Sa panahong tuluyan at lantaran nang binubusabos ang karapatan ng mamamayan, walang ibang masusulingan ang taumbayan kundi ang sarili nitong lakas.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa malawak na hanay ng mamamayan, sa mga kagawad ng midya, sa mga taong-simbahan at sa mga

tunay na tagapagtaguyod ng karapatang-tao na ibayong magbigkis sa harap ng nag-uulol na karahasan ng estado. Ngayon higit kailanman ang panahong marapat magkaisa at lumaban ang lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan. Walang ibang magtatanggol sa karapatan at buhay kundi ang sambayanan. Dapat panagutin si Duterte at ang lahat ng kanyang alipures sa kanilang pagtataksil sa mamamayan at patuloy na pangangayupapa sa imperyalistang disenyo ng panunupil at pandarahas. Hanggat nananatili ang bulok na kaayusan, ibayong paiigtingin ng masang inaalipin ang pagsusulong ng makatwirang digma ng mamamayan. Batid ng taumbayan na ang tunay na pagbabago ay wala sa kamay ng mga pasista at papet na naghaharing-uri. Ang pangmatagalang pagbabagong inaasam ng sambayanan ay nakasalalay sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

## Hinggil sa Pekeng Balita ng Ihinahandang Atake ng NPA-Bikol sa aktibidad ng ASEAN sa Albay

August 15, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kinukundena ng NDF-Bikol sina ASEAN 2017 NOC Director-General Amb. Marciano A. Paynor, Cong. Joey Salceda, kapulisan at kasundaluhan sa paghahabi at pagpapakalat ng pekeng balita na mayroong hinahandang opensiba ang NPA-Bikol sa pagdarausan sana ng aktibidad ng ASEAN sa prubinsya ng Albay. Walang katotohanan ang kumakalat na balitang may 800 eksplosibong ipinakalat ang NPA sa Camarines Sur bilang bahagi ng atake. Gayundin, hinugot sa kawalan ang ipinalalaganao nilang kukurdunan ng pulang hukbo ang karagatan para lamang maantala ang naturang aktibidad.

Kahiya-hiya ang kainutilan ng kapulisan, kasundaluhan at mismong security committee ng ASEAN sa paggampan sa kanilang trabahong kumalap ng lehitimong datos at maghanda para sa ASEAN. Linulustay lamang nila ang milyun-milyong pondong nakalaan para sa aktibidad ng ASEAN sa pagpapalaganap ng mga kasinungalingan. Kung pekeng balita at walang katotohanang intelligence reports lang din naman ang resulta ng kanilang magarbong paghahanda at magastos na security preparations, mas mainam pang ilaan  na lamang ang pondo sa mga serbisyong pampublikong mapakikinabangan ng mamamayan. Ang totoo, bunga ang pekeng balitang ito ng takot nila sa sarili nilang mga anino sa harap ng nagdudumilat na kainutilan ng kanilang pwersa na durugin ang rebolusyonaryong kilusan.

Una, hindi maaatim ng NPA-Bikol na maglagak ng 800 eksplosibo sa kahabaan ng Camarines Sur para lamang maantala ang aktibidad ng ASEAN gayong napakaraming sibilyan ang maaaring madamay. Lagi't laging mas matimbang sa CPP-NPA-NDF ang kapakanan ng mamamayan kaysa ganansyang militar. Hindi kailanman isasangkalan ng pulang hukbo ang karapatan ng masa sa kurso ng pagbigwas sa kaaway. Ang lahat ng taktikal na opensiba ng anumang yunit ng NPA ay ilinulunsad laban sa mga lehitimong target at may kaakibat na masinsin at maingat na pagpaplano upang hindi malagay sa alanganin ang ari-arian, kabuhayan at buhay ng mamamayan. Tumatalima ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng batas hinggil sa karapatang-tao at nagsasagawa ng mga opensiba alinsunod sa mga ito (READ: Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law [CAHRIHL], Protocol II of the Geneva Conventions, BHB Primer, NDF Primer on Human Rights).

Narito ang tala ng mga lehitimong target ng taktikal na opensiba ng NPA:

a. mga elemento ng AFP-PNP-CAFGU na aktibong lumalahok sa mga operasyong mapanupil laban sa masa at pulang hukbo
b. mga espiya at impormer
c. warlord, pribadong armadong grupo ng mga burukrata at malalaking korporasyon batay sa kapasyahan ng kaukulang organo ng Partido at kumand ng NPA

d. mga entidad na mapanira sa kapaligiran, kabuhayan at pamumuhay ng masa: minahang komersyal, geothermal plants, logging operations, plantasyong agrikultural, atbp.

e. mga kumpanya at korporasyong ayaw tumupad sa responsibilidad na magbayad ng takdang rebolusyonaryong buwis sa gubyernong bayan

f. mga pasimuno at tauhan ng mga negosyo at anti-sosyal na aktibidad: iligal na droga at malalaking pasugalan, malalaking usurero, vigilantes, despotikong PML.

Ikalawa, liban sa may tiyak na target, ang lahat ng armas (kabilang na rito ang mga command detonated explosives) ng NPA ay sumusunod sa internasyunal na kasunduan hinggil sa mga lehitimong armas sa pakikidigma (Read: Ottawa Treaty, CDX: Mapanlikhang Armas ng Mamamayan-Pahayag ng NDF-Bikol). Muli naming bibigyang diin na ang mga eksplosibo ng NPA ay command detonated. Ibig sabihin, walang posibilidad na bigla o aksidente itong pumutok nang walang hudyat ng itinakdang bomber mula sa hanay ng mga sinanay na pulang mandirigma. Hindi ito basta sasabog kapag maapakan, madiinan o maibagsak. Sasabog lamang ito sa oras na pindutin ng itinakdang bomber ang trigger na nakakunekta rito. Sa katunayan, kung sa usapin ng mga naitalang kaso ng ari-arian ng mamamayang napeperwisyo at buhay ng sibilyang nalulustay, malaki ang pagkakaiba ng CDX ng pulang hukbo sa airstrikes at strafing ng militar, ipagpilitan pa nilang surgically accurate umano ang mga ito. Mula nang gamitin ng NPA ang CDX, walang naitalang insidenteng may sibilyan o 'di kaya ay entidad na hindi target ang nadamay. Samantala, noong unang buwan pa lamang ng operasyon ng militar sa Marawi, 40% na ng lunsod ang sinira ng mga bomba ng kasundaluhan at 200,000 Marawanon na ang sapilitang lumikas dahil sa pagtama ng mga bomba sa mga kabahayang hindi naman target ng militar. Ang totoo, pilit na itinatanggi ng kasundaluhan ang pagiging lehitimo ng mga CDX at pilit itong sinisiraan sa mata ng publiko dahil aminado sila sa epektibidad nito laban sa kanilang hanay.

Sawa na ang mamamayan sa paulit-ulit na isyung ibinabato ng mersenaryong hukbo laban sa rebolusyonaryong kilusan. Paulit-ulit din naman itong napasisinungalingan. Ano nga naman ba ang aasahan ng taumbayan sa isang institusyong ang katapatan ay wala sa mamamayan kundi nasa kanilang pinunong nauulol sa gera? Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan ni Duterte, hindi na bago ang paglipana ng mga pekeng balitang ipinapakalat ng mga militar at kapulisan upang maghasik ng takot sa mamamayan at pahinain ang suporta ng mga ito sa rebolusyonaryong kilusan. Ang mas masahol pa, ang ilang midyang nabibilog ang isip sa pagpoposturang makamasa ni Duterte ay nagiging kasangkapan ng gubyerno sa pamamaluktot ng katotohanan. Sa bibig ng mga taksil na kagawad ng midya kapuri-puri ang walang patumanggang pagpatay sa sibilyan ng kapulisan at kasundaluhan. Pinagpipyestahan nila ang mga pekeng balitang ukol sa paninira sa prestihiyo ng NPA samantala ibinabaon sa limot ang mga tunay na kwento ng daan-daan libong paglabag ng estado sa karapatang tao.

Sa kalagayang tumitindi ang gera ng gubyerno laban sa mamamayan, ngayon higit kailanman kinakailangang maging tapat ng lahat ng kagawad ng midya sa sinumpaang tungkulin sa sambayanan. Hinahamon ng NDF-Bikol ang mga mamamahayag na maging tapat sa mandatong maghatid ng patas, de-kalidad at napapanahong balita sa masa. Bilang mga kagawad ng midya, may pambihirang pagkakataon silang maging mata, tenga at boses ng masa. Ipinagkaloob ng mamamayan ang tiwala sa kanilang kakayahang magsaliksik at magsuri. Hamon ngayon sa lahat ng mga mamamahayag na maging responsable sa pag-iingat sa tiwalang ito. Hamon sa mga kagawad ng midyang maging mapanuri sa mga usapin at maging responsable sa pagbabalita.

Gayundin, nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayan na maging mapanuri at mapagmatyag sa mga tunay na kaganapan sa bansa. Laging bukas ang tanggapan ng NDF-Bikol at buong rebolusyonaryong kilusan sa pakikipagtulungan sa mga alagad ng midya at sa taumbayan sa pagtatanggol sa katotohanan.

Biguin ang Kontra-Mamamayang Gera ng Rehimeng US-Duterte! Labanan ang Oplan Kapayapaan! Ipaglaban ang Responsable at Makatotohanang Pamamahayag!

## Hinggil sa Matagumpay na Reyd Laban sa Concepcion Group

August 22, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Binabati ng NDF-Bikol ang Eduardo Olbara Command-NPA Camarines Sur sa matagumpay na kumpiskasyon ng armas laban sa Concepcion Group nitong Agosto 20 sa Brgy. Neighborhood, Bato, Camarines Sur.

Alas-siyete ng umaga, dinisarmahan ng isang yunit ng pulang hukbo si Jun Paranial. Nakumpiska mula sa kanya ang isang cal. 45 pistol at mga magasin. Si Paranial ay isang aktibong kasapi ng Concepcion Group. Ang paramilitary group na ito ay pinamumunuan ng di-umano'y AWOL na si Sgt. Gilbert Concepcion.

Samantala, alas-otso ng umaga nang makasagupa rin ng pulang hukbo ang iba pang; kasapi ng naturang bandidong grupo sa Brgy. Sagrada. Napatay sa labanan ang isang alyas "Balweg" at nasamsam ang armas na hawak nito. Ligtas namang nakamaniobra mula sa pinangyarihan ang yunit ng hukbo.

Makailang ulit nang ilinapit ng masa ng hangganan ng Albay at Camarines Sur ang kanilang mga reklamo laban sa mga anti-sosyal na gawain ng grupo. Narito ang ilan sa mga kasong isinampa ng masa sa hukumang bayan laban sa Concepcion Group:

a. Pananakot at pangingikil gamit ang pangalan ng NPA sa mga upisyales ng barangay
b. Pananakot at panhaharas sa masa gamit ang pangalan ng NPA.
c. Pagnanakaw ng mga alagang hayop ng mga residente
d. Panghoholdap sa mga residente
d. Pagtutulak ng iligal na droga
e. Pagpatay

Ayon sa imbestigasyon ng mga yunit ng NPA na nakasasaklaw sa mga lugar na pinamumugaran ng Concepcion Group, napatunayang pinuprotektahan ng mga upisyales ng AFP at PNP ang mga lider ng naturang grupo. Iniulat din ng mga yunit ng NPA ang pagdami ng mga kaso ng holdap, pangingikil at pagnanakaw ng mga pag-aari ng mga residente sa paligid mismo ng mga detatsment ng Philippine Army at CAFGU. Talamak din ang pagtutulak ng iligal na droga, pagputol ng kahoy, sugal, at iba pang anti-sosyal na gawain sa rehiyon.

Kinukundena ng NDF-Bikol ang garapal na pakikipagsabwatan ng mersenaryong hukbo sa mga sindikatong kriminal sa Kabikulan. Idinadawit ng kanilang mga masusugid na asset ang pangalan ng NPA sa kanilang mga anti-sosyal na gawain tulad ng panghaharas at pangingikil upang dungisan ang prestihiyo ng rebolusyonaryong kilusan.

Kaugnay nito, pinapaalalahanan ng NDF-Bikol ang mga kaalyado at kaibigan ng rebolusyon na mga negosyante at pambansang burgesya na maging mapagmatyag laban sa paninira at pananamantala ng mga sindikatong grupong hinahawakan at pinuprotektahan ng AFP-PNP-CAFGU sa rehiyon. Kaagad na magpaabot sa kinauukulang yunit ng pulang hukbo kung mayroong anumang insidente ng kahina-hinalang pambabanta, pananakot o pangingikil na malayo sa lehitimong proseso ng pagbubuwis na ipinapataw ng rebolusyonaryong kilusan.

Binabalaan din ang mga gumagamit sa pangalan ng CPP-NPA-NDF para pagsamantalahan ang mamamayang Bikolano. May kaugnay na proseso ng paglilitis sa ilalim ng Hukumang Bayan ang lahat ng kaso ng pagpapanggap, panggigipit at pandarahas sa masa. Ang sinumang mapapatunayang sangkot sa mga nabanggit na krimen ay parurusahan batay sa umiiral na batas ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

Pinapatunayan lamang ng sabwatan ng mga bandidong grupong tulad ng Concepcion Group at AFP-PNP-CAFGU ang sagad-sa-butong kabulukan ng institusyon ng mersenaryong hukbo at ng buong naghaharing rehimen. Sa ilalim ng pamumuno ni Duterte, nananatiling hungkag at bulok ang reaksyunaryong sistema ng hustisyang pinaiiral sa bansa. Hinihikayat ng NDF-Bikol ang mga naliliwanagang upisyal at kawal na umalis na sa bulok na istruktura ng mersenaryong AFP at PNP at pumanig sa mamamayan.

Ang tanging masasandigan ng mamamayan ay ang sama-samang pagkilos at sariling pagpapasyang itaguyod ang rebolusyonaryong hustisya.

## Hinggil sa Pamamaslang ng AFP-PNP-CAFGU sa mga Sibilyan

August 30, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang pagpatay ng mga elemento ng 509th Public Safety Company kay Jerry Jenga, residente ng Sityo Uyango, Brgy. Aquino, Bulan alas-dose ng tanghali kahapon, Agosto 29. Ayon sa nakasaksi sa pangyayari, matapos ang pamamaril ay tumakas patungo sa kampo ng 509th PSC na nakadestino sa Brgy. Aquino ang suspek na lulan ng isang motorsiklo. Samantala, alas-kwatro ng hapon nang pagbabarilin ng mga nakamotor na hinihinalang tauhan ng 31st IBPA si Ronaldo Abion, residente ng Sityo Calaay, Brgy. Tinampo, Irosin. Matagal nang pinagbibintangang taga-suporta ng NPA si Abion at makailang ulit nang nakaranas ng panghaharas ng militar.

Ang dalawang kasong ito ay dagdag sa kabuuhang 104 kaso ng paglabag sa karapatang tao sa rehiyon ng pwersa ng AFP-PNP-CAFGU sa loob pa lamang ng kalahating taon. Sukdulang kawalan ng pagrespeto sa karapatang tao ang ipinapakita ng 31st IBPA sa walang humpay na pagtarget nito sa mga sibilyan. Animo hayok sa dugo at lango sa amoy ng pulbura ang kasundaluhan sa pangmamasaker sa mga non-combatant at sibilyang wala namang kaugnayan sa NPA sa prubinsya.

Ang mga nasabing karahasan ay ilan lamang sa kaswalti ng pinatinding opensiba ng Rehimeng US-Duterte laban sa kapasyahan ng mamamayang kamtin ang tunay na kapayapaan matapos ang SONA ng pangulo. Sa kanyang paulit-ulit na mga pahayag, binigyang basbas ni Duterte ang paggamit ng dahas ng AFP-PNP-CAFGU para paluhurin ang mamamayan sa kanyang kagustuhan.

Ipinapaabot ng NDF-Bikol ang pagkadismaya sa prubinsyal na gubyerno ng Sorsogon sa pagpapasahol ng brutalidad at pasismo ng mga berdugong sahuran sa pamamagitan ng pagtalikod sa sinumpaan nitong tungkulin na protektahan ang mamamayang nagluklok sa kanilang pwesto at kawalan ng aksyon sa laganap na ektrahudisyal na pamamaslang sa mismong mga ihinalal na upisyales ng baranggay at iba pang sibilyan. Sumasabay lamang ang mga ito sa tugtuging ibinabandera ng mga tagapagsalita ng AFP-PNP-CAFGU na ang mga nagaganap na serye ng pagpaslang at pandarahas sa mga sibilyan ay kagagawan ng NPA.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mga kagawad ng midya at tagapagtaguyod ng karapatang tao na bigyang pansin at ipalaganap ang humahabang listahan ng mga paglabag sa Sorsogon at iba pang bahagi ng Bikol. Wala pa mang martial law sa buong bayan, binabalot na ng ligalig ang buong kapuluan. Tuluyan nang inagaw ng rehimeng US-Duterte sa kamay ng mamamayan ang mga batayang karapatang nagsisiguro sa kaligtasan ng kanilang buhay at ari-arian. Ginagapang ng ehekutibo ang lahat ng kapangyarihan ng lehislatibo at hudisya.

Inaalis nito ang mga mekanismo ng pagsisiguro na mananagot ang sinumang umabuso sa kapangyarihan ng lahat ng sangay ng gubyerno. Maraming buhay ang itinuturing na lamang na guhit sa estadistika ng paparaming bilang ng paglabag sa karapatang tao.

Dapat singilin at papanagutin ng pinagsamang lakas ng mamamayan ang kawalan ng saysay ng mga napiling pinuno ng pamahalaan sa iba't ibang antas. Kasabay nito, dapat na tuluy- tuloy na hinuhubog ng mamamayan ang pagpapalakas sa sariling pagpapasya sa pamamagitan ng tuloy na pagpapalawak at pagpapasinsin ng mga lihim na organisasyong masa at organo ng kapangyarihang pampulitika.

Ang NPA, bilang tunay na hukbo ng mamamayan ay patuloy na maglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa mga nauna nang ilinabas na listahan na lehitimong target. Binabalaan ng NPA ang sinumang aktibong kasapakat ng AFP-PNP-CAFGU sa pagtatanim ng takot sa mamamayan. Kakamtin ng NPA ang hustisyang ipinagkakait sa mamamayan. Samantala, bukas ang NPA sa pakikipagtulungan sa sinumang naliliwanagang sundalo, pulis o paramilitary na nais talikuran ang kontra-mamamayang mithiin ng armadong kawing ng estado.

## Pagpaslang sa menor de edad, dagdag na kaso ng paglabag sa karapatang tao sa Rehiyong Bikol

Setyembre 18, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kaisa ng mamamayang Masbateno ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Bikol sa pagkundena sa dagdag na namang kaso ng paglabag sa karapatang taon ng AFP-PNP-CAFGU sa ilalim ng kamay na bakal ng rehimeng US-Duterte.Kasinungalingan ang ipinalabas sa midya ng tropa ng 3rd Platoon Alpha Company, 2nd IB na sinalakay sila ng mga pulang mandirigma nitong nakaraang Sabado, Setyembre 16, bandang alas-4 ng hapon sa Brgy. Libertad, Cawayan, Masbate.

Walang kamalay-malay at nanonood lamang ng basketball si Vincent Jaylord Vereces Pequiro, 15 taong gulang, nang barilin ng mga nakatambay na mga militar. Samantala, sugatan naman si Reymart Versaga, 23 taong gulang, sa sumunod na walang habas na pamumutok. Kapwa residente ng Brgy. Libertad ang dalawang biktima.

Bago ang pamamaril ay nag-iinuman ang mga militar sa tinatambayang barangay hall at plasa. Sa gitna ng kanilang inuman, pumutok ang isa sa kanilang mga baril. Nasugatan ang isang elemento ng militar. Upang itago ang kanilang kapalpakan sa pagsisiguro ng kanilang mga armas at kaligtasan ng mga taong nakapaligid dito, kagyat na pinuntirya ng mga ito ang binatilyong si Vincent dahil nakasuot ito ng patig na shorts.  Matapos ang pamamaril, walang habas na nagpaputok ang mga pasista. Pinapalabas nilang sinalakay sila sa day care center ng mga NPA upang bigyang matwid ang umalingawngaw na putok ng mga baril.

Gaano man ang pagkukumahog ng 2nd IB na itago ang tunay na pangyayari at imanipula ang mga balita pabor sa kanilang panig, patuloy na lalabas ang katotohanan. Maraming nakasaksi sa pangyayari. Hindi maikukubli ang kawalan nila ng disiplina't sapilitang paggamit ng mga pampublikong lugar sa mga barangay na kanilang iniikotan para sa kanilang mga bisyo't layaw. Hindi maikukubli ang kawalang puso't pagtarget sa mga sibilyan na para bang sila'y mga basyo lamang ng boteng pagprapraktisan sa pagtudla. Matagal nang idinadaing ng buong Masbate ang laganap na abusong militar sa mga isla nito.

Karapatan ng mamamayang Masbateno na labanan ang mga abusong militar sa ilalim ng brutalidad ng estado. Karapatan ng mamamayang Pilipino na singilin ang sinumang ahente ng estadong walang pakundangang lumalabag sa kanilang mga karapatan. Subalit sa harap ng paparaming kaso ng paglabag sa karapatang tao sa rehiyon, nanatiling inutil ang mga tinaguriang "tagapagsilbi ng mamamayan" na iniluklok sa poder nitong nakaraang eleksyon. Ang pananatiling nyutral sa gitna ng kalunus-lunos na pagyurak sa mga karapatang tao ay pagkatig sa mga mandarahas.

Hinahamon ng NDF-Bikol ang lahat ng lingkod bayan na tumindig para sa mamamayan. Hinihikayat ng NDF-Bikol ang lahat ng mga kagawad ng midya na tumungo sa mga pamayanan, suriin ang mga balita at buksan ang lahat ng daluyan para sa malayang pagpapalaganap ng impormasyon.

Pakamahalin ang taumbayan!
Tanganan ang armas at ipagtanggol ang mamamayan!
Singilin at pagbayarin ang lahat ng kasapakat ng brutal na kampanya laban sa mamamayan!

## Labanan ang Sumisidhing Banta ng Batas Militar ng Rehimeng US-Duterte! Ipagtanggol ang Karapatang Tao at Kalayaang Sibil ng Mamamayan!

Oktubre 10, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kaisa ng masang Bikolnon ang NDF-Bikol sa pagkundena at paniningil sa sunud-sunod na hakbangin ng rehimeng US-Duterte upang ibuslo ang sambayanan sa bitag ng Batas Militar. Lalong nagiging mapangahas si Duterte at kanyang mga alagad sa paglikha ng samu't saring pamamaraan upang ikundisyon ang taumbayan sa posibilidad ng Batas Militar. Lantaran nang sinusubukan ng mga alipures ni Duterte sa lokal na gubyerno at kasundaluhan ang pagpapatupad ng mga ordinansa at aktibidad na hayagang lumalabag sa karapatan at kalayaan ng mamamayan.

Sa Kabikulan, naalarma ang mamamayan sa paglitaw ng Executive Order No. 26-2017 ni Noel Rosal, alkalde ng bayan ng Legazpi. Kung naipatupad ang mapanupil na ordinansang ito, mabibigyang-laya ang mga upisyales ng lokal na gubyernong panghimasukan ang mga pribadong aktibidad ng kanilang nasasakupan. Oobligahin ang mga mananatili sa naturang bayan nang higit sa 24 oras na pumirma at itala ang dahilan ng kanilang pagpunta. Malinaw na layunin ng nabanggit na ordinansa ang sanayin ang mamamayan na pinanghihimasukan ang kanilang mga kalayaang sibil at sukatin ang reaksyon ng madla sa hayagang pasismo ng estado.

Kasabay nito, sunud-sunod din ang ilinunsad na mga pulong-propaganda ng 9th IDPA sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo sa rehiyon. Laman ng kanilang mga ipinamahaging polyeto ang simplistiko at ilohikal na argumentong laging dumudulo ang paggigiit ng mga demokratikong interes sa komunismo. Nitong nakaraan, napabalita rin ang pagmamanman na isinagawa ng mga elemento ng militar sa labas ng Ateneo de Naga University (ADNU). Napag-alaman din ang paglalagay ng AFP sa kanilang 'watchlist' ng mga publikasyong pangkampus ng Camarines Sur Polytechnic College-Nabua (The Spark), ADNU (The Pillars), Mariners Polytechnic College Foundation (Seafarer's Gazette) at Central Bicol State University of Agriculture (The Stateans). Sa esensya, sinusupil ng kasundaluhan ang makatwirang pagkilos ng mga sektor para sa kanilang mga karaingan at binabantaan ang mga bahagi ng lehitimong organisasyon na sila ay itinuturing na target ng karahasan ng estado. Sinasalamin nito ang kalabnawan ng pagkaintindi ng AFP-PNP-CAFGU sa kilusang masa at ang kanilang baluktot na paniniwalang walang ipinag-iba ang mga kombatant na direktang kalahok sa armadong pakikibaka sa mga sibilyang isinasapraktika lamang ang kanilang mga karapatang sibil na magpahayag at mag-organisa.

Patuloy din ang pagpapalobo ng institusyon ng AFP-PNP-CAFGU sa pekeng ugong ng terorismo at insurhensya sa rehiyon. Makailang ulit nang ilinagay sa red alert status ang buong rehiyon dahil sa mga gawa-gawang insidente ng banta ng pagpapasabog, pagsalakay at panggugulo ng NPA sa iba't ibang aktibidad tulad ng naudlot na ASEAN Summit sa Legazpi at sa nagdaang Penafrancia Festival sa Naga. Sa totoo, sa sukdulang pagkabahag ng buntot ng mersenaryong hukbo sa patuloy na paglakas ng CPP-NPA-NDFP, nagpapalaganap na lamang ito ng mga pekeng balita upang takutin ang mamamayan at sirain ang prestihiyo ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang pambabansag ng gubyernong US-Duterte sa kilusang masa bilang hakbanging destabilisasyon at ang pagkakandarapang maihanda ang entablado para sa Batas Militar ay sumasalamin sa matindi nilang takot sa nagkakaisang pwersa ng mamamayan. Alam ni Duterte na umabot na ang karahasan at brutalidad ng estado sa puntong walang sinumang nasa katinuan ang kaya pang sikmurain ang tripleng gerang kanyang ilinulunsad. Nanginginig ang kanyang tuhod sa pagmamadaling makonsolida ang kapangyarihan at buwagin ang mabilis na paglawak at paglakas ng kilusang sisingil at magpapanagot sa mga krimen ng kanyang gubyerno.

Katigan man ng imperyalistang US ang pagbabalatkayo ng kontra-mamamayang gera ni Duterte bilang pagtatanggol sa interes ng bansa, mulat ang mamamayan na walang antas ng pagdadahilan ang magbibigay-matwid sa ganitong sidhi ng walang katuturang karahasan. Ilang ulit mang pudpurin ng mga tagapagsalita ng gubyerno ang mga palusot na 'nanlaban kaya pinatay' at 'para sa tunay na pagbabago', malinaw sa mamamayan na hindi kailanman dudulo sa kabutihan ng bayan at pangmatagalang pagbabagong panlipunan ang pagmasaker sa libu-libong sibilyan at pagwasak sa milyun-milyong buhay.

Hungkag ang maaanghang na salita at banta ni Duterte sa harap ng nagkakaisang lakas ng mamamayan. Patuloy na dadagsa sa iba't ibang sulok ng bansa ang mga alyansa at kilusang masang laban sa tiranikong paghahari ni Duterte. Lalong mag-iibayo ang armadong pakikibaka ng sambayanan. Sa susunod na mga araw, dadagundong sa kapuluan ang pagsasalimbayan ng mga protestang bayan sa kalunsuran at mga taktikal na opensiba sa kanayunan. Sa huli, mapagpasyang itatakwil ng sambayanan ang kriminal na rehimeng US-Duterte at puspusang makikibaka para sa tunay na pagbabagong panlipunan.

## Kabataang Makabayan, Sumampa sa Bagong Hukbong Bayan!

Nobyembre 30, 2017
KM-Bikol

Isang mapulang pagpupugay ang ipinaaabot ng Kabataang Makabayan Rehiyong Bikol sa lahat ng mga magigiting na kabataan sa buong bansa sa okasyon ng kanyang ika-53 taong anibersaryo!

Hinaharap ngayon ng mga kabataang Pilipino ang papatinding karahasan ng rehimeng US-Duterte.

Isinasabalikat ng kabataan ang hagupit ng mga panlipunang suliranin gaya ng malawakang kahirapan, kakulangan o kawalan ng pagkakataong makapag-aral at kawalan ng trabaho. Nitong mga nakaraang buwan ay walang pagtatanging dinanas ng kabataang Bikolnon ang matinding karahasan sa ilalim ng iba't ibang pasistang kampanyang anti-mamamayan sa ilalim ng Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan.

Sa gitna ng klima ng walang pananagutang karahasan ng rehimeng US-Duterte, malayang nakapanibasib ang Oplan Tokhang. Tinawid na ng mga kapulisan ang linya sa pagitan ng kanilang mandato bilang tagapagpatupad ng

batas tungo sa pangunahing tagapaglabag nito. Sa kanayunan, libu-libong kabataan ang naging biktima ng panliligalig ng mga operasyong saywar at operasyong pangkombat. Anumang pangheheleng gawin ng katambal nitong Civic-Military Operations (CMO), malinaw na wala sa balangkas ng AFP-CAFGU ang wagas na paglilingkod sa sambayanan.

Todo-gera rin ang ilinulunsad ng maka-imperyalistang estado sa kamalayan ng mamamayang Pilipino. Pinatitindi ang impluwensya ng imperyalista sa mga kabataan sa pamamagitan ng paglulong sa kanila sa social media, video games, kulturang k-pop at iba pa. Hinuhubog nito ang kabataang malulong sa mga pansariling interes at ihiwalay ang sarili sa kolektibong interes ng sambayanan. Subalit ang sariling karanasan ng pagdarahop at kawalang katarungan ang nagtutulak sa jovenes na labanan at hadlangan ang tatlong salot ng pyudalismo, burukrata kapitalisto at imperyalismo.

Makasaysayan ang papel ng mga kabataang Pilipino sa pagsusulong ng rebolusyon. Mula't sapul, nakasandig sa kanilang hanay ang patuloy na pagpupunyagi sa makatarungang adhikaing palayain ang sambayanan sa kuko ng mapagsamantalang uri. Mula sa pinakasulong na mga anak ng bayan ang malaking bilang ng sumasampa sa Bagong Hukbong Bayan. Sa kanilang pagtataas ng antas ng kanilang pakikibaka, inaambag nila ng kanilang talino, lakas at galing sa daluyong ng rebolusyon. Inspirasyong tumatanglaw sa malawak na mamamayang nag-aalsa ang libong kabataang nagbuwis ng buhay upang hawanin ang landas ng tagumpay para sa digmang bayan.

Kung kaya't sa gitna ng malupit na paghagupit ng terorismong hinahasik ng rehimeng US-Duterte, lalong umaalingawngaw ang panawagang muling baybayin ang kasaysayan at hawakan ng mahigpit ang pagmamahal sa bayan. Tanging sa pagtahak ng landas ng armadong pakikibaka at lalong pagpapaigting ng demokratikong rebolusyong bayan lalaya ang malawak na mamamayan.

Kabataan pakamahalin ang sambayanan!
Kabataang Makabayan, sumampa na sa Bagong Hukbong Bayan!

## Pagsuko ng NPA, Gasgas na Palabas ng 9th IDPA

Pebrero 20, 2018
Raymond Buenfuerza
Tagapagsalita, Romulo Jallores Command

Nitong mga nakaraang araw, pinatampok ang pagsuko ng pitong pulang mandirigma mula sa prubinsya ng Masbate sa kamay ng reaksyunaryong hukbo't estado. Tulad ng mga salamangkero, inihanda ang nasabing pagkakataon upang ibaling ang mata ng mamamayan sa kinang ng diumano'y tagumpay ng mersenaryong hukbong APF-PNP sa pagpapahina ng rebolusyonaryong kilusan. Habang sa isla ng Ticao, nagkukumahog ang tropang militar para pigilan ang taginting ng matagumpay na pamamarusa kay Recto Litada nitong nakaraang ika-20 ng Pebrero sa Brgy. Lagundi, Batuan, isla ng Ticao.

Si Litada ay napatunayang aktibong nag-eespiya sa rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ng 5th RPSB Bravo Company sa Masbate at elemento rin ng armadong para-militar na grupong tanyag sa masa bilang "Sarcom". Sangkot ang bayarang grupong ito sa maraming kaso ng pangingikil sa mga mangingisda sa isla at ginagamit na bayarang mamamatay tao ng mga reaksyunaryong pulitiko sa prubinsya. Nitong nakaraang Disyembre, pinaslang ng nasabing grupo si Aldrin Sese, miyembro ng Lambat-Pamalakaya-Bicol. Si Litada ay isa sa may kagagawan sa nasabing pagpaslang.

Gasgas na ang iskrip ng mga kunwaring sumuko na ito, pero muling itinatanghal para sa panibagong malawakang paninindak at panlilinlang.

Matapos ang matagumpay na ambus ng

mga pulang mandirigma ng Santos Binamera Command-NPA-Albay sa Bravo Company ng 83rd IB nitong Enero 21 sa Brgy. Malobago, Guinobatan, Albay kung saan dalawa ang namatay at lima ang nasugatan, 10 pulang hukbo naman diumano ang sumuko matapos ang ilang araw. Para gawin pang mas kagila-gilalas ang kanilang tagumpay, pinagbintangan pa nito ang NPA na ginagamit ang kaabalahan ng mga sundalo sa pagpapaabot ng tulong sa mga biktima ng pagsabog ng Mayon sa kabila ng malinaw na operasyong militar laban sa NPA ang kanilang pasistang aktibidad. Mahigit dalawampung kilometro ang layo ng Malobago sa 8 km danger zone ng Mayon. Samantala, ang tanging malupit ding nag-aalburuto't nambibiktima sa mamamayan ay ang mga abusadong elemento ng 22nd Cadre Battalion detachment sa Sitio Quibacag, Brgy. Dona Mercedes, Guinobatan na halos apat na kilometro lamang ang layo mula sa pinangyarihan ng ambus.

Ganito rin ang ginamit na iskrip sa pagsuko ng siyam pang mga "artista" sa Masbate noong Disyembre 14, 2017. Sa gitna ito ng sunud-sunod na matatagumpay na ambus, haras at pamamarusa sa buong rehiyon. Pinakamataginting dito ang matagumpay na ambus sa Brgy. Daguit, Labo, Camarines Norte kung saan apat na M4 rifle at iba pang gamit militar ang nasamsam, isa ang napatay at walo ang nasugatan mula sa Camarines Norte Provincial Mobile Force Company ng PNP.

Ginagawang negosyo ng AFP-PNP ang paulit-ulit na pagpreresinta ng mga sumusuko hindi lamang sa rehiyon kundi pati sa buong bansa. Patuloy na ibinubulsa ng mga upisyales nito ang mga pabuyang inaalok ng reaksyunaryong gubyerno sa bawat tao at armas na maidadagdag nila sa listahan. Higit pang pagpapasasaan ang bilyong halaga ng pondo sa "intelligence" sa ginastos sa pagkatukoy ng mga "napasuko" at "nahuling" rebelde. Lalo pang pagsisikhayan ng mga ito ang pagpuno sa kanilang mga bulsa lalo't si PDuterte na mismo ang nagtutulak sa kanilang maging mga "bounty hunter" sa pagpangako nitong babayaran ang bawat ulo ng NPA na maiaalay ng mga ito sa ngalan ng pagpapahina sa rebolusyonaryong kilusan sa bansa. Ang sistemang "bounty" o pabuya ay para lamang sa mga kriminal na "wanted" ng isang estado dahil sa kahinaan ng pulisya nitong mahuli ang mga kriminal. Sa paggamit ng pabuya laban sa rebolusyonaryong pwersa, ipinapahamak nito ang mga sibilyan laban sa kapwa sibilyan at higit na magdudulot ng kaguluhan sa mamamayan. Sinuman ay maaring mapahamak sa mga maituturong "NPA" ng nagnanais makakuha ng pabuya. Lilikha ito ng maramihang ekstrahudisyal na pamamaslang na hahagisan lamang ng baril matapos nilang paslangin at babansagang rebelde. Isa na namang pakana ito ng pananakot sa mamamayang sumusuporta at sumisimpatiya sa rebolusyonaryong kilusan. Bahagi ito ng "Shock Doctrine" o Doktrinang Paninindak upang pawiin ang diwang mapanlaban ng mamamayan sa harap ng patuloy na pangangayupapa ng rehimeng US-Duterte sa mga patakarang neo-liberal na idinidikta ng mga imperyalistang mandarambong.

Lipas na ang panahon ng salamangka. Araw-araw na gumigising ang mamamayang Bikolnon sa reyalidad ng higit pang pagpapahirap at pandarahas na pinapasan nila sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Hindi sasapat ang pekeng balita para lansihin ang mamamayan. Lalabanan ng sanalaksang mamamayan ang malawakang paninindak, ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang, mga pambobomba, pagpapalikas, iba pang paglabag sa karapatang tao ng pasistang AFP-PNP-CAFGU at iba pang grupong para-militar. Patuloy na susulong ang kamulatan ng mamamayang Bikolnon habang lalong papasidhi ang kalagayang kanilang kinasasadlakan.

Tapat na paglilingkuran ng buong lakas ng NPA-Bikol at ng rebolusyonaryong kilusan ang mamamayan hanggang makamit ng buong sambayanang Pilipino ang ganap na tagumpay.

Isulong ang digmang bayan!
Lumahok sa digma ng pagpapalaya!

## Parangal kay Alfredo 'Ka Bendoy' Merilos

Marso 17, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Ngayon ay araw ng pagdadalamhati para sa libu-libong Pilipino habang ihinahatid ang mga labi ni Alfredo Dino Merilos sa kanyang huling hantungan. Nakalibing man ang kanyang pangalan sa kawalan, para sa hindi mabilang na masa at kasama mananatili ang alaala ni Ka Bendoy o Ka Berdin bilang isa sa mga muog ng pagsusulong ng digmang bayan sa buong Bicol at bansa.

Inalay ni Ka Bendoy ang mga dekada ng kanyang buhay sa pagsusulong ng isang rebolusyonaryong hangarin. Isinilang at pinalaki sa isang lipunang nakalublob sa kaguluhan sa pulitika at ekonomya sa panahon ng Batas Militar, hindi nakakapagtakang naging interesado siya sa aktibismo maging sa mga taon niya sa hayskul. Panahon yaon kung kailan maging ang mga pari'y tumangging suutin ang kanilang pasistang sutana at ginamit ang kanilang mga pangaral bilang panaklot laban sa estado. Iisipin mong walang pakialam si Ka Bendoy pero mabilis na napupulot ng kanyang matalas na pag-iisip ang mga bagay.

Hindi nakakapagtaka na naging aktibo siya sa paglaban para sa kanyang mga karapatan bilang estudyante sa kanyang ikalawang taon sa kolehiyo sa kursong Mechanical Engineering sa Bicol University. Pinaningas ng simpleng paggiit para sa mas magandang laboratoryo ang kanyang buong buhay na pagtutulak para sa mga demokratikong karapatan ng bawat aping uri at pag-aambag para sa pagtatayo ng isang lipunang malaya mula sa pagsasamantala't pang-aapi. Maging sa kanyang pagtatapos sa kolehiyo, pagkapasa sa board exams at sa kabila ng abot kamay na mga oportunidad para sa mataas na sahod, nilisan niya ang mga de-aircon na upisina upang magsilbi bilang pultaym na organisador sa mga paaralan at komunidad sa mga sentrong bayan ng rehiyon. Matapos ang ilang taon, noong 1985, pinili niyang mamuhay, luminang at magtayo kasama ng mga masa sa kanayunan bilang isang pulang mandirigma.

Naging dalawa ang mukha ng mga balakid sa kanyang pagpapanibagong hubog dahil sa tangan niyang petiburges na kamalayan. Hindi lamang ang palagiang atake ng kaaway sa kanilang maliit na yunit ang kanyang hinarap kundi pati ang masalimuot na hamon ng pagwawasto ng mga nakaugat na mga kinasanayan. Pero dahil sa tuluy-tuloy na paggabay ng partido, pagpuna sa sarili at kolektibong punaan, naging mahusay siyang kadre na may matatag na pamumunong pulitikal at militar. Maaga pa lamang naarmasan na siya ng ganitong potenstal kung kaya naging bahagi siya ng Pangrehiyong Kagawaran sa Instruksyon (RIB), ang istap ng rehiyon na nagsisiguro sa pampulitikang pagpapaunlad sa mga mandirigma at mga kumander, mula 1986 hanggang 1990. Nilikha niya ang mga nakakatawang komiks para maipamahagi ang matalas ngunit madaling maintindihang pananaw ng partido. Isinilang si Batoy, ang hindi tumatandang karakter ng Silyab, ang panrehiyong pampartidong publikasyon. Sinasalamin ng kakulitan ni Batoy ang hilig ni Ka Bendoy sa mga nakakatawang biro na siyempre hindi niya inaamin at itinatawa na lang.

Mula 1991-1997 binalikat niya ang susing gawain ng pamumuno sa iba't ibang sandatahang yunit propaganda (SYP) sa Sorsogon at sa Camarines Sur bilang kanilang pampulitikang giya. Ang kanyang tuluy-tuloy na pagpupunyagi para itulak ang kolektibong rebolusyonaryong pagsisikhay ay mabilis na nakapagtalaga sa kanya bilang Kalihim ng Larangan at hindi nagtagal ay regular na kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido nang magkasunod na taon ng 1997 at 1998.

Mula 2005-2012, ginampanan niya ang pagiging kalihim ng Komiteng Prubinsya ng Partido ng Camarines Sur at Camarines Norte at nahalal naman bilang regular na kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon noong 2007. Noong 2015 nahalal siyang kagawad ng Kalihiman ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon, at nang dumating ang 2016, naging delegado siya sa Ikalawang Pambansang Kongreso ng Partido kung saan siya nahalal na regular na kagawad ng Komite Sentral ng Partido.

Naging makatotohanang balon siya ng mga praktikal na gabay para sa mga susunod na henerasyon ng mga kadre ng partido dahil sa kanyang malawak na karanasan sa pagtatayo ng partido, pamumuno sa tropa at paglubog sa mga pangangailangan at kahilingan ng batayang masa. Kahit madalas niyang sinusubukang hindi maging kapansin-pansin, ang kanyang tangkad at ang kanyang mga nakakatawang kwento't pakulo ang nakakahamig sa mga tao papalapit sa kanya. Pero istrikto siya kapag hininhingi ng pagkakataon laluna pagdating sa mga patakaran ng partido.

Ilang araw bago siya pinatay at ibinuwal ng mga alagad ng kamatayan ng estado, muli siyang inatake ng mild stroke. Lagi't lagi niyang hinaharap ang kanyang diabetes, hypertension at pumapalyang puso. Sa edad na 56, mabilis na nahuhulog ang kanyang katawan subalit muli't muli niyang tinatanggihan ang pagpapa-opera sa kanyang puso dahil alam niyang lilimitahan nito ang kanyang pagkilos at mahihiwalay siya sa pagsisilbi sa kanayunan. Tumanggi siyang magpahinga at nagpatuloy sa kanyang ritwal na pagkalikot sa mga bagay na dapat ayusin—sa literal at makahulugang sabi. Kung hindi ang balikong paa ng mesa, ang pinagtagpi-tagping bubong, o kaya naman, mga bag na dapat ikamada uli  o kapag hindi pwede, ang mga problema sa buhay ng mga kasama. Pero kinailangan niyang harapin ang kanyang problema sa kalusugan para mapagsilbihan ang mamamayan ng mas matagal. Maiksi ang mga paalam dahil tiwala ang mga kasama na makakabalik lang siya pagkatapos ng ilang araw.

Pero hindi na siya nakabalik. Babalik siya kung maaari.

Ngayong araw, magpapaalam ang kanyang mga pamilya at kamag-anak sa isang ama, kapatid, asawa, kamag-anak at kaututang dila. Ngayong araw ihahatid ng bayan ang isa sa kanyang pinakamahusay na anak, kasama, guro, kumander at higit sa lahat tapaglingkod ng mamamayan sa kanyang huling hantungan. Kaduwagan ang pagpaslang sa mga rebolusyonaryo at wala itong pagwaging napapatunayan. Makakamit ang hustisya sa kamay ng hukumang bayan at ang kasaysayan ang huhusga.

Si Ka Bendoy ay isa lamang sa mga naatasang tagapag-ingat ng apoy upang patuloy na paningasin ang rebolusyonaryong diklap at hindi siya nabigong magsanay ng marami pang mga tagapag-ingat ng apoy mula sa hanay ng masa at mga pulang mandirigma. Ang kanyang inialay na buhay para sa mamamayang Pilipino ay magpapaliyab sa apoy na tutupok sa nabubulok na estado.

Magmartsa tungong Tagumpay!
Dalhin ang digmang bayan sa mas mataas na antas!

## Nasa Kamay ng Mamamayan ang Soberanya

Hulyo 21, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Tinatahak ngayon ng Rehimeng Duterte ang landas ng pampulitikang pagpapatiwakal sa kanyang pagsasantabi ng interes ng mamamayang nagluklok sa kanya sa pusisyon. Sa gitna ng kanyang pagkalango sa kapangyarihan, nakakalimutan niyang ang mapagpasyang lakas ng mamamayan ang magtatakda ng hangganan ng kanyang pakana upang maging diktador-pasista.

Bagamat puspusan ang kanyang kampanya para kontrolin ang lahat ng daluyan ng opinyong pampubliko, bigo ang rehimeng Duterte na linlangin ang mamamayan ng mga pangakong mas mabilis pa sa bulang nawala. Hindi kataka-taka kung humugos ang mamamayan mula sa iba't ibang panig ng rehiyon para ipadama ang kanilang pang-uusig sa rehimen. Gayundin, ang mga taktikal na opensiba sa rehiyon ang magpapakita ng kahandaan ng NPA at buong rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan na harapin ang todo gerang kampanya ng rehimen.

Maamong tupa kung yumukod ang gubyernong Duterte sa hayagang paglabag sa soberanya ng Pilipinas ng tropang militar ng Tsina sa Panatag Shoal sa West Philippine Sea. Samantala, buong bangis naman nitong sinusunsugan ang balangkas ng US laban sa paghihimagsik ng mamamayan.

Sunod sunod na patakarang pang-ekonomya ang ihinapag ng rehimen na mas lalo pang nagsadlak sa mamamayan sa kahirapan at kasalatan. Ang mga dagdag na pataw na buwis sa ilalim ng TRAIN law, pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal at kaakibat nitong pagsirit ng mga pangunahing bilihin ay lalo pang naglimita sa kapasidad ng mamamayang tugunan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan. Samantala, busog ang bulsa ng mga dambuhalang empresa sa petrolyo, kuryente, tubig at iba pang batayang industriya sa paghakot nila ng tiba-tibang tubo habang ipinapasa sa mamamayan ang pasanin ng dagdag na buwis. Walang tiyang nakalma sa mga dambuhalang proyekto sa edipisyo tulad ng mga tulay at kalsada sa ilalim ng Build, Build, Build program ng rehimen liban sa mga dati nang bundat na mga burukrata at alipures nila. Nananatiling nakapako sa napanlulumong P245 ang minimum na pasahod sa rehiyon habang tuloy tuloy ang kontraktwalisasyon.

Tinalikuran na ng rehimen ang anumang pagpapanggap na harapin ang kakulangan sa lupang malilinang at pagsesentro ng pagmamay-ari nito sa iilan habang linalamon ng krisis pang-ekonomya ang kakarampot na puhunan ng maliliit na magsasaka. Samantala, nanatili ang hindi pantay na hatian sa kita pagkatapos ng ani o papisar at lalong isinasadlak sa hindi makatuwirang pasahod ang mga parapatandan o manggagawang bukid. Ang kopra na pana-panahon lamang inaasahan ng mga magniniyog ay umaabot na lamang ng P23 bawat kilo. Samantala, pinagpapasaan ng mga burukrata ang diumano'y kakapusan sa suplay ng bigas para pagtubuan ang mga naipong bigas nitong huling anihan na nabili lamang sa P21 bawat kilo habang patuloy ang pagpapasok ng inimport na bigas mula sa ibang bansa.

Naninibasib sa kalunsuran at kanayunan ang terorismo ng estado sa ilalim ng Oplan Kapayapaan. Libu-libong indibidwal at pamilya ang biktima ng gera laban sa droga at gera laban sa tambay. Pinapasok maging ang mga komunidad sa kanayunan ng kapulisan at ahente nito sa paniktik upang di-umano'y tugisin ang mga durugista. Sa ilalim ng operasyong saywar, operasyong paniktik at operasyong kombat ng AFP, sinusuyod ng Peace and Development teams (PDT) ang mga baryo't sityo na kanilang

binibigyang pokus. Nagdudulot ito ng pang-ekonomiya't panlipunang ligalig. Puo-puong mamamayan ang hindi ligtas at payapang magampanan ang kanilang araw-araw na pagproproduksyon dahil sa mga arbitraryong polisiyang ipinapataw ng mga militar tulad ng pagkontrol sa kanilang paglabas at pagpasok sa sentro ng baryo, curfew, pagsiyasat sa kanilang mga personal na mga impormasyon at maging sa pag-urirat ng kanilang mga pinamiling pangkonsumo. Parang dinaanan rin ng duron (locust) ang kanilang taniman at hayupan sa tuwing kukumpiskahin ng mga militar ang kanilang mga produkto.

Paulit-ulit ang mga kaso ng paglabag sa karapatang tao. Matingkad na halimbawa ang kaso sa Patalonan, Ragay, Camarines Sur, kung saan tatlong magsasaka ang dinukot ng mga militar habang inaasikaso ang kanilang kopras. Matapos ang ilang linggo, natagpuan ang kanilang bangkay sa isang mababaw na hukay. Bakas sa kanilang mga katawan ang sari-saring porma ng pagsalaula't pagpapahirap. Samantala, ang isa sa kanila ay ilinibing ng buhay. Iba't ibang antas ng pananakot ang ibinibigwas ng teroristang hukbo ng estado. Nariyang tuwirang hinaharas, hinahalughog at sinisira ang mga ari-arian ng mga pamilya ng mga pinaghihinalaang kasapi ng NPA. Hindi rin ligtas ang mga pinaghihinalaang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Sa isang baryo sa Sorsogon, halos putaktihin ng ilampung militar ang iilang kabahayan at pinakalat ng mga ito ang di-umano'y listahan ng mga tagasuporta't kamag-anak ng mga pulang mandirigma na itinuro ng mga pumanig na sa kanilang dating kasapi ng NPA.

Nahihibang ang rehimeng Duterte na mabubusalan ang tinig at pag-aalpas ng mamamayan sa pamamagitan ng kanyang pagpapatupad ng batas militar. Lalong tatapang at lalong mangangahas ang mamamayan na sundan ang landas ng paglaban habang pinapakipot ng estado ang mga daluyan ng kanilang pagproprotesta. Sunod-sunod ang pamamaslang sa mga kagawad ng simbahan, kagawad ng midya at mga lumantad na kritiko ng gubyerno sa buong bansa. Sa halip na magkakawatak-watak, ibinubunsod nito ang pagbubuo ng malawak na nagkakaisang hanay sa kalunsuran upang papanagutin ang rehimeng Duterte sa paglabag sa dati nang linilimitahang karapatan ng mamamayan. Ang banta ng chacha at No Elections sa mga susunod na buwan ay higit na magpapadaluyong sa mga kilusang protesta sa mga lansangan.

Itutulak ng nagbabadyang diktadurya ang mamamayan na lalo pang patatagin ang kanilang hanay at kilalanin na tanging sa pamamagitan ng pag-aarmas sa kanilang sarili makakamit ng mamamayan ang hustisya't katarungang ipinagkakait sa kanila. Habang nakararanas ng paninikil ang mamamayan, lalo itong magpupumiglas at magiging mapanlikha sa paghahanap ng daluyan ng kanilang pagtatanggol sa kanilang sarili. Hanggang ngayon, maaliwalas ang landas na iniwan ng sanlaksang inaapi't pinagsasamantalahang mamamayan tungo sa kanayunan. Babagtasin ito ng libong manggagawa, magsasaka, propesyunal, kabataa't kababaihan at iba pang mga makabayan. Sa pagpinid ni Duterte sa pinto ng usapang pangkapayapaan, lalo lamang niyang ilinalantad ang layunin niyang alisan ng armas-panangol ang mamamayan sa pagtutulak niya na magsalong na armas ang NPA bago tuluyang pirmahan ang pinakamahalagang hakbang para bigyang solusyon ang ugat ng armadong sigalot sa bansa—ang CASER.

Taliwas sa ilinalako ng mga mahikero ni Duterto sa opinyong pampubliko, makatarungan at makatwiran ang mamamayan sa paggiit nito ng kanyang soberanya sa isang namumunong hindi na kumakatawan sa kanyang interes. Karapatan ng mamamayan na bawiin ang kapangyarihan sa gubyerno. Nasa kamay ng mamamayan ang pagluluklok ng namumuno sa estado at nasa kamay niya rin ang pagpapatalsik sa sinumang mangangahas na abusuhin ang otoridad na ito. Haharapin ng mamamayang mulat sa kanyang papel sa kasaysayan ang bigwas ng diktadurya na nais ipamarali ng rehimeng Duterte.

## Hinggil sa Localized Peacetalks

Agosto 24, 2018
Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mahigpit na pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang lahat ng yunit ng NPA-Bicol sa ilalim ng Romulo Jallores Command. Nakiisa ang Romulo Jallores Command sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa sa pagkilala sa paggabay ng Partido at pagsuporta sa NDFP negotiating panel bilang kinatawan ng buong rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan sa pakikipagharap sa GRP sa usapang pangkapayapaan.

Matagal nang ilinalako ng iba't ibang rehimen ang lokalisadong usapang pangkapayapaan sa tuwing mabibigo itong paluhurin ang NDFP sa mga hindi makatwirang kasunduan sa pormal na usapang pangkapayapaan. Nangangarap si Duterte, AFP-PNP-CAFGU at iba pang paramilitar na grupo at mga lokal na ahente ng rehimen na magkakaroon ng katuparan ang lokalisadong usapang pangkapayapaan. Walang anumang yunit ng NPA sa Kabikulan ang papasok sa lokalisadong usapang pangkapayapaan ng militar na hiwalay pa sa negosasyong tinalikuran ng rehimeng Duterte. Kinikilala ng lahat ng yunit ng hukbo ang kakayahan ng NDFP bilang kinatawan ng mamamayan na dalhin sa usapan ang mga sosyo-ekonomikong repormang magsisilbi sa karamihan.

Ang nakakatawa pa, ilang taon nang idinedeklara ng 9th ID na lipas na't wala nang insurhensya sa kalakhang bahagi ng rehiyong Bikol. Pero dahil sa silaw ng pondong ipinangako ng rehimeng Duterte para diumano'y bigyang pabuya ang mga sumusuko't may dalang armas, nakalimutan ng mga punong kumander ng mga dibisyon at brigada ang kanilang matematika. Ilanpu ngayon ang sumusuko sa iba't ibang prubinsya ng rehiyon? Kataka-takang naitataon pa ang pagsukong ito sa mga pagkakataong may matutunog na taktikal na opensiba na ilinulunsad ang NPA.

Ang tinatamasang tagumpay at lalong paglakas ng rebolusyonaryong kilusan ay bunsod ng pagkakaisa sa prinsipyong itinataguyod ng Partido. Hindi matitibag ang pagkakaisa ng NPA at buong rebolusyonaryong kilusan hangga't matatag ang Partido sa kanyang pagsisilbi sa sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan.

---

## Pahayag ng Pakikiisa ng NDF-Bikol sa Pagdiriwang ng Penafrancia Festival

Setyembre 7, 2018
Ka Maria Roja Banua, Tagapagsalita
NDF-Bikol

Mahigpit na nakikiisa ang NDF-Bikol sa libu-libong mamamayan na nagdiriwang ng kapistahan ng Penafrancia ngayong buwan. Kinikilala ng rebolusyonaryong kilusan ang papel ni Ina sa kasaysayan bilang isa sa mga sagisag ng pag-asa at pagkakaisa para sa masang Bikolnon.

Noon pa ma'y saksi na si Ina sa rebolusyonaryong diwa ng masang Bikolnon. Panahon din ng pagdiriwang ng Penafrancia nang ilunsad ng mga Katipunerong Bikolano ang pag-aalsa laban sa mga kolonyalistang Kastila noong 1898. Ilang daang taong matapos magapi ng sambayanang Pilipino ang mga dayuhang mananakop, nananatiling makatwiran ang pag-aalsa ng mamamayan.

Patuloy na sinasakmal ng sabwatan ng mga imperyalista at lokal na naghaharing-uri ang bansa. Patung-patong ang pahirap na polisiya na ipinapatupad ng pasistang rehimeng US-Duterte. Sumisirit ang presyo ng mga bilihin habang nananatiling nakapako ang sahod. Kaliwa't kanan ang demolisyon sa mga komunidad at lantarang pag-agaw sa lupang binubungkal ng mga magsasaka.

Iwinasiwas ni Duterte ang todo-gera laban sa mamamayan sa gitna ng hambalos ng pang-ekonomiyang ligalig. Lahat ng entidad at grupong matapang na nagtatanggol sa mga karapatang tao at nagtataguyod sa interes ng mamamayan ay binabansagang terorista, 'di makatarungang inaaresto, o 'di kaya'y pinapaslang. Tahasang tinatarget ang mga lider ng mga progresibong organisasyon, taong simbahan at iba pang nagtataguyod sa karapatang tao.

Sa harap ng papasahol na mga hakbanging ito laban sa mamamayan, ibayong napapanday sa masa ang kapasyahang magkaisa at tumindig para sa kanilang mga karapatan. Nananatiling buhay ang pagiging simbulo ng kapistahan ng Penafrancia ng paninindigan ng mamamayang patatagin ang hanay at lumaban para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Sa pagsambulat ng lakas ng masa, nangangatog ang tuhod ni Duterte na pigilan ang mabilis na paglaganap ng apoy ng paglaban ng mamamayang sawa na sa kumunoy ng kahirapan at kagutuman. Sa panahong ang lahat ay nagsisikap na magkaisa, walang humpay ang reaksyunaryong estado sa panggugulo at pagpapaulit-ulit ng mga malisyoso at pekeng balita laban sa rebolusyonaryong pwersa. Kamakailan lang, muling nagtangka ang 9th IDPA na linlangin ang masang Bikolnon. Ayon sa kanila, ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng New People's Army (NPA) laban sa mga lehitimong target nito ay paghahanda para sa balak nitong guluhin ang kapistahan ng Penafrancia.

Pawang kasinungalingan ang pahayag ng mersenaryong hukbo. Ang lahat ng taktikal na opensiba ng NPA ay matamang pinagpaplanuhan at isinasagawa nang may pinakamataas na pagsasaalang-alang sa kapakanan ng mamamayan. Ang lahat ng opensibang ilinulunsad ng pulang hukbo ay mayroong mga lehitimong target sang-ayon sa mga internasyunal at lokal na batas ng digma. Kagyat at mahigpit ding nagpupuna at nagbabayad-pinsala ang rebolusyonaryong kilusan sa panahong mayroong mapinsalang sibilyan o kanilang ari-arian sa gitna ng digma.

Katawa-tawa ang rehimeng US-Duterte at ang sandatahang pwersa nito sa pagsalig sa mga retokado at gasgas nang paninira sa rebolusyonaryong kilusan sa paniniwalang matitibag nito ang matibay nang pagkakaisa ng mamamayan at ng kanilang tunay na hukbo. Walang ibang idinulot ang mga peke at mapanghating pahayag ng militar kundi ang ibayong paglayo ng loob ng masa sa kanilang mga kriminal at tagasalaula ng kapayapaan.

Sa kanayunan at kalunsuran, kapwa nagpapatuloy ang paglakas ng kilusang masa laban sa rehimeng US-Duterte. Libu-libo ang nagtutungo sa lansangan dala ang mga dumadagundong na panawagan at hinaing sa bulok at nalalansag na sistema. Patuloy na lumalawak ang mga organisasyong masa sa kanayunan, at lalo pang humahangos ang mamamayang handang tumangan ng armas para itaguyod ang interes ng kanilang hanay.

Sa pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan, hangad ng rebolusyonaryong kilusan ang mahigpit na pagkakaisa ng mamamayan. Ang estadong pumapanig sa interes ng burukrata kapitalista, mga despotikong panginoong maylupa at mga imperyalista ang tunay na kaaway ng nagkakaisang mamamayan. Ang rehimeng US-Duterte na siyang nagpapakana ng pagkakawatak-watak ng taumbayan ang siyang tunay na pumipigil sa pagkamit ng kapayapaan, hustisya at tunay na demokrasya.

Sa pagdiriwang ng Penafrancia, nananawagan ang NDF-Bikol na ibayo pang pagtibayin ang pagkakaisa ng masang Bikolnon. Ang digmang bayan na ilinulunsad ng mamamayan ay para sa makatarungang kapayapaan. Tulad ng pagiging bahagi ni Ina sa mga nagdaang pag-aalsa ng mamamayang Bikolano, kasabay din si Ina at ang pag-asang kanyang sinisimbulo sa bawat pagsulong ng masa upang kamtin ang katarungan at tunay na demokrasya.  Walang anumang bagsik ng pasista at teroristang rehimen at kanilang mga among imperyalista ang tatapat at makapagpapabagsak sa pagkakaisa ng mamamayang binigkis ng kasaysayan ng pang-aapi at pagsasamantala.

## Pahayag hinggil sa Lakbay Dalangin ng Mamamayan!

September 15, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Buong lugod na binabati ng NDF-Bikol ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, taong simbahan at iba pang mga sektor na nagtipun-tipon upang ipagdiwang ang kapistahan ni INA sa pamamagitan ng pag-alala at pagtindig para sa lahat ng biktima ng walang pakundangang karahasan ng estado. Sa panahong nasusukluban ang lipunan ng lagim ng terorismo at pasismo ng rehimeng US-Duterte, pinagpupugayan ng masang Bikolnon ang kapwa mamamayan nilang naninindigan sa daan ng tunay na kaligtasan - ang daan ng sama-samang pagkilos laban sa pwersa ng karahasan at pagsasamantala.

Ang kasaysayan ng kapistahan ng Penafrancia ay hitik sa kwento ng kabayanihan at mapanlabang diwa ng mamamayan. Itinuturo ng kapistahang ito ang kabuluhan ng malasakit, pag-asa, pagkakaisa at pagiging matatag sa harap ng mga problema. Hinahamon ng pagdiriwang na ito ang lahat ng masang Bikolnon at ang sambayanang Pilipino na maging mapagmatyag laban sa mga elemento ng pasakit na nais hatiin ang hanay ng mamamayan at magpunyagi sa patuloy na pagpapakatatag sa gitna ng hambalos ng pasismo at terorismo ng estado. Isinasabuhay ng mamamayang Bikolano at rebolusyonaryong kilusan ang tunay na kahulugan ng pagdiriwang ng Penafrancia sa pamamagitan ng pagsalig sa natatanging lakas ng nagkakaisang mamamayan upang likhain ang tugon sa kanilang mga dalangin at panawagan. Sa harap ng walang patumanggang paglabag sa karapatang tao at kawalan ng sosyoekonomikong reporma sa pamumuno ng nag-uulol na rehimeng US-Duterte, matatag na tinutupad ng mamamayan ang tungkulin niyang singilin at pananagutin ang mga pasista at teroristang lumalapastangan sa karapatan ng sambayanan upang kamtin ang katarungang panlipunan at pangmatagalang kapayapaan.

Anumang pagbabalatkayo ang gawin ni Duterte upang ipagtanggol ang lahat ng kanyang anti-mamamayang Oplan, malinaw sa sambayanang walang ibang target ang gerang ilinulunsad ni Duterte at ng kanyang kriminal na hukbo kundi ang mismong taumbayang dapat ay pinagsisilbihan nito. Sapat-sapat nang patunay ang patuloy na humahabang listahan ng mga pinaslang ng teroristang rehimen - bata man o matanda, taong simbahan, magsasaka o propesyunal. Sa Kabikulan, papataas ang bilang ng mga pinaslang. Isa rito ang masaker na  naganap sa Brgy. Patalonan, Ragay, Camarines Sur nitong Mayo. Dinukot at pinaslang ng mga elemento ng AFP ang mga magsasakang walang ibang kasalanan kundi ang masagupa ang tindi ng paghuhuramentado ng mga elemento ng 9th IDPA na nagsasagawa ng clearing operations matapos matapos mabigong kubkubin ang mga pulang mandirigma sa nabanggit na lugar. Sa Brgy. Veneracion, Pamplona, Camarines Sur, dinukot at pinaslang ng mga elemento ng militaryang mag-amang sina Danilo Abonin at Obot Abonin matapos matagumpay na parusahan ng Nurben Gruta Command si PFC Johnny D. Franco. Sa Camalig, Albay, sunod-sunod na pinaslang ang tatlo pang magsasaka matapos ang matagumpay na ambus sa dalawang elemento ng 9th IDPA.

Kalakaran na ng mersenaryong army ang panghaharas, pandurukot, ektrahudisyal na pamamaslan sa mga sibilyan sa mga lugar na pinangyarihan ng bawat ambus, pamamarusa at bigong pagkubkob. Malinaw na panghahasik lamang ng takot at gulo ang layunin ng mga ito. Ngunit ang mga ganitong hakbangin ay lalo lamang na nagpapasikdo sa dugo ng mamamayan upang ugnayan at suportahan ang tunay na hukbong nagtataguyod ng kanilang mga karapatan—ang Bagong Hukbong Bayan.

Walang halaga ang buhay ninuman para sa isang kriminal na lulong sa kapangyarihang tulad ni Duterte. Walang bigat para sa kanyang mersenaryong hukbo ang pumatay kahit pa ng

mga taong walang kakayahang lumaban. Walang anuman sa kanya ang bawian ng pangarap at sirain ang tahanan ng daan-libong mamamayang dati nang inaapi at pinagsasamantalahan para lamang maitaguyod ang kanyang paghahari. Ngunit sa likod ng kanyang pagpopostura, siya ay nanginginig sa takot. Alam niyang nagbabadya ang pagdaluyong ng mas malalaking kilos-protesta ng mamamayan at ang mas matutunog na taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan. Hindi kailanman mapatatahimik ng anumang balasik ng pasismo ang nag-aalab na diwa ng mamamayang tumitindig para sa kanilang karapatan. Sa lahat ng dako, patuloy na sumusulong ang makatarungang digma ng sambayanan. Bumabaha sa lansangan ang daan-daan libong masang nagngangalit at naniningil sa lubusang kainutilan at kriminalidad ng rehimeng US-Duterte. Sa mga kabundukan at kaparangan, patuloy na lumalakas at lumalawak ang hanay ng mga pulang mandirigmang handang ipagtanggol ang masa laban sa mga tunay na kaaway ng kapayapaan at katarungan. Sa pusod ng kanayunan, patuloy na nag-uugat at tumitibay ang mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan na ipinupundar ng masang inaapi't pinagsasamantalahan.

Matagal nang tapos ang panahon ng pananahimik at pag-aalinlangan. Wala nang anumang banta at atake ni Duterte at ng kanyang mersenaryong hukbo ang makapipigil sa lakas ng nagkakaisang mamamayan. Lalo lamang itinutulak ng kanyang terorismo ang masa sa lubusang pagkamulat at pagsalig sa sariling lakas. Anumang panghahati ang kanyang ipakana, buo ang kapasyahan ng rebolusyonaryong kilusan at ng iba't ibang sektor ng sambayanan na pandayin ang pagkakaisa ng sariling hanay. Iisa ang kaaway - ang mamamatay tao na si Duterte, ang kanyang mersenaryong hukbo at ang kanyang mga lokal at imperyalistang kasapakat.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolnon at sambayanang Pilipino na ipagpatuloy ang pagsasapuso ng mga adhikain ni INA. Dapat iparamdam ng bawat isa ang tunay na malasakit sa pamamagitan ng pakikilahok at pagpapanagot sa kriminal na estadong pumatay nang ilang daan-libong mamamayan at patuloy na kumikitil at sumisira ng ilang daan-libo pang buhay. Marapat lamang na panghawakan ng mamamayan ang pag-asang sa kanilang pagkakaisa makakamit ang tunay na katarungang panlipunan at makabuluhan at pangmatagalang kapayapaan. Anumang atakeng humambalos sa hanay ng nagkakaisang masa, marapat lamang na manatiling matatag at buo ang kapasyahang lumaban para sa kanyang interes at kapakanan. Ang mamamayan, sa kanyang pagsusulong ng makatarungang digmang bayan, ang siyang magpupundar sa daan ng kanyang kaligtasan at tungo sa isang lipunang magsisilbi sa sambayanang inaapi't pinagsasamantalahan. Iluluwal ng kalunsuran at kanayunan sa mga susunod na araw ang mas malalakihang kilos-protesta at mas madadagundong na taktikal na opensibang yayanig sa duguang kaharian ni Duterte.

---

## Pagkundena ng NDF-Bikol sa Umiigting na Pasismo at Nakaambang Pagpataw ng Batas Militar ng Diktadurang Rehimeng US-Duterte

Ka Maria Roja Banua, Tagapagsalita
NDF-Bikol
Setyembre 21, 2018

Mahigpit na kinukundena ng NDF-Bikol ang walang patid na pagpupumilit ng rehimeng US-Duterte na isailalim ang buong bansa sa batas militar. Kahapon lamang, hinarang sa Pagbilao, Quezon ang apat na bus ng mga mamamayang Bikolnon na makikiisa sa pambansang protesta sa Maynila ngayong araw. Sapilitang kinumpiska ng mga pulis ang susi ng mga bus. Ito ay tahasang pagpapakita ng kaduwagan ng pasistang diktador na harapin ang mamamayang Pilipino.Lulong na lulong ang terorista't pasistang administrasyon na buhayin

ang bangungot ng diktadurang rehimeng pinatalsik ng mamamayan mahigit apat na dekada makalipas.

Ngunit kailanman ay hindi natinag ng anumang pananakot ang pagkakaisa ng taumbayan. Kapugay-pugay ang tatag ng taumbayan sa gitna ng krisis at ligalig. Sa kabila ng pasismo ng estado, malinaw ang kanilang pagpupunyaging ipakita ang kanilang pagtatakwil sa rehimeng terorista't diktador. Kaya karapat-dapat na matakot si Duterte – saksi ang kasaysayan na walang diktador na nagtatagumpay.

Taong 1972, sa araw na ito, idineklara ni Marcos ang batas militar. Walang ibang itinuring na batas kung hindi ang salita ng diktador. Walang ibang maaaring mapagkalooban ng karapatang tao kung hindi ang kanyang mga alagad. Walang ibang balita ang maaaring lumabas kung hindi pagpupugay sa kanyang rehimen. Samantala, patuloy na lumubha ang krisis sa ekonomya at pampulitikang ligalig. Walang humpay ang paglalapastangan sa karapatan ng mamamayan. Patung-patong ang panlabas na utang ng bansa dahil sa pagpapapasok ng dayuhang pondo at proyektong para sa huwad na kaunlaran. Walang nakinabang sa mga proyektong ito kung hindi ang kanyang mga kroni at alagad. At hanggang ngayon, pasan ng mamamayan ang bigat ng pagbabayad sa mga utang na ito.

Ngayon, umuulit ang kasaysayan. Hinaharap muli ng mamamayang Pilipino ang patuloy na lumulubhang krisis sa ekonomya. Naitala pa ngang Kabikulan ang nakaranas ng pinakamalubhang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo. Umiigting ang sabwatan ng mga naghaharing-uri sa loob ng reaksyunaryong gubyerno. Wala ni isang hakbang na tinahak ang korap at pasistang administrasyon para tugunan ang mga ugat ng kahirapan sa lipunan. Bagkus, walang ibang pinagkaabalahan si Duterte kung hindi ang pagbubuo ng kanyang diktadurang kaharian. At nailatag na niya ang pundasyon nito.

Tukoy na niya ang kanyang mga kaaway at binigkis na niya ang kanyang mga kampon. Binansagan niyang "hotbed of shabu" ang Naga para madawit si Leni Robredo, ang tinuturing niyang karibal sa poder. Biglaang nabubuhay ang mga kaso ng kanyang kritiko. Samantala, pinalaya niya si Gloria Macapagal-Arroyo, ang promotor ng madugong programang kontra-insurhensyang Oplan Bantay Laya. Lantaran siyang nakikisosyo sa pamilyang Marcos, na wala ni pisong binayad o isang araw sa kulungang pinanagutan para sa mga kasalanan nila sa mamamayan.

Desperado niyang nirerendahan ang sitwasyon para mapalawig ang Batas Militar sa buong bansa. Pilit niyang ikinikintal sa isip ng mamamayan na walang ibang daan tungo sa kapayapaan kung hindi pasismo't pandarahas, kahit siya mismo ang gumagawa ng paraan para paapuyin ang ligalig. Makailang ulit nang nagbanta ang duwag na diktador na mayroong mga tangka ng di umano'y destabilisasyon ng gubyerno para bigyang bahid ng kawastuhan ang pasismo't pandarahas.

Handang-handa naman ang kanyang mga alipures at bayarang hukbo na tumugon sa lahat ng atas – ang todo-gera laban sa mamamayan ay todo-ganansya para sa mga berdugo. Doble sweldo at paglipat sa mas mataas na posisyon ang kapalit ng pagpapatupad ng mga karumal-dumal na operasyong militar. Libu-libong maralita na ang pinagkaitan ng mga batayang karapatan alang-alang sa mga pasistang patakaran ng rehimen. Daan-daang komunidad na ang winasak ng militarisasyon. Lahat ng batas ay binabaluktot para bigyang-bahid ng ligalidad ang pagsasalaula sa mga karapatang tao.

Ngunit ang pagkukumahog ni Duterte na buuhin ang kanyang kaharian ay patunay na marupok ang  pundasyon nito. Mulat siyang may taning na ang kanyang diktadurang rehimen. Halata ang takot niya sa maaaring mahantungan ng mga tunggalian sa pagitan ng kanyang mga alagad, laluna sa pagkakaroon ng ibang paksyon

sa AFP. Mabilis siyang mangimi sa harap ng mga imperyalistang nag-aagawang kumontrol sa pulitika at ekonomya ng bansa. Higit sa lahat, hindi niya maitatanggi na nangangatog siya sa kaba tuwing nasasaksihan niyang lumalawak ang pwersa ng mamamayang Pilipinong handang tumindig para sa kanilang karapatan.

Ngayon, higit kailanman, mahalagang tanganan ang diwa ng pakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino, laluna sa masang Bikolnon, na ibayong paigtingin ang pagkakaisa sa harap ng nakaambang batas militar. Panghawakan at isabuhay ang pinakamahalagang aral ng kasaysayan – anumang bagsik ng isang pasista't diktadurang rehimen, kaya itong pabagsakin ng mamamayang nagkakaisa.

Taong 1986, dumagsa ang daan-daang libong mamamayang naghuhumiyaw sa galit sa diktadurang rehimeng US-Marcos.

Ngayon, dadaluyong muli ang daan-daang libong mamamayang nangangalit. Walang lubay na maniningil ang taumbayan sa tarangkahan ng palasyo ng terorista't diktadurang rehimeng US-Duterte.

Bago pa man tuluyang mapasailalim sa batas militar ang buong bansa, yayanigin na ang mga lansangan at nayon sa daang libong mamamayang handang tumindig laban sa pagbabalik ng diktadurya. Mas malalawak na alyansa ang bubuuhin ng mamamayan mula sa iba't ibang dako ng bansa, uri at propesyon. Ibayong lalawak ang mga organisasyong masa sa kanayunan. Patuloy na panghahawakan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang tungkulin nitong ipagtanggol ang interes ng mamamayan. Higit pang lalakas ang kilusang masa at tatatag ang rebolusyonaryong pwersa para harapin ang teroristang diktador.

Nararapat lang na magkumahog si Duterte. May taning na ang kanyang rehimen. Mapagpasyang titibagin ng mamamayang Pilipino ang kanyang trono. At di kalaunan, guguho ang kaharian ng nagtatapang-tapangang diktador.

LABANAN ANG DIKTADURYA!
PABAGSAKIN ANG REHIMENG US-DUTERTE!

## Red October Plot, Paghahanda Upang Isailalim ang Buong-bansa sa Batas Militar

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Setyembre 28, 2018

Wala nang pagpapanggap pa - nasa bingit na ng pagbulusok ang rehimeng US-Duterte. Desperado na ang nag-uulol na diktador na gawin ang lahat upang walang sagkang maipagpatuloy ang neoliberal na atake sa mamamayan ayon sa atas ng kanyang imperyalistang amo. Sa pagtindi ng pandaigdigang krisis ng mga kapitalistang bansa, nagkukumahog ang US na maisalba ang sarili sa pamamagitan ng pagpapasa ng krisis sa mamamayan ng mga malakolonyal na bansang tulad ng Pilipinas. Alam ni Duterte at ng imperyalistang US na hindi nila ito maisasakatuparan habang nariyan ang paglaban ng sambayanang Pilipino at rebolusyonaryong kilusan. Kaya hindi nakapagtatakang hakbang-hakbang na ipatupad ng papet na rehimeng Duterte ang doktrina ng paninindak at terorismong ginagamit ng imperyalistang US upang mabusalan ang nagngangalit na mamamayan. Kinakailangan na niyang lumikha ng klima ng kaguluhan sa pamamagitan ng pagpapakalat na mayroong linulutong planong destabilisasyon kabilang ang rebolusyonaryong kilusan nang mabigyang katwiran ang pagsaklaw ng Batas Militar sa buong bansa hindi lamang sa Mindanao. Sa pagpapakalat ng balita tungkol sa pakanang destabilisasyon na tinagurian nilang Red October Plot, linalayon ni Duterte na mailusot ang ibayo pang panunupil

sa mamamayang nangangahas tumuligsa sa kanyang pasismo at neoliberal na patakaran. Upang makapanatili sa poder, hinahabol niyang manyutralisa o makabig ang pampulitikang oposisyon ng paksyon ng naghaharing-uring tumutuligsa sa kanya. Gayundin, pinipilit niyang pigilan ang demoralisasyon sa hanay ng militar at kapulisan sa ginawa niyang paghuli kay Sen. Trillanes at pagbabanta sa iba pa nitong kasamahan sa Magdalo na naging lantad na oposisyon kay Duterte.

Ang totoo, natatakot ang panig ni Duterte sa sarili nilang multo sa gitna ng kanilang kainutilang harapin ang mga kahingian ng masa at tugunan ang kaliwa't kanang krisis na bumabayo sa lipunan. Matapos niyang talikuran ang usapang pangkapayapaan kung kailan ang mga sosyoekonomikong repormang para sa kapakinabangan ng mamamayan ang pag-uusapan, sunud-sunod namang umarangkada ang mga pahirap na batas. Wala silang maibigay na solusyon sa mamamayan hinggil sa krisis sa bigas at sa pagtaas ng mga presyo ng bilihin dahil sa mapanggipit nilang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) na siyang unang pakete ng Comprehensive Tax Reform Program (CTRP). Nagbabanta rin ang hagupit ng kasunod na panukalang Tax Reform for Attracting Better and High-Quality Opportunities (TRABAHO) na hahambalos sa kabuhayan ng mamamayan kapag naisabatas. Wala na silang maipagyabang na pag-unlad ngayong subsob na sa kahirapan ang mamamayan habang ang kanilang inaatupag ay sinisingil ang panlilibak sa kapwa nila burukrata kapitalista na hindi nila makaisa. Sa Kabikulan, malaking kalokohang pumipila pa ang masang Bikolano sa NFA rice sa kabila ng sobrang produksyon ng bigas sa rehiyon sa pangunguna ng Camarines Sur. Kahapon, tumaas na rin ang minimum na pamasahe ng piso dahil sa patuloy na epekto ng TRAIN at sa bawat pagtaas ng mga imperyalistang kartel sa mga produktong petrolyo.

Hindi maipagkaila ni Duterte na umaani ng paglaban at pagtuligsa sa loob at labas ng bansa ang kanyang kontra-mamamayang gera. Nauubusan na ng idadahilan ang panig ni Duterte kung bakit patuloy na dumarami ang bilang ng pinapatay ng kapulisan at kasundaluhan gayong wala namang nahuhuling malalaking druglords at patuloy ang pagpasok ng droga sa bansa. Ito na ang huling paraan niya upang maisalba ang sarili at maipagpatuloy ang pagiging papet sa imperyalistang US- ang lumikha ng kaguluhan upang bigyang daan ang pagsaklaw ng Batas Militar sa buong bansa.

Ngunit hindi palilinlang ang mamamayan. Kasama ng masang Bikolnon ang NDF-Bikol sa pagkundena sa rehimeng US-Duterte at sa AFP sa kanilang paglustay sa milyun-milyong pondo ng bansa para lang makapanatili sa poder. Mas mainam pang ilaan na lamang ang pondo sa mga serbisyong pampublikong mapakikinabangan ng mamamayan. Ilan lamang ang pag-apula sa presyo ng bilihin, pagtataas ng sahod ng mga manggagawa, pagbibigay prayoridad sa agrikultura at pagtulong sa mga nasalanta ng kalamidad sa mga isyung dapat pinagtutuunan ng pansin ng gubyerno. Kung tunay ngang pagbabago at pag-unlad ng sambayanan ang nasa isip ni Duterte, hindi siya magsasayang ng panahon sa pagtugis at paglulubid ng mga kwento ng sabwatan laban sa lahat ng kanyang kritiko. Ang dapat pagkaabalahan ng rehimeng US-Duterte ay ang pagtugon sa kahirapan at kagutuman sa lipunan.

Walang katotohanan ang ipinapakalat ng AFP na mayroong sabwatan ang CPP-NPA-NDFP, Liberal Party, grupong Magdalo at iba pang kritiko ni Duterte. Lalo nang malayo sa reyalidad ang mga pahayag ng Southern Luzon Command (SOLCOM) at 9th IDPA na ang mga taktikal na opensibang ilinulunsad ng BHB sa Kabikulan at sa ibang bahagi ng bansa ay paghahanda para sa planong ito. Ang totoo, ang mga taktikal na opensiba ng BHB ay ambag nito sa pagbabalikwas ng sambayanan laban sa terorista at inutil na rehimeng US-Duterte at hindi dahil sa kung anupamang gawa-gawang sabwatan. Ang mga aksyong militar na ilinulunsad ng pulang hukbo laban sa mga lehitimong target

nito ay paniningil sa patung-patong na krimen ni Duterte at ng kanyang mersenaryong hukbo sa rehiyon. Nito lamang Setyembre, walang awang pinaslang ng mga elemento ng 83rd IBPA at 22nd IBPA sina Herminio Aragdon, 69 taong gulang at Soledad Aragdon, 60 taong gulang sa Brgy. Malabog sa bayan ng Caramoan, Camarines Sur. Bahagi rin ba ng planong destabilisasyon ang dalawang matanda at walang labang sibilyang kanilang pinatay?

Habang nagsasayang ng pondo at oras ang reaksyunaryong gubyerno sa pagtugis sa mga kaagaw nito sa kapangyarihan, abala ang buong rebolusyonaryong kilusan sa patuloy na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng mamamayan upang matugunan ang kanilang mga suliranin. Sa mga sonang gerilya, patuloy na nagpapakahusay ang masa at kasama sa pagpapagana ng mga kooperatiba, grupong tulungan sa mga taniman at mga proyektong sosyoekonomiko. Tuluy-tuloy ang paglulunsad ng pulang hukbo ng mga pagsasanay medikal at misyong medikal upang mapahusay ang kalagayang pangkalusugan ng masa. Habang nagkakandarapa ang militar sa pagpatay ng mga sibilyan, patuloy na pinapanday ng rebolusyonaryong kilusan ang kakayahan ng masang pamunuan ang kanilang sarili.

Hindi maitatanggi ng rebolusyonaryong kilusan na dapat nga lamang mangatog ang tuhod ng rehimeng US-Duterte. Nalalapit na ang kanyang pagbagsak. Ngunit hindi ito dahil sa sabwatan ng kanyang mga kritiko at kapwa burukrata kapitalista. Ibubunsod ito ng malawak na sambayanang nagngangalit sa kanyang kainutilan at pasismo. Nagkakamali siya kung inaakala niyang masisindak ang mga tao habang hinahanda niya ang entablado ng kanyang diktadurya. Hindi siya magtatagumpay sa paggamit na mailusot ang Batas Militar. Malinaw sa mamamayang ang dapat pag-usapan ngayon ay ang krisis na hinaharap nila sa araw-araw. Malinaw sa kanilang ito ang panahon upang singilin at panagutin ang teroristang rehimeng wala nang ibang ginawa kundi mang-upat at lumikha ng kaguluhan. Sasambulat ang galit ng mamamayan sa napakalapit nang hinaharap sa maagang bahagi pa lamang ng panunungkulan ni Duterte. Hindi na niya magagawang mapalawig ito sa ilalim ng kanyang diktadurya at pro-imperyalistang Pederalismo. Bumabaling lamang sa higit na kahibangan ang rehimen sa paggamit ng Batas Militar upang makapanatili sa poder at sa paghahanda para rito sa pamamagitan ng Red October Plot. Naninindigan at nagtitiwala ang NDF-Bikol sa kakayahan ng masang Bikolnon at buong sambayanan na harapin nang buong tatag ang todo-largang gera at walang humpay na krisis na dala ni Duterte. Sa pagkakaisa ng mamamayan, kasabay ang hukbong buong-pusong naglilingkod sa kanila, tunay ngang mapula ang kinabukasan.

## Isang bukas na liham sa kasundaluhan at kapulisan

Mula kay Ka Raymundo Buenfuerza

Tagapagsalita, Romulo Jallores Command BHB-Bikol

Mga kasama sa kasundaluhan at kapulisan,

Mga kasama, kayo ay tulad din namin. Nagmula tayo sa mga uring magsasaka, manggagawa, may maliit na hanapbuhay at propesyunal. Pinagkaitan ng masaganang buhay habang ang mga nasa kapangyarihan ay nagpapasasa sa lahat ng ating pinaghihirapan. Totoo ito noon para sa ating mga magulang, totoo ito sa atin sa kasalukuyan at ito rin ang hinaharap ng ating mga anak. Marahil tulad ng napakaraming masa sa ating rehiyon, hindi rin kayo makatulog sa gabi kaiisip paano pagkakasyahin ang sweldo para sa inyong pamilya. Tulad namin lubog kayo sa katakut-takot na utang. Tulad namin pinag-iisipan ninyo rin kung bakit sa kabila ng inyong pagkayod, wala kayong nararamdamang pagbabago at pag-unlad. Tulad namin nag-aalala rin kayo kung mapag-aaral ninyo pa ba ang inyong mga anak o

kung mapapakain ninyo man lamang ng tatlong beses sa isang araw ang inyong pamilya. Tulad namin, pinapasan ninyo ang pagtaas ng presyo ng bilihin dahil sa Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Tulad ng kalakhan ng mamamayan, pumipila rin ang inyong pamilya para sa NFA na bigas. At tulad din namin ayaw na ninyo sa ganitong kaayusan.

Marapat kayong magtanong. Totoo ba ang pahayag ng inyong upisyales na maganda ang buhay ng mamamayan? Hindi nga ba kayo nagagalit na tayo ang pumapasan ng lahat ng kahirapan? Habang ginagawa ni Duterte ang lahat ng paraan upang mapagaan ang buhay ng kanyang imperyalistang among US, araw-araw naman tayong pinaparusahan at dahan-dahang pinapatay ng kahirapan. Habang nagpapakabusog ang malalaking kapitalistang Amerikano at ang mga lokal na naghaharing-uri sa bunga ng ating pawis at dugo, kayo ang ipinapain ng pasistang rehimen sa kanyang walang katuturang gera. Habang nagpapakabundat ang inyong mga upisyales sa mga de-aircon na upisina, kumukurakot ng pondong militar at nangungulekta ng mga lagay sa mga iligal na aktibidad at sindikato sa droga, nasaan kayo? Sa gitna ng labanan, sa gitna ng kagubatan, malayo sa piling ng inyong pamilya. Para saan? Para ipagtanggol ang interes nilang walang pakialam kung mamatay ang inyong mga anak sa gutom? Para isulong ang digmaang hindi naman para sa inyo kundi para sa mga dayuhang malayang maglabas-masok at mandambong sa yaman ng ating bansa at para sa mga lokal na malalaking kapitalista at panginoong maylupa?

Ang totoo, ang pakanang gera ng imperyalistang US at ni Duterte ay hindi ninyo laban. Ginagamit lamang nila kayo sapagkat iilan lamang sila at gamit pa ang pondo ng gubyernong kalakhan ay mula sa buwis ng mamamayan upang magbayad ng pwersang militar ng AFP at PNP. Ginagamit nila kayo upang ipagtanggol ang isang sistemang kayo rin naman ang pinagsasamantalahan. Ilinalako nila sa inyo ang katwirang krimen ang lumaban. Ngunit tanungin ninyo ang inyong mga sarili. Krimen nga bang ipagtanggol ang inyong pamilya't sarili mula sa kahirapan? Krimen nga bang lumaban sa isang sistemang walang pagpapahalaga sa ating mga buhay? Krimen nga bang maghangad nang mas mabuting kinabukasan para sa inyong mga anak? Ilinalako nila sa inyo ang retorikang ang pagiging sundalo ng gubyerno ay paglilingkod sa sambayanan. Ngunit ito nga ba ang inyong sinumpaang tungkulin, ang pumatay ng libu-libo para sa kapakinabangan ng iilan? Makatwiran bang pumatay ng kapwa ninyo magsasaka, ng kapwa ninyo kabataan, ng kapwa ninyo api't pinagsasamantalahan? Makatwiran ba na ilibing nang buhay ng inyong kabaro ang isang magsasakang walang kalaban-laban? Makatwiran bang kaladkarin at barilin ng inyong mga kabaro ang matandang mag-asawang lampas na 60 taong gulang? Hindi ninyo ito laban. Gera ito ng imperyalistang US at ng kanyang lokal na naghaharing-uri laban sa mamamayang lumalaban. Tayo ang target nila. Ang ating mga magulang, ang ating mga anak, ang ating kinabukasan at ang ating bayang naghahangad ng tunay na demokrasya at kalayaan.

Hindi ba't nakapagtatakang sa kabila ng pagyayabang ng inyong mga upisyales na madudurog na ang rebolusyonaryong kilusan ay patuloy pa rin ang ating paglakas? Sa kabila ng mga mamahalin at modernong kagamitan ng AFP-PNP, bakit hindi matalu-talo ang nag-armas na sambayanan? Sa kabila ng malalaking pabuya at limpak-limpak na pondo ng inyong mga upisyales, bakit hindi nila mapasuko ang mamamayang nakikidigma nang walang hinihinging kapalit na salapi o anupaman? Ang sikreto, malinaw sa masa kung bakit kailangan lumaban. Malinaw na sina Duterte, ang imperyalismong US, ang naghaharing-uri at ang institusyong kinabibilangan ninyo - sila ang tunay na kalaban. Hindi ang mamamayang kagaya rin natin ay nag-aasam ng tunay na pagbabago.

Mga kasama, kayo ay tulad din namin. Nais lamang namin ay isang lipunang magsisilbi sa ating mga interes. Isang lipunang hindi pagsasamantalahan, gugutumin at papatayin ang ating mga pamilya. Kami ay nakikidigma para sa

atin. Nakikidigma kami laban sa pagsasamantala ng mga imperyalista't naghaharing-uri para rin sa inyong mga anak. Nang makamit at maitaguyod natin ang isang lipunang tunay na para sa atin.

Nananawagan kami sa inyo mga kasama sa kasundaluhan. Buksan ninyo ang inyong mga isip. Ang inyong katapatan ay hindi dapat sa kung sinumang mataas na upisyales, kundi sa mismong uring inyong pinanggalingan - ang masang anakpawis. Mga kasama, sa ating pagkakaisa makakamit natin ang hinahangad nating tunay na kalayaan - kalayaan mula sa pagsasamantala, kalayaan mula sa kagutuman at kalayaan mula sa karahasan. Sa ating pagkakaisa makakamit natin ang tunay at pangmatagalang kapayapaan.

Mga kasama sa kasundaluhan, magsuri. Maging kritikal. Pumanig sa mamamayan. Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan - ang tunay na hukbo nating mamamayan!

---

## Malayang Tugon sa Reaksyon ni Col. Paul Regencia sa Pahayag ng NDF-Bikol na ang "Red October Plot" ay Pakana ng Rehimeng US-Duterte sa Pagpataw ng Batas Militar sa buong bansa.

September 28, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kahapon lamang, naglabas ng pahayag ang NDF Bikol hinggil sa kwento sa likod ng ipinangangalandakan ng AFP na Red October Plot ng rebolusyonaryong kilusan laban sa rehimeng US-Duterte. Ilininaw sa pahayag na ito na walang ibang layunin ang balitang Red October Plot kundi ang likhain ang klima para sa pagpapataw ng Batas Militar sa pambansang saklaw. Alinsunod sa disenyo ng US, linalayon nitong pahupain ang paglaban ng sambayanan nang tuluy-tuloy na makapanalasa sa bansa ang mga neoliberal na patakaran ng pagsasamantala. Kasabay ng paglilinaw na ito ang hamon ng NDF-Bikol sa rehimeng US-Duterte at AFP na panagutan ang sunud-sunod nilang krimen laban sa masang Bikolnon.

Ngunit sa halip na sagutin ang usapin ng katakut-takot na pasismo at terorismo sa rehiyon at ang kainutilan ng kanilang among diktador na tugunan ang pang-ekonomyang krisis na nananalasa sa masa, nagkasya na lamang si Col. Paul Regencia sa pagpapakawala ng mga komentaryong hindi pinag-isipang mabuti. Liban sa panlilibak sa kakayahan ng NPA, nakapagpapanting ng tengang marinig ang pahayag ni Regencia na 'maganda' umano ang buhay ng masang Bikolnon at na 'hanggat binibigyan sila ng tulong ay wala silang galit'.

Mukhang hibang na si Regencia. Anong tulong ang tinutukoy niya? Ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion at ang kakambal nitong pagsirit ng presyo ng mga bilihin? Ang Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan ba na pumatay na ng ilang libong sibilyan? O ang Batas Militar sa Mindanao na hanggang ngayong ay wumawasak sa daang komunidad at kumikitil sa libu-libong buhay? Paano niya nagagawang sabihing hindi nagngangalit ang masang Bikolano sa harap ng nagdudumilat na pagtaas ng presyo ng bilihin, kuryente, tubig, pamasahe, bayarin sa eskwelahan at iba pa? Saan humugot ng lakas ng loob si Regencia na ipagyabang na maganda ang buhay ng mamamayang Bikolano gayong ikatlo sa may pinakamababang sahod ang mga manggagawang Bikolano at nananatiling walang lupa ang kalakhan ng magsasaka sa rehiyon? Matapos aminin ni Duterte ang kanyang patakarang ekstrahudisyal na pagpaslang, paano inaasahan ni Regencia na paniniwalaan ng mamamayang sila ay tumitindig para sa kapayapaan at kaligtasan ng masa?

Hindi nakapagtataka ang mga pahayag ni Regencia. Tunay namang masarap ang buhay ng mga bayarang mamamatay-tao sa ilalim ng proteksyon ng pasistang rehimen. Hindi

tulad ng masang Bikolnon na nagkakandakuba sa pagpasan ng kahirapan ng bansa, walang ibang iniisip ang upisyales ng militar kundi ang madagdagan pa ang bilang ng kanilang napapatay nang matuwa ang kanilang among terorista. Hindi tulad ng karaniwang mamamayan, hindi kinakailangan pumila ng mga upisyales ng AFP at alipures ni Duterte para sa ilang kilo ng NFA rice. Hindi nila kailangan pagkasyahin ang P290 na arawang sahod para sa buong pamilya. Ang kailangan lang nilang gawin ay pumatay at sumunod sa dikta ni Duterte.

Ano nga naman ang aasahan ng mamamayan mula sa isang gubyernong masigasig na papet ng imperyalistang US at walang pagrespeto sa talino at kakayahan ng masang suriin ang kanyang sariling kalagayan? Natural lamang na iwasan at pagtakpan ng mga tagapagsalita ng lahat ng sangay ng gubyerno at AFP ang kainutilan ng kanilang pinagsisilbihang institusyon. Sa tuwing mayroong usaping hindi nila kayang sagutin o 'di kaya ay napasisinungalingan ang kanilang mga gawa-gawang kwento, kaagad nilang ilinilihis ang usapan at ibinababa na lamang sa panlilibak o mas masahol pa sa pagsasabing biro lang ito. Ngunit ang totoo, nagtatago sa likod ng kanilang nagtatapang-tapangang imahe ang pagkakandarapa nilang apulahin ang pagkamuhi ng mamamayan sa nangyayari sa lipunan. Sa rehiyon, natatalisod ang 9th IDPA sa sarili nilang mga salita't hinabing kwento.

Sa usapin pa nga lamang ng diumano'y engkwentro sa Sorsogon, nagkakabuhul-buhol na ang dila ni Regencia. Kahit pinaghandaan na niya ang kanyang pahayag, hindi pa rin nagtutugma ang mga datos. Kung sinasabi niyang kagyat silang naglagay ng mga checkpoint sa palibot nang pinangyarihan, paano nakalusot sa kanila ang isang ambulansyang naglalaman umano ng mga sugatang NPA? Napakalaki ng posibilidad na hindi mga pulang mandirigma ang sugatang lulan ng naturang ambulansya kundi ang mga patay at sugatan mula sa kanilang hanay. Labag din sa protocol ng digma ang madalas nilang paggamit ng ambulansya at pamasadang van sa patagong pagpasok sa mga sonang gerilya.

Gayundin, ano't nananatiling naka-red alert ang kasundaluhan at kapulisan sa rehiyon at kinailangan pa ngang buuhin ang Task Force Bicolandia kung, ayon kay Regencia, wala nang kakayahan ang NPA na magsagawa ng malalakihang opensiba tungong destabilisasyon? Bakit nangangatog ang tuhod ng militar sa bawat balita ng opensiba ng NPA at nagkakasya na lamang sa pananakot at pagpatay ng mga sibilyan kung talagang wala nang lakas ang rebolusyonaryong kilusan sa Bikol? Ni hindi nakasagot nang direkta ang tagapagsalita ng 9th IDPA nang tanungin hinggil sa pagpaslang ng kanilang mga elemento sa dalawang matandang sibilyan sa Caramoan nitong nakaraan.

Pinararatangan ni Regencia ang BHB sa Kabikulan ng walang pakundangang pag-atake o indiscriminate firing. Ang totoo, ang lahat ng taktikal na opensiba ng BHB ay mayroong mga tiyak na target at may pagsasaalang-alang sa buhay at kabuhayan ng masa. Ang AFP ang may mahaba nang kasaysayan ng walang pakundangan at walang piling pagpaslang. Sa Batas Militar pa lamang sa Mindanao, puu-puong bomba ang bumabagsak mula sa himpapawid ng Marawi at walang pakundangang sumisira ng kabuhayan at kumikitil ng sinumang masaklaw ng pagsabog. Akala yata ni Regencia nalimutan na ng masang dalawang beses namatay ang higit sa 10 nilang kabaro dahil sa todo-largang pambobomba nila sa lugar. Kahit mismong mga elemento ng kasundaluhan, biktima ng kanilang sariling pang-aatake. Sa rehiyon, ang panggigipit at sapilitang pagpapalikas ng 9th IDPA sa daan-daang pamilya, ang pagpatay nila sa mga sibilyan, paglilibing nang buhay sa mga magsasaka, pagpatay sa mga bata at matatanda – ito ang tunay na walang pakundangang karahasan.

Hindi tulad ng berdugong AFP na walang pagkilala sa hirap na dinaranas ng masang Bikolnon at walang pangingiming ipagtanggol ang isang estadong pumapatay ng mga

walang kalaban-labang sibilyan, tumitindig ang buong rebolusyonaryong kilusan kasama ang sambayanan sa kanilang pagtatakwil sa pasista, mapagsamantala at makaimperyalistang rehimeng ito. Patuloy na makakaasa ang mamamayan na ang lahat ng hakbangin ng CPP-NPA-NDFP ay ayon sa kanilang interes at kahingian. Hindi magsasawa ang rebolusyonaryong kilusan na maglunsad ng mga taktikal na opensibang maniningil sa berdugong AFP at sa pasistang rehimeng pahirap sa masa. Magpapatuloy ang pagpupunyagi ng masang labanan at panagutin ang gubyerno ni Duterte na wala nang ibang ginawa kundi ang atakehin ang mamamayan at magpatupad ng mga neoliberal na patakaran ayon sa interes ng kanyang among imperyalistang US.

Hinahamon ng NDF-Bikol si Col. Paul Regencia, ang 9th IDPA at ang buong rehimeng US-Duterte na harapin ang paniningil ng sambayanan. Alam ng masang ang Red October Plot ay pakana lamang ng rehimen upang mailusot ang Batas Militar at makonsentra ang kapangyarihan sa kamay ni Duterte. Sa ganitong paraan, madali na niyang mapagbibigyan ang kanyang among US na magpatupad ng mga neoliberal na patakaran. Malinaw sa masang ang mga kontra-mamamayang patakarang ito ang dahilan kung bakit kumakalam ang kanilang mga tyan habang lalong nabubundat ang mga nasa kapangyarihan. May sapat na talas ang masa upang tuligsain ang pasismo ng rehimeng US-Duterte at ng kanyang bayarang armadong pwersa.

Nananawagan din ang NDF-Bikol sa mga kasapi ng kasundaluhan na namumulat na mula sa kabulukan ng institusyong kasalukuyan nilang kinakaaniban. Laging bukas ang rebolusyonaryong kilusan sa anumang tulong at suporta na nais ipaabot katulad ng mga bala at kagamitang militar na ipinadadala ng mga naliliwanagang myembro nila. Naghihintay ang mamamayan sa tuluyan nilang pagtalikod sa pwersa armadang ilang dekada nang instrumento ng pagsasamantala.

Sa huli, hindi magmamaliw ang paniniwala ng rebolusyonaryong kilusan sa kakayahan ng mamamayang kilalanin ang tunay nilang kasama sa laban para sa kanilang mga demokratikong interes. Ang paglakas at paglawak ng rebolusyonaryong pwersa sa Kabikulan ang hindi maitatangging patunay ng patuloy na pagtangkilik ng masa sa tunay na gubyernong nagsisilbi sa kanila – ang CPP-NPA-NDFP.

## Hinggil sa Patakarang Tahasang Pagpatay ng mga Rebolusyonaryo ni Duterte, Kriminal na Achievements ng 9th IDPA at ang Demoralisasyon sa Hanay ng Upahang Kasundaluhan ng AFP

Oktubre 10, 2018
Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Nagdedeliryo ang 9th IDPA at ang buong AFP sa pag-aakalang mahahati nila ang rebolusyunaryong kilusan sa Kabikulan sa pamamagitan ng disimpormasyon at pekeng balita. Ayon sa kanilang pahayag sa okasyon ng kanilang anibersaryo, lubhang napahina na umano nila ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan at hinihikayat nila ang pagpasok ng mga nalalabing yunit ng NPA sa mga lokalisadong usapang pangkapayapaan. Taliwas ito sa kanilang achievement report, sa kabila ng kanilang matitingkad na bigwas laban sa NPA, mataas na nakaalerto sila laban sa pagsambulat ng tinagurian nilang Red October Plot.

Kinukundena ng NDF-Bikol ang tahasang paghahabi ng kasinungalingan ng 9th IDPA at pangangalandakan ng mga kaso ng sibilyang pinaslang nila bilang bahagi ng achievement report laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi na maitutulak sa kapitulasyon at pasipikasyon ang tunay na hukbo ng mamamayan sapagkat

lumaganap na ito sa lahat ng probinsya at kalakhan ng mga bayan ng Kabikulan. Mabibigo rin ang pakana nitong panghahati sa rebolusyonaryong pwersa sa linuluto nitong lokalisadong usapang pangkapayapaan sapagkat mahigpit itong nagtitiwala sa kakayanan ng mga negosyador ng NDFP at punong konsultant nito na si Prof. Jose Ma. Sison. "Red October Plot" ang sagot ni Duterte sa pangako niyang haharapin niya muli ang peace talks matapos ng ilang buwang palugit upang mapag-aralan diumano ang mga napagkasunduang dokumento ng mga negosyador ng GRP-NDFP.

Dapat kilalanin din ng mga upisyal ng 9thID sa kanilang mga kriminal na achievement report ang lumalalim na bitak sa hanay ng kanilang pwersa. Sumasagipsip na ang demoralisasyon ng kanilang tropa bunsod ng marahas at walang katuturang gera ni Duterte laban sa mamamayan. Hindi na maatim ng mga ordinaryong sundalo ang sunud-sunod na pagpatay ng masang kauri nila, ang paninira sa mga kabuhayan at komunidad na kanila ring pinanggalingan. Ang masahol pa, hindi ligtas ang kanilang mga sundalo sa pagpasan ng krisis sa ekonomyang humahambalos sa bansa.

Sino nga naman ba ang hindi magsasawa kasasayaw sa lumang tugtugin? Sa 14 taon ng 9th IDPA sa rehiyon, ang tanging naipagyabang nila ay ang pagpatay at pandarahas sa libu-libong masang Bikolnon. Labing-apat na taong binitbit ng 9th IDPA ang mga luma at gasgas na saywar at maruming propaganda sa pag-aakalang malilinlang nila ang masa. Masakit na sa kalooban ng kasundaluhan ang mga nilubid na istoryang pilit isinusubo sa publiko ng kanilang mga pilipit ang dilang tagapamahayag sa pagtatangkang sirain ang prestihiyo ng kilusang rebolusyonaryo at ilayo ang masa sa rebolusyon.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, naitala sa Kabikulan ngayong taon ang humigit-kumulang 51 na kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang at humigit-kumulang 290 na kaso ng paglabag sa karapatang tao na nag-imbwelto ng daan-daang pamilya at ilang libong mamamayan. Kabilang dito ang mga kaso ng pambubugbog, pananakot at pambabanta, pamiminsala sa ari-arian at kabuhayan, iligal na pag-aresto't panghahalughog, sapilitang pagbakwit, pamimilit sa mga sibilyang maging giya sa mga operasyong militar at pagpaparada sa masa bilang mga fake surrenderees. Talamak at nagpapatuloy din ang militarisasyon sa kanayunan at crackdown laban sa mga progresibo't demokratikong pwersa sa kalunsuran. Narito ang ilan sa ipinagyayabang na tagumpay ng 9th IDPA na sa katunayan ay krimen nila laban sa mamamayan.

Camarines Sur

- Pagpatay ng mga elemento ng 83rd IBPA at 22nd IBPA sa mag-asawang magsasakang sina Herminio Aragdon, 69 taong gulang at si Soledad Aragdon, 60 taong gulang sa Baryo Malabog, bayan ng Caramoan.
- Pantotortyur at paglibing nang buhay sa mga magsasaka na sina Robero Naris,30 anyos, Ronel Naris, 28 anyos at Antonio Bonagua, 19 anyos ng tropa ng 9th IDPA sa Ragay.
- Pamamaril sa mag-amang sina Danilo Abunin, Sr. at Daniel Abunin, Jr. sa loob mismo ng kanilang tahanan sa Brgy. Veneracion, bayan ng Pamplona ng mga elemento ng MICO.

Masbate

- Pagmasaker kina Ariel Madrilejos, Ricky Alejo, John Paul Cristobal, Dijie at Jeo Cabarles, kalakhan ay mga kabataang estudyante, sa Brgy. Nabongsoran, Aroroy, Masbate;
- Pagpaslang kina Nonong Capellan , Johnel Dejucos , Pablo Dilao, Domingo Deila, Maria Des Dilao Deila, Dingdong Escorel at Ruel Nunez sa magkakahiwalay na insidente;

Albay

- Magkakasunod na pagpaslang sa mga magsasakang sina Ismael Morco, Roberto Moontecalvo at Samuel Blaza sa bayan ng Camalig.

Mas malawakang operasyong militar sa rehiyon ang ilinulunsad ngayon ng 9th IDPA katuwang ang PNP, CAFGU at iba pang

pwersang paramilitar sa ilalim ng Task Force Bicolandia bilang pagtugon sa patakarang pagpatay ni Duterte. Sa sunud-sunod nilang mga paglabas sa midya nitong nakaraan, hayagan nilang ipinahayag na papatayin ang lahat ng mga sumusuporta at susuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi rin nakaligtas sa panunugis at pananakot ng pasistang rehimen ang mga estudyante at ang kanilang mga eskwelahang pinapasukan. Hindi pa man hayagang nagdedeklara si Duterte ng Batas Militar, dumaranas na ang mamamayan ng walang kasingsahol na pagyurak sa kanilang mga karapatan at banta sa kanilang buhay.

Hindi na maatim maging ng kasundaluhan ng 9th IDPA ang walang katuturang gera ni Duterte laban sa mamamayan. Dama nila ang pampulitikang ligalig at krisis sa ekonomya dahil maging sila ay pinagsasamantalahan ng sabwatang imperyalistang US, lokal na naghaharing uri at gubyernong Duterte. Katawa-tawang sa takot ni Duterte sa sariling multo, pinagdududahan at kinukwestyon niya at ng mga upisyales ng AFP ang kanilang mga sundalo sa kanilang bahagi sa planong destabilisasyon. Kinailangan pang isapubliko ng 9th IDPA na nagkaroon sila ng loyalty check sa loob ng kanilang hanay. Malinaw na may panloob na kahinaan ang pwersang militar ng AFP.

Dapat mabatid ng 9th IDPA na kaiba sa ipinangangalandakan nilang nanghihina na ang rebolusyunaryong kilusan sa Kabikulan at sa buong bansa, ibayong tumitibay ang pagkakaisa nito. Bunga ito ng pag-unlad ng pampulitikang kamulatan ng masang Bikolano at ng kanilang tiwala sa PKP-BHB-NDF at buong rebolusyonaryong kilusan sa taos-pusong paglilingkod at paninindigan para sa interes ng sambayanang Pilipino. Patuloy na tinatamasa ng rebolusyonaryong kilusan at pulang hukbo nito ang malalim at malawak na suporta ng masa.

Dapat papanagutin ang 9th IDPA sa kanilang mga krimen laban sa sambayanan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolnon na ibayong patatagin ang pagkakaisa at buong tapang na labanan ang todo-gera ng rehimeng US-Duterte at pasistang militar nito, tutulan ang muling pagsuklob ng Batas Militar at singilin ang imperyalismong US at tuta nitong si Duterte sa tuluy-tuloy na pagbulusok ang krisis sa ekonomyang labis na humahagupit sa sambayanan.

Hinihikayat din ang NDF-Bikol sa lahat ng naliliwanagan at namumulat na elemento ng kasundaluhan na tuligsain at labanan ang patakarang pagpatay ng rehimeng US-Duterte. Libu-libong buhay ang kapalit ng desperasyon ni Duterte na makapanatili sa poder upang ibayong patindihin ang patakarang pang-ekonomyang nagsisilbi sa mga imperyalistang bansa sa pangunguna ng US kabilang ang mga lokal na malalaking negosyante't mamumuhunan. Sa huli, napakainam ng panahon upang manindigan at kumilos kasama ang lahat ng mamamayang lumalaban para sa tunay na pagbabago.

## Hinggil sa Pahayag ng AFP na Kasama ang ilang Pamantasan sa Pekeng Red October Plot

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDFP-Bikol
Oktubre 6, 2018

Kinukundena ng NDF-Bikol ang lantarang akusasyon ng AFP na balon ng rekrutment para sa NPA ang 18 pamantasan sa bansa. Ayon sa kanila, kasali sa pinaplanong Red October Ouster plot ang malaking bahagi ng akademya. Kaisa ng mga estudyante at mga nasa akademya ang NDF-Bikol sa pagkundena sa AFP sa kanilang mga padaskul-daskol na pahayag at walang obhetibong batayang mga akusasyon. Kahiya-hiya ang isang gubyernong sa sobrang takot na mapatalsik sa pwesto, inaatake na pati ang akademya. Mapanganib ang ganitong tipo ng panghaharas at pambabanta laban sa mga sibilyan laluna sa harap ng walang pangingiming pag-amin ni Duterte sa kanyang patakaran ng ekstrahudisyal na pagpaslang. Wala pa man ang upisyal na deklarasyon ng Batas Militar, todong paninindak at pandarahas na ang nararanasan ng mamamayan sa kamay ng berdugong AFP-PNP-CAFGU.

Nais sikilin ng rehimeng US-Duterte at kasundaluhan ang kritikal na panunuri ng akademya. Alam nilang malaki ang impluwensya ng akademya sa upinyon ng publiko. Banta sa kanilang tiranikong paghahari ang syentipiko at obhetibong pagtuligsa ng mga estudyante at propesor sa papalalang krisis sa ekonomya. Parami nang parami ang mga pamantasang kumukundena at naniningil sa walang habas na karahasan ng estado at ang kakambal nitong pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran. Mulat si Duterte na kung hindi nila mapatatahimik at makukontrol ang upinyon ng madla, matutulad siya sa mga rehimeng Estrada at Marcos na pinatalsik ng sama-samang pagkilos ng masa. Tiyak na tutunguhin ng rehimeng US-Duterte ang pagbagsak bunsod ng dumadagundong na kilusan ng kabataan-estudyante kaisa ng iba pang mga sektor ng lipunan.

Gayundin, nais ng AFP na magpalapad ng papel at bigyang-matwid ang pagpasok nito sa mga eskwelahan upang magtayo ng mga lambat-paniktik at paigtingin ang kontra-mamamayang gera. Sa Kabikulan, aktibong rinerekluta ng AFP ang mga estudyante sa mga Student Intelligence Network (SIN). Ikinakampanya rin ng kasundaluhan ang pagbabalik ng mapanupil na Reserve Officers Training Course (ROTC) na umani nang malawakang pagtuligsa mula sa masa dahil sa pananakit at pagpapahirap nila sa kanilang mga kadete. Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, nakapagtala ng sunud-sunod na kaso ng panhaharas sa mga lider-estudyante at mga kasapi ng konseho ng mag-aaral at pahayagan ng Bicol University at Ateneo de Naga University at mga estudyanteng kasapi ng College Editors' Guild of the Philippines (CEGP)-Bicol. Matapos ang ginawang pambagbansag ng AFP, aasahan ng mga paaralan ang ibayo pang paglapastangan sa 'academic freedom', mga karapatan at kapakanan ng estudyante at kanilang mga karapatang-pantao.

Hindi nakapagtatakang idinawit ng AFP ang naturang mga pamantasan sa pekeng Red October Plot. Nagmamadali ang rehimeng US-Duterte na mabuo ang klima para sa pagpapataw ng pambansang Batas Militar. Sanay na sanay na ang berdugong AFP sa paglikha ng mga kasinungalingan upang linlangin ang mamamayan na malaon nang pumapasan ng krisis sa ekonomyang bunsod ng kainutilan at pagkapapet ng gubyerno.

Ang mga kabataang estudyanteng yumakap sa landas ng rebolusyon ay hindi nilinlang ng rebolusyonaryong kilusan. Nararanasan nila sa araw-araw ang bayo ng krisis sa kabuhayan at matinding atake sa kanilang mga karapatan.

Nananatiling pribilehiyo ang edukasyon sa bansa. Sa pagpapatupad ng K-12 sa bansa, lalo lamang naging malayo mula sa karaniwang anakpawis ang pormal na edukasyon. Sa Bikol, mas marami ang mga pribadong eskwelahan kaysa sa mga pampublikong pamantasan. Ang mas masahol pa, maging sa mga pampublikong pamantasan, nananatiling mahal ang mga bayarin tulad ng matrikula at palagiang kapos ang pondong ilinalaan ng gubyerno. Sa panukalang Pambansang Badyet ngayong taon, isa ang Department of Education (DepEd) sa kakaltasan ng subsidyo.

Matalas na nasusuri at naiuugnay ng mga estudyante ang kanilang kalagayan sa pinagsasamantalahan at inaaping sambayanan. Alam nilang hindi hiwalay ang kanilang kinabukasan sa katayuan ng sistemang panglipunan at araw-araw na kaganapan dito. Natutunan nilang gawing mabisa ang lakas ng kabataan at estudyante sa pagkawing sa mga pakikibaka ng uring anakpawis upang lumikha ng papalaki at papalawak na kilusang protesta laban sa nabubulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Pinipili ng mga kabataan, estudyante at mga guro ang landas ng rebolusyon dahil sila ay mga anak ng bayan na namulat sa tunay na sanhi ng kasalatan, pagkaatrasado at pagkaalipin ng sambayanang Pilipino. Ang landas na ito ang naghahangad ng tunay na demokratikong pagbabago at pambansang kalayaan. Yinayakap nila ang armadong pakikibaka katuwang ang parlyamentaryong pakikibaka upang ibagsak ang reaksyunaryong estadong naghahasik ng pasismo at terorismo at palitan ito ng isang tunay na demokratikong gobyernong bayan. Lalo lamang lalakas ang kanilang panawagan upang makamit ang malaon nang minimithi ng sambayanan na lumaya mula sa tanikala ng kahirapan at makamit ang tunay na pagbabagong panlipunan.

Pinagpupugayan ng NDF-Bikol ang lahat ng kabataan at estudyante na aktibong lumililok para sa ganap na malayang bukas. Nananawagan ang buong rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan sa mga kabataan, estudyante at guro at mamamayan na higit magkaisa at mapangahas na ipagpatuloy ang makatwirang at makatarungang paglaban sa pagsasamantala at pasismo ng estado. Isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay!

## Hinggil sa 10.1% Inflation Rate

Oktubre 10, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kinukundena ng NDF-Bikol ang pagpatuloy ng rehimeng US-Duterte ng mga patakarang pang-ekonomyang neoliberal na nagdudulot ng sa harap ng papalubhang krisis sa ekonomya ng bansa. Idinulot ng patuloy na pagpapatupad ng rehimen ng mga patakarang neoliberal sa ekonomya ang walang kaparis na paghihirap ng sambayanan. Tuluy-tuloy ang pagsirit ng presyo ng mga bilihin habang nananatiling mababa ang sahod ng karaniwang mamamayan. Sa lahat ng rehiyon sa kasalukuyan, Kabikulan ang nakararanas ng pinakamataas na implasyon o bilis ng pagtaas ng presyo ng bilihin na pumalo na sa 10.1%. Samantala, mula 6.4% noong nakaraang buwan, umabot na rin sa 6.7% ang tantos ng implasyon sa buong bansa - pinakamataas sa halos isang dekada.

Ibinunga ng ilang dekadang pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ang labis na pagkalumpo ng ekonomya. Higit na nararamdaman ngayon ng masa ang epekto ng kawalan ng kapasidad ng bansa sa lokal na produksyon, pagsalig sa pag-aangkat ng mga produkto at kawalan ng suporta ng estado sa lokal na produksyon. Iilang malalaking kapitalista

at kartel lamang ang may kontrol sa kalakhan ng produksyon, distribusyon at ng mga produkto at pagpresyo sa merkado. Lalo  Labis pa itong pinapalala ng Tax Reform Acceleration and Inclusion Program (TRAIN) na nagpapataw ng buwis sa mga produktong petrolyo at gatong na uling at magkaroon ng epektong pagtaas sa mga pangunahing bilihin ng masa. Gayundin, may dagdag pang epekto ang walang humpay na pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado na sa kasalukuyan ay pinapatawan din ng excise tax at dagdag pang VAT sa ilalim ng TRAIN. Ibinubunga ng pagtaas ng buwis sa langis at gatong na uling ang sala-salabat na epekto sa mga presyo ng bilihin dahil sa estratehikong halaga nito sa produksyon at distribusyon.

Halimbawa sa Kabikulan, bagamat may labis na produksyon ng bigas, nagkukulang ang suplay dahil kinukontrol ng mga kapitalista ang distribusyon nito upang magkamal ng higit pang tubo sa  maipagtulak ang ibayo pang pagtataas ng presyo. Samantala, kulang kabilang ang suplay ng NFA rice na nanggagaling sa gubyerno ang minamanipula ng malalaking mamimili at kartel sa bigas na siyang  dahilan ng artipisyal na kakulangan.  pinipilahan at abot-kaya ng karaniwang mamimili. Kasabay na nagmahal ang iba pang mga pangunahing konsumo, tulad ng gulay at karne, dahil sa epekto ng TRAIN.

Kasinungalingan ang ipinangangalandakan ng rehimeng US-Duterte na liberalisasyon at deregulasyon ang solusyon sa kakulangan ng suplay ng mga produkto sa bansa at sa pagtaas ng presyo ng bilihing bunsod ng kakulangang ito. Ibayong wawasakin ng ibayong pagluluwag sa importasyon at pagbibigay-laya sa mga kapitalistang mag-angkat ng produkto ang dati nang mabuway na ekonomya ng bansa. Sa kasalukuyan, pilit itinutulak ng rehimeng US-Duterte ang higit na liberalisasyon sa kalakalan at pamumuhunan partikular ang ibayong pagluluwag sa importasyon ng bigas at ibang produktong agrikultural. Iginigiit ng mga upisyal ng gubyerno ang pagtatanggal ng quantitative restriction o ang paglilimita sa maksimum na bolyum ng bigas na maaaring i-angkat sa ng bansa upang bigyang daan ang direkta at dereguladong pag-aangkat ng malalaking kapitalista ng bigas. Ibubunga nito ang ibayong pagkalugmok ng kabuhayan ng milyun-milyong maliliit na magsasakang tatamaan ng pagbaha ng mga inangkat na produktong agrikultura kabilang ang bigas. Ganoon din, malulugi ang sa pagkalugi ng maliliit na lokal na prodyuser at higit malulumpo ang lokal na industryalisasyon. bunsod ng pagbaha ng i-aangkat na mga produkto.

Naninindigan ang NDF-Bikol na ang solusyon sa papalubhang krisis sa ekonomya ng bansa ay ang pagtatakwil ng mga neoliberal na patakaran at ang pagpapatupad ng mga sosyoeonomikong repormang tunay na maglilingkod sa pambansang industriyalisasyon at pagpapaunlad ng agrikultura ng Pilipinas. Sa kagyat, dapat magkaisa ang mamamayan sa pagsusulong ng pagbabasura sa TRAIN at sa buong Comprehensive Tax Reform Package (CTRP). Dapat tumindig ang mamamayan upang pigilan ang pagpapatupad sa iba pang mga batas at patakarang nagpapasahol ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon na nais itulak ng gubyernong Duterte. Dapat magkapirmahan sa dokumentong CASER na ihinanda ng negosyador ng GRP-NDFP sa usapang pangkapayapaan at matapat na ipatupad ang nilalaman nito.

## Hinggil sa Matagumpay na Ambush sa Dumagmang

Oktubre 16, 2018
Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, RJC BHB-Bikol

Binabati ng Romulo Jallores Command (RJC)-NPA Bikol ang Armando Catapia Command-NPA Camarines Norte sa matagumpay na taktikal na opensibang ilinunsad nito laban sa mga elemento ng 96th IBPA nitong Oktubre 14 sa Brgy. Dumagmang, Labo, Camarines Norte. Sa inisyal na ulat ng mga kasama, nakasamsam ang pulang hukbo ng dalawang mataas na kalibreng baril (M4 Carbine) at mga bala.

Ligtas na nakamaniobra mula sa pinangyarihan ang mga kasama samantala walo ang patay sa hanay ng kaaway at marami pa ang sugatan.  Taliwas ito sa pahayag ni Col. Regencia na dalawang sundalo ang namatay, dalawa ang nagtamo ng mga gasgas sa binti at ulo habang may lima pang elementong nawala ngunit nakabalik na umano sa kanilang himpilan. Anumang kasinungalingan ang ipamarali ng kanilang mga tagapagsalita, hindi maitatanggi ng 9th IDPA ang pinsalang tinamo ng kanilang yunit sa opensiba ng mga kasama. Ang mga taumbaryo mismo ang ginamit ng kasundaluhan upang hakutin ang mga labi ng mga sundalo.

Likas na karapatan ng mamamayan ang mag-aklas para sa kanilang interes at magsagawa ng mga hakbang upang labanan ang anumang pwersang humahadlang dito kapag malinaw na hindi ipinahihintulot ng estado sa mga kaparaanan ng batas nito ang mga tunay na pagbabago. May kalayaan ang masang magtanggol sa sarili laban sa nananalakay sa kanila. Ang mga taktikal na opensiba ng NPA, sa kurso ng paglulunsad ng digmang bayan, ay ang makatwirang paglaban ng mamamayan sa mga pwersang nagsasamantala at nang-aapi sa kanila.

Ilinantad na ng 96th IBPA ang sarili bilang kaaway ng mamamayan sa loob ng maikling panahong pagpakat sa Camarines Norte at ilang bahagi ng Camarines Sur at kanugnog na probinsya ng Quezon.  Patung-patong ang kanilang krimen at sunud-sunod ang kanilang mga paglabag sa karapatang tao at mga internasyunal na batas ng digma. Nitong Mayo lamang, napabalita ang kaso ng tatlong magsasakang tinortyur at pinaslang ng mga mersenaryong sundalo. Ilinibing nang buhay ang isa sa kanila. Ang mga biktima na sina Robero Ramos, Ronel Naris at Antonio Bonagua ay pawang mga sibilyan at residente ng Brgy. Patalunan, Ragay, Camarines Sur. Pinatotohanan ng mga fact finding mission na isinagawa ng mga samahang human rights, taong-simbahan at iba pang tagapagtanggol ng karapatang tao na mga sundalo ang pumatay sa tatlo. Ngunit sa halip na panagutan ang brutal na masaker at iba pa nilang mga krimen, pilit itinatatwa at inaalintana ng kasundaluhan ang mga kasong ito.

Sa pahayag ni Col. Regencia sa midya, sinabi niyang ‘nakatsamba’ na muli ang pulang hukbo sa kanilang tagumpay.  Hindi iyon tsamba. Ang totoo, ito ay pinaghandaang ambus at nakasalalay ang malaking bahagi ng tagumpay ng naturang aksyong militar sa panahon, manera at lugar na umiiral ang kahinaan ng militar sa kabila ng kanilang pagsasanay, bagong armas at mga upisyal mula PMA.  Makaaasa ang 9thID at si Col. Regencia ng susunod at paparami pang ‘tsamba’ mula sa ayon sa kanya ay kumukunti nang bilang ng NPA Bikol. Paulit-ulit ang paggamit nila ng psywar na mga sumukong naglie-low, lumabag sa disiplinang nag-awol, retiradong hukbo at kahit na sibilyang naninirahan sa mga sonang gerilya na pawang pwersahang ginipit at pinaboran ng limos na ECLIP upang palabasing humihina na ang lakas ng hukbong bayan.

Walang bisa ang dagdag pang mga kasinungalingan at pang-eengganyo ni Regencia. Mag-alok man sila ng perang

pabuya o pabahay at lokal na peace talks ay hindi kailanman maitutulak sa pagsuko at pasipikasyon ang NPA dahil malinaw sa bawat isang pulang mandirigma ang dahilan kung bakit sila nag-armas at patuloy na lumalaban. Habang nagpapatuloy ang AFP-PNP-CAFGU at ang rehimeng US-Duterte sa pagwasak sa kabuhayan at pagkitil sa buhay ng mga sibilyan at masang anakpawis, lalo lamang titibay ang kapasyahan ng mamamayan at mga kasamang isulong ang makatwirang digmang bayang magtataguyod ng kanilang mga karapatan at maghahatid ng tunay na katarungan. Hindi matatabunan ng mga hungkag na pangako ng kapayapaan at katahimikan ang pagtatakwil ng masa sa kasalukuyang lipunang gumugutom, nagpapahirap at pumapatay sa kanila.

Naglahong parang bula ang kailan lang ay hambog na mga pahayag ni Regencia na wala nang sapat na lakas ang pulang hukbo. Itinutulak ng pagsidhi ng pang-ekonomyang krisis na binabalikat at pasismong dinaranas ng mamamayan ang higit na paglalim at paglawak ng lakas ng armadong pwersa ng rebolusyonaryong kilusan. Patuloy na kakanlungin ng mga kagubatan at kabayanan ng Kabikulan at buong bansa ang sambayanang hindi na muling paaalipin. Libu-libong pulang mandirigma ang huhugos sa kanayunan at patuloy na sasamahan ng masang kanilang pinaglilingkuran.

Nananawagan ang RJC-Bikol sa mamamayan na ibayong pagtibayin ang hanay. Sa papabilis na pagbulusok ng rehimeng US-Duterte, tiyak na higit na matinding panunupil at mapagsamantalang mga patakaran ang iwawasiwas laban sa masa. Tanging ang pagkakaisa ng pinakamalawak na bilang ng mamamayan ang muog na hindi kailanman magigiba. Gayundin, nananawagan ang RJC-Bikol sa mga alagad ng midya na pumanig sa taumbayan. Manindigan sa sinumpaang tungkuling ihatid ang katotohanan nang walang kinikilingan. Ihayag sa madla ang mga kaso ng paglabag sa karapatang tao ng mga yunit ng AFP-PNP-CAFGU at sumabay sa mga fact finding mission upang makuha ang tunay na pangyayari. Huwag hayaang magsilbi ang mga daluyan ng midya bilang entablado ng kasinungalingan at disimpormasyon ng rehimeng US-Duterte at mersenaryong hukbo nitong AFP-PNP.

Sa huli, hindi mapipigil ng anumang reaksyunaryong pwersa ang pagdaluyong ng makatwirang digma ng mamamayan. Magtatagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan dahil itinataguyod nito ang interes ng masa at mahal ng masa ang mga rebolusyonaryong tunay na naglilingkod sa kanila.

## Hinggil sa Matagumpay na Ambush sa Lupi

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
October 19, 2018

Matagumpay na nailunsad ng yunit ng Eduardo Olbarra Command-NPA Camarines Sur ang isang taktikal na opensiba laban sa mga elemento ng PNP Lupi at Provincial Police Mobile Company (PPMC) kahapon sa Brgy. Napolidan, Lupi, Camarines Sur. Tatlo ang nasawi habang tatlong pulis pa ang sugatan sa naturang insidente. Ang naganap na opensiba ay ambag ng EOC-NPA Camarines Sur sa mga aksyong militar na ilinulunsad ng iba pang mga yunit ng NPA sa bansa. Ito ang tugon ng CPP-NPA-NDFP sa tuluyang pagtalikod ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan at sa pagwawasiwas nito ng todo-gerang kumitil na sa buhay ng ilang libong sibilyan sa buong kapuluan.

Matapos humingi ng ilang panahon upang pag-isipan umano ang nilalaman ng borador ng Comprehensive Agreement on Socio-

Economic Reforms (CASER) na ihinanda ng GRP at NDFP panel, walang naging hakbang si Duterte kundi ang patraydor na pagpapatuloy at lubhang pagpapasahol ng pang-aatake laban sa masa at rebolusyonaryong kilusan. Sa halip na pagtuunan na ng pansin ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan, nagpakalat ang kampo nina Duterte ng disimpormasyon at naghasik ng matinding terorismo upang sindakin ang pagpaglaban ng mamamayang sinasalanta ng matinding kahirapan.  Sadyang pinaputok sa balita ang hinggil sa pekeng Red October Ouster Plot na linuto ng rehimen upang ikundisyon ang isip ng mamamayan at bigyang matwid ang pinaplanong pagpapataw ng Batas Militar sa buong bansa.

Tama ang pahayag ng 9th IDPA na magkaugnay ang taktikal na opensiba sa Labo, Camarines Norte na hindi bababa sa sampu ang napatay at marami pang nasugatan na elemento ng 96th IB at ang ambush sa Camarines Sur. Bahagi ito ng koordinadong opensibang ilinulunsad ng pulang hukbo upang kundenahin ang walang patumanggang militarisasyon at pandarahas na nagaganap laluna sa mga Peace and Development Teams (PDT) areas sa Camarines Norte at unang distrito ng Camarines Sur. Ang naturang opensiba ay hakbang din laban sa Task Force Bikolandia na itinayo ng Southern Luzon Command (SOLCOM) na binubuo ng mga yunit ng AFP, PNP, Philippine Navy at iba pang kahalintulad na institusyon. Ito ay hakbang pamamarusa sa hanay ng kasundaluhan at kapulisang pangunahing tagapagtaguyod ng todo-gera ng rehimeng US-Duterte sa rehiyon. Mas malawakang operasyong militar sa rehiyon ang ilinulunsad ngayon ng Task Force Bicolandia bilang pagtugon sa patakarang pagpatay ni Duterte. Sa sunud-sunod na paglabas sa midya ng mga tagapagsalita ng AFP nitong nakaraan, hayagan nilang ipinahayag na papatayin ang lahat ng mga sumusuporta at susuporta sa rebolusyonaryong kilusan. Hindi rin nakaligtas sa panunugis at pananakot ng pasistang rehimen maging ang mga estudyante at ang kanilang mga eskwelahang pinapasukan. Hindi pa man direktang nagdedeklara si Duterte ng Batas Militar, ramdam na ng mamamayan ang walang kasingsahol na pagyurak sa kanilang mga karapatan at banta sa kanilang buhay.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, naitala sa Kabikulan ngayong taon ang humigit-kumulang 52 na kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang at ilang libong kaso ng paglabag sa karapatang tao. Kabilang dito ang mga kaso ng pambubugbog, pananakot at pambabanta, pamiminsala sa ari-arian at kabuhayan, iligal na pag-aresto't panghahalughog, sapilitang pagbakwit, pamimilit sa mga sibilyang maging giya sa mga operasyong militar at pagpaparada sa masa bilang mga fake surrenderees. Talamak at nagpapatuloy din ang militarisasyon sa kanayunan at crackdown laban sa mga progresibo't demokratikong pwersa sa kanayunan.

Taliwas sa nais palabasin ng kasundaluhan at kapulisan, masinsing pinipili ng pulang hukbo ang target nito. Lehitimo ang lahat ng tinatarget sa mga opensiba at hakbang pamamarusa. Partikular sa insidente, ang mga armadong elemento ng PPMC ang tinarget ng pagpapasabog ng command detonated explosives (CDX). Dahil kontrolado ang pagsabog at tukoy ang target, hindi isinabay sa mga tinarget ang sasakyang lulan si FDA Dir. Gen. Nela Charade Puno.

Nagpapasalamat ang Romulo Jallores Command-NPA Bikol sa hanay ng kapulisan kung saan nanggaling ang taktikal na impormasyong naging susi sa tagumpay ng mga naturang "tsambang" opensiba.  Wasto si Gen. Albayalde sa pagsasabing naging kahinaan sa intelligence sa pagpaescort sa kanyang "VIP". Gayundin, nananawagan ang RJC-NPA Bikol sa mga namumulat nang pulis na umalis na mula sa kanilang mga trabaho at pumanig sa mamamayan. Hanggat nasa serbisyo, patuloy silang magiging kasangkapan ng madugo at brutal na gera ng rehimeng US-Duterte laban sa mga kapwa nila magsasaka at masang anakpawis. Nananawagan ang RJC-Bikol sa mga kapamilya ng mga kasapi ng CAFGU, PNP at ilang

sundalo na hikayatin ang kanilang mga kamag-anak na huminto na sa pagiging bayarang mamamatay-tao ng lasing sa karahasang rehimeng US-Duterte.

Sa huli, anumang oras ay handang ipagtanggol ng pulang hukbo ang masang kanilang pinagsisilbihan. Patuloy na aani ng matataginting na tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan laban sa mapang-api at mapagsamantalang lipunang pinaghaharian ng iilang mga pasista at naghaharing-uri.

Narito ang ilan sa mga pinakabagong kaso ng AFP-PNP-CAFGU sa Kabikulan:

Camarines Sur

- Pagpatay ng mga elemento ng 83rd IBPA at 22nd IBPA sa mag-asawang magsasakang sina Herminio Aragdon, 69 taong gulang at si Soledad Aragdon, 60 taong gulang sa Baryo Malabog, bayan ng Caramoan.
- Panonortyur at paglibing nang buhay sa mga magsasakang sina Robero Naris,30 anyos, Ronel Naris, 28 anyos at Antonio Bonagua, 19 anyos ng tropa ng 9th IDPA sa Ragay.
- Pamamaril sa mag-amang sina Danilo Abunin, Sr. at Daniel Abunin, Jr. sa loob mismo ng kanilang tahanan sa Brgy. Veneracion, bayan ng Pamplona ng mga elemento ng MICO.

Masbate

- Pagmasaker kina Ariel Madrilejos, Ricky Alejo, John Paul Cristobal, Dijie at Jeo Cabarles, kalakha'y mga kabataang estudyante, sa Brgy. Nabongsoran, Aroroy, Masbate;
- Pagpaslang kina Nonong Capellan, Johnel Dejucos, Pablo Dilao, Dominggito Deila, Maria Des Dilao Deinla, Dingdong Escorel at Ruel Nunez sa magkakahiwalay na insidente;

Albay

- Magkakasunod na pagpaslang sa mga magsasakang sina Ismael Morco, Roberto Montecalbo at Samuel Blaza sa bayan ng Camalig.

Sorsogon

- Pagpatay sa kagawad ng Brgy. Lajong, Juban, Sorsogon na si Kgd. Emilio Guab.

Camarines Norte

- Pagpatay sa sibilyang si Allan Casulla, 51 taong gulang, matapos itong paghinalaang myembro ng NPA.

## Hinggil sa Patuloy na Pakikibaka ng Mamamayang Pilipino Laban sa Kagutuman, Kahirapan at Pasismo

PAHAYAG SA MIDYA
PKM-Bikol
Oktubre 19, 2018

Sa paggunita ng World Foodless Day, mariing kinukundena ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid – Bikol (PKM-Bikol) ang araw-araw na krisis sa kagutuman at kahirapang dinaranas ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Mahigpit na nakikiisa ang rebolusyonaryong kilusan sa pakikibaka ng mamamayang Pilipino para sa soberanya sa pagkain at tunay na reporma sa lupa. Sa umiigting na hambalos ng mga neoliberal at pasistang patakarang ipinapataw ng rehimeng US-Duterte, walang ibang masasandigan ang masa kung hindi ang kanilang pagkakaisa.

Pinakamatingkad na pagpapatunay sa atrasadong ekonomya ang krisis sa pagkain. Sa Kabikulan, 74% ng lupain ay mainam para sa pagtatanim at pagsasaka – pang-anim na pinakamalawak sa buong bansa. Sa kabila nito, nararanasan pa rin ng rehiyon ang pinakamataas na tantos ng pagtaas ng gastusin o inflation rate sa bansa.

Kinakaharap ng mamamayang gutom ang walang lubay na pagpapataw ng mga maka-imperyalistang patakaran sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Nitong nakaraan, ipinahayag ng reaksyunaryong gubyernong mayroong kakulangan sa suplay ng bigas kahit ilang libong sako ang natagpuang binubukbok sa pier ng Albay upang maitulak ang ibayo pang liberalisasyon at deregulasyon sa bigas.

Sa halip na paunlarin ang lokal na agrikultura upang tugunan ang pambansang suplay ng pagkain, walang limitasyong pag-aangkat ng produkto ang pangunahing sagot ng rehimen sa kakulangan ng suplay ng pagkain. Sa halip na magbigay ng suporta sa lokal na produksyon at ayuda para hanay ng magsasaka, iginigiit ng reaksyunaryong gubyerno ang pagbili ng genetically modified organisms (GMOs) at mga binhi ng high-yielding varieties (HYVs) na ibinebenta ng mga dambulang kumpanyang multinasyunal.

Malalawak na mga lupain ang isinailalim sa land conversion upang pagtayuan ng mga imprastruktura at ecozones. Sa rehiyon, pinaplano ang muling pagtatayo ng linya ng Philippine National Railways (PNR) mula Maynila hanggang Matnog, Sorsogon. Ilang daang libong masang Bikolnon ang nakatakdang palayasin at ilang libong ektarya ng sakahan at taniman ang sasagasaan.

Hanggang sa kasalukuyan, walang napakinabangan ang masang magsasaka sa coco levy funds na galing sa kanilang mga kontribusyon. Ngayong taon, napirmahan na sa senado ang panukalang Coco Levy Privatization. Kapag naipatupad, isasapribado ng gubyerno ang coco levy funds at ang mga ari-arian mula sa pondong ito. Sa halip na ibalik sa mga magniniyog, muling nanakawin ang pondo ng maliliit na magniniyog at ipinapaubaya para pagkakitaan ng mga kapitalista. Umaabot sa P73 bilyon ang pondo ng mga magniniyog mula sa coco levy. Maliban dito, may mahigit P10 bilyong interes din mula sa mga sapi, at iba pang ari-arian mula sa naturang pondo.

Walang maaasahang tunay na reporma sa lupa mula sa pasistang rehimeng sumasandig sa mga panginoong maylupa, burukrata kapitalista at sa amo nitong imperyalistang US. Nananatiling atrasado at nakakonsentra sa iilan ang pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Ibayong nababaon sa utang ang pinakamahirap na sektor sa lipunan dahil sa mas mataas na presyo ng mga gamit sa produksyon sa bisa ng huwad at anti-mamamayang batas sa pagbubuwis na Tax Reform Acceleration and Inclusion (TRAIN).

Ang mas masahol pa, iwinawasiwas ng rehimeng US-Duterte ang terorismo at pasismo upang pigilan ang paglaban ng masang anakpawis sa kanyang mga neoliberal na patakaran. Sa Bikol, umabot na sa 20 ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa loob lamang ng sampung buwan – kalakhan ay mula sa hanay ng mga magsasaka. Walang patumangga ang militarisasyon sa kanayunan upang mapalayas ang mga magsasaka sa mga lupang sinasaka at bigyang-daan ang pagpasok ng mga negosyo at imprastruktura ng mga dambuhalang dayuhang namumuhunan.

Ngunit higit na matibay ang pagkakabigkis ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Matagal nang nakatanim ang binhi ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan. Sa rehiyon, ilang daang matatagumpay na kampanya sa rebolusyong agraryo na ang nakamit ng sama-samang pagkilos ng masang namulat sa kanilang kalagayan at nangahas bumalikwas. Pinapatunayan nitong makakamtan ang seguridad sa pagkain sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa. Inaasahang patuloy pang yayabong ang mga bungang ito. Dadaluyong ang mamamayan upang singilin at pananagutin ang rehimeng US-Duterte. Patuloy na titindig at lalaban ang masang anakpawis, kasama ang buong sambayanan, para sa kanilang mga demokratikong interes hanggang sa tuluyang mawasak ang mga tanikala ng pang-aapi at pagsasamantala.

Labanan ang neoliberal na atake ng rehimeng US-Duterte!

Isulong ang Tunay na Reporma sa Lupa!

## Bukas na Liham Para Kay Pang. Duterte

Noong tumatakbo ka pa sa pagkapangulo, ipinuhunan mo ang umano'y 'pakikipagkaibigan' mo sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa upang makabig ang boto ng mamamayan. Ipinagyabang mong ikaw ay 'sosyalista', 'maka-masa' at kakaiba sa iba pang mga burukrata kapitalista. Ngayong nalalapit na ang eleksyon at magririgodon na naman ang mga burukrata sa pwesto, ginagamit mo na naman ang iyong lumang taktikang magpahayag na ikaw ay 'kaibigan' ng rebolusyon nang sa gayon ay makakuha ng boto para sa iyong mga alipures.

Sa loob lamang ng mahigit dalawang taon ay mabilis kang nahiwalay sa masa at nagkukumahog apulain ang paglala ng krisis sa pulitika. Ang nawala sa poder na paksyon ng naghaharing-uri ay kumikilos at naghahandang makabawi sa susunod na halalan. Matapos ang tahasang paninindigan mo sa militarismo at pangangayupapa sa imperyalismo, kinikonsolida mo ngayon ang lakas ng iyong paksyong tagapagtaguyod ng pasismo at neoliberalismo.

Ngunit sinumang pumanig sa imperyalismo, sa mga panginoong may-lupa at sa malalaking burgesya komprador ay kaaway ng mamamayan. Walang pag-aalinlangan mong ipinatupad ang mga neoliberal na patakarang ibayong nagpasidhi sa kahirapan at kasalatang aming dinaranas. Wala pa ring sariling lupa ang mga magsasaka. Nakapako ang sahod ng mga manggagawa at lumaganap ang kontraktwalisasyon. Tumaas ang presyo ng langis at iba pang bilihin. Hindi maapula ang krisis sa bigas. Mabilis na dumadausdos ang ekonomya at ibayong bumabagsak ang kabuhayan ng masa.

Sa ngayon pa lamang, nahigitan mo na ng ilang ulit ang bilang ng mga ekstrahudisyal na pagpaslang at paglapastangan sa karapatang tao sa unang dalawang taon ng Batas Militar noon ng idolo mong dikatador na si Marcos. Sunud-sunod ang hindi makatwirang paghuli sa mga sibilyan at konsultant ng NDFP. Ipinag-utos mo ang paghinto ng usapang pangkapayapaan sa bisa ng Proclamation 360 at nagtakda ka ng mga hindi makatwirang pre-kundisyon upang magpatuloy ito. Iginigiit mo ang pagtigil ng pag-atake ng NPA at paghinto ng rebolusyonaryong buwis – mga pre-kundisyong kapwa labag sa The Hague Joint Declaration. Walang patumangga ang paglabag ng iyong gubyerno sa sarili ninyong mga batas.

Basa na ang iyong papel sa masa. Balintuna ka na sa pagiging progresibo at anti-dayuhan. Sinisingil ka na ng lumalawak na hanay ng mamamayan sa iyong mga pangakong napako at sa pang-aatake sa kanila. Ipinapanawagan nila ang pagwawakas sa kultura ng karahasan at pasismong ikinakampanya mo at ng iyong mga militaristang alipures. Ikinakampanya nila ang pagtanggal ng Batas Militar sa Mindanao, pagtigil ng Oplan Kapayapaan at ang iba pang mapanalasang pang-aatake sa mamamayan na nakaayon sa kontra-insurhensyang disenyo ng imperyalistang US. Nagpoprotesta sila laban sa pagpapatupad ng mga neoliberal at maka-imperyalistang batas na nagpapahirap sa masa tulad ng Tax Reform Acceleration and Inclusion Program (TRAIN). Sinisingil ka nila sa kawalan mo ng mga hakbang upang tunay na solusyunan ang matinding kahirapang nararanasan ng bansa.

Hinahamon ka nilang tapat na humarap sa usapang pangkapayapaan nang walang iginigiit na mga balakid sa balangkas ng pagpapasuko at pasipikasyon ng Bagong Hukbong Bayan. Naghihintay ang sambayanan sa katugunan sa ipinagpaliban mong pagharap sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Matapos ang pag-aaral mo sa mga dokumentong pinagkaisahan ng GRP-NDFP Panel ay malaganap na disimpormasyon at paninindak ang iyong kasagutan. Binabaha ang madla ng pambabanta ('I will kill you'), macho-pasistang pahayag ('Shoot them in the vagina') at kung anu-ano pang pakulong "localized peace talks", "fake surrenderees" at "Red October Plot".

Mataas ang pagpapahalaga namin sa usapang pangkapayaan bilang isang landas ng paglutas ng sigalot sa pagitan ng rebolusyonaryong pwersa at naghaharing estado. Kami ay para sa kapayapaan. Ang paghahangad ng kapayapaan sa ating lipunan ay dapat manindigan sa ganap na kalayaan sa dayuhang kontrol at pananakop, ng kalayaan sa pyudal at malapyudal pagkaalipin ng masang magsasaka at sa kalayaan ng iba pang demokratikong uri at sektor upang makamit ang tunay na hustisyang panlipunan. Makatitiyak tayong sa kagapanapan ng mga kalayaang ito makakamit ang tunay, makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Habang naninindigan ka para sa bulok na estadong malakolonyal at malapyudal, sa mga hambog na pahayag na 'Eh ako na ang presidente ngayon', sa pangangayupapa sa imperyalistang US at paggamit ng iyong mersenaryong sandatahang lakas sapandarahas at pagsasamantala sa mamamayan, ang tanging daang tatahakin ng sambayanang Pilipino ay ang manatiling matatag sa pagbabalikwas at pagsusulong ng digmang bayan.

Bilang isang abogadong nagmula sa angkan ng pulitiko at matagal nanungkulan bilang mayor ng Davao City, mataas ang kamulatan mo sa paggamit ng poder ng estado na sa esensya ay paghahari ng dahas. Ito ang sandigang dahas ng mga naghahari sa lipunan kaya wala itong pakundangang kalupitan sa hanay ng mamamayan at iba pang pwersang tumutunggali sa katulad mong nasa poder. Itinaas mo pa ang antas ng karahasang ito sa pagtaguyod ng maramihang pamamaslang sa pamamagitan ng 'ejk', 'nanlaban' at 'kill, kill, kill' at 'walang makakasuhang sundalo at pulis' at aakuin mo ang mga pananagutan nila.

Ang iyong tunguhing progresibo at pagiging kaibigan ng mga rebolusyonaryo ay kagyat pumihit sa direksyong reaksyunaryo, makadayuhan at anti-mamamayan. Hindi na muli palilinlang ang bayan at hindi rin pasisindak kahit sa banta mo ng batas militar. Malinaw na matatala sa kasaysayan ng bansa ang panibagong pangulong ibinagsak ng taumbayan habang nanunungkulan.

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

---

## Hinggil sa Paggamit ng Rebolusyonaryong Dahas (Revolutionary and Just Violence) at ang Pagkakaiba nito sa Pandarahas ng Estado (State Violence)

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
October 20, 2018

Malaon nang ginagawa ng masa ang lahat ng mapayapang pamamaraan upang igiit ang kanilang mga demokratikong interes at mga sosyoekonomikong reporma. Ngunit ano ang tugon dito ng estado? Paglulunsad ng brutal at todo-largang gera laban sa mamamayan. Pinapatay ang masang magsasaka at minoryang ipinaglalaban ang kanilang karapatan sa lupa. Pinatatahimik ang mga demokratikong pwersa, maging ang midya upang pigilan itong ipahayag ang kanilang karapatan sa malayang pamamahayag. Sa halip na humarap sa usapang pangkapayapaan, disimpormasyon sa mamamayan at pang-aatake sa rebolusyonaryong kilusan ang isinagawa ng rehimen. Sinong hindi maitutulak sa pagtangan ng armas kung kahit sa mapayapang pamamaraan ay pagpatay pa rin ang tugon? Kung kaya, makatwiran lamang na ilunsad ng sambayanan ang digmang bayang magtatanggol sa kanilang mga karapatan at magtataguyod ng kanilang interes.

Ngayon, hinahamon ng NDF-Bikol ang rehimeng US-Duterte na itigil ang tripleng gera at harapin ang panawagan ng mamamayan na ipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan.

Upang patunayan ang kanyang katapatan at ang kanyang pahayag na tinuturing niyang 'kaibigan' ang rebolusyonaryong kilusan, dapat ihinto ng gubyernong Duterte ang pagpapanukala ng lokalisadong usapan at pagpapakalat ng mga hakbang upang itulak sa kapitulasyon at pasipikasyon ang pulang hukbo. Hanggat hindi nakakamit ang mamamayan ang kanilang mga sosyo-ekonoming kahingian at demokratikong interes, patuloy nilang ilulunsad ang makatwirang digma.

Karaniwang mamamayan ang naglulunsad ng makatwirang digmang ito. Ang Bagong Hukbong Bayan ay hukbong binuo mismo ng mamamayang biktima ng pagsasamantala at karahasan ng estado. Hindi terorismo ang mamulat at tumindig laban sa pagsasamantala ng rekasyunaryong gobyerno. Natutong tumangan ng armas ang mamamayan dahil ito ang tanging paraan upang igiit ang panlipunang pagbabago.

Malaki ang pagkakaiba ng rebolusyonaryong dahas (revolutionary and just violence) sa karahasan ng estado (state violence) at iba pang porma ng karahasan. Ang rebolusyonaryong dahas ay nakatuntong sa interes ng masa at nagsisilbing sandata ng mamamayan laban sa higit na malupit at walang pakundangang dahas ng estado. Kailanman, hindi ginamit ng CPP-NPA-NDFP ang rebolusyonaryong dahas laban sa masa.

Kung kaya, tumatalima ang Bagong Hukbong Bayan sa mahigpit na mga pamantayang ginagabayan ng mga prinsipyong nagtataguyod at nagtatanggol sa buhay at karapatan ng sibilyan. Higit na matimbang para sa CPP-NPA-NDF ang kapakanan ng mamamayan kaysa ganansyang militar. Hindi kailanman isasangkalan ng pulang hukbo ang karapatan ng masa sa kurso ng pagbigwas sa kaaway. Ang lahat ng taktikal na opensiba ng anumang yunit ng NPA ay ilinulunsad laban sa mga lehitimong target at may kaakibat na masinsin at maingat na pagpaplano upang hindi malagay sa alanganin ang ari-arian, kabuhayan at buhay ng mamamayan. Tumatalima ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng batas hinggil sa karapatang-tao at nagsasagawa ng mga opensiba alinsunod sa mga ito (READ: Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law [CARHRIHL], Protocol II of the Geneva Conventions, BHB Primer, NDF Primer on Human Rights).

Narito ang tala ng mga lehitimong target ng taktikal na opensiba ng NPA:

a. mga elemento ng AFP-PNP- mga para-militar katulad ng CAFGU na aktibong lumalahok sa mga operasyong mapanupil laban sa masa at pulang hukbo

b. mga espiya at impormer

c. warlord, pribadong armadong grupo ng mga burukrata at malalaking korporasyon batay sa kapasyahan ng kaukulang organo ng Partido at kumand ng NPA

d. mga entidad na mapanira sa kapaligiran, kabuhayan, pamumuhay at kalusugan ng masa: malalaking dayuhang minahan, komersyal na pagtotroso, malalaking dayuhang plantasyong agrikultural at pang-export, atbp.

e. mga kumpanya at korporasyong ayaw tumupad sa responsibilidad na magbayad ng takdang rebolusyonaryong buwis sa gubyernong bayan

f. mga pasimuno at tauhan ng mga anti-sosyal na aktibidad: iligal na droga at malalaking pasugalan, malalaking usurero, vigilantes, despotikong PML.

Sa ganitong balangkas, malinaw na lehitimong target ng NPA ang anumang yunit o sinumang elemento ng AFP-PNP-CAFGU at mga pwersang paramilitar na aktibong nasa serbisyo at kumikilos batay sa pangkalahatang plano ng kanilang institusyon halimbawa ay yaong mga elemento ng kapulisan at kasundaluhang tinarget ng mga ambush sa Dumagmang, Camarines Norte at Lupi, Camarines Sur nitong nakaraan.

Ikalawa, liban sa may tiyak na target, ang lahat ng armas (kabilang na rito ang mga command detonated explosives) ng NPA ay sumusunod sa internasyunal na kasunduan hinggil sa mga lehitimong armas sa pakikidigma (Read: Ottawa Treaty, CDX: Mapanlikhang Armas ng

Mamamayan-Pahayag ng NDF-Bikol). Muli naming bibigyang diin na ang mga eksplosibo ng NPA ay command detonated. Ibig sabihin, walang posibilidad na bigla o aksidente itong pumutok nang walang hudyat ng itinakdang bomber mula sa hanay ng mga sinanay na pulang mandirigma. Hindi ito basta sasabog kapag maapakan, madiinan o maibagsak. Sasabog lamang ito sa oras na pindutin ng itinakdang bomber ang trigger na nakakunekta rito. Sa ambush sa Lupi, malinaw na hindi gumamit ng labis sa kinakailangan na pwersa ang NPA sa pag-atake dahil wala ni anumang galos ang mga sibilyang lulan ng sasakyan tulad ni FDA Dir. Gen. Nela Charade Puno.

Samantala, ang pandarahas ng militar ay bahagi ng malawak na makinarya ng estado upang supilin ang mamamayang dapat ay pinaglulungkuran nito. Ang gubyerno at ang mga batas na ginagawa at ipinapatupad nito, ang Kongreso at Hudikatura, ang pondo ng mamamayan, ang kanyang armadong pwersa--na dapat ay nagsisilbi sa mamamayan ang mismong ginagamit ng estado para supilin ang masa. Hindi simpleng biro ang pag-amin ni Duterte na siya ay pumapatay--ito ay isang patakarang malugod na pinapatupad ng kanyang mga reaksyunaryong tropa. Ang terorismo ay ang sistematikong paggamit ng armas para dahasin ang mga sibilyan. Sa pagpatay ng humigit-kumulang 13,000 katao sa ilalim ng anti-mamamayan at anti-demokratikong "gyera kontra droga", malinaw na si Duterte at ang kanyang mga pasistang kasapakat ang mga tunay na terorista. Sa Kabikulan, patung-patong na ang pasistang krimen ng 9th IDPA laban sa masang Bikolano. Tuluy-tuloy ang crackdown sa kalunsuran habang laganap ang militarisasyon sa kanayunan na sumisira sa kabuhayan ng masa. Sa lahat ng prubinsya ng rehiyon, walang habas na pinapaslang ang mga sibilyan.

Kaugnay nito, hinihimok ng NDF-Bikol ang Commission on Human Rights (CHR) na higit na marapat nilang imbestigahan ang mga paglabag ng estado sa karapatang-tao laban sa mamamayang Pilpino, partikular sa masang Bikolano. Matitingkad nitong halimbawa ay ang mga magsasakang ilinibing ng buhay ng tropa ng 9th IDPA sa Ragay, Camarines Sur at ang kaso ng pagpaslang kay Alfredo Merilos at Luz Ocampo ng mga militar at kapulisan. Si Alfredo "Ka Bendoy" Merilos ay isang hors de combat o walang kakayanang lumaban at nasa pagpapagamot ngunit walang-awa pa ring pinaslang ng mga ahente ng estado. Hinihikayat din ang mga kagawad ng midya na lumahok sa mga fact-finding missions.

Gayundin, nananawagan ang NDF-Bikol sa kapulisan at kasundaluhan na magbaba ng armas at umalis na sa serbisyo. Patuloy lamang silang gagamitin ng mga naghaharing-uri bilang mga bayarang mamamatay-tao. Pumanig sa sambayanan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan! Ilunsad ang makatwirang digma upang makamit ang pangmatagalan at makatarungang kapayapaan!

## Hinggil sa Masaker sa mga Magsasaka sa Negros

Oktubre 23, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Nakikibahagi ang NDF-Bikol sa pagluluksa ng buong bansa sa masaker ng siyam na manggagawang-bukid sa Negros noong isang araw, Oktubre 22. Ang pinangyarihan ng insidente ay lugar-bungkalan ng mga magsasakang Negrense. Ang mga lugar-bungkalan ay mga eryang ikinakampanya ng mga magsasakang matamnan at gawing produktibo sa harap ng kainutilan ng gubyernong harapin ang reporma sa lupa. Ang siyam ay pawang kasapi ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), isang pederasyon ng mga sakada at manggagawa sa mga asukarera na may mahaba nang kasaysayan sa pakikipaglaban sa pagsasamantala at karahasan ng sabwatang panginoong may-lupa at gubyerno sa mga magsasaka at manggagawa.

Malinaw na ang mga bayarang nakabonet na mamamatay-tao ng estado ang salarin sa karumal-dumal na masaker. Malinaw na may kinalaman sa tahasang pamamaslang ang PNP-Negros Occidental na kagyat nag-akusa na NPA ang may kagagawan ng krimen. Napakahaba na ng listahan ng mga kahalintulad na krimen laban sa masang anakpawis na ang tanging hangad ay makamit ang kanilang mga karapatan sa maayos na pamumuhay at seguridad sa pagkain. Nitong 2016, karahasan din ang sumalubong sa mga magsasaka ng Kidapawan City sa Mindanao na noon ay nagpoprotesta sa kawalan ng suporta ng gubyerno matapos maapektuhan ng El Nino ang kanilang mga sakahan. Dalawang magsasaka ang namatay habang marami ang sugatan, kabilang ang isang buntis, sa kamay ng kapulisan at militar.

Noong Nobyembre 16, 2004, dinilig ng dugo ang 6,435 ektaryang lupain ng Hacienda Luisita sa Tarlac. Walang habas na pinagbabaril ng magkakumbinang pwersa ng militar, kapulisan at mga pribadong gwardya ang mga magsasakang nagprotesta at nagpiket para sa makatarungang panawagang ibalik ang lupa sa kanila. Pito ang pinatay habang 121 naman ang sugatan sa masaker. Sa mga sumunod na linggo, walong tagasuporta ng mga magsasaka pa ang pinaslang: sina Bishop Alberto Ramento, dating supreme bishop ng Iglesia Filipina Independiente; Fr. William Tadena; konsehal ng Tarlac City Abel Ladera; presidente ng Central Azucarera de Tarlac Labor Union at apat pang lider-masa.

Higit na papasahol pa ang kriminal na rekord ng rehimeng Duterte laban sa mga magsasaka at manggagawang bukid dulot ng mga neoliberal na patakaran ng pangangamkam ng lupa at pagbansot ng agrikultura para sa interes ng lokal na naghaharing-uri at ng Imperyalistang US.

Sadyang marahas ang saligang katangian ng estado bilang tagapagtaguyod ng naghaharing-uri. Walang ibang papel ang mga reaksyunaryong gubyerno kundi panatilihin ang sistemang panlipunang magsisilbi sa pagsipsip ng lakas-paggawa at pagkakamal ng labis na tubo ng mga panginoong may-lupa at malalaking burgesya komprador. Ang lahat ng instrumento ng estado - mula lehislatura hanggang sa sandatahang lakas nito ay nagsisilbi sa ganitong layunin.

Protesta sa lansangan, lobbying sa kongreso, kampanyang bungkalan sa mga sakahan, pagtutulak ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) sa usapang pangkapayapaan – ang lahat ng iyan, at marami pang iba, ay ginagawa ng mga magsasaka at ng sambayanan upang dinggin ng gubyerno ang kanilang mga makatarungang panawagan. Ngunit ano ang tugon ng gubyerno sa mapayapang paglaban ng mamamayan?
Bala at karahasan. Ano't hindi mag-aalsa at tatahak sa landas ng armadong pakikibaka ang sambayanang habang nalulunod sa kasalatan ay

papatayin ng marahas na estadong naglilingkod sa interes ng mapagsamantalang uri?

Higit na binibigyang-linaw ng mga ganitong krimen laban sa masa ang dahilan kung bakit tumatangan ng armas ang sambayanan. Madali para sa mga propesyunal at ilang mga petiburges sabihing madadaan sa mapayapang usapan ang suliranin ng bansa. Ngunit para sa mga magsasakang ilang siglo nang pinagkaitan ng lupa at dinarahas sa tuwing ipinapanawagan ang kanilang mga karapatan, walang ibang masasandigan kundi ang armadong pakikibaka. Makatwiran at makatarungan ang pag-aarmas ng mamamayan at pagsusulong ng digmang bayan dahil layunin nitong wakasan ang marahas na paghahari ng iilan.

Ang pinakamataas na parangal na kikilala sa lahat ng buhay na ibinuwis para sa karapatang magbungkal sa lupa ay ang pagpapatuloy ng labang sinimulan. Marapat na pagtibayin ng mga anakpawis ang kanilang hanay sa buong bansa at mapagpasyang baklasin ang kaayusang ilang salinlahi nang pinakinabangan ng mga panginoong may-lupa. Dapat labanan ang mga patakarang neoliberal na lalong nagpapahigpit sa kadenang sumasakal sa mga magsasaka. Walang aasahang katarungan mula sa isang gubyernong kuta ng mga burukrata kapitalista at panginoong may-lupa. Dapat manindigan ang bawat magsasaka sa lakas ng uring anakpawis at pangatawanan ang dakilang tungkuling likhain ang kasaysayan.

Hindi mapatatahimik ng punglo ng pasistang rehimen ang sigaw ng mamamayan para sa karapatan sa lupa at tunay na panlipunang pagbabago. Walang makapipigil sa pagliyab ng kaparangan sa apoy ng digmaan at sa pagbawi ng anakpawis sa karapatang magbungkal ng sariling lupa – lupang sumalubong sa mga nabuwal na kasamahan at lupang patuloy na kakanlong sa daluyong ng rebolusyon.

HUSTISYA SA MGA BIKTIMA NG NEGROS MASAKER!
IPAGLABAN ANG TUNAY NA REPORMA SA LUPA!
INUTANG NA DUGO NG PASISTANG REHIMEN, SINGILIN AT PAGBAYARIN!
MAGSASAKA, SUMAPI SA BAGONG HUKBONG BAYAN! ISULONG ANG DIGMANG BAYAN!

## Hindi Totoo ang Permit to Win

Oktubre 10, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mahigpit na pinabubulaanan at kinukundena ng NDF-Bikol ang panibagong serye ng mga desperadong pahayag at paninira ni Maj. Gen. Jesus Mananquil at ng 9th IDPA sa rebolusyonaryong kilusan. Nagkasya na lamang ang kasundaluhan sa maruming propaganda at pekeng balita sa harap ng kanilang kabiguang ubusin ang rebolusyonaryong pwersa sa pagtatapos ng 2018 at sa papatinding demoralisasyon sa kanilang hanay.

UNANG KASINUNGALINGAN: PANININGIL NG NPA SA MGA PULITIKO KAPALIT NG 'PERMIT TO WIN'

Walang ipinapamigay na 'permit to win' ang kahit na anong yunit ng NPA sa rehiyon at sa buong bansa. Ang pagpapakalat ng ganitong kasinungalingan ay bahagi lamang ng saywar ng AFP upang siraln ang prestihiyo ng rebolusyonaryong pwersa at palabasing nakikibahagi at nakikinabang ang CPP-NPA-NDFP sa korupsyong namamayagpag laluna sa panahon ng marumi at hungkag na reaksyunaryong eleksyon.

Tigas-mukha ang AFP sa pagkundena umano ng mga tinatawag nilang 'permit to win' gayong ang militar, kapulisan at mga bayarang paramilitar ng gubyerno ang may mahaba nang kasaysayan sa pagiging tagapagtaguyod at protektor ng korupsyon at dayaan sa eleksyon. Sa katunayan, madalas silang nagsisilbing mga pribadong escort

ng mga pulitiko sa pamumudmod ng pondo ng bayan sa iba't ibang dako ng bansa upang makabili ng boto.

Sa kabilang banda, lehitimong karapatan ng demokratikong gubyernong bayan ang kapangyarihang magpataw ng buwis. Nakabatay ito sa lakas ng pampulitikang kapangyarihang inaabot ng rebolusyonaryong kilusan sa paglulunsad ng digmang bayan. Ang rebolusyonaryong buwis ay ang makatwirang kabayaran sa ilang konsesyon o pribilehiyong ipinagkakaloob ng demokratikong gubyernong bayan. Ilan sa pinapatawan ng rebolusyonaryong buwis ng gubyernong bayan, sa pamamagitan ng NPA, ay ang mga dambuhalang dayuhan at lokal na kumpanya, mga ari-arian at negosyo ng malalaking panginoong may-lupa, mga kontrata at proyekto ng reaksyunaryong gubyerno. Ang paniningil ng makatwirang halaga mula sa mga kandidatong nais mangampanya sa loob ng mga sonang gerilya kapalit ng mga Permit to Campaign (PTC) ay isang porma ng naturang karapatan sa pagbubuwis.

Ang mga pulitikong pagkakalooban ng PTC ay kinakailangang sumunod sa mga patakarang itatakda ng rebolusyonaryong kilusan tulad ng pagbabawal sa panunuhol, pagbili ng boto at iba pang anyo ng maruming pamumulitika. Dagdag pa, bago ipagkaloob ang PTC sa isang pulitiko, tinitiyak na dadalhin niya sa kanyang plataporma ang mga kahingian at panawagan ng masa.

<u>IKALAWANG KASINUNGALINGAN: ANG MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA NG NPA SA KABIKULAN AY PAGHAHANDA PARA SA 'EXTORTION' SA PANAHON NG ELEKSYON</u>

Nananatiling matatag ang paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan sa kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon. Wala itong pagnanais na makipagsabayan sa mga pulitiko at sa kanilang mga alipures sa pagbabangayan at pag-aagawan para sa perang makukurakot at maibubulsa. Ang mga taktikal na opensiba ng NPA ay hindi ilinulunsad para sa pera. Isinasagawa ito ng mga yunit ng NPA upang ipakita ang walang kaparis na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan, mag-ambag sa paniningil ng taumbayan sa mga krimen ng reaksyunaryong gubyerno at magpataw ng rebolusyonaryong hustisya laban sa mga kaaway ng sambayanan.

Hindi na bago ang paninirang ginagawa ng GRP sa mga lehitimong aksyon ng pulang hukbo upang maisantabi ang mga substantibong adyenda ng usapang pangkapayapaan at upang bigyang-matwid ang paghahasik ng terorismo ng kasundaluhan. Nagkukumahog sina Maj. Gen. Mananquil sa panlilibak sa mga matatagumpay at sunud-sunod na taktikal na opensiba ng NPA dahil malaking sampal ito sa kanila matapos ang kanilang hambog na mga pahayag na wala nang sapat na lakas ang  rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Gaanuman kabihasa sa pananalita ang kanilang mga tagapagpahayag at upisyales, hindi maitatangging bigo sila sa sinasabi nilang tuluyan na nilang mauubos ang NPA bago matapos ang taong 2018.

Naninindigan ang rebolusyonaryong kilusan sa kawastuhan ng pambansang panawagang pasiklabin ang mga opensiba laban sa mga militar at iba pang kaaway ng mamamayan. Nakabatay ito sa walang lubay na gerang ilinulunsad ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan. Ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon ay pagiging tapat lamang ng NPA sa papel nito bilang tunay na hukbo ng bayang magtatanggol sa karapatan ng mamamayan.

<u>IKATLONG KASINUNGALINGAN: DAPAT NANG SUMUKO ANG NPA SA PAMAHALAAN O HINDI KAYA AY PUMASOK NA LAMANG SA LOKALISADONG USAPANG PANGKAPAYAPAAN</u>

Gaano man kaganda ang mga terminong gamitin nina Maj. Gen. Mananquil, hindi magtatagumpay ang pagtatangka nilang hatiin ang kilusan sa pamamagitan ng hiwa-hiwalay na peacetalks. Nananatiling matatag at buo ang pamunuan at kasapian ng CPP-NPA-NDFP sa buong bansa. Walang anumang yunit ng NPA sa Kabikulan ang papasok sa lokalisadong usapang pangkapayapaan ng militar na hiwalay pa sa negosasyon ng NDFP sa GRP. Kinikilala ng lahat ng yunit ng hukbo ang kakayahan ng NDFP bilang kinatawan ng mamamayan na dalhin sa usapan ang mga sosyo-ekonomikong repormang magsisilbi sa karamihan.

Gayundin, mangako man ng limpak-limpak na salapi ang reaksyunaryong gubyerno, hindi nito maitutulak ang NPA sa pagsasalong ng armas at pagsuko. Taos-pusong iniaalay ng bawat pulang mandirigma ang kanilang talino, lakas, panahon at buhay para sa pagsusulong ng digmang bayan. Mulat silang tanging sa pagtatagumpay ng pagbabalikwas ng mamamayan makakamit ang matagalang solusyon sa kahirapan at kawalang katarungan sa lipunan. Hindi tulad ng bayarang tropa ng gubyerno, hindi naghahangad ng anumang kapalit ang mga rebolusyonaryo.

Dapat maghinay-hinay ang reaksyunaryong gubyerno sa paghahabi ng kasinungalingan. Sila mismo ay natatalisod sa sarili nilang mga salita. Sinasabi nilang mahina na ang rebolusyonaryong kilusan ngunit desperado silang nag-aalok ng malaking halaga kapalit ng kapitulasyon. Sa gitna ng krisis sa ekonomyang dinaranas ng mamamayan, may lakas ng loob silang mag-alok ng P450,000 sa bawat susuko umanong mandirigma. Walang pondo para sa mga serbisyong panlipunan ngunit mayroong ipinagyayabang na pondo para sa kontra-insurhensya. Kung totoo man, higit na makabubuting ilaan na lamang ng reaksyunaryong gubyerno ang sinasabi nitong pondo para sa Enhanced Comprehensive Livelihood Integration Program (ECLIP) sa mga makabuluhang proyektong papakinabangan ng mamamayan. Kung tapat ang gubyerno sa pagnanais nitong resolbahin ang ugat ng armadong sigalot sa bansa, marapat na bawiin nito ang Proclamation 360 at muling humarap sa usapang pangkapayapaan nang walang mga pre-kundisyong itinatakda.

## Pulang Pagpupugay sa mga Martir ng Rebolusyon!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Nobyembre 1, 2018

Iginagawad ng NDF-Bikol ang pinakamataas na pagpupugay sa lahat ng martir ng rebolusyong Pilipino sa Bikol at sa buong Pilipinas. Inspirasyon ng buong rebolusyonaryong kilusan ang mga nag-alay ng buhay para sa sambayanan sa pagsusulong ng makatwiran at makatarungang digma.

Gayundin, kaisa ng mga pamilya ng mga pulang mandirigma, kumander at sibilyan na biktima ng walang pakundangan at hindi makatwirang gera ng rehimeng US-Duterte ang NDF-Bikol sa paggunita at pagkilala sa kanilang buhay at alaala.

Kabilang sa mga huwarang pulang mandirigma at pulang kumander ng NPA na namartir ng taong ito sina Kasamang Alfredo "Ka Bendoy" Merilos, kasapi ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP)-Bikol at ng Komite Sentral ng PKP, at si Kasamang Ems, pulang mandirigma ng Tomas Pilapil Command.

Mga hors de combat o wala sa katayuang lumaban ang dalawa nang paslangin sila ng berdugong AFP-PNP sa magkahiwalay na insidente. Hindi armado at nasa proseso ng pagpapagamot si Ka Bendoy habang malubhang sugatan at walang kakayahang lumaban si Ka Ems. Tinortyur din si Ka Ems bago tuluyang patayin ng mersenaryong kasundaluhan. Ito ay labag sa Geneva Conventions, na linagdaan ng gubyerno ng Pilipinas, kung saan nakasaad na dapat bigyan nang paunang lunas at isailalim sa makatarungang proseso ng paglilitis ang mga hors de combat.

Yumao man ang ilan sa hanay ng magigiting na mga anak ng bayan, nagpapatuloy ang kapasyahan ng mamamayang ipagpatuloy at ipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang pagkawala ng ilang mahuhusay na bayani ng mamamayan ay lalong nagpapatibay sa diwang mapanlaban ng mamamayan. Patuloy na lumalawak at lumalakas ang tunay na hukbo ng sambayanan na may malawak at malalim na suporta ng sambayanan.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayan na tahakin ang landas ng armadong paglaban na isinulong ng mga tunay na anak ng bayan. Ang pagluluksa at pangungulila ngayon ay tutungo sa pagbabalikwas at paglaban para sa ganap na kalayaan. Sa diwa ng pagsisilbi sa sambayanan, tangan ang ala-ala ng mga nag-alay ng buhay, isulong ang rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay! Mabuhay ang mga martir ng demokratikong rebolusyong bayan!

## Hustisya para kay Atty. Ramos

Nobyembre 8, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa pagdadalamhati ng mga kapamilya at ng masang Negrense sa pagkakapaslang kay Atty. Benjie Ramos ng Negros Occidental nitong Nobyembre 6, alas-9 gabi ng dalawang armadong lalaking lulan ng motorsiklo. Si Atty. Ramos ang abogadong nakikipaglaban para sa kaso ng siyam na magsasakang minasaker sa Hacienda Nene, Purok Firetree, Brgy. Bulanon, Sagay City nitong Oktubre 20. Siya rin ang legal counsel ng anim na kabataan, kabilang ang estudyante ng UP Cebu na si Myles Albasin, na hinuli at pinaratangang NPA ng mga sundalo ng 62nd IBPA nitong nakaraang Marso habang papunta sa konsultasyon sa mga magsasaka sa lugar.

Hindi ito ang unang beses na mayroong pinaslang na sibilyang may kaugnayan sa imbestigasyon ng mga paglabag sa karapatang tao. Nito lamang taon, napabalita rin ang pagpaslang ng mga elemento ng kasundaluhan sa isang grupo ng karapatang tao na nagsasagawa ng fact finding mission sa isla hinggil sa kaso ng mga magsasakang minasaker habang nasa kanilang taniman. Ang tahasang pagpaslang kay Atty. Ramos ang pinakabagong patunay ng lantaran at papabagsik na pasismo at terorismong itinataguyod ng rehimeng US-Duterte sa dikta ng imperyalistang US.

Tulad ng iba pang mga kaso ng pagpaslang sa mga abogado, taong-simbahan at iba pang personaheng tagapagtanggol ng karapatan at katotohanan, ang pagpatay kay Atty. Ramos ay bahagi ng desperadong mga hakbang ng rehimen upang talikuran angpananagutan sa kanilang mga krimen at pigilan ang paglabas ng katotohanan tulad ng kanilang ginagawa kaugnay ng masaker sa Sagay.

Bago pa ang insidente ng pagpatay, nagkukumahog na ang mga tagapagsalita ng AFP at PNP na tabunan ng mga pekeng balita ang tunay na pangyayari. Upang mawala ang atensyon ng publiko sa mga pribadong goons ng mga panginoong may-lupa na siyang itinuturo ng mga nakaligtas na biktimang may kagagawan ng karumal-dumal na krimen, mabilis na nagpakalat ang mga upisyales ng AFP at PNP ng paninira laban sa mismong mga biktima, sa mga manggagawang bukid, mga organisasyon ng magsasaka at kahit sa rebolusyonaryong kilusan. Ayon kay PNP Region 6 Chief John Bulalacao, pinatay ang mga magsasaka dahil iligal silang nanghimasok sa lupaing mayroong nagmamay-ari. Ang mas masahol pa, sa halip na magsagawa ng imbestigasyon, ang mga magsasakang nakaligtas mula sa pamamaril ang kinasuhan at tinutugis ng inutil na pulisya. Malinaw ang sabwatan ng mga panginoong maylupa, AFP-PNP at Malacanang sa kasong ito ng masaker sa mga magsasaka ng Sagay City.

Namumuhi ang sambayanan sa sunud-sunod na krimen at mga brutal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Sa halip na tunay na reporma sa lupa, sukdulang karahasan ang dinuduluhan ng paghahangad ng sariling lupa ng naghihikahos na mga magsasaka laban sa mga malalaking panginoong may-lupang may kontrol sa malawak na lupain sa isla ng Negros. Pag-aari ng iilang pamilya tulad ng Cojuangco, Benitez at Maranon ang kalakhan ng lupaing agrikultural kung saan 46% ay malawak na plantasyon ng tubo. Ang maka-aliping pagsasaka at malapyudal na P50 na arawang kita ng sakada ang siyang nagpapayaman sa mga panginoong maylupa at nagpapasasa sa labis na kasaganaan, luho at layaw. Upang mapanatili ang ganitong kaayusan, gumagamit ang mga panginoong may-lupa ng mga pribadong armadong grupo, AFP at PNP upang dahasin ang masang Negrense maging mga tagapagtanggol ng karapatang tao at nais magsiwalat ng katotohanan.

Nito lamang Pebrero sa Sityo Bondo, Brgy. Napacao, Siaton, Negros Oriental, apat na magsasaka ang napatay matapos paulanan ng bala habang nag-aani ng kanilang mga pananim. Namatay sa insidente sina Consolacion Cadivida, 66, Jesibel Aballe, 36, Carmelina Amantillo, 57, at Felimon Molero, 66. Sugatan din sa naturang insidente si Lito de Jesus, 28 taong gulang. Sa parehas na buwan, binaril hanggang mamatay ang magsasakang si Ronald Manlanat habang nagtatrabaho sa isang bungkalan sa Hacienda Joefred, Sagay City. Nagtamo siya ng 18 tama ng baril.

Isa ring masaker ang naganap sa Siaton, Negros Oriental nitong taon kung saan apat na magsasaka, tatlo sa kanila ay kababaihan, ang pinaslang ng grupong 'Pulahan'. Ang naturang grupo ay bayarang bandidong nagsisilbing bantay ng asyenda ng panginoong may-lupang Vicente.

Noong Disyembre 17, 2017, isang matandang babae rin ang sinaksak hanggang mamatay sa Sagay City. Ang biktimang si Flora Jemola, 63 taong gulang, ay ang tagapangulo ng National Federation of Sugar Workers (NSFW) sa naturang bayan.

Napakahaba na ng kasaysayan ng isla ng Negros sa walang pakundangang pamamaslang at pagyurak sa karapatang-tao ng mga magsasaka. Mula pa sa Escalante Massacre noong dekada 70 hanggang kasalukuyan, walang kaparis na karahasan at pagsasamantala ang dinaranas ng mamamayang Negrense laluna ng sektor ng mga magsasaka. Taong 1992 nang pakatan ng 10,000 sundalo ang isla upang pigilan ang paglakas ng kilusang masa at rebolusyonaryong kilusan.

Ngunit, ang sukdulang karahasan at pagsasamantala ring ito ang nagtutulak sa mamamayan ng Negros na lumaban at lumahok sa armadong pakikibaka. Ito ang dahilan kung bakit nananatiling isa sa mga muog ng rebolusyonaryong kilusan ang isla ng Negros. Malinaw sa kanilang makakamit lamang ang tunay na reporma sa lupa sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at sa tuluyang pagtatayo ng mga demokratikong gubyernong bayan. Kasabay ng masang Negrense ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan at iba pang rehiyon ng bansa sa patuloy na pagtataguyod ng makatarungang digmang bayan laban sa Imperyalismo, pyudalismo, burukrata kapitalismo at lahat ng reaksyon.

## Paghuli ng GRP sa mga NDF Consultant Malinaw na Kawalan ng Katapatan sa Usapang Pangkapayapaan

Nobyembre 13, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang iligal na pag-aresto sa dalawang NDF consultant na sina Vicente Ladlad at Adelberto Silva, kasama ang anim pang sibilyan, ngayong huling kwarto ng taon. Ito rin ang panahong taning ng Pangulo ng GRP ng pag-aaral niya ng mga dokumento ng inabot na usapang pangkapayapaan at pagpapatawag niya diumano ng mga konsultasyon sa mga "stakeholders". Sa parehong insidente, tinaniman ng mga elemento ng PNP at CIDG ang mga nangungunang myembro ng NDF Panel ng mga armas at eksplosibo upang bigyang-matwid ang pagkahulisa kanila sa kasong kriminal na hindi maaaring pyansahan o non-bailable offense.

Sina Silva at Ladlad ay matagal na nagsilbi bilang mga lider-organisador na buong panahong nagmumulat at nagpapakilos ng mga kabataang estudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang batayang sektor sa lipunan gayundin ang iba pang panggitnang uri. Nang ipinataw ni Marcos ang pasistang lagim ng Batas Militar, kagyat na sumapi ang

dalawa sa Bagong Hukbong Bayan at buong lugod na nakibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya ng sambayanang Pilipino. Sa kabila ng banta sa kanilang buhay at walang humpay na panunugis ng militar at maseselang karamdaman, patuloy nilang pinili ang ubos-kayang paglilingkod sa sambayanan bilang kinatawan ng rebolusyonaryong kilusan sa usapang pangkapayapaan.

Ang serye ng paninira, panunugis at iligal na pag-aresto sa mga NDF consultants at kanilang mga istap ay tahasang paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) na pinirmahan kapwa ng NDFP at GRP noong 1995. Malinaw na nakasaad sa ikalawang probisyon ng Joint Agreement Implementing the Provisions of the JASIG between the GRP and NDFP Negotiating Panels na,

*"In all matters pertaining to the safety and immunity of negotiators, consultants, staffers, security and other persons participating in the peace process and whose rights are protected by the JASIG, the provisions of the latter document shall always prevail. Any issuance, interpretation or application done separately or unilaterally by either party which affects the rights, safety and immunity of persons participating in the peace process and which is in conflict with or in violation of the provisions of the JASIG shall be null and void and of no force and effect."*

Ibig sabihin, sa bisa ng JASIG, ipinagbabawal ang paggawa ng anumang hakbang na magpapahamak o magbabanta sa seguridad ng mga kinatawan at ng kanilang mga istap kabilang na ang iligal na panunugis, harassment, tortyur at pag-aresto.

Sa kainutilang tupdin ang sarili nitong pinirmahang kasunduan, muling pinatutunayan ng reaksyunaryo at anti-mamamayang mga rehimen ng GRP, kabilang ang rehimeng US-Duterte ang kawalan ng sensiridad sa usapang pangkapayapaan. Wala itong pagpapahalaga at pagkilala sa interes ng sambayanan kaya napakadali para rito na gumawa ng mga hakbang upang masabotahe ang negosasyon na kung matapat sanang mapag-uusapan ng dalawang panig, ay maaaring magbunga ng mga makabuluhang sosyo-ekonomikong repormang ipinapanawagan ng mamamayan.

Dapat kilalanin ng GRP na ang pagtalima sa JASIG at iba pang mga kasunduang napirmahan ng dalawang panig tulad ng The Hague Joint Declaration at Breukelen Joint Agreement ay obligasyong kaakibat ng usapang pangkapayapaan. Patuloy ang pagkakandarapa ng gubyernong takasan ang kanyang mga pananagutan na tumalima sa mga naturang kasunduan habang ibinubunton ang sisi sa rebolusyonaryong kilusan kung bakit hindi umuusad ang usapang pangkapayapaan.

Ang totoo, ang tanging motibo ng GRP sa pagpasok sa usapang pangkapayapaan ay ang itulak sa pasipikasyon at kapitulasyon ang CPP-NPA-NDFP. Nang mabigo itong makamit ang layunin, mabilis na nagsara ng pinto ang rehimeng US-Duterte sa negosasyon sa kabila ng mga nauna nang pag-abante sa burador ng Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms (CASER). Noong Disyembre 2017, ipinag-utos ni Duterte ang pagpapatupad ng Proclamation 360 na tuluyang tumatapos sa usapang pangkapayapaan at Proclamation 374 na bumabansag sa CPP-NPA-NDFP bilang isang teroristang grupo. Nasundan pa ito ng Proscription Petition kung saan higit 600 pangalan ng mga kilalang NDF consultant, lider ng mga progresibong organisasyon, taong-simbahan, propesyunal at tagapagtaguyod ng karapatang tao ang pinaratangang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan.

Makailang ulit ding ipinahayag ni Duterte na wala siyang interes na humarap sa usapang pangkapayapaan at 'dapat patayin ang mga komunista'. Buong kahambugan din niyang iwinawasiwas ang pagtutulak ng todo-gera laban sa mga rebolusyonaryo. Ang mas masahol pa, pinagbabantaan at target ng panggegera ng rehimeng US-Duterte maging ang mga sibilyan at grupong progresibo o pampulitikang

oposisyong tumutuligsa sa kanyang tiranikong paghahari.

Hinihikayat at ginagatungan ng ganitong mga sanggano at butangerong pahayag  ang ibayo pang pasismo at paglabag sa karapatang tao ng militar at kapulisan. Ibayong nagiging bulnerable ang mga sibilyan sa arbitraryo at walang pakundangang karahasan ng mga awtoridad. Malinaw na walang aasahan ang mamamayang Pilipino sa rehimeng US-Duterte. Lango ito sa pagnanais na patindihin ang pangingibabaw ng militarismo at higit pang pasiklabin ang kontra-mamamayang gera sa pamamagitan ng Oplan Kapayapaan. Tulad ng mga nangabigong Oplan ng mga nakaraang rehimen, idinisenyo ito ng US bilang estratehiyang kontra-insurhensya na naglalayong supilin ang makatwirang paglaban ng mamamayan at pagtaguyod ng mga pasistang rehimen habang nananalasa ang neoliberalismo.

Nananawagan ang NDF-Bikol at ang rebolusyaryong kilusan sa lahat ng mga tagapagtanggol ng karapatang tao at tagapagtaguyod ng kapayapaan na tuligsain at labanan ang malulubhang paglabag ng rehimeng US-Duterte. Kung patuloy na aatakihin at sasalaulain ng rehimeng US-Duterte ang mga nauna nang kasunduang pinirmahan nito sa mga nagdaang usapan, walang kahahantungan ang iba pang mga substantibong adyenda ng usapan tulad ng sosyo-ekonomikong reporma, pulitikal at konstitusyunal na reporma, pagwawakas ng armadong sigalot at disposisyon ng pwersa.  Habang patuloy ang patraydor na pagtugis at pag-aresto ng pasistang rehimen sa mga kagawad ng NDFP-Panel at patuloy ang karahasan sa mamamayan, hindi makakamit ng Pilipinas ang tunay at pangmatagalang kapayapaan.

Nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan at ang mamamayan sa higit pang pagtindi ng pasismo at terorismo ng inutil na gubyerno sa ilalim ng“de facto” o deklaradong Martial Law man sa buong bansa . Ibayong iigting ang mga kilusang masa at dadagundong ang demokratikong rebolusyong bayan upang ipagtanggol ang sambayanan laban sa pasistang atake at brutalidad ng rehimeng US-Duterte.

## Kampana ng Balangiga: Simbolo ng Makabayang Pakikidigma laban sa Pananakop ng Imperyalistang US

Nobyembre 15, 2018
Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa tagumpay ng mamamayang Pilipino sa paggigiit na maibalik ang mga kampana ng Balangiga mula sa siglong pagkulimbat ng imperyalistang Estados Unidos noong sakupin nito ang bansa. Nakatakdang ibalik ang naturang mga kampana ngayong Nobyembre. Ang malakas na anti-imperyalistang kilusang masa ang nagbunsod ng tagumpay na ito. Muling pinatunayan na ang nagkakaisang lakas ng sambayanan ang muog na buong makapagpapayukod sa anumang pwersa ng reaksyon maging ang imperyalistang kapangyarihan.

Ang mga kampana ng Balangiga ay ginawang tropeyo ng kabagsikan ng imperyalistang agresyon, pandarahas at pandarambong ng Estados Unidos laban sa mga mamamayan ng daigdig. Ilinalarawan nito ang panunupil ng imperyalistang US sa makatwirang pagbabalikwas ng mamamayang Pilipino laban sa imperyalistang pananakop. Tinataguriang mga rebelde o insurgents na marapat parusahan o patayin ang masang nangangahas lumaban. Subalit pinatutunayan din nito ang makasaysayang pag-aalsa ng sambayanan para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Taong 1901 nang naganap ang brutal at marahas na masaker sa Balangiga. Dalawang taon matapos magsimula ang digmaang Pilipino-Amerikano. Sa atas ni Hen. Jacob Smith, pinagbabaril ng mga tropang Amerikano ang lahat ng Pilipinong sampung taong gulang pataas at may kakayanang humawak ng armas. Tinangay ang mga kampana matapos sunugin ng US ang buong bayan.

Ito ang ganti ng tropang Amerikano sa makasaysayang reyd ng mga Pilipinong gerilyang tinawag na Pulahanes at pag-aalsa ng mamamayan sa bayan ng Balangiga upang ipagtatanggol ang isla ng Samar laban sa mga dayuhang mananakop. Nagsilbi ang mga kalembang ng kampana ng Balangiga bilang hudyat ng mga Pilipinong gerilya sa pagsalakay. Ang pag-aalsa sa Balangiga ang isa sa mga pinakamatatagumpay na paglaban ng mamamayang Pilipino, partikular ng masang Samarnon, laban sa kolonyalismo at pananakop ng US.

Ang armadong paglaban ng mga Pulahanes sa Samar at sa iba pang prubinsya ng Bisayas ay kabilang sa pambansang pagsusulong ng rebolusyon ng sambayanang Pilipino sa pangunguna ng masang anakpawis para sa pambansang paglaya. Sa Luzon, nagpatuloy ang masang Bikolnon sa paglulunsad ng armadong pakikibaka hanggang 1903 kahit sa kabila ng pagsuko ng kanilang lider na si Simeon Ola. Samantala, sa pamumuno ni Macario Sakay, ipinapagtuloy ng Timog Katagalugan ang pakikibaka magmula 1902 hanggang 1906.

Gayundin ang paglagablab ng armadong paglaban ng mamamayan ng Mindanao, partikular ng masang Moro, magmula 1902 hanggang 1916. Kinaharap ng imperyalistang US ang pag-aalsang Hassan noong 1903-1904; rebelyong Usap ng 1905; rebelyong Bud Bagsak noong 1913 at ang rebelyong Bud Dajo noong 1906. Sa harap ng kanilang pagkabigong supilin ang mapanlabang diwa ng mamamayang Moro, ilinunsad ng tropang Amerikano ang pinakamadugo at pinakamarahas na pagmasaker. Ayon mismo sa isang heneral ng US, umabot sa 600,000 masang mandirigma at sibilyan, o 1/6 ng populasyon ng buong Luzon, ang pinatay ng mga dayuhang mananakop.

Ipinatupad ng imperyalistang US ang walang kaparis na brutalidad ng genocide o walang pakundangang pagpaslang. Kasabay nito, tinortyur ang mga nahuling gerilyang Pilipino, ginahasa at pinagsamantalahan ang mga kababaihan, winasak ang mga kabahayan at ari-arian ng masa. Ilan sa mga tipo ng tortyur na ginamit ang water cure at rope torture. Nagtayo rin ng mga kampo at kinontrol ang paglabas-masok ng masa sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng hamleting.

Ipinasa ng imperyalistang US ang The Sedition Law of 1901, Brigandage Act of 1902 at ang Reconcentration Act of 1903 upang bigyang-matwid ang karahasan ng militar at ang panunugis sa mga rebolusyonaryo. Tinaguriang bandido ang mga rebolusyonaryo at makabayang pwersa.

Mahigit isang siglo ang makalipas, nagpapatuloy ang makabayan at makauring tunggaliang ito. Sa isang banda, ang pagwawasiwas ng imperyalistang US at mga lokal na galamay nito ng kontra-mamamayang gera at sa kabilang banda naman ay ang paglulunsad ng sambayanan ng makatwiran at makatarungang digmang bayan. Hanggang sa kasalukuyan ginagamit pa rin ang mga pamamaraang ito ng panunupil sa anyo ng "criminalization of political offense", pagtawag ng mga lumalaban bilang bandido at terorista, pagtipon ng mga tao kapag may operasyong militar at pagbibigay ng buong-basbas sa AFP-PNP sa pagwasiwas ng walang habas na pamamaslang at militarisasyon.

Bilang nangungunang papet at tagapagpataguyod ng imperyalistang interes, wala sa pusisyon si Duterte na ipagyabang at angkinin ang tagumpay ng pagbabalik ng mga kampana ng Balangiga. Sa kumpas ng among imperyalista, buong lugod na ipinatupad ni

Duterte ang Operation Pacific-Eagle Philippines at ang kontra-insurhensyang Oplan Kapayapaan. Tulad ng kung paano ipag-atas noon ni Hen. Jacob Smith na supilin ang pakikibaka ng mamamayan, ipinag-utos din ng kasalukuyang rehimeng US-Duterte ang paglulunsad ng mas mararahas at brutal na atake laban sa masang nagbabalikwas. Tulad noon, tinatagurian ding mga rebeldeng nais lamang manggulo ang mga rebolusyonaryo. Ngunit, tulad din ng ilang ulit nang pinatunayan ng kasaysayan, mananatiling bigo ang imperyalistang US at ang lokal na naghaharing uri na apulahin ang alab ng demokratikong rebolusyong bayan na ilinulunsad ng sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan.

Sadyang mababaw at malabnaw ang pagpoposturang makabayan ni Duterte at ang pagpapahayag niyang pupunta lamang siya sa Estados Unidos kung maibalik na ang mga kampana ng Balangiga. Wala ni isang patakarang ipinatupad ang kanyang rehimen na makapagpapatotoo sa kanyang katapatan sa pambansang kalayaan at soberanya. Sa katunayan, limpak-limpak na salapi at tone-toneladang armas ang tinanggap ng rehimen kamakailan mula sa imperyalistang US sa layuning pag-ibayuhin ang gera kontra-mamamayan at mapalawak ang panghihimasok ng imperyalistang US sa bansa.

Ang Pilipinas ang nakatanggap ng pinakamalaking ayudang militar mula sa US sa buong South East Asia. Higit sa P5 bilyon ang halaga ng mga kagamitang militar na pinondohan ng US para sa berdugong AFP mula Enero 2017 hanggang ngayong taon galing sa badyet ng US para sa Overseas Covert Operations (OCO) o pondo para sa "gera kontra-terorismo" nito sa buong mundo, kung saan kabilang ang Operation Pacific Eagle. Pinahihintulutan at itinataguyod din ni Duterte maging ang panghihimasok ng US sa social media. Kamakailan lang, napabalitang natapos na ng US Army ang pagsasanay ng isang "social media monitoring cell," na bahagi ng Civil Military Operations Regiment ng Philippine Army na sinimulan noong Hulyo 23. Magsisilbi ang pasilidad ng US sa yunit na ito sa upang supilin ang kalayaan sa pagpapahayag at ang kalayaan sa pamamahayag. Sa direktang pakikipagtulungan sa imperyalistang US, sisidhi ang media censorship at ang kultura ng pagpapatahimik sa mamamayan, sa mga progresibo at maging sa mga kalaban sa pulitika ng kampo ni Duterte.

Muling dadagundong ang mga kampana ng Balangiga at maghuhudyat sa ibayong paglaban ng mamamayang Pilipino. Nagbabalikwas ang sambayanan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Malinaw sa mamamayang hanggat nagpapatuloy ang imperyalistang panghihimasok at ang pagsasamantala ng naghaharing-uri, mananatiling simboliko lamang ang pagbabalik ng mga kampana ng Balangiga.

Ang makasaysayang tagumpay ng mamamayang Pilipino sa pag-aalsang Balangiga ay inspirasyon ng sambayanan sa pagsusulong ng bagong tipo ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamumuno ng CPP-NPA-NDFP. Bagong tipo ito dahil ipinagpapatuloy nito ang nagtagumpay na Rebolusyong 1898 sa pamumuno ni Bonifacio laban sa pananakop ng dayuhang Espanyol. Matalas nitong linalayon ang pambansang kalayaan at demokrasya at mas mataas na tunguhing kamtin ang isang lipunang sosyalista para sa kapakinabangan ng mamamayan. Napigilan man ng pagtataksil ni Aguinaldo at ng kanyang pangangayupapa sa imperyalistang US ang ganap na tagumpay at paglaya ng bansa, hindi nanlamig ang rebolusyonaryong diwa ng sambayanan. Nagpapatuloy sa paglakas ang demokratikong rebolusyong bayan ng kasalukuyang panahon nang nakaugat sa mga aral ng kasaysayan. Pinatunayan ng makasaysayang pakikibaka sa Balangiga ang kawastuhan ng landas ng armadong pakikibaka at ang kapasyahan ng mamamayang Pilipinong tumangan ng armas at maglunsad ng makatwirang digmang bayan upang makamit ang tunay na kalayaan at demokrasya.

## Hinggil sa Matagumpay na Ambush sa Libmanan

Ka Raymond Buenfuerza
Tagapagsalita,
Romulo Jallores Command-BHB Bikol
Nobyembre 18, 2018

Binabati ng Romulo Jallores Command-BHB Bikol ang Norben Gruta Command – BHB West Camarines Sur (NGC-BHB) sa matagumpay na ambush na ilinunsad nito laban sa mga elemento ng 1st Provincial Police Mobile Force Company (PPMFC) at 9th IBPA. Naganap ang ambush sa Brgy. Mambulo Nuevo, Libmanan, Camarines Sur nitong Nobyembre 17, alas-kwatro y trenta ng hapon. Anim ang sugatan sa hanay ng kaaway sa naturang taktikal na opensiba habang ligtas na nakamaniobra ang mga kasama.

Taliwas sa nais palabasin ng kasundaluhan at kapulisan, may pagtatangi ang pulang hukbo sa target nito. Partikular sa insidente, tanging ang mga armadong pwersa lamang ng PPMFC at militar ang tinarget at walang nadamay na sibilyan sa kabila ng kanilang pahayag na mayroong mga doktor mula sa Bicol Medical Center na kasabay ng kanilang mga sasakyan. Lehitimong target ng taktikal na opensiba ng BHB ang mga elemento ng PPMFC at militar bilang bahagi ng Task Force Bikolandia na binuo upang gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Ang totoo, ang sinasabing misyong medikal ay bahagi ng mapagkunwaring civil military at humanitarian missions ng militar upang pabanguhin ang kanilang pangalan habang ikinukubli ang sukdulang pandarahas nila sa mga komunidad. Kamakailan lang, pumutok sa balita ang pagtuligsa ng mga masa sa Libmanan laban sa presensya ng militar sa kanilang mga komunidad at ang bantang hatid nito sa kanilang kabuhayan at buhay.

Ang mga serbisyong medikal at iba pang kahalintulad na proyekto para sa masa na isinasagawa ng mga lehitimong ahensya ng gubyerno, ahensya sibil at non-government agencies ay pinahihintulutan at sinusuportahan ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa disenyo ng US Counter-Insurgency Guide (COIN Guide) na siyang tinatalimaan ng Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte, isinasagawa ng mga militar sa mga pinopokusan nilang erya ang mga operasyong TRIAD (civil military operations, intelligence operation at combat operation) upang maghasik ng panunupil sa mga taumbaryo sa pamamagitan ng karahasan at psywar at hadlangan ang pagkilos ng mga yunit ng pulang hukbo. Masinsing ilinalatag ng kaaway ang mga yunit ng mapagkunyaring Peace and Development Team (PDT). Bumababad ang mga ito sa mga komunidad upang kontrolin ang masa sa pamamagitan ng magkatambal na pamamaraang matigas at malambot, mapanindak at mapanlinlang at dumudulo pa sa tahasang pamamaslang at lahat ng uri ng lagim ng abusong militar.

Kabilang sa pamamaraang matigas ang tuluy-tuloy na panggagalugad sa mga sonang gerilya at kabit-kabit na mga operasyong kombat, interogasyon at paninindak, pagkontrol sa rekurso ng masa, hamletting o pagkontrol sa araw-araw na aktibidad ng masa, panonortyur, pagdukot at pagpatay. Samantala, ilan sa mga pamamaraang malambot ang pamumudmod ng cash transfer sa ilang pamilya sa mga komunidad kung saan malakas ang pagsasamahan ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa, paglulunsad ng mga proyektong pang-isports, sibilyang imprastruktura, misyong medikal, pana-panahong relief operations at iba pa. Mga proyekto at sosyo-ekonomikong aktibidad, na kung tutuusin, ay dapat ilinulunsad ng iba't ibang ahensya ng gubyerno - hindi ng militar at kapulisan.

Sa pagpapaigting ng kontra-insurhensyang programa ng rehimeng US-Duterte, tinutungo ng militar at kapulisan ang pag-imbwelto at panghihimasok sa iba't ibang mga aktibidad ng

mga sangay at ahensya ng gubyerno, maging ang mga ahensya sibil at non-government organizations. Ikinakamada nila ang mga aktibidad ng mga ahensyang ito upang maglingkod sa kanilang mga operasyong militar at sa kanilang atake sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan.

Ngunit hindi palilinlang ang masa. Malinaw sa kanilang palamuti lamang ang pagkakawanggawa ng mga berdugong militar at kapulisang siyang salarin ng sunud-sunod na kaso ng pananakot, panonortyur, iligal na pag-aresto at pagpatay sa mga masa. Ang pahayag ng mga masa sa Libmanan laban sa presensya ng militar sa kanilang lugar ay hindi ang unang beses na nagpahayag ng pagkundena at pagtutol ang masang Bikolnon laban sa presensya ng militar. Patuloy na bumabaha sa mga lansangan ang nagbabalikwas na mamamayang lumalaban para sa kanilang karapatang mamuhay nang payapa nang walang anumang banta ng paglabag sa karapatang tao mula sa mga mersenaryong militar at kapulisan.

Kaugnay nito, hinihikayat din ng RJC-BHB Bikol ang mga kagawad ng midya na imbestigahan ang tumitinding pasismo ng militar laluna sa mga eryang sinasaklaw ng PDT. Dahil sa napakalaking pondong ibinubuhos sa kampanyang saywar ng kaaway, napakadali para sa mga militar na kagyat magpalabas ng sari-saring datos at kwentong pabor sa kanila at magkukubli sa tunay na naratibo. Kapos sa ganitong rekurso ang masang lumalaban. Gayunpaman, pinagsisikapan pa rin nilang mailabas ang kanilang mga hinaing at panawagan. Bilang mga tagapagtaguyod ng patas at balansyadong pagbabalita, marapat lamang na pagtuunan din ng pansin ng mga kagawad ng midya ang kwento sa likod ng mga pangyayari – ang panig ng mga masang apektado ng walang patumanggang paglabag sa karapatang tao at terorismo ng militar sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Sa huli, mananatiling tapat ang buong rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan at sa buong bansa sa interes ng masang inaapi at pinagsasamantalahan.

## Ipaglaban ang Soberanya ng Bansa! Wakasan ang Kataksilan ng Papet na Rehimeng US-Duterte!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
November 22, 2018

Kinukundena ng NDF-Bikol ang pagpasok ng rehimeng US-Duterte sa panibago na namang serye ng mga kontratang malamang na hahantong sa mga tagibang na kasunduan sa ekonomyang lantarang nagbebenta sa soberanya ng bansa at tiyak na magdudulot ng ibayong kahirapan para sa mamamayang Pilipino. Nananatiling bigo ang rehimeng US-Duterte na igiit ang demilitarisasyon at wakasan ang pananakop sa West Philippine Sea.

Walang pampulitikang kapasyahan at bahag ang buntot ng rehimeng Duterte na ipaglaban ang soberaniya ng bansa laban sa Tsina at US sa taksil na paninindigan nitong walang kakakayahang sumabak sa gera ang bansa. Ang malinaw na katotohanan ay ang higit na pagkatuta ng Duterte sa dalawang ekonomyang kapangyarihan na nagpapasasa sa Pilipinas habang nag-aagawan ng teritoryo sa pamilihan, pagkukunan ng hilaw na materyales at estratehikong pusisyong militar sa Asya-Pasipiko.

Hindi man lamang umabot sa “brinkmanship” ang paggiit ng rehimen laban sa Tsina sa usapin ng ilang isla sa West Philippine Sea matapos ang desisyon ng International Tribunal na walang batayan at iligal ang pag-angkin ng Tsina sa naturang teritoryo.  Wala itong tiwala sa sambayanan at mamamayan ng daigdig sa pakikipaglaban sa mga mananakop na bansa.

Kabilang sa 26 na Memorandum of Understanding (MOU) na pinirmahan ni Duterte at ng pangulo ng Tsina ang Memorandum of Understanding on Cooperation in Infrastructure

Programs at Memorandum of Understanding on Cooperation in Oil Development. Kapag umabot sa kasunduan, pahihintulutan ng inutil na rehimen ang mas masaklaw na panghihimasok ng Tsina sa pinag-aagawang West Philippine Sea. Walang duda na ang pataksil na pagbebenta ni Duterte sa teritoryo ng bansa laluna sa West Philippine Sea ay kapalit ng pagpapautang ng Tsina ng pondo para sa kanyang mga neoliberal na programa tulad ng "Build, Build, Build".

Malinaw na ang tanging layunin ng Tsina sa pagkakandarapa nitong lubusang maangkin ang West Philippine Sea ay dahil paborable at estratehiko ang mga soberanong teritoryo ng Pilipinas bilang paghahanda sa digmaan habang umiigting ang gera sa kalakalan sa pagitan ng mga nangungunang kapitalistang bansa tulad ng Tsina at imperyalistang US. Sa ilalim ng One Belt, One Road na tunguhin ng Tsina, binabalak nitong magpundar ng isang ruta sa kalakalang tatahi sa mga bansa sa Asya-Pasipiko. Isa ang West Philippine Sea sa mga pangunahing pusisyong estratehiko sa kalakalan at larangan ng militar para sa Tsina.

Nito lamang Enero, umani na rin ng matinding pagtuligsa sa mamamayang Pilipino ang pagtatanggol at pagpapahintulot ng rehimeng US-Duterte sa mapagbalat-kayong pananaliksik ng mga barkong Tsino sa Benham Rise, isang soberanong teroritoryo ng Pilipinas. Ang Benham Rise ay isang 13,000 milyong ektaryang erya sa karagatan katapat ng mga prubinsya ng Aurora at Isabela. Mayaman ito sa natural gas at mga mineral at iba pang yamang dagat.

Kasinungalingan ang dahilan ng rehimen na pinahintulutan ang naturang aktibidad ng Tsina dahil walang kakayahan ang Pilipinas na magsagawa ng sarili at independyenteng pananaliksik. Ang totoo, malaki ang posibilidad na naghahanap ang Tsina ng likas na yaman tulad ng langis at mga pwestong paborable sa kanilang mga submarinong pandigma. Iligal at balasubas pang binigyan ito ng pangalang Tsino.

Sa kabila ng mga pagpoposturang makabayan ni Duterte at mga hungkag na pahayag niyang ipagtatanggol ang soberanya ng bansa laban sa dayuhang panghihimasok, dumami ang mga istrukturang itinayo ng Tsina sa mga soberanong teritoryo ng Pilipinas. Kabilang dito ang malalaking hangar sa tabi ng mga paliparan, mga pasilidad pang-radar at komunikasyon at iba pang istrukturang militar sa Fiery Cross, Subi at Mischief Reefs sa grupo ng isla sa Spratly, at gayundin sa kulumpon ng mga isla sa Paracels. Sinaklaw nito ang 290,000 kwadrado kilometro sa katapusan ng 2017, mula sa 180,000 kwadrado kilometro noong sa 2016. Hindi malayong may mga "underground tunnels" din para sa kanilang sandatang nukleyar at iba pang pasilidad ng sistemang "forward defense and deployment".

Hindi ito ang unang beses na pumasok ang bansa, sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, sa mga tagibang na kasunduan sa kalakalan at militar na lubusang nagbubukas sa mga teritoryo ng bansa, lokal na ekonomya at sektor ng paggawa sa dayuhang pandarambong at panghihimasok.

Noong Disyembre 2017, pumirma si Duterte sa isang free trade agreement sa pagitan ng Pilipinas at European Free Trade Association (EFTA) na magbibigay-laya sa pagpasok ng mga produkto at serbisyo mula sa Europa. Bibigyang-laya din ng kasunduan ang walang sagkang pagpasok ng mga dayuhang manggagawa sa "lahat ng sektor ng serbisyo," sa kabila ng probisyon sa konstitusyon na nagbabawal sa pag-empleyo ng mga dayuhan sa mga pusisyong maselan sa interes ng bansa tulad ng seguridad, edukasyon at iba pa.

Pumirma din si Duterte ng kasunduan sa United Kingdom para payagang pumasok ang kanilang produktong karne kahit wala namang kakulangan ng suplay sa bansa. Itinutulak din ng panig ni Duterte sa kasalukuyan ang pagtatanggal ng quantitative restrictions sa bigas na magbibigay-basbas sa walang sagkang liberalisasyon at deregulasyon sa bigas na magpapahintulot sa pagpasok ng gaanuman

kalaking bolyum ng inangkat na bigas mula sa mga pangunahing importer tulad ng Byetnam at Tsina na nanaisin ng mga kartel sa bigas.

Samantala, kabalintunaan ding malayang makapaglabas-masok ang mga tropang Amerikano sa bansa sa tabing ng pagtulong nito sa pwersa armada ng Pilipinas laban sa mga banta sa "national security". Pinahintulutan ng rehimeng US-Duterte na ituloy ng militar ng US ang plano nitong pagtatayo ng mga pasilidad at base sa loob ng mga kampong militar ng AFP upang paglagakan ng mga kaKamitang militar at paglunsaran ng mga operasyon. Tahasang isinasantabi ni Duterte ang soberanya ng bansa sa patuloy na paglalabas-masok ng mga barko at eroplanong pandigma ng US at paggamit nito sa Pilipinas bilang isang malaking base militar ng US. Patuloy ding kinakasangkapan ng imperyalistang US ang AFP sa pagtutulak ng doktrina ng kontra-insurhensya at sa pagsupil ng mga pwersang anti-imperyalista.

Sa harap ng sukdulang pagtataksil ni Duterte sa soberanya ng bansa at kapakanan ng mamamayan, naninindigan ang NDF-Bikol kasama ang sambayanang Pilipino sa tuluy-tuloy na pagtuligsa at pagpapanagot sa pasista at papet na rehimeng lubusang naninikluhod sa neoliberal na dikta ng dayuhang malalaking kapitalista, malalaking burgesyang komprador, malalaking panginoong maylupa at mga burukrata kapitalistang kanyang kinabibilangan at pinagsisilbihan.

---

## Hustisya para sa Maguindanao Massacre! Manindigan para sa Karapatan sa Malayang Pamamahayag!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
November 23, 2018

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa mag-iisang dekadang panawagan ng hustisya para sa higit limampung propesyunal sa midyang minasaker sa ilalim ng rehimeng Arroyo sa kanyang lokal na kasapakat na pamilyang Ampatuan noong ika-23 ng Nobyembre taong 2009 sa Maguindanao. Naitala ng masaker na ito ang pinakamalaking bilang ng mga mamamahayag na pinaslang sa isang insidente sa buong kasaysayan ng pamamahayag sa mundo. Mas masahol, naging tuntungan ni Gloria Macapagal Arroyo ang nasabing karahasan upang ipataw noon ang Batas Militar sa Maguindanao at supilin ang kilusang protesta ng mamamayan at linisin ang mga ebidensya ng pandaraya sa halalan laban kay Fernando Poe Jr sa mga bodega ng Ampatuan.

Kinukundena ng mamamayan ang rehimeng US-Duterte sa patuloy na pagkakait ng hustisya sa mga biktima at mga kaanak nito. Sa siyam na taong nakalipas, nananatiling wala ni isa sa pamilya Ampatuan at sa halos 200 akusado ang napapanagot sa krimen. Ang pag-urong ni Duterte ng hatol diumano sa taong 2019 at maging ang pagpapabalik nito kay Arroyo sa poder ay patunay ng kawalang-interes ni Duterte na bigyang katarungan ang mga biktima at paglapastangan sa malayang pamamahayag.

Higit sa lahat, bahagi ng ilinalatag na pasistang diktadura ng rehimeng US-Duterte, kaalyado ang kanyang kapwa mamamatay-midya na sina Arroyo at Marcos, ang mas marahas na pagsikil sa kalayaan sa pamamahayag ng mamamayan laluna ng mga propesyunal at manggagawa sa midya. Sang-ayon ito sa imperyalistang disenyong palaganapin ang pasismo sa buong mundo sa tangkang isalba ang walang-lunas na krisis na kinakaharap ng pandaigdigang sistemang kapital sa pamamagitan ng neoliberal na paninibasib.

Sa paglubha ng krisis ng imperyalismo, sumisidhi ang pasistang kaayusan. Malaking bahagi nito ang pagtatangka ng imperyalismong lubos na makontrol at mapasakamay ang institusyon ng midya upang panatilihing bulag ang mamamayan sa lumalalang krisis ng lipunan. Pabor sa pamamayagpag ng neoliberal na mga patakaran,

proyekto at pamumuhunan ang tikom na boses mamamayan .

Nalantad sa daigdig ang brutal na pagkapaslang sa Saudi journalist na si Jamal Kashoggi matapos nitong tuligsain si Donald Trump ng US at manawagan sa mga upisyal ng Saudi Arabia na yakapin ang kalayaan sa pamamahayag. Noong 2016, pinagbawalan ang Arabyanong si Kashoggi ng kaharian ng Saudi Arabia na isapraktika ang pagiging midya sa sarili niyang bansa matapos kuwestyunin ang patakaran ni Trump sa Gitnang Silangan.

Sa bansa, humigit-kumulang 13 na ang napatay na mamamahayag sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Kabilang dito si Joey Llana, brodkaster at anchorman ng Zagitsit FM sa Legazpi City na pinagbabaril noong Hulyo 2018.

Lantaran ding ipinapatupad ni Duterte ang media crackdown sa pamamahayag na kritikal sa kanyang pasistang mga patakaran sa layuning lubos na mapatahimik ang midya sa bansa. Matapos nitong wasakin ang Marawi at ipatupad ang Batas Militar sa Mindanao, patuloy na kinokontrol ng AFP ang mga ilinalabas na balita ng midya upang pagtakpan ang malawakang karahasan, pagpaslang at pagnanakaw ng militar. Sa pagsimula ng taon, kinansela ni Duterte ang operasyon ng online na pahayagang Rappler, isa sa mga pahayagang katunggali ng kanyang mga bayarang propagandista at malimit maglabas ng balitang tumutuligsa sa rehimen. Pinagbantaan din ni Duterte ang dating may-ari ng Inquirer na kakasuhan ng pandarambong. Tinanggihan ng Kongreso noong Oktubre 2017 ang aplikasyon ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines (CBCP) na palawigin para sa susunod na 25 taon ang prangkisa sa pagbroadcast nito sa himpapawid. Nakapailalim sa naturang prangkisa ang 54 istasyon ng radyo at telebisyon na pinapatakbo ng Simbahang Katoliko.

Kamakailan lang, ipinahayag din ng National Union of Journalists in the Philippines (NUJP) ang direktiba ni PNP Chief Oscar Albayalde na gawing kasabwat ang midya sa desperado nitong pagtatangka na pagandahin ang nabubulok nitong imahe. Kahit ang mga producer at screenwriter para sa palabas na "Ang Probinsyano" ni Coco Martin ay nakadaranas ng pampepresyur at hindi makatwirang censorship mula sa kapulisan. Gayundin, patuloy na ipinatutupad ng kapulisan ang isang prubisyon ng Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 kung saan inoobliga ang mga manggagawa ng midya na sapilitang tumestigo sa mga operasyong kontra-droga na naglalagay sa kanila sa panganib.

Sa Bikol, mahaba na rin ang listahan ng mga midya na pinatay ng mga elementong death squad ng militar. Noong Hunyo 13, 2011 pinaslang si Romeo Olea, brodkaster ng dwEB sa Camarines Sur at si Teodoro Escanilla, brodkaster ng Pamana ng Lahi sa Sorsogon, na pinaslang taong 2015. Patuloy na tinatakot ng 9th IDPA ang mga kagawad ng midya upang maitulak silang maging makinarya ng disimpormasyon at kasinungalingan ng militar. Sa Masbate, ipinapatupad ng rehimen katuwang ang 9th IDPA ng Philippine Army ang news blackout sa buong prubinsya. Ilan sa mga matitingkad na kaso ang pagpigil sa paglabas ng balita hinggil sa pagmasaker ng 9th IBPA sa apat na habal-habal drayber na inakusahang mga kasapi ng NPA sa Brgy. Cawayan sa nasabing prubinsya noong Agosto 3, 2015 at ang malawakang protesta at camp-out ng 4000 masang Masbatenyo laban sa tumitinding militarisasyon sa kanilang lugar.

Siyam na taon matapos ang malagim na masaker sa Maguindanao, nananawagan ang NDF Bikol sa mamamayan na labanan ang nagpapatuloy na panunupil ng rehimeng US-Duterte sa kalayaan ng pamamahayag. Tangan ang kapasyahang bigyang katarungan ang mga kagawad ng midyang dinahas at pinaslang ng mga pasistang rehimen, nakikiisa ang rebolusyunaryong kilusan sa patuloy na pakikibaka ng mga propesyunal at manggagawa sa midya na tumindig para sa katotohanan at pumanig sa malawak na hanay ng mamamayang pinagsasamantalahan at inaapi.

## Memorandum Order No. 32: Estadong Atas sa Higit pang Panunupil at Desperadong Hakbang Tungong Batas Militar

Pahayag sa Midya
Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF Bikol
November 25, 2018

Dapat kundenahin at labanan ng masang Bikolano ang kautusan na Memorandum Order No. 32 ng rehimeng US-Duterte na naglalayong dagdagan ang pwersa ng militar at pulis sa rehiyon ng Bikol at sa mga prubinsya ng Samar at Negros. Linalaman ng MO 32 ang mga nakababahalang direktiba na tahasang lumalabag sa karapatang tao at pataksil na nagpapaloob sa mga lugar na target nito sa higit na masidhing presensya ng militar at operasyong paniktik. Kapag naipatupad, oobligahin ng MO 32 ang mga local government units (LGUs) at iba pang mga ahensya ng gubyerno na lumahok sa mga operasyong militar. Panghihimasukan ng militar ang mga aktibidad, pamamalakad at mga desisyon ng mga naturang ahensya. Pinahihintulutan din ng MO 32 ang pagsasagawa ng warrantless arrests sa sinumang arbitraryong paghinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan, pagsita, pagkapkap o paghalughog at malaganap na checkpoints. Sa ganitong balangkas, ang sinumang sibilyan ay maaari nang arestuhin at sampahan ng mga gawa-gawang kaso.

Malinaw na hindi 'precautionary measures' at hindi rin para sa paghahanda sa midterm elections sa 2019 ang nasa likod ng MO 32 at ng plano ng AFP na pabalikin ang 49th IBPA at 42nd IBPA sa rehiyong Bikol. Ang ganitong mga hakbang upang pangabibabawin ang kapangyarihan ng militar ay walang ipinag-iba sa paghaharing-militar noon sa ilalim ng Batas Militar ng diktadurang Marcos. Bahagi ito ng hakbang-hakbang na pagpapatupad ng rehimeng US-Duterte ng isang de-factong Batas Militar na higit na maghahasik ng sukdulang karahasan at takot sa mamamayan, mananalasa sa karapatang tao at tatarget hindi lang sa rebolusyonaryong kilusan kundi maging sa sibilyang populasyon. Layunin nitong bigyan ng bagong bihis ang militaristang paghahari at sa gayon ay gawin itong tunay na nasa kontrol at sentro ng lakas sa ilalim ni Duterte, oobligahing pakilusin at pagsilbihin sa mga operasyong militar ang mga sibilyang ahensya at tauhan ng gubyerno at makahatak sa mas maraming 'actors' para sa ilinulunsad nitong kontra-insurhensyang programa.

Malinaw na bigo ang 9th IDPA, PNP at Task Force Bikolandia sa target nitong pahinain nang lubusan ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang 2018. Sa kabila ng mga pahayag nitong wala nang sapat na lakas ang BHB sa rehiyon, nagkukumahog naman itong dagdagan ang pwersa nitong susupil sa pag-aalsa ng masa sa panibagong takdang pagpapalawig ng kanilang misyon sa gitna ng 2019.

Balatkayo lamang ng militar ang pagtataguyod umano sa kapayapaan at karapatang tao. Nagpopostura silang rumerespeto at nagtataguyod sa mga karapatang tao habang sa katotohanan ay sumasalig sa pasistang kamay na bakal sa pangwawasak sa mga rebolusyonaryo at progresibong organisasyon at paglinis ng mga teritoryo at sektor sa tinataya nilang impluwensyado ng rebolusyonaryo at progresibo. Ginagawa nila ang lahat ng paninira, demonisasyon at pagkriminalisa sa kilusang rebolusyonaryo, gayundin sa lahat ng pag-oorganisa at sama-samang pagkilos at paglaban ng karaniwang mamamayan upang palitawing lehitimong target ang mga ito ng pasistang dahas ng estado. Nagpapakadalubhasa ang militar sa paghanap, paggamit at paglusot sa mga butas ng batas upang igiit kundi man palitawing ligal ang kanilang mga pasitang krimen. Kabilang dito ang pagtatanim ng ebidensya, pagyari ng mga ebidensya at testimonyang huwad, pagpapatung-patong

ng gawa-gawang mga kasong kriminal bukod pa sa tahasang tortyur, pananakot at pamimilit. Karaniwan na ang pangwawasak ng kasangkapan at bahay ng masa hanggang panununog, pagkonsumo ng mga hayop at produktong gulay at pagnanakaw ng pera at mahahalagang kagamitan. Humihinto rin sa pagsasaka at produksyon ang mga magsasaka kapag naglipana na ang mga tropang abusado sa mga barangay. Naglalakas-loob ang militar na itulak ang paghahari nito sa pag-aakalang makapagtitindig ito ng bandera at kredibilidad bilang kampeon ng karapatang pantao at tagapagtanggol ng "pambansang seguridad" habang nagpapatuloy at higit pang tumitindi ng militarisasyon at pasistang dahas sa kanayunan at kalunsuran.

Dahil ito ay nakaayon sa imperyalistang diktang ibayong paigtingin ang panunupil sa paglaban ng mga mamamayan ng daigdig, aasahan din na tuluy-tuloy na aayudahan ng US ang armadong pwersa ng papet na rehimeng US-Duterte sa anyo ng tulong pinansyal, kagamitan at rekurso, pagsasanay, direktang pwersang nag-oopereyt bilang bahagi ng civil-military assistance, direktang pagtulong sa internal na depensa at tuwirang interbensyong militar ng mga tropang US.

Sa harap ng MO 32, pagbabalik ng 49th IBPA at 42nd IBPA at dagdag na 276 bagong sinanay sa rehiyon, inaasahang higit na ipatutupad ng 9th IDPA ang estratehiya ng pagkontrol sa populasyon gamit ang marahas at labag-sa-karapatang-taong mga pamamaraan upang wasakin ang mga larangang gerilya, durugin ang BHB at pahinain ang pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan. Gagamitin nito ang iba't ibang modelo ng panunupil na dinisenyo ng mga berdugong upisyal ng AFP sa gabay ng Counter-Insurgency (COIN) Guide ng US. Hakbang din ito tungo sa napipintong pagpapatupad ng National Task Force na magtutuon ng pansin laban sa BHB.

Tiyak na gagamitin ang mga pamamaraan at konseptong tulad ng gradual constriction (win-hold-win), one-on-one (1 – 2 batalyon bawat larangang gerilya, operational command sa antas ng brigada), clear-hold-consolidate-develop, shock-and-terror tactics ng berdugong heneral na si Palparan at iba pa. Ang ganitong pakat ng militar ay naglalayong ibalik ang timbangang 'isa-laban-sa-sampu' na tinataya nitong makapagbibigay sa kanila ng superyor na pwersang pinakaepektibo sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan sa pinakamabilis na panahon alinsunod sa prinsipyo ng war of rapid conclusion.

Sa ilalim ng all-out war ng pasistang rehimeng US-Duterte, nangangahulugan ang war of rapid conclusion ng maiigting na focused and sustained operations tulad ng ginagawa ng mga Peace and Development Teams at combat operations ng mga militar. Layon nitong wasakin ang base at suportang masa ng BHB, itulak at gasgasin sa maraming depensibang labanan, lansagin ang mga larangang gerilya at engganyuhin ang ibayong pagpapasuko sa mga pulang mandirigma.

Inaasahan ang higit na panghihimasok at censorship laluna sa mga daluyan ng impormasyon upang pigilan ang paglitaw ng katotohanan sa mga insidente ng abusong militar. Tiyak na tatamaan ng MO 32 ang kalayaan sa pamamahayag ng mga kagawad sa midya. Gagamitin ang iba't ibang pamamaraan upang kontrolin ang paglabas-masok ng impormasyon gaya ng pagbabayad ng mga trolls na babaha ng mga pekeng balita sa mga daluyan ng midya, pagpapapasok ng inaalagaang asset sa mga istasyon ng radyo, telebisyon, pahayagan at iba pa o hindi kaya ay tuwirang pananakot at pagbabanta sa buhay ng mga makabayang kagawad ng midya.

Gayundin ang inaasahang panghihimasok na mararanasan ng mga ahensya ng gubyerno at LGUs. Oobligahin ang mga upisyales ng lokal na gubyernong sumang-ayon sa mga programang ipinapanukala ng militar kahit na ito ay sukdulang labag sa mga karapatan ng kanilang pinamumunuan. Ang sinumang hindi sumunod

ay dadanas ng 'smear campaign', paparatangang taga-suporta ng rebolusyonaryong kilusan, pagbabantaan, iligal na aarestuhin o hindi kaya ay papatayin. Ngayon pa lamang, lampas na sa 15 upisyales ng lokal na gubyerno ang pinaslang ng pasistang militar. Kabilang dito si Kgd. Emilio Guab, residente at kagawad ng Brgy. Lajong, Juban, Sorsogon na pinaslang nitong Oktubre 2018 at si Kapitan Oscar Jetomo na pinaslang noong Agosto 16, 2017 sa prubinsya ng Sorsogon.

Bukambibig ng militar na sila ay para sa 'kapayapaan' at 'na walang anumang paglabag sa karapatang taong naitala habang nag-ooperasyon' ang kanilang mga yunit. Ngunit iba ang sinasaysay ng mga obhetong datos mula mismo sa masa. Ngayong taon pa lamang, nakapagtala na ng 42 kaso ng pamamaslang sa buong rehiyon kabilang ang walong senior citizen at apat na menor de edad. Naghahasik din ng takot ngayon ang mga mapagkunwaring Peace and Development Teams (PDT) sa mga eryang sinasaklaw nito sa rehiyon. Sapilitang tinitipon ang mga tao at tinatakot na huwag dumalo sa mga pagkilos. Iligal silang kinukuhanan ng litrato at pinapapirma sa mga gawa-gawang 'incident reports' ng pekeng engkwentro, 'kontrata ng pagsuko' at iba pa. Iligal ding gumagawa sila ng sensus, kabilang ang impormasyon ng mga lupang sakahan, mga lugar ng trabaho at tirahan ng mga kapamilyang nasa labas ng baryo at mga personal na impormasyong sa NSO lamang dapat matipon. Ang presensya ng militar sa mga kanayunan ay presensya ng batas militar. Batas ng pasismo at terorismo ng estado. Ito ang malinaw na "lawlessness".

Mahaba ang listahan ng iniwang abusong militar ng 49th IBPA at 42nd IBPA sa rehiyon. Ilan dito ang walang pakundangang pagpapaulan ng putok ng mga elemento ng 42nd IB sa isang grupo ng 15 mangingisdang naglalayag sa Lagonoy Gulf, sakop ng Barangay Adiangao, San Jose, Camarines Sur noong Marso 3, 2009. Patay sa naturang insidente si Domingo Barbado at malubhang nasugatan si William Arroyo. Gayundin ang brutal na pagmasaker ng mga elemento ng 49th IBPA sa pamilyang Mancera noong Pebrero 25, 2012 sa Sityo Mapatong, Purok 6, Brgy. Malaya, Labo, Camarines Norte. Patay ang dalawang batang sina Michael Mancera, 10 taong gulang at Richard Mancera, pitong taong gulang. Patay din sa naturang insidente ang kanilang ama na si Benjamin Mancera, 45 taong gulang habang sugatan naman ang isa pang batang babaeng si Leoneza Mancera, 14 taong gulang. Sa pagbabalik nito sa rehiyon, aasahan ang pagsisigasig nitong muli na namang makapaghasik ng takot at banta sa buhay ng masang Bikolnon.

Dapat ubos-kayang labanan ng masang Bikolano at ng sambayanang Pilipino ang MO 32 at mga kahalintulad nitong militaristang hakbangin tungo sa Batas Militar - deklarado man o de-facto. Ito ay atake hindi lang sa rebolusyonaryong kilusan kundi maging sa kalayaan at kapakanan ng sibilyang populasyon. Lalabagin nito ang mga kalayaan na dapat tinatamasa ng mamamayan ng isang bansa at ang mga demokratikong aktibidad ng mga sibilyan. Bibigyan nito ng walang sagkang kapangyarihan ang militar na arbitraryong targetin at tugisin ang sinumang naisin nito. Sa harap ng tumitinding panunupil ng estado, dapat ibayong magbigkis ang sambayanan upang buong-lakas na bumalikwas at lumaban para sa isang lipunang tunay na demokratiko, malaya, masagana at mapayapa.

## Unite to Fight for Press Freedom and Oppose Memorandum Order No. 32!

Press Release
Artista at Manunulat ng Sambayanan-Bikol
November 25, 2018

The Artista at Manunulat ng Sambayanan-Bikol (ARMAS-Bikol) is one with workers from the press and media in expressing its highest condemnation over the US-Duterte regime's issuance of Memorandum No. 32, which aims to expand the state's military and police powers against the civilian population in preparation for Duterte's all-out imposition of a nationwide Martial Law and establishment of a fascist and terrorist dictatorship. MO 32 serves as an implementing instrument and an integral part of Duterte's National Task Force against the CPP-NPA-NDFP. This task force executes the whole-of-nation approach prescribed under Oplan Kapayapaan, which aims to coerce all government agencies and civilian institutions such as media to be under military rule in a concerted effort to defeat the ever rising struggle of the Filipino people against Duterte's neoliberal and fascist policies. MO 32 enforces the military and police to go frenzy in attacking all civilian, progressive and legal-democratic agencies critical to the administration's policies, including in particular, emboldening AFP and PNP to heighten the regime's policy of censorship and crackdown against media and press personnel—in sheer violation of press freedom.

Just like what the regime did when it imposed Martial Law in Mindanao when the Armed Forces of the Philippines suppressed and controlled the flow of news and information to cover up the atrocities and killings committed by the mercenary troops when it destroyed the city of Marawi, the same is bound to happen under the National Task Force and MO 32. With Bicol being primarily targeted in said memorandum through the additional deployment of military forces and the return of the notorious 49th and 42nd Infantry Battallions, this entails an intensified attack and graver abuse against media and press from the region, adding to the long list of fascist crimes committed by the 9th Infantry Division against press people. This includes information-twisting, installation of assets in media stations, and worse, actual threat, harassment and direct assault against media and press workers.

Bicolanos have yet to exact justice over the many fascist crimes committed by the 49th Infantry Battallion of the Philippine Army. In an act of sheer contemptuousness, they have even used media as an institution to further their abhorrent acts. On August 2010, a fifteen-year old girl was raped seven times by PFC Hamandre Flores, a military from 49th IB and an anchorman of Radio PADABA. According to the victim's mother, they have come to seek help from Flores, an Isabela native, in order to find the victim's uncle, who also molested the victim and was then hiding somewhere in Isabela. As a result of a fact-finding mission initiated and joined by people from the media and press, charges were filed against PFC Flores and six other troops from the 49th IB.

Amidst all of these, media and press were not silenced. With the recent arm-twisting of the state's reactionary forces, journalist and broadcasters alike are joining the massive surge of protests, campaign and demonstrations aimed at condemning the US-Duterte for its anti-people policies. Recently, the National Union of Journalists in the Philippines initiated a campaign to deter PNP's attempt to force media to be part of the police's desperate effort to repair its already disparaged reputation amidst the growing anger of the people against the regime's war on drugs.

With the looming intensification of military operations and the dawning of a fascist dictatorship under the US-Duterte regime, ARMAS-Bikol calls all media and press people, cultural workers, writers and the intelligentsia, to oppose MO32 and other militarist and fascist measures by the regime aimed at totally suppressing the very democratic rights we have long upheld and fought for. Now more than ever is the time to solidify our ranks and stand with the people in its continuing and determined fight for social and economic justice.

# MEMORANDUM ORDER 32: TAHASANG PAGLABAG SA KARAPATAN NG MAMAMAYAN SA PAGTATANGGOL SA SARILI (SELF-DEFENSE) AT KARAPATAN SA PAGPAPASYA PARA SA SARILI (SELF-DETERMINATION)

Pahayag sa Midya
Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF Bikol
November 25, 2018

Bunga ng hindi matatawarang paglaban ng mamamayan sa iba't ibang porma ng pang-aapi at pagsasamantala sa buong kasaysayan, isa ang karapatang ipagtanggol ang sarili sa mga karapatang taong kinikilala sa kasalukuyan sa buong daigdig. Napakaraming mga internasyunal na batas ang malinaw na kumikilala at sumusuporta sa karapatan ng mamamayang ipagtanggol at lumaban para sa kanyang mga demokratikong interes – sa marahas mang pamamaraan kung kinakailangan.

Ayon sa Universal Declaration of Human Rights 1948,

*"it is essential, if man is not to be compelled to have recourse, as a last resort, to rebellion against tyranny & oppression, that human rights should be protected by the rule of law." [GA. Res. 217A, at 135, U.N. Doc. A/810 (1948).]*

Ayon pa sa Declaration Of The Independence Of Colonial Nations & Peoples" (Resolution 1514, XV, December 14, 1960:

*"2. All peoples have the right of self-determination. They are free to politically determine the force of this right & to freely struggle for economic, social, & cultural development.*

*3. All armed actions & measures of repression, of any type whatsoever, against dependent peoples are to be halted in order to make it possible for them to peacefully & freely enjoy their right to full independence. "*

Ibig sabihin, sa puntong wala nang ibang masusulingan ang mamamayan laban sa pang-aapi ng sarili niyang gubyerno at iba pang entidad, kinikilalang lehitimo, at karapatan pa nga, ang kanyang paglaban – anuman ang tipo nito: mapayapa at parlyamentaryo o hindi kaya ay armadong paglaban. Malinaw na isinasaad ng naturang deklarasyon na dapat ay malaya mula sa anumang banta ng panunupil ang mga indibidwal o grupong nagsasabuhay ng kanilang karapatang ipagtanggol ang sarili mula sa pagsasamantala at pang-aapi.

Sa bansa, ibinunga ng mahabang panahon ng kahirapan at kaapihan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na kaayusan sa Pilipinas ang maramihang pagkamulat at pagkatutong lumaban ng masa. Sila ay nagtutulungan sa kanilang mga suliranin, nagkakaroon ng mga grupo, samahan at nagbubuklod sa adhikaing mapaunlad ang kanilang kabuhayan at makamit ang kanilang mga demokratikong interes. Umuunlad ang kanilang pampulitikang kamulatan at naghahangad ng demokratikong karapatan bilang nakararami sa lipunan. Nagmumula sa kanila ang lumalahok sa mga pakikibakang masa sa kanayunan at kalunsuran ng bansa.

Ginagamit nila ang lahat ng maaaring rekurso at anyo ng ligal na pagkilos at pakikibaka mula sa lansangan, talakayan, midya, hanggang mga ahensya ng gobyerno, kongreso, Malacanang at Supreme Court. Ngunit, mapanupil na estado ang humaharap sa kanila. Nagsisilbi ang mga korte at kulungan sa naghaharing-uri at palagiang naglalabas ng mga desisyong malayo sa interes ng masang api at pinagsasamantalahan. Karahasan at pamamaslang ang tugon sa anumang tipo ng lehitimong pagbabalikwas ng mamamayan.

Sa kasalukuyan, ang labis na kahirapang idinulot ng inutil na rehimeng US-Duterte sa mamamayan bunga ng pagtaas ng mga bilihin at serbisyo sanhi ng TRAIN LAW, gobyerno-lokal na kartel na sabwatan sa presyo ng bigas, imperyalistang kontrol sa presyo ng langis at mabigat na gastusin sa pabahay, pagamot, edukasyon, pamasahe, tubig at kuryente ang nagtutulak sa masang anakpawis na lumahok sa iba't ibang porma ng pakikibakang masa.

Gayundin, ang Bagong Hukbong Bayan, sa gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang tumugon sa tungkuling ipagtanggol ang masa sa pamamagitan ng armadong paglaban. Kinikilala ang pampulitikang prestihiyo nito sa buong daigdig. Rinerespeto, maging ng internasyunal na komunidad, ang pagiging lehitimo ng armadong pakikibaka sa bansa laban sa sukdulang kasalatan at pagdarahop. Ngunit sa halip na kilalanin ito at tugunan ang ugat ng armadong sigalot sa bansa, higit pang panunupil ang sagot ng rehimeng US-Duterte sa paglaban ng mamamayan sa tumitindi pang kahirapan, militarisasyon at abusong militar laluna sa kanayunan ng mga isla ng Samar, Negros at rehiyong Bikol.

Sa ganitong balangkas, malinaw na ang Memorandum Order 32 na nag-aatas na dagdagan ang pwersa armadang susupil sa paglaban ng mamamayan, nagbibigay sa militar ng arbitraryong kapangyarihang itakda ang mga lehitimong hakbangin ng mamamayan upang ipagtanggol sa sarili bilang 'banta sa seguridad', 'lawless violence' o 'act of terrorism' at nagbibigay-laya sa AFP-PNP-CAFGU na atakehin ang masa at iba pang mga ahensya sibil ay direkta at tahasang paglabag sa karapatang tao. Napakamapanganib nito dahil hindi lamang nito tinatarget ang rebolusyonaryong kilusan – tinatarget nito ang lahat ng porma ng pakikibakang masa at binibigyan ng walang sagkang kapangyarihan ang sandatahang lakas ng bansa na maglunsad ng gera at sistematikong atakehin ang sinumang mangangahas tumuligsa sa mapagsamantala at pasistang pamamalakad ng rehimen.

Ang MO 32 ang pinakabago sa arsenal ng pasismo ng papet na rehimeng Duterte na sinusuportahan ng imperyalistang US. Alam ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas at ng amo nitong imperyalista na ang paglaban ng mamamayan ang pwersang pumipigil at lumalaban sa tuluyang pagkubabaw ng kapitalistang interes sa bansa. Kung kaya naman, sadyang binubuhusan ng pondo at nasa pinakamataas na prayoridad ng rehimeng US-Duterte ang panunupil sa paglaban ng mamamayan. Ang MO 32 ay bahagi ng whole of the nation approach na estratehiya ng rehimeng US-Duterte upang obligahin ang pagsuporta ng pinakamaraming bilang ng ahensya at sangay ng gubyerno sa kontra-insurhensyang programa nito, takutin at hadlangan ang paglahok ng malawak na hanay ng masa sa mga lehitimong paglaban at tuluyang ihiwalay ang rebolusyonaryo at progresibong kilusan mula sa sambayanan.

Tulad ng mga naunang mapanupil na batas at programa gaya ng Calibrated Pre-emptive Response (CPR), Presidential Proclamation 1017, Executive Order 464 at Human Security Act sa panahon ni Gloria Macapagal Arroyo, walang ibang layunin ang MO 32 kundi kriminalisahin, paratangang hindi lehitimo at tuluyang supilin ang makatarungan at makatwirang paglaban ng mamamayan.

Kaugnay nito, nananawagan ang NDF-Bikol na ibayong pagtibayin ng masang anakpawis sa rehiyon at buong bansa ang kanilang pagbibigkis. Marapat lamang na manindigan ang mamamayan – mga magsasaka, manggagawa, kabataan-estudyante, taong-simbahan, mga kagawad ng midya, propesyunal, intelihensya, makabayan at mga progresibong grupo at iba pang sektor ng lipunan para sa kanilang karapatang ipagtanggol ang sarili nang walang banta ng pasismo ng estado. Ito ay isang karapatang hindi lamang lehitimo dahil kinikilala ng mga internasyunal na batas kundi makatwiran dahil ito ang tanging sagot sa walang kaparis na pang-aapi at pagsasamantalang isinasabalikat ng masa.

## GUNITAIN ANG ARAW NI BONIFACIO, AMA NG REBOLUSYONG PILIPINO! MANGAHAS MAKIBAKA MULA SA PANININDIGANG DEMOKRATIKO, PROGRESIBO AT MAKABAYAN!

PAHAYAG SA MIDYA
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
November 30, 2018

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa paggunita ng sambayanan sa Araw ni Bonifacio. Si Gat Andres Bonifacio ang ama ng Rebolusyong Pilipino ng 1896 na buong lakas at tatag na lumaban sa pananakop ng mga kolonyalistang Espanyol. Sa panahon ng imperyalistang panunupil at mga papet na reaksyunaryong gubyerno, hinihingi ng panahon ang ibayong pagkakaisa ng mamamayan at ang pagsasabuhay ng makabayang diwang ipagtanggol ang soberanya ng bansa at ang kapakanan ng sambayanang Pilipino.

Sa kasalukuyan, pinag-aagawan ang bansa ng dalawang imperyalistang kapangyarihang US at Tsina. Samantala, nananatili lamang inutil ang rehimeng US-Duterte sa usapin ng pagtataguyod ng kasarinlan ng bansa at sa pagtanggi niyang magpatupad ng makatwiran at makabayang patakaran sa internasyunal na relasyon. Tuta si Duterte sa dalawang ekonomyang kapangyarihang nagpapasasa sa bansa, nag-aagawan ng teritoryo sa pamilihan at sa estratehikong pusisyong militar.

Sa isang banda, lantarang ipinamimigay ni Duterte sa Tsina ang karapatan ng bansa sa West Philippine Sea (WPS). Hindi niya ipinatupad ang nauna nang desisyon ng internasyunal na hukumang Arbitral Tribunal noong 2016 na nagbigay ng hatol na ang Spratly islands, Scarborough Shoals at iba pang bahagi ng WPS ay marapat na ituring na exclusive economic zone at extended continental shelf ng Pilipinas at nakaayon sa karapatan ng Pilipinas na nakasaad sa UN Convention on the Law of the Seas. Sa halip, pumirma si Duterte sa 26 na Memorandum of Understanding na kinabibilangan ng pagpasok ng bansa, kasama ang Tsina, sa 'magkasanib na eksplorasyon' sa karagatang ng Pilipinas, kahit taliwas ito sa proteksyong isinasaad ng Konstitusyon para sa mga gayong eksklusibong karapatan ng estado.

Sa kabilang banda naman, walang patumangga ring tumatalima ang rehimeng US-Duterte sa lahat ng neoliberal na tulak at programa ng panunupil na itinataguyod ng imperyalistang US. Ang pagpapatupad ng pahirap sa masang batas na Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN), na bahagi ng Comprehensive Tax Reform Package (CTRP) ay kapalit ng US$739 milyong Partnership for Growth na pinasok ng Pilipinas at ng US noong 2011. Sa pamamagitan nito, ibayong makahuhuthot ng labis na tubo ang mga dayuhang mamumuhunan mula sa US sa pamamagitan ng pagpapasa ng buwis sa mamimili at pagkakaroon ng mga tax incentives, tax holidays at iba pang insentibong sa esensya ay babawas sa gastos ng produksyon ayon sa interes ng mga may-ari nito.

Maging ang kumprehensibong plano ng rehimeng US-Duterte upang supilin ang paglaban ng mamamayan ay nakabalangkas sa kontra-insurhensyang doktrina ng US. Pinahihintulutan ni Duterte ang pagyurak ng tropang US sa soberanya at integridad ng bansa kapalit ng suporta nito sa pagtatayo niya ng isang militaristang diktadura. Sa bisa ng Memorandum Order 32, ipinailalim ni Duterte ang bansa sa 'state of national emergency' sa batayan umano ng tumitinding banta ng 'lawless violence' ng CPP-NPA-NDFP. Ginagamit ito ngayon ng US na dahilan upang buuhin ang Operation Pacific Eagle-Philippnes (OPEP) ng US. Ito ang pinakabagong 'anti-teroristang operasyon' ng imperyalistang US upang

mailusot nito ang ibayong  panghihimasok ng dayuhang  militar sa bansa.

Kahit ipinagbabawal ng mismong reaksunaryong Konstitusyon, mayroong 200-300 dayuhang tagapayo ang AFP mula sa US.Sila ay permanenteng nakadeploy sa bansa, nagbibigay ng mga pagsasanay at nagdidirehe ng ilang operasyon ng AFP. Sunud-sunod din ang pagbibigay ng US ng ayudang militar sa AFP na ginagamit sa mga operasyong militar sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

Malinaw na walang pampulitikang kapasyahan ang papet na gubyerno ng bansa. Wala itong kakayahang ipagtanggol ang soberanya ng bansa laban sa banta ng sukdulang panghihimasok at pananakop. Bagkus, ang rehimeng US-Duterte pa mismo ang nangunguna sa panunupil sa mamamayan at lantarang paglabag sa sarili nitong mga batas at Konstitusyon.

Walang ibang masusulingan ang masang Pilipino kung hindi ang ipagpatuloy at isulong ang bagong tipo ng Rebolusyong Pilipino na sinimulan noon ng Katipunan sa ilalim ng pamumuno ni Bonifacio. Ang mga anak ng bayan ng kasalukuyang panahon ang mangangahas na makibaka upang labanan ang pagbayo ng mga neoliberal na patakaran, biguin ang todo-gera ng rehimeng US-Duterte at pigilan ang anumang banta ng pananakop kapwa ng imperyalistang US at Tsina. Tulad nang kung paano tinugis at tinaguriang mga 'bandido' ang mga Katipunero at mamamayang nag-armas upang labanan ang pananakop ng Espanyol noon, marapat ding harapin ng mga bayani ng kasalukuyang panahon ang hamon ng pagbabalikwas para sa makauring interes kahit sa harap  ng tumitinding pasismo ng estado. Anumang marahas na balakid ang iharap ng mga reaksyunaryo, marapat na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa ganap nitong tagumpay. Sa huli, kasaysayan ang magpapatunay kung sino ang tunay na nanindigan para sa bayan at sino ang tunay na kaaway ng sambayanan.

## KABATAAN, LABANAN ANG PANUNUPIL AT PAGSASAMANTALA! PABAGSAKIN ANG PASISTA AT PAPET NA REHIMENG US-DUTERTE!

PAHAYAG SA MIDYA
KABATAANG MAKABAYAN-BIKOL
November 30, 2018

Pinakamataas na pagpupugay at pakikiisa ang ipinapaabot ng NDF-Bikol sa Kabataang Makabayan (KM) sa okasyon ng ika-54 nitong anibersaryo. Sa loob ng higit limang dekada, tumindig ito bilang balon ng mga anak ng bayan na patuloy na nagsusulong at nagtataguyod ng makatwiran at makatarungang digma ng mamamayan para sa ganap at tunay na panlipunang pagbabago.

Ipinagpapatuloy at ibayong pinagtitibay ng KM ang pagkakaisa ng kabataan sa dakila at makasaysayan nilang tungkuling tanganan ang armadong pakikibaka upang labanan ang lahat ng pwersa ng reaksyon mula pa sa rebolusyong 1896 kung saan pinangunahan ng kabataang Pilipino ang paglaban at paggapi sa kolonyalismong Espanyol. Nagmula sa hanay ng KM ang mga rebolusyunaryong muling nagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng Bagong Hukbong Bayan na siyang namuno sa malawak na hanay ng mamamayan upang pabagsakin ang diktadurang US-Marcos.

Ngayon, ubos-kayang kumikilos ang KM upang magapi at madurog ang pasista at teroristang rehimeng US-Duterte. Lalo lamang pinaliliyab ng ambisyon ni Duterte na itayo ang isang pasistang diktadura sa pamamagitan ng Nationwide Martial Law at ganap na paghaharing militar ang pagpapasya ng paparami pang bilang ng kabataang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan. Kalakhan sa kanila'y nagmula sa malawak

na hanay ng mga kabataang magsasakang maagang namulat at nag-aklas laban sa tumitinding malapyudal na pagsasamantala. Ang iba sa kanila ay mula sa mga kabataang petiburgesya - estudyante, intelektwal at mga propesyunal, na pinangingibabawan ang matinding imperyalistang propaganda at piniling mag-ambag ng kanilang talino at husay upang paglingkuran ang sambayanan.

Kinakaharap ng kabataan sa kasalukuyan ang matinding pagsasamantalang bunsod ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunan. Sa ilalim ng isang atrasado, agraryo at bansot na pre-industriyal na ekonomyang naglilingkod sa interes ng imperyalismo, walang pinatutunguhan ang kabataan kundi ang pagiging balon ng murang lakas-paggawa o kaya naman ay mapabilang sa lumalawak na hanay ng walang trabaho. Ipinagkakait sa kanila ang karapatan sa edukasyon. Sadyang komersyalido ang edukasyon at dinisenyo upang ibenta ang kanilang lakas-paggawa sa kapakinabangan ng dayuhang ekonomya. Kamakailan lang, idineklara na ng Korte Suprema na ligal at konstitusyunal ang programang K-12 at ang pagtatanggal sa Filipino bilang isang subject sa kolehiyo. Kinaltasan din ang pondo sa edukasyon sa ilalim ng panukalang badyet para sa taong 2019.

Dinaranas din ng kabataan ang pinakamatinding pasistang pandarahas at bigwas sa ilalim ng all-out war ng rehimen laban sa mamamayan at napipintong deklarasyon ng Nationwide Martial Law. Pilit ipinapalaganap ang kultura ng pananakot at pandarahas sa hanay ng kabataan upang supilin ang kanilang diwang makabayan at hubugin sila bilang mga bulag na tagasuporta at tagapagtaguyod ng pasismo. Malinaw na panibagong banta sa kabataan at estudyante ang pagiging ligal ng “EJK” sa atas ng pagbubuo ng mga  “Duterte Death Squads” (DDS) o “Duterte  Sparrow Units” na nakaambang manalasa sa mga komunidad at matataong lugar ng kalunsuran at mga sentrong bayan.

Ngayon pa lamang ay pumapangalawa na ang Kabikulan sa pinakaraming naitalang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Sa pagkakaroon ng bisa ng MO 32, inaasahan ang higit na marami at malalang mga abuso at paglabag sa demokratikong interes at karapatang-tao kabilang na ang karapatan ng kabataang Bikolano. Ilan sa mga kaso nito ay ang pagmasaker ang mga kabataang sina Ariel Madrilejos, Ricky Alejo, John Paul Cristobal, Dijie at Jeo Cabarles, mga estudyante at upisyal ng Sangguniang Kabataan, sa Brgy. Nabongsoran, Aroroy, Masbate. Tinortyur at nilibing naman nang buhay ang mga kabataang magsasaka na sina Robero Naris,30 anyos, Ronel Naris, 28 anyos at Antonio Bonagua, 19 anyos sa Ragay, Camarines Sur.

Titindi rin ang operasyong paniktik at crackdown sa ligal demokratikong kilusan ng kabataan at kabataang-estudyante. Umiigting ang panunupil sa campus journalism, student councils at organizations at sa demokratikong karapatan ng mga estudyante. Ilang buwan pa lamang ang nakararaan, tinarget ng pasistang rehimen sa palpak nitong pakanang Red October ang panunupil sa paglaban ng kabataang estudyante. Sa rehiyon, aktibong rinerekluta ng AFP ang mga estudyante sa mga Student Intelligence Network (SIN).  Sa ilalim din ng Oplan Kapayapaan, nakapagtala ng sunud-sunod na kaso ng pananakot sa mga lider-estudyante, mga kasapi ng konseho ng mag-aaral, mga manunulat at editor ng mga pahayagan ng Bicol University at Ateneo de Naga University at mga estudyanteng kasapi ng College Editors’ Guild of the Philippines (CEGP)-Bicol.

Muli ring ikinakampanya ng kasundaluhan ang pagbabalik ng mapanupil na Reserve Officers Training Course (ROTC) na dati nang tinanggal noong 2003. Naipanalo ng kabataan at masa ang kampanya upang maibasura ito dahil sa bulok at pasistang pamamalakad sa loob nito tulad ng pananakit at pagpapahirap

sa mga kadete. Gayundin, sa pamamagitan ng pangako ng mataas na sahod, hinihikayat ang mga kabataang maging sundalo at pulis na instrumento ng estado upang maghasik ng teroristang dahas sa mamamayan.

Ngunit sa kabila ng lahat ng panlilinlang at direktang pang-aatake sa kanilang hanay, patuloy na pinipili ng mga kabataan ang landas ng rebolusyon. Sila ay mga anak ng bayan na namulat sa tunay na sanhi ng kasalatan, pagkaatrasado at pagkaalipin ng sambayanang Pilipino. Ang landas na ito ang naghahangad ng tunay na demokratikong pagbabago at pambansang kalayaan. Yinayakap ng kabataan ang armadong pakikibaka at iba pang anyo ng paglaban upang pagbagsakin ang reaksyunaryong estado at magtindig ng isang tunay na demokratikong gobyernong bayan.

Nananawagan ang buong rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan para sa ibayong pagkakaisa ng mga kabataan at mamamayan laban sa papaigting na panunupil at pagsasamantala ng rehimeng US-Duterte. Labanan ang lahat ng porma ng neoliberal na patakaran tulad ng Tax Reform Acceleration and Inclusion (TRAIN) at ibayong komersyalisasyon ng edukasyon. Mapangahas na labanan ang pasistang pambabayong hatid ng mga batas na tulad ng Memorandum No. 32 at pigilan ang napipintong deklarasyon ng Nationwide Martial Law. Marapat lamang na ibayong iambag ng kabataan ang kanilang lakas, talino at panahon sa rebolusyon. Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at isulong ang digmang bayan hanggang sa ganap na tagumpay!

## EXERCISE PAGSISIKAP 2018, BAHAGI NG PALABAS NA STATE OF NATIONAL EMERGENCY, GILAS- PANANAKOT AT PAGSASAYANG NG PONDONG PUBLIKO

PAHAYAG SA MIDYA
Ka Ma Roja Banua
December 1, 2018

Mula Nobyembre 26 hanggang 29, nagsagawa ang pwersang nabal ng Pilipinas ng isang pagsasanay militar sa mga baybayin ng Brgy. Lidong, Sto. Domingo, Albay at Brgy. Rawis, Legazpi Ciy. Ayon sa tagapagsalita ng Naval Forces Southern Luzon (NAVFORSOL) na si Ensign Jane Sasil, ang naturang pagsasanay ay upang 'masubukan ang kanilang tropa sa anumang sitwasyon' sa karagatan o kalupaan.

Ang Exercise Pagsisikap 2018 ay bahagi ng paghahanda ng rehimeng US-Duterte sa ikinakamada nitong deklarasyon ng pambansang batas militar. Sang-ayon sa palabas na ang bansa ay nasa state of national emergency, tinitiyak ni Duterte na ang lahat ng pwersa ng kanyang reaksyunaryo at mersenaryong sandatahang lakas ay nakahandang pigilan at supilin ang anumang tipo ng paglaban ng mamamayan.

Wala nang ibang binigyang-pansin ang rehimeng US-Duterte kundi ang kanyang pagmamadaling makumpleto na ang mga rekisitos para sa pormal na deklarasyon ng batas militar na magsusolido ng kanyang tiranikong paghahari. Binubuhusan ng napakalaking pondo ang militar samantalang patuloy na kinakaltasan ang pondo para sa mga pangunahin at batayang pampublikong serbisyo.

Habang ipinaparada ng Philippine Navy ang kanilang mga pinakabagong barko tulad ng BRP Davao del Sur at ang mga pinakabagong donasyon ng imperyalistang US, patuloy na pinapasan ng masa ang walang patumanggang pagsirit ng presyo ng bilihin laluna sa papalapit na okasyon ng kapaskuhan.

Mapanghamon sa masang Bikolano ang mapanindak na mga sasakyang pandagat at pagpapakitang-gilas ng NAVFORSOL , kasabay ang Albay PNP, sa harap ng tumitinding kahirapan, kagutuman  at tingiang pagbili o pagpila pa sa NFA RICE. May kakayahan ang

gubyernong tustusan ang modernisasyon ng mga kagamitan ng kanyang sandatahang lakas samantala inutil sa harap ng pagresolba sa problema ng kahirapang ang mga neoliberal na patakaran din ng gubyerno ang mismong nagdudulot.

Ngunit, titiyakin ng masang Bikolano at ng sambayanan na walang patutunguhan ang isang rehimeng walang silbi at lulong sa pagpapalawig ng kanyang pasistang paghahari. Alam ng masa na ang mga pagsasanay na ito at iba pang kahalintulad na gawain ay paghahanda para sa ibayo pang pandarahas at pang-aatake sa kanyang hanay. Hindi malilihis sa isip ng masa ang katotohanang habang nagdarahop ang taumbayan ay ibinubuhos ng rehimeng US-Duterte ang lahat ng rekurso at panahon sa paglulunsad ng todo-largang gerang malinaw na sumusupil sa makatwirang paglaban ng mamamayan at  walang ibang layunin kundi ang itindig ang kanyang militaristang kaharian.

## PANUKALANG DEATH SQUAD SA AFP-PNP, MUKHA NG LAWLESS VIOLENCE AT PAGHAHANDA PARA SA ISANG PAMBANSANG BATAS MILITAR NG REHIMENG US-DUTERTE

PAHAYAG SA MIDYA
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
December  1, 2018

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa pagkundena at paglalantad ng masang Bikolano sa higit na mapangahas at lantarang mga hakbangin ng rehimeng US-Duterte upang ibuslo ang sambayanan sa bitag ng isang pambansang Batas Militar. Nakapagngangalit ang palabas niyang ang pagwawasiwas ng kanyang kampo ng pasismo ay sa ngalan umano ng pagpigil sa 'lawless violence' ng rebolusyonaryong kilusan. Ang totoo, ang sambayanang Pilipino ang pangunahing target ng planong ito.

Sa paglalabas niya ng Memorandum Order No. 32, ipinapaloob niya ang bansa sa state of national emergency na sa esensya ay nagbibigay-laya sa kanyang sandatahang lakas na ibayong maghasik ng pasismo at paghaharing militar laban sa bulnerableng hanay ng sibilyang populasyon ng bansa. Ang kautusang ito, kasabay ang pagbubuo umano ng National Task Force laban sa CPP-NPA-NDFP at pagpapatuloy ng Oplan Kapayapaan, Oplan Tambay at Oplan Tokhang ay mga hakbang tungo sa manipulasyon o pagkansela ng eleksyong 2019, linulutong pagbabago ng konstitusyon para sa pederalismo at ang pormal na deklarasyon ng rehimeng US-Duterte ng pambansang Batas Militar na nagsisilbi sa kasapakat niyang paksyon ng naghaharing uri at imperyalistang interes. Isang pasistang diktadurang US-Duterte na higit na masahol kaysa sa diktadura noon ng kanyang idolong si Marcos ang malinaw na tinatahak upang makapanatili sa kapangyarihan.

Pinag-uusapan ngayon ng mga upisyales ng AFP-PNP at ng gubyernong Duterte ang pagbubuo ng mga tinatawag nitong 'ISPARO units' at 'death squads' sa hanay ng AFP at PNP. Sa bisa nito, magkakaroon ng walang sagkang kalayaan ang mga elemento ng militar at kapulisan na magsagawa ng mga operasyon laban sa mga arbitraryong target nito.

Iginigiit ng mga tagapagsalita ng AFP-PNP na walang dapat ikabahala ang publiko dahil tanging mga indibidwal na may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan lamang ang target ng mga 'death squad'. Ang tanong ng sambayanan, ano ang espesyal na kakayahan ang AFP-PNP na pag-ibahin ang isang sibilyan at isang komunista kung parehas silang hindi armado? Gayundin, paano bibigyang-matwid ng AFP-PNP ang pagtarget at pagpatay sa sinuman – may kaugnayan man sa rebolusyonaryong kilusan o wala, nang hindi dumaraan sa karampatang prosesong ligal?

Ito ang tunay na mukha ng lawless violence sa bansa. Iisa lamang ang ibig sabihin ng nakababahalang panukalang pagbubuo ng 'death squads' na ito – ibayong magiging malaya ang militar at kapulisan sa pag-atake sa sibilyang populasyon sa anumang pagkakataon at malayang bigyang-matwid lamang ang paglabag sa karapatang-tao bilang isang 'espesyal na operasyong militar'. Tahasan nitong linalabag ang Protocol II ng Geneva Conventions at iba pang internasyunal na batas ng digmaan na pumuprotekta sa karapatan ng mga sibilyan mula sa kapahamakan at nagsasaad sa karapatan ng isang kombatant sa due legal process.

Kapag naipatupad, tatambalan ng higit pang masahol na mga operasyong death squad sa mga kabayanan at matataong lugar sa kalunsuran ang mararahas na operasyong militar sa kanayunan. Layunin nitong higit pang sindakin at supilin ang masa at gawing ligal ang laganap nang "EJK" o ekstrahudisyal na pamamaslang sa bansa. Ibayong malulubog sa kultura ng walang pakundangang pagpatay at kawalang pananagutan ang bansa sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Ngayon pa lamang, itinataguyod na ng brutal at hindi makataong Oplan Tokhang ang pagpatay ng PNP sa daan-daang sibilyan araw-araw nang hindi man lamang dumaan sa due legal process. Paulit-ulit na naririnig ng publiko ang dahilang 'nanlaban' sa ganitong mga kaso ng pagpatay. Malinaw ang malawakang paglabag sa karapatang-tao. Maging sa internasyunal na komunidad, umani na ng sala-salabat na batikos ang notoryus na Oplan Tokhang na ito.

Nauulol si Duterte kung inaakala niyang masisindak ang masang api at pinagsasamantalahan sa pagwawasiwas niya ng todo-largang gera laban sa mamamayan. Walang ibang tatahakin ang plano ni Duterte na pormal nang maideklara ang Batas Militar kundi ang tuluyang pagkabigo. Sa pagmamadali at pagkagarapal niyang maitayo ang kanyang diktadura, nagpapanukala at nagpapatupad siya ng mga batas na malinaw na kontra-mamamayan at direktang umaatake sa interes ng sambayanan.

Walang tanong sa isip ng masa na ang tunay na lawless violence ay ang walang pakundangang karahasang pangunahing itinataguyod ng papet na rehimeng Duterte. Patung-patong ang kaso ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang at ilang daang libong pamilya na ang biktima ng mapang-abusong Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan sa buong kapuluan. Anumang pagbabalatkayo at kaiga-igayang palamuti ng 'pagbabago at kapayapaang' ituran ng kanyang kampo, mulat ang sambayanang Pilipino na ang tanging pamamaraan upang maipagtanggol ang interes ng nakararami ay ang manindigan para sa makatwirang paglaban ng mamamayan at ang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan nang may ibayong kapasyahan at katatagan.

## MARTIAL LAW EXTENSION SA MINDANAO AT MO 32: PERMANENTENG INTERBENSYONG MILITAR NG IMPERYALISMONG US BILANG SUPORTA SA PASISTANG DIKTADURA NI DUTERTE

Disyembre 5, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang panibagong pakana ng rehimeng US-Duterte at ng Armed Forces of the Philippines na muling palawigin ang Batas Militar sa Mindanao sa taong 2019. Sa batayang pagsugpo sa diumano ay 'foreign enemy', malinaw sa mamamayan na walang ibang layunin ang planong ito kundi ang tuluy-tuloy at mas masaklaw na permanenteng operasyong militar ng imperyalistang US, hindi lang sa Mindanao, kundi sa buong bansa, sa tabing ng itinatayong pasistang diktadura ni Duterte.

Kinakaharap ng US ang mas mabilis na pagbulusok at pagbagsak. Napipinto nitong sapitin ang mas masahol na krisis hindi lamang sa pinansya lalo pa at hindi na nito lubos na napangibabawan ang krisis na sumambulat noong 2008. Ibayong lumubo ang mga utang panustos sa nagpapatuloy nitong patakarang gerang agresyon. Sa desperadong tangkang isalba ang sarili, tinatahak ng US ang mas marahas na paglulunsad ng inter-imperyalistang hidwaan upang mapanatili ang solong pandaigdigang kapangyarihan, sa gitna ng tumitiding kumpetisyong hatid ng Rusya at Tsina sa pag-iral ng multipolar na pandaigdigang kaayusan.

Upang mapanatili ang impluwensyang militar sa Pilipinas, dinisenyo ng US kasama ang AFP ang pagwasak sa Marawi gamit ang banta ng ISIS. Matatandaang noong Mayo 4, 2017, dalawang linggo bago sumiklab ang giyera sa Marawi, inanunsyo ni US Army General Raymond A. Thomas III, Commander ng USSOCOM, sa US Senate Armed Services Committee na isa sa prayoridad ng US ang Pilipinas para sa patuloy nitong interbensyon at operasyon, sa dahilang may presensya ng ISIS sa bansa. Hindi basta nagkataong sumiklab ang gera sa Marawi sa panahong nasa Rusya si Duterte, tahasang interbensyong militar ito at direktang pagkontra ng US sa pagbaling ni Duterte sa Rusya at Tsina.

Bunsod ng patuloy na paggamit ng US sa diumano ay banta ng ISIS, inilunsad ang Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P), na siyang nagselyo sa permanenteng operasyong militar ng US sa Mindanao. Gamit ang makinaryang OPE-P sa pagpapatuloy ng todo-largang gera sa Mindanao sa ilalim ng Batas Militar, pormal na inihapag ni Duterte ang bansa bilang pugad at teatro ng pinakamarahas na gerang agresyong nukleyar na ilulunsad ng imperyalistang US laban sa sumusulong na rebolusyunaryong pakikibaka ng mga mamamayan ng daigdig—na siyang nagbunsod ng kanyang ibayong pagbagsak. Bilang bahagi ng kampanyang kontra-terorismong Overseas Contingency Operations ng US at matapos bumitaw ang US sa intermediate-range nuclear forces treaty, isang tratadong nagbabawal sa paggamit ng nukleyar na kapasidad, naihanay ang Pilipinas sa mga bansang Afghanistan, Iraq, Libya, Syria, Palestine, Yemen at Ukraine—mga estadong kasalukuyang winawasak at posibleng paglunsaran ng gerang nukleyar ng US.

Sa muli, sa ilalim ng Memorandum Order No. 32, may kapangyarihan ang militar ng US na lumahok sa mga operasyong militar labas sa Mindanao upang paigtingin ang pagsagasa ng pasistang diktadura ng rehimeng US-Duterte. Sa esensya, ganap na isinasakatuparan ng MO 32 ang pangunahing layunin ng OPE-P na durugin ang rebolusyunaryong kilusan at ang armadong pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng aktwal at mas masaklaw na partisipasyon ng mga tropang Amerikano sa

mga operasyong kontra-insurhensya kasama ang AFP. Paunang hakbang nito ang pag-apruba ni Duterte sa paglulunsad ng 281 security operations ng AFP kasama ang mga tropang Amerikano sa taong 2019, kabilang ang mga umano'y operasyong kontra-terorismo sa buong bansa. Gayundin, mariing iginigiit ni Duterte at Lorenzana ang MO#32 at Batas Militar sa Mindanao upang magsilbing tuntungan at paghahanda sa napipintong deklarasyon ng Batas Militar sa buong bansa.

Ang OPE-P ang kongkretong pagpapahayag ng US sa ilinalatag na pasistang diktadura ng rehimen. Iminodelo ang OPE-P sa Plan Colombia, isang 16-taong kontra-insurhensyang programa kung saan bilyon-bilyong dolyares na halaga ng armas ang ibinuhos sa pwersang militar at paramilitar ng Colombia sa layuning gapiin ang digmang ilinulunsad ng noon ay rebolusyunaryong armadong grupo na FARC kasabay ng diumano ay pagpapatuloy ng gera-kontra-droga sa nasabing bansa. Madaling tinugunan ng OPE-P ang panghihimok ni Duterte na suportahan ang kanyang pasistang pakana, gamit ang kaakibat nitong mga ayudang militar na sa unang bugso'y pumalo na sa P6.4 bilyon.

Hindi kataka-taka ang dumog ng pasistang makinarya at neoliberal na interes sa Mindanao: may konsentrasyon dito ng mga yamang likas at napakatabang lupa ng bansa. Sa rehiyon pa lamang ng Caraga, nagpapatuloy ang operasyon ng 23 sa 48 pinakadambuhalang mina sa buong bansa. Kalahating milyong ektarya naman na sumasaklaw sa limang rehiyon ng Mindanao ang tinayuan ng mga dambuhalang plantasyong agribisnes at tinatarget pa ang isang milyong ektarya para sa pagpapalawak ng plantasyon sa oil palm pagdating ng taong 2022.

Dumoble ang bilang ng pagpaslang sa masa nang ipataw ang Martial Law sa Mindanao. Pinapatay ang masang magsasaka at minorya, kabilang ang Lumad at Moro, sa pagtanggol ng kanilang lupa laban sa panghihimasok ng dambuhalang mina at plantasyon. Kada limang araw, naglulunsad ng mga aerial bombardments ang AFP sa layuning wasakin ang mga komunidad. Patuloy din ang hamletting at blokeyo kung saan hinaharangan at pinagkakait sa mga komunidad ang mga daluyan ng kanilang kabuhayan. Ngayong naisabatas na ang Bangsamoro Organic Law, kailangan nilang ipagpatuloy ang Batas Militar upang maisagasa ng reaksyunaryong gobyerno at ng dayuhan at lokal na naghaharing uri sa mga lupain at rekursong kanilang dadambungin.

Walang sagkang nakakapasok sa syudad ng Marawi ang mga dayuhang kumpanya at mga lokal nitong kasosyo samantalang patuloy na hinaharangan ang libu-libong mga residenteng nakikibaka upang igiit ang kanilang karapatang makabalik at makauwi sa kanilang mga tahanan. Rehabilitasyon at pagnanais lamang na makabalik sa kanilang tirahan ang panawagan ng masang Maranaw, ngunit nauna pang maitayo ang kampo militar upang maging base ng US para sa Operation Pacific Eagle.

Kaya ganoon na lang magkumahog si Duterte na ihain ang potensyal ng Mindanao upang pagpyestahan ng imperyalismong US. Garapalang pinapaalis ni Duterte ang mga Lumad sa kanilang lupang ninuno upang bigyang daan ang malalawak na mga plantasyon at minahan. Sa kasagsagan ng Batas Militar, ibayong tumindi at bumilis ang malawakang kumbersyon ng mga sakahan para sa komersyal at industriyal na gamit, ayon mismo sa datos ng reaksyunaryong gobyerno. Samantala, umabot na sa humigit-kumulang 500,000 indibidwal ang sapilitang pinalayas sa kanilang mga tirahan dulot ng patuloy na pambubomba at militarisasyon. Sa ngalan nito, buo-buong pagwasak, pambubomba, panganganyon sa mga komunidad, pagmasaker at mas matitinding paglabag sa karapatang-tao ang isinasagawa ng AFP at mga tropang Amerikano laban sa mga mamamayan ng Mindanao.

Mariing tinututulan ng masa sa Mindanao at ng buong mamamayan ang Batas Militar. Maging ang ibang mga reaksyunaryong opisyal sa gobyerno ay wala nang nakikitang batayan

upang palawigin pa ito. Ang desperadong tangka ng Martial Law Extension ay patunay na hindi kailanman magagapi ng rehimeng US-Duterte ang lumalawak na lahatang-panig na pakikibaka ng mamamayan para sa panlipunang pagbabago. Tuluy-tuloy na ilulunsad ng BHB ang mga anhilatibo at atritibong bigwas nito laban sa mga galamay ng pasismo at terorismo ng estado sa kanayunan at kalunsuran

Nananawagan ang NDF-Bikol sa lahat ng demokratikong sektor at sa buong mamamayang Pilipino na ilunsad ang pinakamalalawak na kampanya at mobilisasyon upang gapiin ang panibagong pasistang pambabraso ng rehimeng US-Duterte. Malinaw sa mamamayan na sa buong kasaysayan, walang idinulot ang Batas Militar kundi ang pananalasa ng karahasan sa kabila ng higit na kahirapang dulot ng tuluy-tuloy na krisis ng lipunan. Sa harap ng pasismo't terorismo ng estado at ang paglapastangan sa mga demokratiko't pulitikal na mga kalayaan at karapatan, malinaw ang landas sa mamamayan para ipagtanggol ang kanilang sarili at itaas ang antas ng pakikibaka sa pamamagitan ng laksa-laksang pagtungo sa kabundukan at magpalakas ng armadong pwersa at armadong pakikibaka

---

## MASSIVE PROTESTS IN FRANCE AND HAITI FUELED BY GLOBAL OIL CRISIS EXEMPLIFIES RISING SOCIAL REVOLUTION AGAINST IMPERIALISM

Disyembre 5, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

The National Democratic Front of the Philippines-Bicol together with the Filipino people, stands in solidarity with the peoples of France and Haiti in instenfying the massive surge of protests and struggles against rising poverty, unemployment and worsening economic crises. Unprecented social upheavals and revolutions all over the world against a more aggressive neoliberal imposition through the re-establishment of a worldwide fascist order have concretely put further dent and brought the monopoly capital system shaking on its knees.

The strategic decline of imperialist US continues to accelerate at a faster pace, and so is their desperation to overturn the same. This has resulted into intensified inter-imperialist contradictions with each superpower readily preparing itself economically, politically and militarily for a more violent war of aggresion to establish a new world order. Recent actions by US which include abandoning the Anti-Ballistic Missiles Treaty, planning to ditch the Intermediate-Range Nuclear Forces Treaty and possibly failing to extend a key arms control agreement, signifies US preparations to unleash a total war, and Russia and China is more ready to respond.

The worsening US-China trade war took its toll: with petrodollar monopoly slipping, US embarks on a desperate campaign to fully control global oil production as direct competition to China's economic aggression, through its grandiose infrastructure pump priming. For US, an oversupply of oil is just enough fuel for its total war machinery. This trade war has resulted into a global oil overproduction. In an attempt to become the leading global oil producer, US has engaged itself with a series of brazen political, divide-and-conquer maneuvers to contain the Organization of the Petroleum Countries (OPEC) to produce less, with the aim of strategically barring the rising competition for power by revisionist states Russia and China, which influence has now gained ground not only within Europe and the whole Middle East, but also within OPEC.

US has forced its influence on OPEC through pressuring even its own ally, Saudi Arabia, the largest oil producer and probably the most influential OPEC member, to overproduce. Under pressure by Donald Trump, primarily brought about by the murder of Arabian journalist Kashoggi, the kingdom raised oil production to an all-time high in November, pumping 11.1 million

to 11.3 million barrels per day. US also directed Saudi Arabia to initiate provocative efforts against Qatar which has resulted with the latter to quit OPEC by 2019. It has imposed economic sanctions on Iran's oil exports targeted to actually go zero, on the basis of Iran fomenting revolutionary movements. US along with EU is planning to intervene militarily in Venezuela—the country which has the largest certified oil reserves in the world. With the imperialist policy of imposing tax on fuel to lessen its consumption by the people so as to fuel the military-industrial complex, certainly, this would result to overproduction.

This aggressive clash for political and economic might that would inevitably entail worsening oppression and exploitation, which have been further fueled by the impending global oil crisis, had lead to further widespread and intensified social and political turbulence even amongst developed capitalist states such as France. This imperialist policy on oil is just enough fuel for the people to stage massive mobilizations decrying neoliberalism. The gilet jaunes or yellow vests protests in France, conducted by 80% of France's toiling masses, in the most luxurious city in the world, Champs-Elysse, was aimed to express the French people's outrage over French President Emmanuel Macron's globalist policies prominently exemplified by imposing taxes on oil consumption. The continuing protests have resulted into 400 arrests, more than a hundred wounded by police repression, and Macron threatening to declare a state of emergency in an effort to suppress the demonstrations.

On October 17, 2018 almost a million Haitians took part in a massive protest calling for a total overthrow of the US-imposed government which recently have misused the Petrocaribe funds intended for Haiti's local development and to put pressure on the Venezuelan government.

Neocolonial states such as the Philippines experience much worse. The same raging tide of discontent against the US-Duterte regime's imposition of fuel taxes through the enactment of TRAIN Law in addition to VAT, have been further aggravated by Duterte's decision not to suspend the imposition of fuel excise tax by 2019. Moreover, the regime is on its way to establish a fascist dictatorship, to quell and repress the Filipino people's ever-growing struggle against the full-fledged implementation of neoliberal policies in the country.

The Filipino people is one with all the peoples of the world in furthering the revolutionary struggle to defeat US imperialism. Through the establishment of an international anti-imperialist united front, a coordinated effort amongst all revolutionary and anti-imperialist movements, states and organization could overthrow the systematic and coordinated effort by the monopoly capital system to spread fascism and the curtail the socialist aspirations of the people.

---

## REBOLUSYON, HINDI EBOLUSYON!

Maria Roja Banua
Spokesperson, NDF-Bikol
Ika-7 ng Disyembre, 2018

Itinataas ng rehimeng US-Duterte ang antas ng panlilinlang, paninindak at banta ng higit pang karahasan sa bansa. Pinakatampok rito ang mapanlinlang na deklarasyon ni Duterte na tanging sa ebolusyon, hindi rebolusyon, mababago ang bansa.

Pinagarbo ni Duterte ang kanyang MO32 at National Task Force to End Communist Insurgency ng repormista at pagpapasukong kampanya para sa kapayapaan upang tabingan ang mga maiitim na pakanang pagmanipula ng eleksyon sa 2019, charter change, ganap na pagtayo ng pasistang diktadura at pagbraso sa Senado na ipasa ang kaban ng kurakot na budget sa 2019.

Sustenido ang mga serye ng militarista at kontrarebolusyunaryong pangungundisyon ng

rehimen upang ipahiwatig ang napipintong ganap na paghaharing militar sa bansa. Ipinanawagan nina AFP Spokesperson Edgar Arevalo at PNP Chief Oscar Albayalde ang pagsuko ng Bagong Hukbong Bayan at matapos ay idineklara ang napipintong pag-apruba ni Duterte sa pagpapalawig ng Martial Law sa Mindanao at pagbubuo ng mga death squads. Idineklara rin ni Duterte ang napipintong pagtalaga sa magreretirong AFP Chief Carlito Galvez bilang bagong Presidential Peace Adviser on the Peace Process. Si Galvez ang utak ng pakanang Red October at delegado ng GRP sa peace talks bilang miyembro ng Committee on Cessation of Hostilities. Rumurok ito sa pagpapahiwatig ni Duterte ng mas maigting na pagpapatupad ng gera kontra droga matapos atakehin ang mga obispo ng bantang pagpatay at pagbantaan ang mga kritiko ng kanyang gera kontra droga.

Hindi kailanman malilinlang ni Duterte ang mamamayan sa mga saywar nitong batbat ng kontradiksyon, na walang ibang layunin kundi ilihis ang rebolusyunaryong diwa at paninindigan ng mamamayan.  Samantalang ipinanawagan niya ang ebolusyon, patuloy naman itong naggaganyak at sumusuporta sa kanyang mga pasistang alipures sa AFP at PNP upang pahupain ang lumalawak na galit ng sambayanan sa malinaw nitong kawalan ng interes na tugunan ang mga batayang kahingian ng mamamayan. Hindi ebolusyunaryo ang pagpatay sa libulibo sa ilalim ng pinaigting na Oplan Tokhang at Oplan Kapayapaan. May taglay na dahas ang mas mataas na pasaning buwis ng milyon milyon para bundatin at ilibre ang iilan. Hindi ebolusyunaryong pagbabago ang mas matinding lagim ng karahasan sa ilalim ng Batas MIlitar.

Sa kanyang mga pahayag ng ebolusyon at kawalan niya ng magagawa sa bansang pinagkaitan umano ng ekonomya, inaamin ni Duterte na hindi niya kailanman kayang ipagtanggol ang bansa at ang mamamayan laban sa kontrol ng US at pananakop ng China. Pinatunayan lamang ni Duterte na siya ang nangungunang papet at tagapagpataguyod ng imperayalistang interes nito.

Matapos ang higit dalawang taon ng pagpapayaman sa pwesto at kinang pa ng bilyun-bilyong madarambong, nakalimutan na ni Duterte ang kanyang natutunan sa kasaysayan ng Plipinas na ang bansa ay sinakop sa doktrina ng US na “manifest destiny”.  Naamnesya agad si Duterte sa mahigit 200,000 Pilipinong pinatay ng mga pwersa ng US at ganap na gawing kolonya ang bansa.  Iginawad naman ang huwad na kalayaan matapos itali ang bansa sa mga tagibang na kasunduan sa pulitika, ekonomiya at militar. Ito ang madugo at malupit na tinutuntungan ng teorya ng ebolusyonaryong pagbabago ni Duterte.

Hindi mababago ni Duterte ang mga aral ng kasaysayang mapagpasya ngayong ipinagpapatuloy at tinatanganan ng mamamayang Pilipino. Sa kamay ng dayuhan, higit lalo sa imperyalismo, hindi kailanman madadaan ang panlipunang pagbabago at paglaya sa mapayapang pamamaraan. Lahat ng dayuhang pananakop ay dinaan sa armadong karahasan. Ginagamit ito ng imperyalismong US at ng mga lokal nitong kasabwat na estadong malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa upang patuloy na panatilihing atrasado, bansot, agraryo at pre-industriyal ang ekonomya ng bansa.

Sa 239 taong pag-iral ng US bilang isang imperyalistang bansa, 222 dito ay iginugugol sa paglulunsad ng gerang pananakop. Mula 1945 magpasahanggang ngayon, 20 hanggang 30 milyong mamamayan ang napatay ng mas marahas na gerang agresyon. Walang patawad itong ilinulunsad ng US laban sa mga bayang naghangad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon.

Ilandaang taong sinadlak ng imperyalismo at mga katutubong aso nito sa kagutuman at kahirapan ang mamamayan. HIgit isang daang taon sa kanilang ipinagkait ang lupa at ang pagtatayo ng saligang industriya upang tunay na umunlad. Malinaw sa kanilang ang pag-unlad ng lipunan ay tanging makakamit sa pagpapalaya sa pwersa ng produksyon at tanging makakamit ito sa pagtahak sa landas ng rebolusyon.

Sa malapyudal at malakolonyal na katangian ng lipunang Pilipino, patuloy na ilinulunsad ng mamamayang Pilipino ang Demokratikong Rebolusyong Bayan upang mapalaya ang sambayanan sa dayuhan at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi. Ito ay pambansa dahil naglalayon itong igiit ang pambansang soberanya laban sa imperyalismong US at mga lokal nitong papet. Ito ay demokratiko upang matugunan ang interes ng nakararaming magsasaka sa pagkakaroon ng sariling lupa at laban sa katutubong pyudalismo, at itaguyod ang mga demokratikong karapatan ng malawak na masa ng sambayanan laban sa pasismo.

Pinatutunayan ng desperadong pagpapaigting ng pandarahas ng estado ng rehimeng US-Duterte ang inabot na pagsulong ng rebolusyunaryong kilusan bunsod ng malawak at malalim na suporta ng masang anakpawis. Pinaninindigan ng CPP-NPA-NDFP ang rebolusyonaryong teorya ng panlipunang pagbabago at pagkilala sa masa bilang tagapaglikha ng kasaysayan. Patuloy nilang yinayakap ang landas ng Demokratikong Rebolusyong Bayan upang ganap na palayain ang bansa tungo sa sosyalistang kinabukasan.

## Church People, Follow the Revolutionary Path of Saint Oscar Romero! Be with the People in their Struggle Against the Fascist and Terrorist US-Duterte Regime!

Ka Maria Roja Banua
Spokesperson, NDFP-Bicol
December 9, 2018

The National Democratic Front-Bicol is one with the Filipino people in condemning the fascist and terrorist US-Duterte regime's systematic attack against the Filipino Church who have stood determined in opposing Duterte's deadly War on Drugs.

Duterte's sustained vilification and threat campaign against Filipino bishops and priests are part of an intensifying state crackdown against the clergy with the aim of suppressing its influential support over the rising anti-fascist united front. This clearly is a systematic attack that tries to discredit both progressive and democratic forces who condemns his tyrannical rule. Having such a persuasive institution as the Catholic Church openly criticizing his war on drugs would be detrimental in his desperate attempt to consolidate political power through formally declaring Nationwide Martial Law, massive cheating at next year's elections, ChaCha for bogus federalism and establishment of fascist dictatorship.

Amidst the country's worsening politico-economic crisis brought forth by the regime's rabid neoliberal attacks with rampant killings and gross human rights violations continuing to pile up, the Christian Church continues to be aware of the need to be one with the poor, deprived, oppressed and exploited. They have joined the militant church people in assisting victims of extrajudicial killings, educating people of their rights and standing with them against the regime's oppression, and offered their institution as sanctuary and refuge to the growing mass movement.

As cases of massacres rise, and second amongst the highest number of politically-motivated Extrajudicial Killings (EJKs), mostly against landless peasants, Bicolano church people are consolidating their ranks and are more ready to integrate with the toiling masses in their struggle for land and justice.

They may seek inspiration from Saint Oscar Romero—anti-fascist and anti-imperialist Archbishop of El Salvador who was gunned down during Mass in a hospital chapel a day after telling the Army that "They are killing our own people." And that "no soldier is obliged to obey an order that is contrary to the will of God. One must not love oneself so much as to avoid

getting involved in the risks of life that history demands of us. And those who fend off danger will lose their lives." He was outspoken during his country's civil war and denounced the United States part in it.

Archbishop Romero is one of the leaders of the liberation theology movement, espousing that religious faith be practiced by addressing poverty and injustice through immersion with the people's lives and struggles. It stressed both heightened awareness of the socioeconomic structures that caused social inequities and active participation in changing those structures.

In a time where the hegemonic control and dominance of the imperialist US in the Philippines continues to be imposed, poor people being taxed heavily while prices skyrocket and real wage remains low, and social conditions utterly worsening under Duterte's fascist dictatorship, may the clergy further embrace the progressive and revolutionary principles of Archbishop Romero.

CNL-Bicol calls on all the church people to stand firmly in our vow of servitude with the exploited and the oppressed. We must extend our hand to the deprived majority silenced by the rich minority. In the spirit of Christianity as church of the poor, let us carry forward the armed revolution until victory! Join the New People's Army!

*CNL-Bicol is the National Democratic Front of the Philippines-allied organization of priests, pastors, laypeople and all of the church people in the Bicol region that forwards the Program of the People's Democratic Revolution through actively supporting the armed struggle of the New People's Army guided by the Communist Party of the Philippines.*

---

## MASANG BIKOLANO, IPAGTANGGOL ANG KARAPATANG TAO! LABANAN ANG PAGHAHARING MILITAR AT MEMO 32 NG REHIMENG US-DUTERTE!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Ika-10 ng Disyembre, 2018

Nakikiisa ang NDF-Bikol sa paggunita ng sambayanang Pilipino ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-Tao ngayong ika-10 ng Disyembre. Sa gitna ng rumaragasang pasistang terorismo ng rehimeng US-Duterte na walang ibang idinulot kundi ang malaganap at sistematikong paglabag sa karapatang-tao, patuloy na lumalakas at lumalawak ang panawagan ng mamamayan para sa katarungan, kalayaan at kapayapaan.

Ipinailalim na ng rehimen ang bansa sa isang de-factong Batas MIlitar. Pormal rin nitong pinailalim sa militarisasyon at paghaharing militar ang kalakhan ng bansa matapos ibaba ang MO 32 at sa aktwal, tahasan nang irinaragasa ang paghaharing teror sa buong bansa. Handa nitong ikasa ang malawakang pagpaslang at pagsikil sa mga batayang demokratikong karapatan ng mamamayan upang ganap nitong maitayo ang isang pasistang diktadura sa pamamagitan ng manipulasyon sa eleksyong 2019 at pagratsada ng Cha-Cha at bogus na pederalismo.

Pinakamarahas at pinakabrutal nitong ikinakasa ang kanyang madugong tripleng gera laban sa mamamayan. Target nito ang mga sibilyan, lalo na ang masang magsasaka, upang maghasik ng takot. Ito ay sa layuning supilin ang nag-aalab na damdamin ng sambayanan na nagnanais ng mga lehitimo at demokratikong kahingian. Maging ang mga demokratikong pwersa sa hanay ng mga sibilyang institusyon tulad ng mga kagawad ng midya at mga taong-simbahan ay hindi pinalampas.

Isa ang Kabikulan sa pinaglulunsaran ng pinakamadugo at pinakamararahas na pasistang bigwas at paglabag sa karapatang-tao ng

rehimen. Hindi bababa sa limang masaker ang naganap dito sa rehiyon sa ilalim ng rehimen, pinakamarami sa buong bansa. Isa sa mga kasong ito ay ang pamamaslang sa tatlong magsasaka sa Brgy. Patalunan, bayan ng Ragay sa prubinsya ng Camarines Sur. Nilapastang ang katawan ng dalawa habang ilinibing naman ng buhay ang isa pa. Walang awa rin pinaslang ang isang lola, edad 70 taong gulang, kasama ang kanyang dalawang apo, edad 2 at 9 na taong gulang, sa Cawayan, Masbate. Ang iba pang kaso ay ang pamamaslang sa tatlong magsasaka sa Bato, Camarines Sur; apat sa Casiguran, Sorsogon; at apat na kabataan sa Aroroy, Masbate. Ang salarin sa lahat ng mga kasong ito ay ang 9th IDPA ng mersenaryong AFP. Nangunguna rin ang Bicol sa bilang ng pinakaraming biktima ng pulitikal na ekstrahudisyal na pamamaslang (EJK) sa buong Luzon at pangalawa sa buong bansa. Ika-apat naman ito sa pinakamaraming bilang ng mga bilanggong pulitikal sa Pilipinas. Libu-libo pang masa ang dumanas ng maraming anyo ng abusong militar kabilang ang sikolohikal na pananakot at pamiminsala sa kanilang kabuhayan.

Lalo lamang darami ang patung-patong na kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa pagpataw ng Rehimeng US-Duterte ng MO 32. Inaatasan nito ang mersenaryong AFP-PNP, mga armadong makinarya ng estado at pangunahing lumalabag sa karapatang-tao, na higit paigtingin ang presensya at mga operasyon nito sa Rehiyon ng Bicol at sa mga prubinsya sa mga isla ng Samar at Negros. Ipinailalim ng MO 32 ang mga nasabing lugar sa isang de-facto na batas militar at binibigyang-ligal na tabing ang malaon nang nagaganap na iligal na pag-aresto at walang habas na EJK sa buong kapuluan. Ipinaiilalim din nito ang mga sibilyang ahensya at lokal na yunit ng gubyerno sa mersenaryong armadong pwersa. Ang MO 32 ay isa lamang sa mga hakbangin ng rehimen sa tangka nito na isapailalim ang buong Pilipinas sa batas militar.

Minamadali rin nitong mailarga ang kanyang National Task Force (NTF) laban sa rebolusyunaryong kilusan. Puspusang nitong isasakatuparan ang whole-of-nation/government approach upang matransporma ang buong reaksyunaryong makinarya ng gubyerno bilang kasangkapan ng militar sa kampanyang kontra-insurhensya, na isang tusong paraan ng pagkukubli sa aktwal na pagpapairal ng batas militar. Gayunding isasangkalan nito upang bigyang-matwid at pagtakpan ang konsentrasyon sa kamay ng naghaharing reaksyunaryong paksyon ng lahat ng kapangyarihan at dambong gamit ang pamumunong militar. Gagamitin ng Rehimeng US-Duterte kapwa ang NTF at MO 32 upang makapandaya at maipanalo ang mga kasapakat nito sa darating na Eleksyong 2019.

Malaon na ring nailantad ng Rehimeng US-Dutete ang sarili nito bilang kontra-mamamayan. Sa pagpapatuloy ng madudugong Gera kontra Droga o Oplan Tokhang, Oplan Kapayapaan, Batas Militar sa Mindanao at Gera kontra Moro, umani ito ng pambabatikos hindi lamang mula sa sambayanang Pilipino ngunit maging pati sa hanay ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao sa buong daigdig.

Ang mga ito ay isinusulong ng papet na rehimen sa disenyo ng amo nitong imperyalistang US. Lumulubha rin ang tuwirang panghihimasok militar nito sa bansa. Sa ilalim ng Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P), naitala ang humigit-kumulang 300 sundalong Amerikano na permanenteng nakabase sa bansa habang 3,000 ang lumalahok sa iba't-ibang operasyon at pagsasanay militar sa bansa. Tumitindi rin ang pag-iimbak ng imperyalistang US sa mga kagamitang pandigma sa Pilipinas at paglayag ng mga barkong pandigma nito sa mga karagatan ng bansa. Nilalayon ng OPE-P na panatilihing paborable ang bansa sa paglulunsad ng imperyalistang US ng mga digmang agresyon at gerang proxy nito. Estratehiko ang lokasyon ng Pilipinas at sinasamantala ito ng imperyalistang US bilang abanteng larangan sa Asya-Pasipiko at likurang larangan sa mga digmang ilinulunsad nito sa Kanlurang Asya.

Kasinglagim ng talaan ng paglabag sa karapatang-tao ng berdugong rehimen at amo nitong imperyalista ang pagragasa ng mga neoliberal na programa at pakataran sa bansa. Kabilang sa mga ito ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) at ang pangkabuoang Comprehensive Tax Reform Program (CTRP) na ibayong nagpalala sa krisis sa kabuhayan ng mamamayan. Dagdag rito ay ang pagtuon ng rehimen sa ekonomya ng bansa sa pagtatayo ng mga imprastraktura sa ilalim ng Build, Build, Build (BBB). Ang TRAIN, CTRP, BBB at iba pang mga neoliberal na atake sa mamamayan ay lalo lamang nagpapalaki sa agwat ng kabuhayan sa pagitan ng mga mahihirap at mayayaman.

Naglalayon ang mga ito na lalong ibukas ang ekonomya ng bansa sa dayuhang pamumuhunan sa gitna ng pagbulusok ng ekonomya ng imperyalistang US. Tanging mga dambuhalang dayuhang negosyante at mga kasapakat nitong lokal na naghaharing-uri ang makikinabang sa mga programang ito. Samantala, papasanin ng karaniwang mamamayan ang bigat ng krisis sa ekonomya na dulot nito.

Nanatiling walang tunay na reporma sa lupa sa Pilipinas. Siyam sa bawat sampung magsasaka ang nakikisaka lamang. Gayundin, walang mga mabigat at intermedyang industriya sa bansa. Ang mga ito ang susi sa pag-unlad ng ekonomya ng Pilipinas. Ang pagtugon sa mga saligang suliraning ito ay ang pangunahing nilalaman ng Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER) na inihapag ng NDFP sa usapang pangkapayapaan.

Ngunit sa halip na tugunan ito, ganap nang tinalikdan ng Rehimeng US-Duterte ang usapang pangkapayapaan. Pinili nitong arestuhin ang mga konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan kabilang sina Rafael Baylosis, Adelberto Silva, Vicente Ladlad, at Rey Claro Casambre. Ito ay labag sa Joint Agreement on the Safety and Immunity Guarantee (JASIG) na isang dokumento na nagbabawal sa pag-aresto o pagpaslang sa mga negosyador sa usapang pangkapayapaan. Kabaligtaran sa pilit na ipinapalabas ng estado, umiiral ang JASIG mayroon man pormal na usapang pangkapayapaan o wala sapagkat ito ay isang pormal na linagdaang dokumento sa pagitan ng GRP at NDFP.

Habang ikinulong ang mga may-sakit na at matatanda nang konsultant ng NDFP, pinalalabas ng bulok na estado na hindi dapat arestuhin si Imelda Marcos na hinatulang may-sala ng korapsyon sa parehong kadahilanan. Bahagi ito ng pakikipag-alyansa ng rehimen kina Gloria Arroyo at Bongbong Marcos, kapwa mga lantarang pasista sa panahon ng kanilang pamumuno.

Bukod dito, lansakang linalabag ng papet na estado at mersenaryong tropa nito ang Comprehensive Agreement on Human Rights and International Humanitarian Law (CAHRIHL), na pinirmahan ng GRP at NDFP kung saan nakasaad ang pagrespeto ng magkabilang panig na nakikidigma sa mga saligang karapatang-tao ng mamamayan.

Sa kabilang banda, tumatalima ang Bagong Hukbong Bayan sa mahigpit na mga pamantayang ginagabayan ng mga prinsipyong nagtataguyod at nagtatanggol sa buhay at karapatan ng sibilyan. Higit na matimbang para sa CPP-NPA-NDF ang kapakanan ng mamamayan kaysa ganansyang militar. Hindi kailanman isasangkalan ng pulang hukbo ang karapatan ng masa sa kurso ng pagbigwas sa kaaway. Ang lahat ng taktikal na opensiba ng anumang yunit ng NPA ay ilinulunsad laban sa mga lehitimong target at may kaakibat na masinsin at maingat na pagpaplano upang hindi malagay sa alanganin ang ari-arian, kabuhayan at buhay ng mamamayan. Tumatalima ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng batas hinggil sa karapatang-tao at nagsasagawa ng mga opensiba alinsunod sa mga ito.

Lubusan nang naihiwalay ng Rehimeng US-Duterte ang sarili nito sa mamamayan. Hindi na

malilinlang ang sambayanan ng mga boladas ni Duterte. Pahina nang pahina ang suporta nito sa hanay ng karaniwang mamamayan habang patuloy na lumalakas at lumalawak ang panawagan ng sambayanan laban sa tiraniko at diktadurang rehimen. Nangangatog ang tuhod nito sa takot ng pagbasak at pilit na iwinawasiwas ang tuwirang pasismo at terorismo. Ngunit bibiguin ng sambayanan ang anumang anti-mamamayang hakbangin ng rehimen, mga kasapakat nitong lokal na naghaharing-uri at amo nitong imperyalistang US.

Nananawagan ang NDFP-Bikol sa mamamayang Bikolano at sa buong sambayanang Pilipino na magkapit-bisig upang tutulan at labanan ang mga atake laban sa mamamayan. Kailangan ang daluyong ng pinagkaisang lakas ng masang anakpawis, kasama ang lahat ng mga progresibo at demokratikong pwersa, upang itaguyod ang karapatang-tao laban sa mga mapang-api at mapagsamantala. Dapat wakasan ang tirano, reaksyunaryo at pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba upang wakasan ang kawalang katarungan, kawalang kalayaan, kawalang kasaganaan at kawalang kaunlaran sa bansa.

Isulong ang rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay! Tumangan ng armas, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## PAG-ARESTO SA MGA KONSULTANT SA USAPANG PANGKAPAYAPAAN, GARAPALANG PAGPALALAYA AT PAGKANDILI SA MGA KRIMINAL NA KAPAKSYON: SUKDULANG KATAKSILAN NG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE

Ka Maria Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Ika-9 ng Disyembre, 2018

Kinukundena ng NDF-Bikol ang rehimeng US-Duterte sa panibago na naman nitong pasista, kontrarebolusyunaryo at patraydor na maniobra laban sa mamamayan. Sa magkasabay na araw, inaresto si NDFP peace consultant at advocate na si Rey Casambre at aktibistang si Corazon Casambre sa Cavite at pinawalang-sala ang mandarambong na si Bong Revilla sa kabila ng malakas na ebidensya mula sa milyun-milyon nitong hinuthot sa sistemang pork barrel. Tahasang binabaliktad ng rehimen ang hustisya at ginagamit ang batas at hukuman upang makonsolida ang kanyang pampulitikang kapangyarihan bilang paghahanda sa malawakang pandarayang magaganap sa eleksyong 2019, pagtulak ng ChaCha at bogus na pederalismo at Nationwide Martial Law tungong ganap na pasistang diktadura.

Kinikriminalisa ang mga rebolusyonaryo, progresibo at demokratikong organisasyon at indibidwal na may pampulitikang prinsipyo at paniniwala para sa tunay na kalayaan at kaunlaran ng lipunang Pilipino. Puspusang ipinapatupad ang Inter-Agency Legal Action Committee (IACLA) upang magpakana at magpatupad ng mga gawa-gawang kaso laban sa mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa, nagrerekrut o nagtatalaga ng mga tauhan ng militar sa hanay ng mga piskal, prosekusyon at husgado, nag-aalaga ng mga bayarang tauhan ng korte. Ito ay bahagi ng National Internal Security Plan ng rehimen. Gamit ang pinakagasgas na pamamaraang katulad ng ginawa upang iligal na maaresto ang kapwa niya mga NDF consultant na sina Vic Ladlad at Adelberto Silva, tinaniman ng mga armas at eksplosibo si Casambre at kanyang asawa upang bigyang-matwid ang kanyang pagkakadakip sa kasong kriminal na hindi maaaring pyansahan o non-bailable offense.

Kabilang ang mga NDF peace consultants na sina Casambre, Ladlad, Silva at Rafael Baylosis sa mga buong buhay-at-kamatayang nagtaguyod at nakibaka para sa makatarungang kapayapaan. Naging katuwang at kinatawan sila ng mamamayang Pilipino sa pagsusulong ng kanilang batayang sosyo-ekonomiko at demokratikong

interes, pangunahin ang pagsusulong ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Silang mga nagsusulong at nakikibaka para sa sosyo-ekonomikong repormang tunay na tutugon sa kahirapan at lulutas sa ugat ng armadong sigalot ang siya ngayong target ng mas matinding paninikil at pag-aresto ng rehimeng ito.

Samantala, garapalang inaalagaan at binibigyan ng ligal na proteksyon at impunity (kawalan ng pananagutan sa batas) ang mga pasista at mandarambong na taksil sa bayan. Sa ilalim ng kanyang rehimen, napalaya at naabswelto lahat ng pulitikong sangkot sa mga pinakamalalaking kaso ng pandarambong at pangungulimbat. Sa kabila ng patung-patong na ebidensya laban kay Revilla, nagdesisyon pa rin ang Korte pabor sa kanyang paglaya at ngayon kasama na ang kapwa niya mga kurakot sa pork barrel na sina Juan Ponce Enrile at Jinggoy Estrada na nagpapasarap sa labas ng rehas. Bagamat hinatulang mabilanggo panghabambuhay sa kasong graft, nananatiling malaya si Imelda Marcos matapos hindi arestuhin ng mga pulis at payagan pang magpyansa.

Lantaran ding binubundat ang reaksyunaryong Kongreso upang iratsada ang pagpasa ng mga pasista at anti-mamamayang mga panukala. Sa pamumuno ng pinakakurakot na si Gloria Macapagal Arroyo at ng kanyang kurap na ahente sa Kongreso, kabilang ang ilang mambabatas ng Bikol, kasuklam-suklam na ihinayag ng Kongreso na nananatili ang sistemang pork barrel. Higit na masahol, lantarang ipinapakita sa publiko ang pag-aagawan ng mga ito sa mas malaking bahagi ng kulimbat. Bilang kapalit, agarang ipinasa ang mga mapanupil na batas tulad ng National ID system at pagbibigay ng kapangyarihang subpoena sa kapulisan, puspusang pag-amyenda sa Human Security Act at pagpapatibay sa panukalang Martial Law extension sa Mindanao. Ipinasa ang anti-mamamayan at banderang programa ng neoliberalismo na TRAIN Law at itinutulak ang kaugnay nitong panukalang TRABAHO Bill. Binatbat ng bilyun-bilyong congressional insertions ang panukalang badyet para sa taong 2019 at binigla ang lahat sa pag-apruba sa Ikalawang Pagbasa ang House version ng ChaCha.

Malinaw ang padron ng mga pagkakahabi ng tambalang dahas at panlilinlang: tusong hinahamig ni Duterte ang suporta ng lahat ng reaksyunaryong halimaw sa layuning makonsolida ang kanyang pasistang paghahari sa tabing ng batbat ng kahungkagang 'kampanya kontra korupsyon' at 'Good Governance'.  Ilinalatag ang 'de facto' Martial Law sa buong bansa diumano para sa maayos na elekyon sa 2019 sa kabila ng higit pang karahasan sa mamamayan ang pakawawalan nito, mamanipula ang halalan pabor sa kanyang paksyon, mairatsada ang charter change at huwad na pederalismo para sa pasistang diktadura.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayan na mapangahas na labanan ang papatindi pang pasistang atake sa ilalim ng "de facto" o deklaradong Martial Law man sa buong bansa. Nararapat na isulong ang lahatang-panig na pakikibaka upang gapiin ang supreme druglord, uhaw sa kapangyarihan at kurakot, papet ng US at China at taksil sa bayan, tirano, mamamatay-tao, matsokista, at pasistang si Duterte.

Kailangang ilunsad ang higit na malalawak na kilos protesta at pakikibakang masa at itayo ang pinakamalapad na hanay ng demokratikong paglaban sa mga pasista at anti-mamamayang batas at patakaran ng rehimen. Paigtingin ang anti-pasistang mga kilusan at kampanyang masa sa kanayunan at kalunsuran. Isulong ang pagkakamit ng makatarungang kapayapaan at masikhay na ipinapanawagan ang pagbabalik ng usapang pangkapayapaan. Isadokumento, dalhin at ihapag ang mga kaso ng pang-aabusong militar sa mga organisasyong nagtataguyod ng karapatang-tao at sa Joint Monitoring Committee na nagmomonitor sa pagpapatupad ng CARHRIHL.

Ilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang higit pang mga taktikal na opensiba upang parusahan ang mga halimaw na armadong pwersa ng estado at makatulong sa mabilis na paghiwalay at pagbagsak ng rehimeng US-Duterte.  Kaisa ng mamamayan ang masang Bikolano sa pagtataguyod at ibayong pagsulong ng demokratikong rebolusyong bayan upang makamit ang tunay na kalayaan, kapayapaan at kasaganaan.

## LABANAN ANG EXECUTIVE ORDER NO. 70 AT MARTIAL LAW EXTENSION SA MINDANAO! LABANAN ANG PASISTANG DIKTADURA NG REHIMENG US-DUTERTE!

Ka Maria Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Ika-14 ng Disyembre, 2018

Kinukundena ng mamamayang Bikolano ang garapalang pagbaba ng estadong atas na Executive Order No. 70 na siyang pormal na pagpapatibay sa panukalang National Task Force Against Communist Insurgency (NTF) at ang pagpapalawig ng Batas Militar sa Mindanao hanggang 2019. Katambal ang iba pang pasistang hakbanging MO 32, Oplan Kapayapaan at Tokhang, ganap nang naitayo ni Duterte ang mga haligi ng kanyang pakanang Nationwide Martial Law tungong pasistang diktadura.

Mabilis na nalusaw ang kanyang populistang maskara at malantad sa mamamayan ang tunay nitong kulay bilang isang drug overlord, uhaw sa kapangyarihan, kurakot, papet ng US at China at taksil sa bayan, tirano, mamamatay-tao at sagadsagaring pasista. Tanging sa pasistang diktadurang dinisenyo ng US lubusang makokonsolida ni Duterte ang pampulitikang kapangyarihan upang durugin ang rebolusyunaryong kilusan na siyang namumuno sa tumitinding pakikibaka ng sambayanan laban sa kanyang pasistang paghahari at neoliberal na pandarambong.

Sa pagpapatibay ng NTF at pagpapalawig ng Martial Law sa Mindanao, tinatangkang linlangin ng rehimen ang mamamayan na tanging sa militaristang pamamaraan, na nangangahulugan ng pamamayani ng armadong karahasan, malulutas ang ugat ng armadong sigalot.

Sa ilalim ng E.O.70, ipinangangalandakan ng rehimen ang militaristang estratehiyang Whole-of-Nation/Government at Good Governance approach na suportado ng mamamayan ang opensibang militar laban sa rebolusyunaryo at ligal-demokratikong kilusan, na siya diumanong pangunahing sagka sa pag-unlad. Ito ay upang pagtakpan ang sa katotohanan ay kawalang-interes ng rehimeng tugunan ang ugat ng kahirapang ibayo pa ngang pinalala ni Duterte at ng AFP bunga ng malawakang pagpaslang at iba pang pasistang krimen ng militar at pulis kasabay ng pagdausdos ng kabuhayan dulot ng pasaning dagdag buwis, mataas na presyo, mababang sahod, korupsyon at ibayong paglaganap ng iligal na droga sa bansa.

Isinasakatuparan ng Whole-of-Nation/Government approach ang pagtransporma sa buong reaksyunaryong makinarya ng gobyerno, maging ang iba pang sibilyang ahensya at institusyon katulad ng midya, bilang kasangkapan ng militar sa kontrarebolusyunaryong gyera, na isang tusong paraan ng pagkukubli sa aktwal na pagpapairal ng batas militar. Upang maisagawa ito, pasasaklawin ng NTF ang awtoridad, panghihimasok at kontrol ng militar sa lahat ng sibilyang ahensya at institusyon, mula nasyunal hanggang lokal na yunit ng gubyerno. Ang nagaganap na militarisasyon sa burukrasya, kasalukuyang pinatampok ng pagtalaga sa dating AFP Chief Carlito Galvez bilang Presidential Adviser on the Peace Process, ay sang-ayon sa disenyo ng NTF upang ipailalim sa kontrol ng militar ang iba't ibang ahensya ng gubyerno, pakilusin ang mga ito alinsunod sa adyenda at kagustuhan ng militar. Lahat ng mga programa, patakaran, prayoridad, pondo at mga rekurso ng iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno ay ituturing na bahagi ng kanilang malawakang operasyong militar.

Sa mga komunidad, binibigyang-matwid ng EO 70 ang pagpapatuloy ng mga mapanlinlang na pamamaraan upang ikubli ang mga operasyong militar at paniktik. Kabilang dito ang mga civil-military operations (CMO), information operations, inter-agency coordination, stakeholders' engagement, at community support programs. Ginagawang lehitimo ang panghihimasok ng militar sa mga

karaniwang sibilyang aktibidad sa komunidad tulad ng pamimigay ng 4Ps, medical at relief missions, mga proyektong agrikultural katulad ng irigasyon at sa aktwal na gawaing produksyon ng masa at maging sa pagpapel bilang lupon tagapamayapa sa mga barangay. Binibigyang-matwid rin ng E.O 70 ang pagpapalaganap ng mga ala-Oplan Tokhang na pamamaraan ng pamamaslang, katulad ng planong pagdagdag ng mga Duterte Death squads.

Sa pagpapalawig ng Batas Militar sa Mindanao, lubusang makakabig ni Duterte ang suporta ng imperyalistang US sa kanyang pasistang diktadura kapalit ang walang sagkang pagpasok ng militar at pang-ekonomya nitong interes sa bansa. Tuntungan ang pagpapatupad ng Batas Militar sa Mindanao upang buksan ang buong bansa sa walang rendang panghihimasok ng mga tropang Amerikano. Ganap nitong binubuksan ang buong likas-yaman ng Mindanao sa walang sagkang pandarambong hatid ng dayuhang negosyo at pagpapatupad ng Bangsamoro Organic Law.

Puspusang tinatrabaho ng kanyang mga alipures na mersenaryong AFP at PNP ang paglalatag ng mga kondisyon upang isakatuparan ang war of rapid conclusion laban sa nakikibakang mamamayan sa layuning walang sagkang maibwelo ang pasistang paghahari ni Duterte. Minamadali na ring matapos ang implementing guidelines ng direktibang MO 32 upang maipatupad bago diumano ang napipintong pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas sa ika-26 ng Disyembre.

Hindi kailanman magiging katugunan ang militarismo sa armadong sigalot at rebolusyunaryong pakikibaka ng mamamayan upang makamit ang panlipunang pagbabago. Sa halip, ito ang pamamaraan ng rehimeng US-Duterte at ng kanyang naghaharing pangkatin upang mamonopolisa sa kanilang kamay lahat ng kapangyarihan at dambong at supilin sinumang kumontra rito. Sa katunayan, gagamitin ang pagpapatupad ng EO 70 at pag-iral ng pinalawig na Batas Militar sa malawakang manipulasyong magaganap sa halalang 2019 at ibayong maitulak ang Charter Change at bogus na pederalismo, na ngayon ay naipasa na sa Huling Pagbasa ng Mababang Kapulungan.

Malaong tinanganan at yinakap ng mamamayan ang rebolusyunaryong armadong pakikibaka upang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong interes na inagaw at pinagkait ng imperyalismong US at ng lokal na naghaharing uri gamit ang armadong pandarahas. Sa halip na malinlang, pinukaw lamang ng rehimeng US-Duterte ang mamamayang ibayong makibaka upang pabagsakin ang nabubulok sa krisis na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal na pinalala ng pasista at neoliberal na atake ng rehimeng US-Duterte.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino na ibayong lumaban upang gapiin ang EO 70 at batas Militar sa Mindanao at pigilan ang rumaragasang pasistang pakana ng rehimen. Gawing inspirasyon ang ika-50 taong anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas upang ibunsod ang papaigting na mga pakikibakang masa at taktikal na opensiba ng Hukbong Bayan hanggang tuluyang magapi ang pasista at teroristang rehimeng US-Duterte at maisulong ang digmang bayan sa mas maunlad na antas.

## PAGPASLANG KAY AKO BICOL PARTYLIST REP. RODEL BATOCABE, HINDI KAGAGAWAN NG CPP-NPA-NDF BIKOL

PAHAYAG SA MIDYA
Ka Ma Roja Banua
Disyembre 25, 2018

Kinukundena ng NDF-Bikol ang tahasang pagpaslang kina Ako Bicol Party Rep. Rodel Batocabe, sa kanyang police escort na si SPO1 Orlando Diaz at ang pagkasugat ng pito pang sibilyan nitong Disyembre 22 matapos ang isang aktibidad para sa mga senior citizen sa Burgos Elementary School sa Daraga, Albay. Nais ipaabot ng CPP-NPA-NDF Bikol ang pakikiramay sa pamilya nina Rep. Batocabe, SPO1 Diaz at sa pitong sibilyang nasugatan sa pamamaril.

Walang katotohanan ang mga pahayag ng PNP na nag-uugnay sa rebolusyonaryong kilusan sa insidente. Walang kinalaman ang anumang yunit ng NPA sa Kabikulan sa naturang pamamaslang. Naging otomatiko na sa panig ng AFP-PNP na ibintang sa NPA ang ganitong mga kaso ng pamamaslang at iba pang krimen upang tabingan ang kanilang kaseryosohang imbestigahan at papanagutin ang mga salarin na kadalasan ay nagmumula rin sa kanilang hanay. Kagyat na isinangkot ng PNP ang CPP-NPA-NDF Bikol at sadya ring sinamantala ang pagpapakalat ng mapanirang pahayag at pekeng balita sa selebrasyon ng ika-50 anibersaryo ng CPP upang gibain ang pagkilala ng mamamayan sa pamumuno ng Partido sa sumusulong na rebolusyonaryong kilusan at rebolusyong Pilipino.

Si Rep. Batocabe ay hindi itinuturing na ‘persona non grata’ ng rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan. Ang pakikipag-ugnayan ng rebolusyonaryong kilusan sa kanya, tulad ng sa iba pang mga pulitikong nagpapahayag ng kanilang kagustuhang maghatid ng serbisyo sa mamamayan, ay sa antas ng paghikayat at paghamon na magdala ng tunay na pagbabago para sa kapakinabangan ng mga Bikolano at ng mamamayang Pilipino.

Hindi kailaman pinatawan ng Access Fee at hindi rin ginawaran ng Permit to Campaign ang partylist na AKO-Bicol sapagkat hindi kinikilala ng NDF-Bikol na lehitimo batay sa reaksyunaryong konstitusyon ang AKO-Bicol bilang representante ng “marginalized na sektor” laluna ng buong mamamayang Bikolano na diumano'y kanilang kinakatawan. Si Rep. Batocabe at ang pamunuan ng AKO-Bicol ay pawang mga milyunaryo at hindi kailanman tatangkilik ng tunay na kalutasan sa suliranin sa lupa ng mga pinakamahirap na sektor na manggagawang bukid at maralitang magsasakang Bikolano at sa suliranin ng kawalang-trabaho bunga ng kawalan ng tunay na industriyalisasyon, ganoon din sa kawalang-malasakit sa mababang pasahod ng mga manggagawa sa rehiyon.

Gayunpaman, mayroong kasaysayan si Rep. Batocabe ng ilang mga patriyotiko at makabayang tindig tulad ng pagboto laban sa pagpapalawig ng Batas Militar sa Mindanao noong Hulyo 2017. Dahil dito, pinaunlakan ng PKP-Bikol ang kahilingan niyang pakikipag-usap kaugnay ng kanyang pagkandidato bilang Mayor ng Daraga at nakatakda na sana itong harapin matapos ang Kapaskuhan.

Sa pagmamadaling mapagtakpan ang kanilang kainutilan, pinalalabas ng mga pahayag sa midya nina PNP Director General Oscar Albayalde, Region 5 PNP Chief Supt. Arnel Escobal at Supt. Benito Dipad, hepe ng PNP Daraga, na may kaugnayan ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamaslang. Ayon kay Supt. Dipad, hindi nakipagkoordina si Rep. Batocabe sa kapulisan gayong ang baryo ng Burgos ay isa sa mga tinataya nilang ‘rebel-infested area’.

Ayon sa mga nakasaksi, ang apat na taong imbwelto sa pamamaril ay umatras sa Brgy. Maopi, karatig-baryo ng pinangyarihan. Mayroong nakapakat na Peace and Development Team ng 9th IDPA sa naturang barangay ng Daraga gayundin sa mga baryo ng Burgos, Kinawitan, Mabini, San Vicente Piqueno at sa mga barangay ng Magogon at Panoypoy sa bayan ng Camalig. Kaduda-duda na sa kabila ng maraming putok ng baril ay hindi naalerto at nasita ng maraming nakakalat na tropa ng AFP ang apat na salarin na may dalang mahahabang armas. Nakaalerto lamang ang mga militar laban sa NPA at hindi sa mga kasamahan nilang nakasuot sibilyan na tumambang kay Rep. Batocabe at escort nito kabilang ang pito pang senior citizens na nasugatan. Malinaw na hindi mahuhuli ng Special Investigation Task Group Batocabe sa pamumuno ni R5 Chief Supt. Escobal na itinalaga ni PNP Chief Albayalde ang mga militar na nagpakana at gumawa ng karahasan.

Ang pagpaslang kay Rep. Batocabe ay bahagi ng serye ng mga planadong high profile killings ng rehimeng US-Duterte upang gawing tuntungan ng pagpapaigting ng todo-largang gera nito laban sa rebolusyonaryong kilusan at sa taumbayan laluna sa Kabikulan na itinakda nitong isa sa mga prayoridad ng 'de-facto' Martial Law MO 32 (state of emergency on accounts of lawless violence) at EO 70 o ang pagbubuo ng National Task Force to End Communist Insurgency (NTFECI). Bahagi ito ng paghahanda ng rehimeng US-Duterte upang iratsada ang pambansang Batas Militar sa hinaharap.

Gagamitin ng rehimeng US-Duterte ang isinakripisyo nilang buhay ni Rep. Batocabe at ang mga susunod na pulitikal na pamamaslang upang higit pang gipitin ang mga progresibo at ang sistemang partylist, paluhurin ang mga kalaban sa pulitika at busalan ang mga kritiko sa hanay ng midya. Maaari niya itong gamitin para sa alinmang senaryong makapagtitiyak ng kapangyarihan sa kanyang mga kamay tulad ng manipulasyon ng eleksyong 2019, pormal na pagpataw ng Martial Law sa bansa, pagsusulong ng huwad na pederalismo at diktadura nito o ang pagdedeklara ng No Elections habang rinaratsada ang Charter Change pabor sa kanya at sa imperyalistang interes.

Sa parehong araw ng kriminal na pagpatay kay Rep. Batocabe ay tinuran ni Duterte sa Davao City na nais niyang tularan ang ginawa ng malupit na diktador ng si Suharto na kampanya laban sa mga rebeldeng komunista na pumatay ng tatlong milyong mamamayan upang masugpo ang komunismo sa Indonesia. Sa nauna pang araw noong Disyembre 18 ay nagpahayag din ito ng paggamit ng "hamlet" sa Mindanao sa hanay ng mga Lumad. Ginawa ito ng mga tropang Kano sa Pilipinas at sa Byetnam upang makontrol ang paglaban ng mamamayan sa kanilang pananakop. Sa ganitong tunguhin ng ginagawa at binabalak ng rehimeng US-Duterte, maaring malagpasan pa nito ang masaklap na dinanas ng mamamayan sa panahon ng batas militar at diktadura ni Marcos.

Ngayong okasyon ng ika-50 anibersaryo ng CPP, nananawagan ang CPP-NPA-NDF Bikol sa lahat ng makabayan at demokratikong pwersa at sa mamamayang Bikolano na magbuklod at lumikha ng malapad na nagkakaisang hanay at kilusang masa upang ibagsak ang rehimeng Duterte sa pinakamaagang panahon. Sa pagkakapit-bisig maipamamalas ang tunay na lakas ng sambayanang pinagsasamantalahan, linilinlang at dinadahas. Tanging sa sama-samang pagtahak ng rebolusyonaryong landas makakamit ng masang Bikolano at Pilipino ang lipunang ganap na malaya, tunay na demokratiko, sustenableng kaunlaran at may pangmatagalang kapayapaan.

## REP. BATOCABE, ISINAKRIPISYO NG REHIMENG US-DUTERTE UPANG ISULONG ANG MILITARISASYON NG SIBILYANG GOBYERNO

Disyembre 27, 2018
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kaduda-duda ang pahayag ni Gen. Albayalde na walang makuhang testigo ang kapulisan gayong nangyari ang pamamaslang sa isang pampublikong aktibidad at nakitang umatras ang mga salarin sa bahagi ng Brgy. Maopi, Daraga kung saan maraming nakapakat na mga elemento ng kapulisan at militar mula sa mga Peace and Development Teams (PDT) at Task Force Bikolandia. Wala ring anumang pahayag ang 9th IDPA sa naturang insidente gayong ang bayang pinangyarihan, ayon na rin sa kanila, ay nakailalim sa mahigpit nilang pagmamatyag. Ang masahol pa, ipinantatabing din ni Gen. Albayalde sa kanilang dramang resolbahin ang kaso ang kawalan umano ng koordinasyon ni Rep. Batocabe sa kapulisan. Sapagkat nakatago sa hanay nila ang mga salarin, malakas ang loob ni Gen. Albayalde na ibunton ang sisi sa napaslang na kongresista.

Ang dahilan kung bakit walang patutunguhan ang imbestigasyon ng Special Investigation Task Group Batocabe sa pamumuno ni R5 Chief Supt. Escobal na itinalaga ni Gen. Albayalde ay dahil mismong ang mga elemento ng militar ang nagpakana at palihim na gumawa ng krimen. Matagal nang ilinalapit ng masang Albayano sa rebolusyonaryong kilusan ang pamumugad ng mga death squad ng militar at kapulisan sa mga eryang mayroong PDT. Noon lamang Agosto 23 hanggang 25, tatlong sibilyan ang sunud-sunod na pinaslang ng mga elemento ng militar sa bayan ng Camalig, kanugnog na bayan ng Daraga.

Kinukundena rin ng NDF-Bikol ang pag-aalok ng P50 milyong pabuya upang maresolba ang kaso ng pamamaslang kina Rep. Batocabe. Una, ang perang kanilang inaalok sa sinumang makatutulong sa imbestigasyon ay manggagaling sa kaban ng bayan. Kung tutuusin, hindi na kinakailangang mag-alok ng pabuya at magbuhos ng pondong para sana sa kapakinabangan ng mamamayan kung may sapat na kakayahan ang inutil na PNP na resolbahin ang kaso sa pinakamaagang panahon. Ikalawa, malinaw na nais lamang ng AFP-PNP na palobohin nang palobohin ang naturang kaso upang bigyang-matwid ang pagpapalapad ng papel ng militar sa lahat ng sangay ng gubyerno at mga ahensyang sibil. Ikatlo, magdudulot lamang ito ng abusong militar at panunupil ng mga karapatan upang gipitin ang sinumang maaari nilang paaminin upang maisara ang kaso at mapagtakpan ang kanilang maruming krimen. Panghuli, ito ay panabing lamang sa kanilang "modus" na dirty tricks sa payo ng Central Intelligence Agency (CIA) ng US.

Ginagamit ng AFP-PNP ang naturang kaso ng pamamaslang upang i-deklara ang ilang mga bayan at prubinsya sa rehiyon bilang election hotspots nang sa gayon ay mabigyang-basbas ang higit pang pagdaragdag ng pwersa ng militar at kapulisan. Sa ganitong balangkas, higit na magiging malaya ang mga kapulisan at militar na manggalugad sa mga kanayunan at kabayanan sa tabing ng pagiging security detail ng mga pulitiko at tagapagbantay sa eleksyon. Nais sakyan ni Gen. Albayalde ang pagkamatay ni Rep. Batocabe upang magatungan ang palabas ng rehimeng US-Duterte na lubhang kinakailangan ang MO 32, na sa esensya ay isang de-facto batas militar at nagtatakda ng state emergency dahil sa umano ay lawless violence at ang EO 70 na bumubuo ng isang National Task Force upang wakasan diumano ang "komunistang insurhensya". Ito ay bahagi ng whole-of-the-nation approach ng rehimeng US-Duterte na naglalayong ibayong isailalim sa dikta ng militar at paigtingin ang panghihimasok ng AFP-PNP sa lahat ng aspeto ng sibilyang paggugubyerno tulad ng eleksyon.

Sa papalapit na eleksyong 2019, aasahan ng masa ang higit pang masasahol at sala-salabat na kaso ng mga pulitikal na pamamaslang at samu't saring mga maniobra ng rehimeng US-Duterte upang maipwesto ang mga pulitikong magiging kasapakat sa pasistang diktadura nito sa pinakamaagap na panahon. Pinaplano ni Duterte ang paggamit sa pekeng pederalismo para sa kanyang pasistang diktadura. Upang mailusot ito, rinaratsada sa Kongreso ang pagpasa sa panukalang Charter Change. Ito ay atas sa kanya ng among imperyalista na sinasamantala niya upang patuloy na manatili sa kapangyarihan lagpas sa kasalukuyang termino ng konstitusyon. Higit pa rito, nakabalangkas ang charter change sa interes ng imperyalistang US na ganap na maibukas ang ekonomya ng bansa sa pamamagitan ng imperyalistang pandarambong, deindustriyalisasyon, higit na kontrol sa edukasyon, kultura at iba pang larangan at ang walang sagkang pagbabase ng militar ng US sa bansa.

Sampal din sa mukha ng mga upisyal ng PNP ang kanilang pagpapalabas ng mga hilaw na pahayag na pilit nagdadawit sa rebolusyonaryong kilusan sa krimen at ang pagsang-ayon dito ni Duterte matapos pabulaanan ng rebolusyonaryong kilusan na mayroon itong anumang kinalaman sa insidente. Kahit ang pwersa ng reaksyon ay hindi kayang pasubalian ang integridad ng rebolusyunaryong kilusan sa paglulunsad ng digmang bayan. Gayundin, lalo lamang napatutunayang walang aasahan ang sambayanan sa inutil at reaksyunaryong sandatahang pwersang ang kaya lamang gawin ay ipatupad ang kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte at maging instrumento ng sukdulang karahasan at panunupil ng estado.

## Engkwentro sa Labo, Walang Katotohanan
## Nagdadamayan sa Kalamidad ang Masa at Rebolusyonaryong Pwersa

Enero 1, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Pinapabulaanan ng NDF-Bikol ang pahayag ng 9th IDPA hinggil sa engkwentro sa Sityo Malapat, Baay, Labo, Camarines Norte noong Disyembre 30. Hinugot sa hangin ang ipinakakalat ng 96th IBPA na pekeng balita ng labinglimang-minutong putukan sa pagitan ng kanilang hanay at ng NPA-Bikol. Walang naganap na labanan at walang presensya ng mga kasama sa naturang lugar.

Matapos ang matagumpay na mga pagdiriwang ng masa at rebolusyonaryong pwersa sa ginintuang anibersaryo ng PKP noong Disyembre 26, kagyat ding naghanda ang mga kasama para sa pagtulong sa masang maaaring mapinsala ng bagyo. Sinisikap abutin ng lahat ng mga yunit ng hukbo ang mga masang naapektuhan ng bagyo sa kani-kanilang mga eryang sinasaklaw upang makapagbigay ng kinakailangang tulong sa paglikas o pag-ayos sa mga komunidad. Hanggang kasalukuyan ay abala ang Partido at Hukbong Bayan sa pagtuwang sa masa sa pag-aayos ng mga nasirang tirahan, kagamitan at pananim, ganoon din ang paggamot sa mga nagtamo ng kapansanan at nagkasakit.

Maraming lugar sa rehiyon ang nagkaroon ng landslides, pagbaha at nasirang mga produktibong lugar sa kanayunan ang hindi nababalita sa media at naaabot ng mga ahensya ng reaksyunaryong gobyerno upang mabigyan ng atensyon. Mataas ang kamulatan sa pagtutulungan ng masa at rebolusyonaryong pwersa sa mga kalamidad na pangunahing dulot nang pagkasira ng kalikasan para sa interes ng kapital at pandarambong ng mga naghaharing-uri. Humigit-kumulang 200 kontrata sa pagmimina ang pumasok sa rehiyon noong 2015 habang naglilipana pa rin sa ilang bahagi ng Bikol at karatig-prubinsyang Quezon ang mga konsesyon sa pagtotroso.

Sa kabilang banda, ang 96th IBPA ay abala sa pasistang panggagalugad ng mga komunidad sa kanayunan. Walang katotohanan ang ipinagmamayabang nilang ang kanilang yunit ay nasa proseso ng relief operations sa panahong nabanggit. Sa mga pahayag ng mga upisyal at tagapagsalita ng 9th IDPA matapos ang sunud-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba ng NPA noong huling kwarto ng taong 2018, sila mismo ang nagpahayag na ipagpapatuloy nila ang red alert status ng lahat ng kanilang mga yunit laluna sa panahon ng anibersaryo ng PKP partikular sa Camarines Norte at sa una at huling distrito ng Camarines Sur. Sinuhayan pa ito ng pagtanggi ng AFP na magdeklara ng katumbas na tigil-putukan sa panahon ng Kapaskuhan at Bagong Taon tulad ng ginawa ng NPA at mag-ooperasyon pa ang kanilang mga yunit upang masalakay ang mga aktibidad ng pagdiriwang ng ika-50 maniningning na taon ng PKP. Malinaw na ang naturang yunit na napasabak umano sa engkwentro ay nag-aakalang mayroon silang masisilong yunit ng NPA sa lugar. Lumang tugtugin na ang pagpapakalat ng 9th IDPA ng mga pekeng balita ng engkwentro at kubkob upang may maipagmayabang ang kanilang mga upisyales sa mga progress reports at makakuha ng insentibo bago magtapos ang taon.

Naghahabol ang 9th IDPA ng maiuulat na tagumpay laluna dahil ilang beses na ipinahayag ng kanilang Commander-in-Chief na si Duterte na kaya nitong tapusin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang taon. Isa pa, nagkukumahog silang makabawi mula sa sunud-sunod na tagumpay ng mga taktikal na opensibang ilinunsad ng mga yunit ng hukbo sa lahat ng larangang gerilya ng rehiyon na nagdulot ng pinsala at demoralisasyon sa kanilang hanay. Gagamitin din nila ang mga ganitong balita ng pekeng engkwentro upang lalong igiit ang ligalidad ng total war sa ilalim ng de-facto martial law, ang pagdaragdag ng pwersa ng militar at ang militarisasyon ng lahat ng sangay ng gubyerno sa ilalim ng National Task Force to End Communist Insurgency (NTFECI).

Kinukundena ng NDF-Bikol ang malisyosong pagpapakalat ng 9th IDPA ng mga pekeng balita at ang matinding militarisasyon sa kanayunan. Hanggang ngayon, ang bayan ng Labo ay nakapailalim sa masinsin at sustenidong operasyong militar ng 9th IDPA. Sa loob ng halos siyam na buwan, tuluy-tuloy na panggigipit at pang-aabuso ang dinaranas ng masa mula sa mga militar. Makailang ulit nang nakatanggap ng mga ulat at reklamo ang rebolusyonaryong kilusan sa walang humpay na paglabag ng mga militar sa karapatang-tao ng mga residente ng Camarines Norte.

Para sa mamamayan, higit sa dagliang tulong sa panahon ng sakuna, ang tuluyang pag-alis ng mga tropang militar sa kanayunan at ang pagtigil ng gera-kontra mamamayan ng teroristang rehimeng US-Duterte ang kinakailangan upang makabangon sila mula sa bagyo ng pasismo.

## Umaming Pumatay Kay Rep. Batocabe na si Henry Yuson, Hindi Kailanman Naging NPA. Albayalde, Ano at Duterte, Tunay na mga Mastermind!

Enero 5, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Ang pinakabagong pahayag ni Philippine National Police (PNP) Chief Oscar Albayalde ay bahagi ng malisyoso at paulit-ulit na pakana sa pilipit at baluktot na pagdawit ng rebolusyonaryong kilusan at ng BHB sa high profile murder ni Rep. Rodel Batocabe.

Kasinungalingan ang kanyang pinangangalandakang umamin sa pagpatay kay Rep. Batocabe na si Henry Yuson ay isang dating kasapi ng BHB. Si Yuson ay aktibong myembro ng Civilian Auxiliary Force and Geographical Unit (CAFGU) sa ilalim ng 22nd Infantry Batallion Bravo Company na nakabase sa Brgy. Bonga, Ligao, Albay at aktibo

sa mga kontrarebolusyonaryong aksyon laban sa masa at kilusan. Si Yuson at ang kanyang mga kapatid na sina Andy at Arnel, mga aktibong ahente ng militar, ay nahatulang may-sala ng hukumang bayan para sa karumal-dumal na mga krimen nila laban sa masa sa ilalim ng kumand ng 22nd IB Bravo Company. Nagsilbi rin siyang giya para sa mga pasistang tropang militar sa kanilang mapanalasa at teroristang operasyong militar. Isa siya sa mga salarin sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang ng mga pinaghihinalaang tagasuporta ng NPA at mga magsasaka sa mga nakaraang taon sa Albay. May kinalaman din siya sa panununog ng mga bahay ng masa sa Brgy. Pinamaniquian, Ligao City. Ang pagsuko ni Yuson diumano sa HQ ng 903rd Brigade sa Castilla, Sorsogon ay hindi dapat pagtakhan sapagkat ito ang nakasasaklaw na komand ng militar sa Albay sa kasalukuyan.

Si Yuson at tatlo pa nitong mga kasamahan na sina Rolando Arimado, Emmanuel Rosello at Jaywin Babor na diumano'y pumatay kay Rep. Batocabe at escort nitong si SPO2 Orlando Diaz ay mga ahente ng militar at sumusunod sa daloy ng atas, na brutal na iniinstitusyunalisa, ng AFP at PNP. Tahasang ipinag-utos ng Chief Commander ng AFP na si Rodrigo Duterte ang pagbubuo at pagpapagana ng mga death squad na ang pangunahing target ay ang rebolusyonaryong kilusan. Gayunpaman, ang mga kalaban sa pulitika ni Duterte ay target rin sa pamamaslang ng "special operation's group" ng reaksyunaryong gubyerno na may nakahandang script ng kagyat na pagsangkot at pananagutan ng CPP-NPA-NDFP upang mapabilis ang paglalatag nito ng pasistang diktadura. Ang high profile murder kay Rep. Batocabe ay isang pakana, isang kasangkapan, upang bigyang-matwid ang Memorandum Order 32 at Executive Order 70 ni Duterte, mapaluhod ang mga kalaban nito sa pulitika at mapairal ang "de facto" Martial Law sa bansa ngayong 2019. Malaking banta sa rehimeng Duterte ang lakas ng pagkakaisa ng mamamayang Bikolano at lokal na gubyerno sa pagtuligsa at paglaban sa pasistang diktadurya.

Bigo ang layunin ni Duterte na palobohin ang kaso upang maging tuntungan ng deklarasyon ng isang pambansang Batas Militar (tulad ng ginawa kay Enrile bago ang Batas Militar ni Marcos). Kabaliwan ang isipin niyang kaya niyang linlangin ang masa at ang pamilya ni Rep. Batocabe sa palabas na ang mga kriminal na ahente ng militar na umatras sa kanilang mga kasapakat sa mga eryang mayroong "Peace and Development Teams" ay walang kaugnayan sa Duterte Death Squad. Kahit ang mga baguhang kriminal ay alam na dapat iwasan ang awtoridad upang hindi mahuli.

Papalapit na ang eleksyon at walang sinumang dalubhasa sa pulitika ang mangangahas gumawa ng krimen at mag-iwan ng mga bakas na makapagpapahamak sa kanya katulad ng pagpatay sa kalaban sa halalan. Tanging si Duterte at ang kanyang mga alipures ang may lakas ng loob na gumawa ng krimen nang walang pananagutan sa malinaw na mahigit 26,000 biktima ng pamamaslang sa "EJK", "Operation Tokhang", "Operation Double-barrel/Reloaded", "DDS" pangbobomba sa Mindanao at pagwasak sa Marawi City. Ang kasinungalingan ni Albayalde na dating kasapi ng BHB ang isa sa mga salarin ay desperado at mahinang atake sa rebolusyonaryong kilusan. Sa tuwina, nagkukumahog siyang linisin ang kalat ni Duterte. Lalo lamang nasasayang ang kabang bayan, na dati nang kulang para sa mamamayan, sa pagbubuhos nito sa kapulisang ginagamit ang pondo sa paniktik hindi para sa pagresolba ng krimen kung hindi upang pagtakpan ang terorismo ng Estado. Ang pamamaslang kay Rep. Batocabe at ang mga kasalukuyang pakulong pagsabog sa Cotabato at dagdag na kaguluhan ay sumusunod sa balangkas ng mga pulitikal na manipulasyon ng Central Intelligence Agency (CIA) ng US. Pagtitiyak ito na mananatiling kontrolado ng US ang buong klima ng pulitika sa bansa.

Sa pagsuko umano ni Yuson, minamadali ng PNP ang pagtatago ng katotohanang isinakripisyo si Rep. Batocabe upang ibayong isulong ang tiraniko at diktador na pamumuno ni Duterte. Sa katunayan, ang 50 milyong pabuyang inalok ni Duterte at reaksyunaryong kongreso para maisara ang kaso ay gantimpalang paghahati-hatian ng mga taong siya ring nagplano ng krimen. Sa kabila ng kanyang dramang pagsuko, linalayon lamang ni Yuson at ng kanyang mga kasabwat na makakuha ng bahagi sa pabuya at umani ng pagpuri mula sa mga tulad nilang kriminal na PNP at AFP.

# PANANALASA NG MGA DUTERTE DEATH SQUADS (DDS) AT PEACE AND DEVELOPMENT TEAMS (PDT), PAG-IRAL NG BATAS MILITAR SA KABIKULAN

Ka Maria Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Ika-14 ng Enero, 2019

Katarungan ang ipinapanawagan ng NDF-Bikol para sa mga biktima ng sunud-sunod na pamamaslang ng mga Duterte Death Squads (DDS) ng teroristang AFP-PNP-CAFGU sa pagpasok ng taon. Sang-ayon sa mapang-udyok na deklarasyon ni Duterte na bubuuhin ang DDS at papatayin ang sinumang pinaghihinalaang bahagi o sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan, lantaran nang naghahasik ng takot at terorismo ang naturang mga death squad sa rehiyon. Matapos ang 'high-profile' na pamamaslang kay AKO BICOL Party-List Rep. Rodel Batocabe ng 'special operation group' ng militar, naitala ang limang magkakaugnay na kaso ng pamamaslang na isinagawa ng mga intelligence unit at 'death squads' ng AFP at PNP sa loob lamang ng isang linggo.

Ang mga death squads na ito ay mula sa mga intelligence at special operations unit ng AFP at PNP na binuo sa atas ni dating PNP Director Gen. Bato de la Rosa at ni DND Secretary Delfin Lorenzana at rumatsada ng mahigit 27,000 biktima ng ejk. Batay sa direktibang MO 32 at National Task Force to End Communist Insurgency (EO 70), higit na kailangan at malaki ang magiging papel ng mga DDS na ibabaling ang operasyon ng ejk sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang lumalaban para sa tunay na demokrasya at kalayaan. Pangunahing tinatarget ng naturang mga death squad ang mga sibilyan sa kalunsuran, kasapi at lider-masa ng mga progresibong organisasyon at mga indibidwal na mula sa oposisyon at tumutuligsa sa pasismo ng rehimeng US-Duterte.

Sang-ayon sa pahayag ng kalihim ng Department of National Defense (DND) na si Delfin Lorenzana, ang mga death squads ay bahagi ng pinatinding intelligence operations ng AFP. Sa ilalim ng pamumuno ng isa sa pinakadalubhasang upisyal sa paniniktik at civil-military operations (CMO) na si Maj. Gen. Fernando Trinidad, pinatindi ng 9th IDPA at Task Force Bicolandia ang atake sa mga sibilyan. Si Trinidad ay dating Deputy Chief of Staff for Intelligence ng AFP at naging pinuno ng Civil-Military Office ng Philippine Army.

Sa Masbate, pinagbabaril sa ulo at dibdib hanggang sa mapatay ng pinagsanib na mga pwersa ng 96th Military Intelligence Company (MICO), Military Intelligence Battalion (MIB) at Intelligence Service of the Armed Forces of the Philippines (ISAFP) ang 27-taong gulang na si Ranoy Sampaga Masanoc habang ipinapasada ang kanyang habal-habal noong ika-31 ng Disyembre 2018 sa Sityo Matungao, Brgy. Tugbo, Masbate. Dalawang sibilyan naman ang pinatay ng mga elemento ng DDS sa mga bayan ng Paracale at Bagong Silang sa Camarines Norte. Pinatay si Lope Elmar sa Brgy. Batobalane, Paracale samantalang natagpuan sa bayan ng Bagong Silang ang naaagnas nang bangkay ni alyas Erning na pinatay matapos pakuan sa ulo ng mga berdugong salarin.

Samantala sa Sorsogon, dalawang sibilyan din ang pinatay ng mga elemento ng 96th MICO noong ika-11 at ika-12 ng Enero. Ang mga biktima ay kinilalang sina Nicasio Ebio na pinatay sa Brgy. Bato, distrito ng Bacon at si Hermenegildo Domdom na pinaslang sa Brgy. San Ramon, bayan ng Prieto Diaz. Si Ebio, 37 taong gulang, isang kawani ng munisipyo at kasapi ng Anakpawis, isang organisasyon ng mga magsasaka, ay pinagbabaril sa ulo at katawan ng apat na armadong elementong lulan ng dalawang motorsiklo. Makalipas ang isang araw, tinambangan din sina Domdom, 32 taong gulang, at dalawa nitong kasamahan habang lulan ng isang motorsiklo. Pinababa

sina Domdom sa kanilang sinasakyang motor, pinadapa at pinagbababaril. Namatay si Domdom habang ang mga kasamahan nito ay nakatakas. Tulad ng kaso ni Ebio, nakasakay sa motorsiklo ang mga salarin. Isang taon bago ang pamamaslang, nakaranas na si Domdom ng panggigipit ng militar nang pinahinto siya sa isang checkpoint ng PNP at sapilitang pinaaamin bilang kasapi ng NPA.

Ayon mismo sa mga ulat ng pulis, parehong umatras ang mga salarin ng magkasunod na insidente sa distrito ng Bacon. Sa kabila ng sinsin ng latag na mga checkpoint ng pulis at militar sa erya, kaduda-dudang hindi napahinto o nahuli ng awtoridad ang mga kriminal. Ganito rin ang nangyari sa kaso ng pagpaslang kay Rep. Batocabe kung saan bagamat umatras ang mga salarin sa isang PDT erya sa Albay ay nakalusot sila mula sa mga checkpoint.

Kasabay ng sumisidhing operasyon ng mga DDS sa kalunsuran, ibayong muling nananalasa ang mga operasyon ng mga Peace and Development Teams (PDT) at kampanyang pagpapasurender sa kanayunan. Sa Masbate, 217 sibilyan ang ipinarada sa publiko bilang mga pekeng surrenderees. Takot at malaganap na pagwasak sa kabuhayan ng mga komunidad at banta sa buhay ng mga residente ang idinudulot ng tumitinding militarisasyon sa mga bayan ng Libmanan, Camarines Sur at sa Labo, Camarines Norte. Noong Enero 13, nagpahayag si Lt. Col. Raymond Avella, kumander ng 9th Infantry Battalion (IBPA) na isasailalim ang Libmanan, Pasacao at mga karatig-bayan nito sa pinaigting na operasyong militar bilang paghahanda umano sa eleksyon. Nangangahulugan ito ng militarisayon at ibayong paglala ng mga abusong militar sa mga bayang sasaklawin ng kanilang teroristang operasyong kombat at paniktik ngayong panahon ng "malayang halalan".

Nakabalangkas ang 9th IDPA at PNP sa rehiyon sa puspusang ipatupad ang pinatinding kampanyang durugin ang rebolusyonaryo at ligal-demokratikong kilusan upang tusong makamaniobra sa eleksyong 2019 at walang hadlang na maitayo ni Duterte ang kanyang ambisyong pasistang diktadura. Bigo ang rehimen na abutin ang itinakda nitong taning upang wakasan ang CPP-NPA-NDFP sa taong 2018. Matapos nito, pinahaba nila ang naturang taning hanggang kalagitnaan ng 2019. Pagpasok ng taong 2019, muli nilang pinalawig ang taning sa taong 2022. Nagkukumahog ang AFP-PNP na pagtakpan ang kanilang kabiguang durugin ang rebolusyonaryong kilusan at umiwas na maging katatawanan sa mata ng publiko sa pagtatakda ng mga imposibleng taning na lampas sa kapasidad ng kanilang banat at demoralisadong tropa.

Ang kampanyang pamamaslang, kasabay ng malaganap na militarisasyon at paglabag sa karapatang-tao ay malinaw na pagwasiwas ng militar ng absolutong kapangyarihan sa buong rehiyon. Nananawagan ang NDF-Bikol na ilantad at labanan kapwa ang mga operasyon ng DDS sa kalunsuran at ang pinatinding militarisasyon sa kanayunan. Ilantad ang tangkang pagkontrol ng militar sa LGU at mamamayan sa pamamagitan ng paghahasik ng pasismo at terorismo. Higit na kinakailangan ang mahigpit na pagkakaisa at mapangahas na pagtindig ng mga organisasyong masa, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, taong simbahan, propesyunal, kagawad ng midya, mga kawani at makabayang upisyal ng gubyerno laban sa pang-aatake sa karapatan at kalayaang sibil ng mamamayan.

## Crackdown sa Hanay ng Kabataan at Paggamit sa mga Ahensya ng Gubyerno Bilang Ahente ng Panunupil, Bahagi ng Pasistang Whole-of-Nation Approach ni Duterte

Pahayag sa Midya
Kabataang Makabayan - Bikol
Enero 17, 2019

Kataksilan sa makasaysayang papel ng kabataan sa pagbabago ng lipunan ang pahayag ni Ronald Cardema, Tagapangulo ng National Youth Commission (NYC), na dapat isailalim sa profiling ang lahat ng mga progresibo at makabayang kabataang mapaghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Ayon sa kanya, marapat na gamiting makinarya ng gubyerno ang Sangguniang Kabataan (SK) upang masinsing makakalap ng impormasyon sa hanay ng mga kabataan - sa mga pamantasan, komunidad, mga kabayanan at kanayunan. Sa ganitong balangkas, itatransporma ang NYC, SK at iba pang mga organisasyon ng kabataan bilang isang malawak na lambat-paniktik laban mismo sa kapwa nila kabataan.

Ang paggamit ng rehimeng US-Duterte sa mga ahensya ng gubyerno at organisasyong sibil tulad ng NYC at SK bilang mga ahente ng panunupil ay nakabalangkas sa estratehiyang militar na Whole-of-Nation Approach (WoNA) na ipinapatupad ng Executive Order 70 (EO 70). Lantarang kinakasangkapan at pinalalahok ng rehimen ang lahat ng ahensya ng gubyerno, organisasyon at samahan ng mamamayan sa kanyang kontra-insurhensyang kampanya upang lumikha ng ilusyon ng suportang masa. Ito ang aktwal na pagpapairal ni Duterte ng batas militar at pasistang diktadura kung saan nananaig ang pagkubabaw ng militar sa lahat ng aspeto ng paggugubyerno at tahasang sinusupil, tinutugis at pinaparusahan lahat ng pwersang makabayan, progresibo at oposisyong pulitikal.

Alam ng kasalukuyang rehimen na malaki ang impluwensya ng kabataan sa upinyong publiko at sa pampulitikang klima ng bansa. Malaking banta sa kanyang tiraniya ang matalas at syentipikong pagsusuri ng mga kabataan sa papalalang krisis sa ekonomya at sa kanilang paninindigang ipaglaban ang demokratikong interes ng kanilang hanay at ng buong sambayanan. Tulad ng ginawa noon ni Marcos sa panahon ng Batas Militar, tinitiyak ngayon ni Duterte ang mahigpit na pagmamanman at kontrol sa kabataan at ang sistematikong crackdown sa lahat ng namumulat at nangangahas na magprotesta't lumaban.

Minamaliit ni Duterte ang kakayahan ng mga kabataan. Inaakala niyang sapat na ang paggipit sa mga pamantasan at mga guro nito, pagpapalabnaw sa kasaysayan at pag-aalis ng mga makabayang aralin at tuwirang paggamit ng mga ahensya ng gubyerno para sa pasismo ay mapipigilan niya ang pagtuklas ng kabataan ng mga daluyan para sa kanilang kahilingan at kahingian. Mahusay na nasusuri at nai-uugnay ng kabataan, kapwa sa kalunsuran at kanayunan, ang kanilang kalagayan sa lahat ng mga uring inaapi at pinagsasamantalahan sa lipunan. May pagtananaw sila sa kagyat at susing tungkuling lumahok sa malawak na pagbabalikwas ng sambayanan laban sa nangungunang pwersang mapanupil at mapagsamantala. Ang pinakaabanteng seksyon ng kabataan ay tinatahak ang landas ng armadong paglaban upang pabagsakin ang reaksyunaryong estado at palitan ito ng isang tunay na demokratikong gubyernong bayan.

Makailang ulit nang pinatutunayan ng kasaysayan, mula sa pagpapabagsak sa diktadurang Marcos hanggang sa pagpapatalsik kay Estrada, na hindi kailanman napigilan ng anumang terorista at pasistang pakana ang pagsambulat ng lakas ng mamamayan. Sa ibayong pagkalango ni Duterte sa kapangyarihan at pagwawasiwas niya ng pinasahol na militaristang paghahari,  tiyak ang kanyang magiging kabiguan sa pasistang pambubusal sa

panawagan at paglaban ng mamamayan. Ang pagtindi ng pang-aapi at pagsasamantalang dinadanas ay higit lamang na magtutulak sa kabataang pag-aralan ang lipunan,  tumangan ng armas at ipagtanggol ang sarili. Patuloy na hahadlangan ng kabataan, kasama ang malawak na hanay ng mamamayan, ang sukdulang pagtitindig ni Duterte ng kanyang pasistang diktadura.

Pinagpupugayan ng Kabataang Makabayan-Bikol ang lahat ng kabataang manggagawa, magsasaka, estudyante, propesyunal, nasa komunidad at iba pang larangan na mapangahas at aktibong lumalahok sa iba't ibang porma ng paglaban sa reaksyunaryong pwersa. Nananawagan ang KM-Bikol sa lahat ng kabataan na labanan ang MO32, WoNA, E0 70 at iba pang militaristang pakana ni Duterte upang supilin ang paglaban ng mamamayan at konsolidahin ang kapangyarihan sa kanyang mga kamay. Ilantad ang mga nagkukunwaring kinatawan ng kabataan ngunit tumitindig pabor sa total war ni Duterte laban sa sambayanan. Hamon sa kabataan na ibayong pagtibayin ang pagkakaisa, tumindig kasama ng kahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan at mapangahas na ipagpatuloy ang makatwirang paglaban sa pagsasamantala at pasismo ng estado.

## GRP-NDFP BACKCHANNEL TALKS, SINAGKAAN NG MILITAR

Pahayag sa Midya
Ka Ma Roja Banua
January 19, 2019

Ilang araw matapos palutangin ni Pangulong Rodrigo Duterte ang posibilidad ng backchannel talks para sa usapang pangkapayapaan, kagyat na kumilos ang militar para sagkaan ito. Tahasang sinalungat at pinabulaanan ni DND Sec. Delfin Lorenzana ang pahayag ni MTRCB Board Member Avelino Andal na inatasan siya ni Duterte na pangunahan ang backchannel talks kay NDFP Chief Political Consultant Jose Ma. Sison.  Kasunod nito, ilinunsad kamakailan ng AFP at PNP ang isang Joint Command Conference upang talakayin ang pagpaigting ng rehimen sa kampanyang hatiin at pahinain ang rebolusyonaryong kilusan, pangunahin ang NPA, sa pamamagitan ng lokalisadong usapang pangkapayaan.

Bigo ang desperadong mapangwasak at madugong kampanya ng rehimen upang durugin ang rebolusyunaryong kilusan sa loob ng isang takdang panahon. Sa ilalim ng balangkas ng lokalisadong usapang pangkapayapaan na nasa ilalim ng kontrol at pamumuno ng militar, puspusang maitutulak ng rehimen ang kampanyang pagpasuko at pagsalong ng armas ng NPA mula sa mga lokal na kumand. Magdudulot ito ng matinding militarisasyon sa kanayunan, kalunsuran at maging sa sibilyang buruksya. Pekeng pagpasurender mula sa paglitrato ng tinipong ginanyak ng palimos sa kabuhayan hanggang tahasang panggigipit upang  lumagda ng pagbalik-loob sa pamahalaan.  Sunud-sunod na kinamada ng militar sa lahat ng rehiyong may NPA ang orkistradong balik-loob upang palabasing humihina na ito. Samantala, kukubra ng bilyun-bilyong dambong mula sa mga programang pagpapasurender katulad ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) at Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) ang mga tagapatupad nito.

Lantarang pagsalaula sa kapangyarihan ng Pangulo ng Pilipinas, ang hakbangin ni Lorenzana. Sa halip na patunayang nagtatagumpay ang reaksyunaryong gubyerno sa panghahati at pagpapahina ng rebolusyonaryong kilusan, lalo lamang nitong ilinantad ang bitak sa rehimeng Duterte at pag-iral ng tunay na kontrol ng US sa pamamagitan ni Lorenzana. Sa loob ng tatlong taon, sa tuwina'y naninikluhod si Duterte sa kagustuhan ng kanyang among imperyalista, utak-pulbura't kurakot na pamunuang militar at

mga burukrata. Pinili ni Duterte na lumuhod sa kagustuhan ng mga itong talikuran ang usapang pangkapayapaan at ilunsad ang hindi hamak na magastos, mapaminsala, at madugong gera laban sa mamamayan kapalit ng pananatili at pagpapalawig ng kanyang diktadurya.

Pinaaalab lamang ng kahungkagang ito ng rehimen ang determinasyon ng rebolusyunaryong kilusan at ng mamamayang Pilipino na pabagsakin ang pasista't teroristang rehimeng US-Duterte. Nananatili ang suporta ng NDF-Bikol sa pag-usad ng usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng NDFP bilang kinatawan ng buong rebolusyonaryong kilusan. Tanging sa pamamagitan lamang ng NDFP maihahakbang pasulong ang mga kasunduang sumasang-ayon sa hangarin ng mamamayang Pilipino para sa panlipunan, pang-ekonomya at pampulitikang pagbabago bilang batayan ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

## PULANG PAGPUPUGAY SA MGA MARTIR NG MAMAMAYANG BIKOLANO

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Ika-31 ng Enero, 2019

Ika-30 ng Enero, ganap na 6:00 ng umaga, sinalakay ng mga tropa ng 83rd Infantry Battalion ang komunidad ng Brgy. Lupi, bayan ng Tinambac sa Camarines Sur at doon ay inatake ang isang yunit ng Tomas Pilapil Command (BHB-East Camarines Sur). Limang kasama at isang sibilyan ang napaslang sa nasabing pangyayari. Isa sa mga pulang mandirigma ay pinagbabaril ng mga mersenaryong hukbo matapos tumangging magbigay ng impormasyon sa mga militar ayon sa mga nakasaksi.

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng NDF-Bikol sa mga Pulang martir ng sambayanan na nag-alay ng kanilang buhay sa pagtupad ng dakilang tungkuling paglingkuran ang sambayanan at isulong ang rebolusyon. Buong-buhay na gugunitain ng masang Bikolano ang alaala nina Randy "Ka Ben" Vega, Florante "Ka Dan" Empeno, Johnny "Ka Matteo" Flores, Florencio "Ka Rene" Iliw-iliw, Marvin "Ka Jaz" Baao, Ka JP at isa pang kasama na napaslang sa Del Pilar, Capalonga, Camarines Norte. Patuloy na babagtasin ng libong rebolusyonaryo ang iniwan nilang mga bakas at buong pasulong na tatahakin ang landas tungong ganap na tagumpay. Nakikiisa ang rebolusyonaryong kilusan sa kanilang mga pamilya, kaibigan at mga masang kanilang nakapiling sa pagdalamhati at paggunita ng kanilang mga buhay at alaala.

Sa kabila ng paghahambog at pagtataguyod ng teroristang 9th IDPA sa madugo at walang-habas na gera ng rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan, magsisilbing bukal ng lakas at sigla ang rebolusyonaryong kwento at buhay ng mga kasama upang ibayong isulong ang makatwiran at makatarungang digma ng mamamayan. Sa kabila ng iba't ibang uri at kinalakihang pinanggalingan, pinagbibigkis ang mga Pulang mandirigma ng iisang layunin: ang buong kapasyahang paglahok sa rebolusyon upang mapalaya ang mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan.

Nasawi sina Ka Ben habang buong sikhay na binibigyang tugon ang mga problemang kinakaharap ng kanilang komunidad na inoorganisa na kalakhan ay masang magsasaka. Taliwas ito sa ipinahayag ng berdugong 9th IDPA na nagsasagawa ng extortion activities ang mga Pulang mandirigmang kanilang pinaslang. Ang totoo, walang-pakundangang nagpaputok ang mga tropa ng 83rd IBPA sa kabila ng malinaw na presensya ng mga sibilyan sa lugar.

Kinukundena ng NDF-Bikol ang pagpaslang kay Ka Matteo sa kabila ng pagiging "hors de combat" nito. Hustisya ang ipinapanawagan ng NDF-Bikol para kay Rowena Barobo Gabina, ang sibilyang pinaslang ng tropa ng militar sa nasabing engkwentro. Ipinagpipilitan ni Maj.

Gen. Fernando Trinidad, commanding officer ng ng 9th IDPA at Joint Task Force Bicolandia (JTFB), na kasapi si Gabina sa BHB sa kabila ng malinaw na pagpapatunay ng pamilya, komunidad at mga organisasyong nagtataguyod ng karapatang tao na isang sibilyan si Gabina. Pagpapatunay ang pagkakapaslang kay Gabina na walang ibang idudulot ang pinatinding militarisasyon ng Join Task Force Bicolandia kundi karahasan at ligalig sa mga komunidad.

Kabilang si Gabina sa daan-daang sibilyang pinaratangang NPA at pinaslang ng militar at pulis sa rehiyon. Dagdag ito sa patung-patong na kaso ng 9th IDPA kung saan tahasang itinuturing na collateral damage ng 9th IDPA ang mga sibilyan sa kanilang paghahasik ng lawless violence at terorismo sa rehiyon. Pinangungunahan ng berdugong 9th IDPA at AFP ang puspusang pagpapatupad ng MO 32 at pinatinding all-out war ng rehimen laban sa mamamayan laluna sa rehiyon. Isa sa mga layunin nito ay ikundisyon ang isip ng masang Bikolano at igupo sila sa takot upang bigyang-daan ang panghihimasok at manipulasyon ng militar sa darating na eleksyon.

Sina Ka Ben, Ka Dan, Ka Matteo, Ka Rene, Ka Jaz, Ka JP at iba pang mga Pulang martir ay maniningning na halimbawa ng pagyakap ng mamamayan sa buhay-at-kamatayang paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan para sa tunay na panlipunang paglaya. Ang pagdadalamhati ng masang kanilang pinaglilingkuran ay pagpapatunay ng hindi nagmamaliw na pagmamahal at suporta ng mamamayan sa BHB. Handa nilang ibaling ang kapighatian tungong paglaban. Ito ang dahilan kung bakit hindi kailanman magagapi ng anumang pasistang bigwas ang armadong paglaban ng mamamayan.

## PAGDALAW NI DUTERTE SA MASBATE, AYUDA SA EO 70, PAGKABIG SA LOKAL NA GUBYERNO AT PANLILINLANG SA MAGSASAKA

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Enero 19, 2019

Nagkukumahog ang diktador na si Duterte sa pagkokonsolida ng kanyang pwersa sa hanay ng lokal na gubyerno at ibayong pagtutulak ng buu-buong implementasyon ng EO 70 sa Kabikulan. Noong Enero 9, kinailangan nang personal na pumunta ni Duterte sa Masbate upang kabigin ang suporta ng mga lokal na upisyal sa pagpapairal ng EO 70 at magpalakas ng suporta sa mga kandidato ng kanyang pangkatin. Gayundin, ginagamit na palamuti ni Duterte ang pangako ng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at ng tulong sa lokal na gubyerno ng Masbate sa pagtatangkang linlangin ang masa at pahupain ang lumalakas na paglaban ng mamamayan sa kanyang pasista at teroristang paghahari.

Ngunit hindi palilinlang ang masa. Daan-daang libong pamilya sa buong bansa ang biktima ng mapangwasak at madugong todo-largang gera na nakatuon hindi lamang sa rebolusyonaryong kilusan kung hindi laluna sa sibilyang populasyon. Ibayong tumindi ang mga paglabag sa karapatang tao sa gitna ng pananalasa ng mga Peace Development Teams sa kanayunan at laylayan ng kalunsuran. Sa pagpapasakamay ng reaksyunaryong hukbo ng sibilyang burukrasya sa ilalim ng EO 70, higit pang nawalan ng saysay ang mga proyektong pangkagalingan at serbisyong pangkagalingan na nakatuon na lamang sa paniniktik at panlilinlang sa mamamayan tulad ng programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP).

Ngayong nalalapit na eleksyon, susi sa pagbibigay puwang sa pagpapalawig ng kanyang diktadurang paghahari ang paghahanay at pagpupusisyon ng kanyang mga alipures upang matiyak na mananatili sa kanyang pangkatin ang kapangyarihang pampulitika. Malinaw na nagbigay ng mensahe si Duterte sa

mga lokal na pulitiko na gawin ang pandaraya ng magkaakibat na pamimili ng boto at pananakot ng botante para kanyang mga kandidato sa Senado tulad ni Bong Go kapalit ang mga pangakong proyekto para sa probinsya.

Sa kabila ng anumang pambubuladas, pamimilit at paninindak gawin ni Duterte sa mga lokal na pulitiko, mananatili sa prayoridad ng mga ito na panatilihin ang ilusyon ng pagbibigay halaga sa interes ng kanilang mga botante upang hindi makasabay sa pagbagsak ng rehimen. Hindi lingid sa mga pulitiko at masang botante ang bilihan ng boto, programang daya sa kompyuter at mapanlinlang na propaganda ng kandidato na madalas nagiging mapagpasya sa maruming halalan. Ang mga maluluklok na kandidatong kasuka-suka sa mamamayan ay sisingilin ng kilusang masa sa iba't ibang paraan kabilang ang mga lokal na pulitikong naging kasangkapan sa pandaraya. Hindi lubusang itataya ng mga lokal na pulitiko ang kanilang interes kay Duterte na mabilis nahiwalay sa masa at gumagamit ng pasismo upang manatili sa kapangyarihan.

Isang katiyakan na ang papasidhing krisis sa ekonomya at pasistang pananalasa ng de facto batas-militar ay patuloy na magdudulot ng papalakas na paglaban ng naghihirap at inaaping mamamayan lampas pa sa eleksyong 2019. Sa likod ng kanyang mapanindak na mga pahayag na kaya niyang durugin ang rebolusyonaryong kilusan kung gugustuhin niya at marapat na sumuko na lamang ang mga pulang mandirigma sa kanyang rehimen, hindi maitanggi ni Duterte na lubos niyang kinatatakutan ang banta ng ibayo pang paglapad ng nagkakaisang hanay ng pampulitikang pwersang magbabagsak sa kanyang paghahari sa pamamagitan ng malakihang kilusang masa na malakas na rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan sa loob nito.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa lahat ng Bikolano't sambayanang Pilipino na kilalanin ang kanilang lakas. Tanging ang lakas ng nagkakaisang mamamayang lumalaban ang makapipigil sa desperadong tangka ng pangkating Duterte na ipataw ang batas militar upang panatilihin ang kanilang diktadurang paghahari sa anumang paraang kinakailangan--may eleksyon man o wala.

## Bukas na Liham para sa mga Lokal na Lingkod-bayan at Kumakandidatong Pulitiko

Mula kay Ka Ma. Roja Banua, Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mga kasamang lingkod-bayan at kandidato sa darating na halalan,

Sa panahong kinahaharap ng bansa ang tumitinding ligalig at krisis sa pulitika at ekonomya, higit na nararapat ninyong panghawakan ang inyong mandato at sinumpaang tungkulin sa mamamayan. Maisasakatuparan lamang ito sa pamamagitan ng pagtindig at pakikiisa sa pagtutol at paglaban ng mamamayan sa pinatinding militarisasyon at operasyong militar ng AFP-PNP-CAFGU sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Desperado ang inyong punong opisyal na mapasakamay niya ang lahat ng kapangyarihan. Itinutulak ni Duterte at ng kanyang militar ang inyong hanay na magsilbi sa walang katuturang gerang kanilang ilinulunsad laban sa mamamayang dapat na ating pinaglilingkuran.

Linalayon ni Duterte at ng militar na mapailalim kayo sa kanilang kontrol at magamit laban sa rebolusyunaryong kilusan at umiigting na pakikibaka ng mamamayan para sa tunay na panlipunang pagbabago. Upang maisakatuparan ito, ganap niyang isinabatas sa pamamagitan ng estadong atas na EO 70 ang estratehiyang militar na Whole-of-Nation Approach (WoNA). Nabigong maipatupad ang estratehiyang ito ng nakaraang rehimeng US-Aquino bunga ng

inyong pagpanig sa mamamayang tumutol at lumalaban dito. Sa ilalim ng EO 70 at katambal nitong MO 32, gagawin kayong kasangkapan ng militar sa paglaban sa rebolusyunaryong kilusan sa pamamagitan ng pagpapaigting ng kampanyang pagpapasurender at pagtutulak ng lokalisadong usapang pangkapayapaan. Pangungunahan ng mga opisyal ng militar at pulis National Task Force kaya mapipilitang pumaloob ang burukrasya at mga sibilyang institusyon sa militaristang disenyo. Samakatuwid, magiging bahagi ang inyong mga opisina ng isang malawakang operasyong militar.

Upang matiyak ang inyong pagsuporta, ipanunuhol sa inyo ang pondong madarambong mula sa mga programang pagpapasurender katulad ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP) at Pamana at Masaganang Pamayanan (PAMANA) at gayundin ang pangako ng matingkad na karera sa pulitika.

Subalit hindi lingid sa inyong kaalaman ang ilinulunsad na makatwiran at makatarungang digma ng mamamayan. Dahil kayo ang may aktwal na kamulatan sa tunay na kalagayan ng inyong mga nasasakupan, alam ninyong hindi lang mababababaw na sosyo-ekonomikong proyekto ang tunay na lulutas sa suliranin ng laganap na kagutuman at kahirapan.

Maging kayo ay biktima ng pasista at teroristang pangil ng rehimen. Sinumang sumuway sa atas ng hari ay parurusahan. Kinakaharap ninyo ang pinatinding panggigipit, pambabanta, pandarahas at pamamaslang upang kayo ay mapwersang sumunod sa pakanang pinatinding militarisasyon at operasyong militar ng AFP-PNP-CAFGU. Matapos ipanawagan ni Duterte ang paglahok ng mga opisyal ng barangay sa kontra-insurhensyang kampanya ng rehimen, ibinaba kamakailan ni DILG Sec. Eduardo Ano ang isang direktibang nagbibigay parusa sa sinumang lokal na opisyal o tumatakbong kandidato na mapapatunayang sumusuporta o nagbabayad ng rebolusyunaryong buwis sa kilusan.

Sa Kabikulan, bilang isa sa mga pinagpopokusang rehiyon upang isakatuparan ang EO 70, pinatinding pandarahas, militarisasyon, operasyong militar at pamamaslang ang isinasagawa ng Joint Task Force Bicolandia(JTFB) sa pamumuno ng 9th IDPA. Layunin nitong ikondisyon ang mamamayan sa inyong saklaw na mangayupapa sa gitna ng paparahas na pasistang diktadura upang madurog ang rebolusyonaryong kilusan at paglaban ng mamamayan. Kasabay nito, mabibigyang daan ang malawakang manipulasyon sa resulta ng darating na halalan upang mailuklok ng rehimen ang kanyang mga kontra-rebolusyonaryong sugo sa sibilyang burukrasya.

Kasabay ng pangangampanya para sa kanyang mga kapartido, ilinalatag ng inyong punong opisyal na si Duterte ang makinarya ng EO 70 sa rehiyon. Matapos ang pagbisita ni Duterte sa Masbate, tahasang nagsasagawa ng pag-atake ang JTFB sa inyong mga komunidad upang bigyang-daan ang puspusang pagpapatupad ng kampanyang militar sa pamamagitan ng EO 70 at MO 32. Tampok dito ang naganap na operasyong kombat ng 83rd IBPA sa Brgy. Lupi, bayan ng Tinambac sa Camarines Sur, kung saan walang pag-aalinlangang pinaslang ang isang sibilyan. Pinagbantaaan ang kapitan ng barangay ng Lupi at kabaro ninyong si Joven Borrigas at ginamit ang mga pahayag nito sa kampanyang saywar upang lubusan kayong mapayukod sa pakana ng JTFB na ganap na kontrol sa mga komunidad.

Matapos ang insidente sa Brgy. Lupi, idineklara ng kumander ng 9th IDPA na si Maj. Gen. Fernando Trinidad ang buong rehiyon bilang election hotspot kasabay ng puspusang pagpapatupad dito ng Executive Order No. 70. Matapos ang isang buwan, dumalo si Duterte sa pulong ng Regional Peace and Order Summit. Sa Catanduanes, agarang nabuo ang makinarya ng EO 70 sa pamamagitan ng Executive Order No. 42, series of 2018. Itinatayo nito pamprubinsyang komite sa E-CLIP na pinamumunuan ni Gov. Cua. Pangalawang tagapangulo nito si Brig. Gen.

Peale Jon Bondoc, kumander ng 902nd Infantry Brigade-Phil. Army.

Isa rin sa mga hakbangin ng rehimen ay ang pagpupwesto sa mga pulitikong sumusuporta sa kontrarebolusyunaryong gera habang tutugisin ang sinumang papanig sa interes ng mamamayan. Matapos ibaba ang MO 32, walang habas na nanalasa ang mga Duterte Death Squad kung saan kapwa ninyo lingkod-bayan ang pangunahing naging ehemplo ng maaaring gawin ng estado sa mga pulitikong tinukoy na sumisimpatiya sa oposisyon at maaaring kumiling sa rebolusyunaryong kilusan. Sunud-sunod ang pagpatay sa mga opisyal ng barangay at kawani sa iba't ibang probinsya sa rehiyon. Halimbawa nito ay ang pamamaslang sa mga opisyal ng barangay na sina Arthur Dawis sa bayan ng Magallanes, Sorsogon at Lope Elnar sa bayan ng Paracale, Camarines Norte. Pinakamatingkad sa pambansang antas ang pagpaslang kay AKO BICOL Party-List Rep. Rodel Batocabe.

Subalit wala kayong dapat ikatakot. Ang pagtatangka ni Duterte at ng AFP na ipailalim kayo sa kanilang kontrol at dikta ay pagpapatunay ng kanilang pangamba sa inyong kapasidad na maimpluwensyahan ang inyong mga nasasakupan. Nakatuntong sa isang napakarupok na posisyon ang militar at pulis upang isustine ang all-out war ni Duterte laban sa mamamayan. Samakatwid, paborable ang kalagayan upang ibayong pagtibayin ang pagkakaisa ng mamamayan. Napakahalaga ng inyong bahagi rito. Gamitin niyo ang tiwalang ibinibigay sa inyo ng inyong nasasakupan para sa kanilang interes.

Nananawagan kami sa inyo, mga kasamang lingkod-bayan at pulitiko, tumindig at pakinggan ang hinaing ng masa laban sa todo-gera laban sa mamamayan. Walang ibang idudulot ang presensya at panghihimasok-militar kundi pagwasak ng mga komunidad at kabuhayan ng naninirahan dito. Kritikal ang papel ng mga maka-mamamayang lokal na opisyal sa pagtatanggol sa karapatan at kagalingan ng sambayanan na yinuyurakan ng pagsasailalim sa kontrol ng militar ng mga pamayanan. Malalim ang balon ng karanasan ng mga kilusang masa upang maipagtagumpay ang paglaban sa terorismo ng estado.

Mananatili ang tapat na hangarin ng rebolusyunaryong kilusan na palayain ang lahat ng mamamayan laban sa pang-aapi't pagsasamantala. Hangga't hindi naipapagwawagi ang makaturungang digma ng pagpapalaya, makakaasa ang sambayanang Bikolano na magiging bahagi ng kanilang pagbangon ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon at sa buong bansa.

## Kubkbob sa Tinambac, Patunay ng Kabangisan ng 9th IDPA

Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, Romulo Jallores Command-BHB Bikol
Pebrero 10, 2019

Ang kubkob sa Tinambac ay hindi tagumpay ng 9th IDPA kung hindi pagpapatunay lamang ng sukdulang pagkabulok at kawalan ng respeto sa karapatang-tao at tahasang paglabag sa protokol ng digma ng mersenaryong hukbo sa ilalim ng itinataguyod na pasistang diktadura ng rehimeng US-Duterte. Noong mga nakaraang linggo, bumaha sa balita ang kaliwa't kanang pagpaparada ng 9th IDPA sa kanilang umano ay matatagumpay na aksyong militar laban sa BHB. Ayon sa kanila, pagpasok pa lamang ng taon ay malaking bigwas na ang ininda ng BHB sa Kabikulan mula sa kanilang pinaigting na mga operasyon. Pinakatampok sa kanilang mga tinaguriang tagumpay ang kubkob sa isang yunit ng BHB sa Brgy. Lupi, Tinambac, Camarines Sur noong Enero 30. Sa labis na pagkahumaling sa kanilang hungkag na tagumpay, kagyat pa silang nagsagawa ng isang awarding ceremony kung saan ginawaran

ng parangal at gantimpala ang mga elemento ng 83rd IBPA na kasabay sa operasyon.

Ngunit, tagumpay nga bang maipagmamalaki ang pagpaslang nila sa sibilyang si Rowena Gabina at ang walang awang pagpaslang sa isang pulang mandirigmang wala nang kakayahang lumaban sa naturang insidente sa Tinambac? Marapat nga bang bigyang gantimpala ang mga mamamatay-taong militar na sa halip na tumindig para sa kapakanan ng mamamayan ay siyang nangunguna sa pang-aabuso at pagpatay sa libu-libong masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran?

Sa desperadong pagsisikap ng 9th IDPA na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan, sumasalig na lamang sila sa mga pinakabrutal at pinakamaruruming pamamaraan. Nagpapakadalubhasa sila sa pananakot, pagsampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal, pagdukot, tortyur at pagpatay sa mga sibilyan. Sa loob ng lampas isang dekadang pananalakay ng 9th IDPA sa rehiyon, wala itong ibang maipagmamalaking tagumpay kung hindi ang patung-patong na kaso ng abusong militar, pagwasak sa kabuhayan ng masa at pamamaslang. Sa katunayan, noong nakaraang taon lamang ay ikalawa ang Bikol sa mayroong naitalang pinakamataas na kaso ng masaker sa buong bansa.

Sa proteksyon ni Duterte, sumahol ang dati nang kawalang-pananagutan ng AFP at PNP at lalong naging masugid ang mga mersenaryo sa paghahabol ng gantimpalang perang kapalit ng bawat kasapi umano ng BHB na kanilang mapapaslang. Kung pagbabatayan ang mga internasyunal na batas ng digma, marapat na isaalang-alang ng lahat ng panig ang karapatan at buhay ng mga sibilyan at mga kombatant na wala na sa pusisyon upang lumaban. Ngunit sa halip na tumalima rito, pinatay ng militar ang sibilyang naroon sa lugar gayundin ang ilang mga kasamang inabutan nilang sugatan at maaari pa sanang lapatan ng lunas. Ang masahol pa, sa kabila ng mga fact finding mission na nagpapatunay na sibilyan si Rowena Gabina ay iginigiit pa rin ng mga duwag na mersenaryong kasapi ng BHB ang kanilang pinaslang.

Hindi nakapagtataka kung gayon ang ibayong pagsalig ng masa sa tunay na hukbong naglilingkod sa kanila - ang BHB. Nananatili ang pampulitikang superyoridad ng pwersa ng BHB at ibayong lumaki ang bilang ng kasapiang nasa mainam na pusisyon upang gapiin ang kaaway dahil patuloy nitong tinatamasa ang walang maliw na suporta ng masang inaapi at pinagsasamantalahan. Malinaw ang mga batayang nagtutulak sa masang tumangan ng armas at ipagtanggol ang kanilang sarili laban sa mersenaryong hukbong tinuturing na tagumpay ang pagpaslang sa kanila.

Ano pa mang pagpapabango sa publiko at tagumpay na ipamarali ng militar, alam ng masa ang saligang pagkakaiba ng BHB sa AFP. Lehitimo ang lahat ng target ng mga opensiba ng BHB. Tinitiyak na walang sibilyang maaaring madamay bago pa man ilunsad ang mga aksyong militar. Kahit sa panahong sinasalakay ng kaaway, kung tinatayang mayroong madadamay na sibilyan ay kagyat na nagmamaniobra ang mga kasama palayo sa komunidad kahit pa sapat ang kakayahan nitong harapin ang militar. Hindi tulad ng berdugong militar, buong pagpapakumbaba ring nagpupuna-sa-sarili at nagbibigay ng makatarungang bayad-pinsala ang BHB sa mga pagkakataong mayroong sibilyang hindi-sinasadyang madamay sa kurso ng isang taktikal na opensiba. Malaki ang kaibahan nito sa mga walang-pakundangang operasyon ng AFP na hindi isinasaalang-alang ang buhay ng mga sibilyan at mismong mga elemento nito.

Kaisa ng masang Bikolano ang BHB-Bikol sa pagkundena at pagngangalit sa tigas-mukhang pagpapangalandakan ng militar ng kanilang mga tropeyo ng digmang tigmak ng dugo ng ilang daang masang kanilang pinaslang. Kasabay din ng lahat ng mga kaanak ng mga pinaslang ang rebolusyonaryong kilusan sa pagdakila sa buhay ng kanilang mga mahal sa buhay at sa paggigiit ng katarungan. Hindi titigil ang BHB sa rehiyon at sa buong bansa sa pagtatanggol ng karapatan ng mamamayan at sa pagsusulong ng digmang bayan na tatapos sa pang-aapi at pagsasamantala. Hanggat hindi nakakamit ng mamamayan ang isang lipunang tunay na demokratiko at nagsisilbi sa kanilang interes, walang makapipigil sa pagdaluyong ng makatwirang digmang ilinulunsad ng lahat ng uring inaapi at pinagsasamantalahan.

## Bukas na Liham Para sa mga Kagawad ng Midya

Una sa lahat, pinagpupugayan ng NDF-Bikol ang lahat ng masa at makabayang upisyal ng lokal na gubyerno na naging bahagi sa mabilis na pagbawi at pagtitiyak ng kaligtasan nina Christian Rañon, Romel "Boboy" Esmero, Ricky Bendaña at Rico Bendaña. Noong ika-9 ng Pebrero, dinukot at iligal na dinetine ng mga elemento ng 9th IBPA ang mga nasabing residente ng Sityo Pulang Daga, Brgy. Baya, Ragay, Camarines Sur. Ipinapaabot ng rebolusyonaryong kilusan ang mahigpit na pagsuporta at pakikiisa sa pagkilos ng mamamayan upang mabawi ang natitirang biktima na si Ricky Bendaña at ligtas na makabalik sa kanilang lugar. Muling pinatunayan ng naturang insidente na sapat ang lakas ng mamamayan upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at demokratikong interes laban sa pang-aatakeng pangunahing ilinulunsad ng reaksyunaryong gubyerno at ng kanyang mersenaryong hukbo.

Mga kasama sa midya, alam naming maging kayo ay nakararanas ng matinding panunupil at pang-aabuso. Marami sa inyo ang araw-araw nakararanas ng censorship, napipilitang lunukin ang prinsipyo upang hindi matanggal sa trabaho o kaya naman ay nakatatanggap ng banta sa buhay. Alam naming sa paninindigan ninyo para sa patas at maka-masang mga balita ay ilinalagay ninyo rin ang inyong mga sarili sa panganib. Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte naitala ang ikalawa sa pinakamataas na bilang ng pagpaslang sa mga mamamahayag kung kaya naiintindihan naming marami sa inyo ang nangangamba para sa sariling kapakanan at para sa buhay ng inyong mga pamilya. Kamakailan lamang ay pinatay ng mga elemento ng militar si Felix Randy Malayao, isang NDFP consultant, sa Aritao, Nueva Vizcaya. Tulad ninyo, siya ay isa ring mamamahayag. Sa kanyang katapatan sa kanyang propesyon, unti-unti siyang namulat sa tunay na kalagayan ng bansa at kalaunan ay pinili ang pagsisilbi sa bayan sa pamamagitan ng pagsapi sa rebolusyonaryong kilusan. Alam naming mahirap pumiglas mula sa pambubusal laluna kung ang pinakamatataas na upisyales ng bansa at ang sandatahang lakas nito ang mismong tagapagtaguyod ng karahasan.

Ngunit mga kasama, ang pagiging mamamahayag ay isang dakilang propesyon. Mayroon kayong pambihirang pagkakataon na magsilbing boses at mata ng sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa tulong ninyo, nailalantad ang kabulukan ng reaksyunaryong gubyerno at ibayong lumalakas ang loob ng mamamayan na manindigan para sa kanilang mga karapatan. Sa harap ng walang kasingsahol na paghahasik ng pasismo at terorismong militar ng AFP sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, ibayo ring tumitingkad ang papel ng mga mamamahayag sa pagpapalaganap ng tunay na kalagayan sa publiko. Mula sa panahon ng La Liga Filipina hanggang sa panahon ng mosquito press nang ipinataw ni Marcos ang Batas Militar, naging bahagi ang midya ng makasaysayang tungkulin na imulat ang masa at maging bahagi ng kanilang makatwirang paglaban.

Naniniwala kami sa inyong talas at tapang na suriin ang lipunan at ang problemang bumabayo sa taumbayan. Alam naming araw-araw ninyong nasasaksihan ang kahirapan at pagdurusa ng mamamayan sa ilalim ng pamumuno ng pasista at teroristang rehimeng US-Duterte. Naiintindihan ninyo ang aral ng kasaysayan - na hindi kailanman magtatagumpay ang kamay na bakal laluna sa gitna ng papasidhing krisis ng bansa at pagsambulat ng pandaigdigang krisis. Sa ilalim ng batas militar ni Marcos, isa sa pinakamalalagim na yugto ng kasalukuyang kasaysayan ng Pilipinas,  hindi nagpasupil, bagkus ibayong lumakas ang iba't ibang porma ng paglaban ng mamamayan. Ang pasismo at terorismo ng estado mismo at ang kawalan ng paggalang nito sa mga demokratikong karapatan at interes ng masa ang siyang nagtutulak sa maraming mamamayan para ipagtanggol ang kanilang sarili at itakwil ang reaksyunaryong gubyerno.

Mga kasama sa midya, ngayon higit kailanman kayo kinakailangan ng masa. Tumampok sa balita ang pagdukot sa apat na magsasaka sa Brgy. Baya, Ragay. Bunga ng inyong kasigasigang mailabas ang balita kasabay ng kahanga-hangang pagsisikap ng masa at mga lokal na upisyal, napigilan ninyo ang plano ng militar na patayin ang apat. Kung hindi naagapan, matutulad ang apat sa nauna nang kaso ng pagmasaker at paglibing nang buhay kina Robero Naris, 30 taong gulang, Ronel Naris, 28 taong gulang at Antonio Bonagua, 19 taong gulang, ng tropa ng 9th IDPA sa Patalunan, Ragay. Kahit na alam ninyong may posibilidad na mabalingan kayo ng karahasan ng militar, buong-kapangahasan ninyo pa ring dinala at ilinabas sa publiko ang panig ng masa. Ito ang diwang marapat nating tanganan laluna sa kasalukuyang panahon.

Biyun-bilyon ang pondong ibinubuhos ng reaksyunaryong kaaway para sa kanyang todo-largang gera kung kaya napakadali para sa militar na magpalabas at magpakalat ng pekeng datos at kwentong pabor sa kanila at magkukubli sa tunay na mga pangyayari. Kapos sa ganitong rekurso ang masang lumalaban. Gayunpaman, walang-maliw at buong-tapang pa rin nilang pinagsisikapan na ilabas ang kanilang mga panawagan. Wala silang takot na ipaglaban ang kanilang interes at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Mga kasama sa midya, bilang daluyan ng boses ng masa, marapat lamang na mangahas ang bawat kagawad ng midyang tulad ninyo na magsaliksik at isapubliko ang tunay na kwento ng masang target ng walang patumanggang paglabag sa karapatang tao at terorismo ng militar sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Manindigan para sa tunay na malaya at mapagpalayang pamamahayag! Manindigan para sa mamamayan! Palayasin ang Militar sa Kanayunan! Labanan ang Todo-Largang Gera ng Rehimeng US-Duterte! Patalsikin ang Pasistang Diktador na si Duterte!

Para sa sambayanan at rebolusyon,
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

---

## Paparaming Bilang ng Sibilyan ang Biktima ng Pasismo ng 9th IDPA sa Bisa ng MO 32 ng Rehimeng US-Duterte

Pebrero 13, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mga magsasaka at hindi kasapi ng BHB ang apat na residente ng Sityo Pulang Daga, Brgy. Baya, Ragay, Camarines Sur na dinukot at iligal na dinetine ng mga elemento ng 9th IBPA noong ika-9 ng Pebrero. Sina Christian Rañon, Romel 'Boboy' Esmero, Ricky Bendaña at Rico Bendaña ay tinortyur sa loob ng dalawang araw. Matapos ang kahanga-hangang pagsisikap ng lokal na mga upisyal ng naturang barangay at mga taumbaryo na mabawi ang mga biktima, napilitan ang militar na ibalik ang kanilang mga dinukot. Gayunpaman, nananatiling hawak ng mga berdugo si Ricky Bendaña.

Mahigpit na kinukundena ng NDF-Bikol ang tahasang paglabag ng militar sa karapatang-tao at ang patuloy na paggigiit ni Col. Paul Regencia, tagapagsalita ng 9th IDPA, na hindi militar ang dumukot sa apat sa kabila ng mabibigat na ebidensyang nagpapatunay nito. Liban sa personal nang pinakiusapan ni Kap. Marciana Quiñones si Lt. Col. Abella, Battalion Commander ng 9th IBPA na iharap at patunayang nasa mabuting kalagayan ang apat, pinatutunayan mismo ng pahayag ng mga biktima na militar ang dumukot sa kanila dahil nakita na nila ang ilan sa mga ito sa mga sakyada sa kanilang barangay.

Lubhang nakababahala ang paghuhugas ng kamay ng militar sa naturang insidente. Sa pahayag ni Col. Regencia, tinatanggal ng 9th

IDPA ang lahat ng pananagutan sa anumang maaaring mangyari sa apat na magsasaka laluna kay Ricky Bendaña na hanggang ngayon ay nasa kanila pa ring kustodiya. Alam ng masa ang duguan at brutal na kasaysayan ng 9th IDPA. Ilang buwan pa lamang ang lumipas mula nang dakipin, tortyurin at ilibing nang buhay sina Roberto Naris, 30 taong gulang, Ronel Naris, 28 taong gulang at Antonio Bonagua, 19 taong gulang, ng tropa ng 9th IDPA sa Patalunan, Ragay. Tulad nang sinasabi nila ngayon sa kaso ng apat na magsasaka sa Brgy. Baya, iisa ang naging pahayag noon ng 9th IDPA hinggil sa masaker sa Patalunan sa kabila ng malakas na ebidensya at testimonya ng mga nakasaksing nagdidiin sa militar - wala sa kanilang kustodiya ang tatlo.

Matapos ang ilang araw sumulpot ang pagdukot kay Rachel Malacca ng Brgy. Patulanan sa parehong araw ng pagdukot sa apat na magsasaka. Hindi pa natatagpuan ngayon si Malacca.

Sa bisa ng mga mapanupil na atas tulad ng MO 32 ni Duterte, kasalukuyang hinahambalos ang mamamayan ng pinasahol na pandarahas sa kamay ng berdugong militar. Sa ilalim ng de facto na batas militar, walang kapantay na kalupitan ang dinaranas ngayon ng masa. Wala ni kapiranggot na pagrespeto sa karapatang tao ang mersenaryong AFP. Malaya nilang binabaluktot ang katotohanan at nakapagpapabango sa midya sa kabila ng kanilang mga krimen sa mamamayan dahil protektado sila ng reaksyunaryong gubyerno. Malinaw na hindi kailanman maaasahan ng masa ang bulok na estadong ipagtanggol ang kanilang karapatan at protektahan sila mula sa pang-aabuso ng militar sapagkat ito mismo ang tagapagtaguyod ng gera laban sa taumbayan. Walang ibang aasahan ang taumbayan kundi ang sariling lakas at pagkakaisa.

Pinagpupugayan ng NDF-Bikol ang lahat ng masang Bikolano, tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga progresibong organisasyon, taong-simbahan, mga kagawad ng midya at mga makabayang upisyal ng lokal na gubyerno na kagyat na rumesponde at sumuporta sa pagbawi sa naturang mga sibilyan mula sa kamay ng mga berdugong militar. Kaisa nila ang rebolusyonaryong kilusan sa patuloy na pagtitiyak na mababawi si Ricky Bendaña at Rachel Malacca ligtas na makababalik sa kanilang lugar.

Dapat pagbayarin ng mamamayan ang kriminal at mamamatay-tao na 9th IDPA, AFP at ang buong rehimeng US-Duterte na nagbibigay ligalidad at proteksyon sa paghahasik ng pasismo at terorismong militar. Nananawagan ang CPP-NPA-NDF Bikol sa mamamayang Bikolano na lumahok sa pakikibaka ng mamamayan para sa karapatan at katarungan. Hinahamon ng rebolusyonaryong kilusan ang mga lokal na upisyales ng gubyerno na manindigan para sa karapatan ng kanilang nasasakupan. Sa tumitinding pagkubabaw ng militar sa sibilyang burukrasya, ngayon higit kailanman kinakailangan ang kanilang mapagpasyang pagtupad sa mandatong ipagtanggol ang masa sa kabila ng panunupil ng militar.

Sa panibagong krimeng ito laban sa mamamayan, nararapat at kinakailangang paigtingin ng mga yunit ng BHB ang mga taktikal na opensiba upang parusahan ang berdugong pwersa ng 9th IDPA at bigwasan ang pasistang rehimeng US-Duterte na labis na nagsasamantala at nang-aapi sa sambayanan.

# DINAYANG ELEKSYON PARA SA BOL, MAGDUDULOT NG IBAYONG PAGSASAMANTALA

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Pebrero 4, 2019

Malinaw na ang pananaig ng botong Yes para sa Bangsamoro Organic Law (BOL) ay dulot ng malawakang manipulasyon at panghihimasok ng militar sa naganap na plebisito at hindi mula sa sentimyento ng mamamayang Moro.  Naratipika ang huwad at anti-Moro na BOL sa gitna ng pinatinding karahasan, militarisasyon at pag-iral ng Batas Militar sa Mindanao.  Sa halip na tunay na awtonomya at sariling pagpapasya, ibayong pangwawasak sa mga komunidad, pinatinding pangangamkam at pagbubukas ng mga lupang ninuno sa pananalasa ng dayuhan at lokal na monopolyo ang idudulot ng ratipikasyon ng BOL.

Habang nasa kasagsagan ng plebisito, ginamit na tuntungan ang multo ng papalalang presensya ng ISIS sa Mindanao upang likhain ang klima ng ligalig.  Agarang ibinandila ng rehimen ang mapanlinlang nitong pangako na magdudulot ng katahimikan at kapayapaan ang BOL sa Mindanao.  Samantala, nananatili ang Batas Militar sa buong Mindanao upang apulahin ang anumang oposisyon at makatarungang paglaban ng mamamayan sa malawakang panunupil ng kanilang karapatan sa ekonomya, pulitika at kultura na ibubunga ng pagpapatupad ng BOL.

Tiyak na pagpipiyestahan ng rehimeng US-Duterte at mga kasapakat nito ang pagbubukas ng pintuan para sa malawakang pandarambong ng mga lupaing ninuno ng mamamayang Moro.  Walang nakasaad sa BOL hinggil sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa. Ang itatayong gobyernong Bangsamoro ang siya pang mangunguna sa pang-aagaw ng mga lupaing ito mula sa henerasyon nang mga magsasakang lumilinang dito.

Walang maasahang pag-unlad sa kabuhayan at pamumuhay ang mamamayang Moro mula sa pagtatayo ng Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao (BARMM) dahil wala sa balangkas nito na harapin ang mga suliranin ng masang Moro. Dagdag kasangkapan lamang ang BARMM ng rehimeng US-Duterte upang patampukin ang pagkakaiba sa relihiyon at kultura at mapigilan ang pakikipagkaisa ng hanay ng Moro sa malawak na sambayanang Pilipino. Subalit, tulad ng iba pang masang anakpawis sa Luzon, Visayas at Mindanao, itutulak nito ang mamamayang Moro na ibayong panghawakan ang armadong pakikibaka bilang tanging pamamaraan upang makamtan ang tunay na kalayaan mula sa pang-aapi't pagsasamantala. Kaisa ang NDF-Bikol sa nagpapatuloy at ibayong susulong na pakikibakang Moro laban sa pinatinding kahirapan at kaguluhang hatid ng itatayong Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao.

## Eleksyon 2019, Isang Huwad na Demokratikong Proseso at Paggamit ng Pananakot at Karahasang Militar sa Halalan Pabor sa Rehimeng US-Duterte

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Pebrero 13, 2019

Malinaw na isa sa pangunahing pinupokusan ni Duterte at ng kanyang pasista at teroristang atake ang Kabikulan. Mismong sa kanyang tulak at disenyo, idineklara ni Maj. Gen Fernando Trinidad, kumander ng 9th IDPA at ng Joint Task Force Bicolandia (JTFB), ang buong Kabikulan bilang election hotspot at ipinailalim ito sa pinatinding kontrol militar. Matapos nito, minadaling ikinasa ang pagdaos ng Regional Peace and Order Summit for Barangay Officials at puspusang linatag ang makinarya ng EO 70 sa rehiyon.

Ang pagdeklara sa Kabikulan bilang isang election hotspot ay bahagi ng pambansang ligalig na kasalukuyang linilikha ng rehimeng US-Duterte upang mairatsada ang pakanang pasistang diktadura. Layunin niyang mailuklok ang pinakasagadsaring kurakot, neoliberal at upang maisagasa ang kanyang diktadurang pakana, maiwasan ang ganap na pagbagsak ng rehimen at mapalawig ang kanyang paghahari lagpas 2022 o maipasa ito kay Inday Duterte. Ayon sa PNP, umabot na sa 701 na mga bayan at munisipalidad sa buong bansa ang dineklara bilang election hotspots. Sa Bikol, idineklara ng JTFB ang 65% o 74 bayang isasailalim nito sa election watchlist sa buong rehiyon. Dagdag ni Trinidad, ipapailalim sa pinatinding militarisasyon at operasyong militar ang mga bayang ito, kung saan, diumano aktibong nagsasagawa ng extortion at special activities ang BHB.

Desperado si Duterte na makuha ang padausdos na suporta ng mga lokal na opisyal sa rehiyon upang maitulak ang kanyang anti-mamamayang gera at maipanalo sa halalan ang kanyang pasistang pangkatin. Hindi kataka-takang idinaos ang Regional Peace and Order Summit para sa mga lokal na opisyal ilang araw bago ang pormal na simula ng kampanya at pagdeklara sa Kabikulan bilang election hotspot. Tahasang linilinlang ang mga lokal na opisyal at lingkod-bayan na nakasalalay sa pagkapanalo ng pangkating Duterte ang pagpapanatili ng kaayusan sa rehiyon. Ngunit malinaw ang mensahe ni Duterte para sa mga lokal na opisyal: sila ay mga hamak na mga tagasunod sa dikta ng militar at sinumang pumanig sa mamamayan ay ituturing na kaaway ng estado at walang poder maging sa loob ng reaksyunaryong gobyerno.

.

Sa pamamagitan ng pananakot, pandarahas at sukdulang pamamaslang, itinutulak ni Duterte ang mga LGU na isuko ang kanilang otoridad at mga komunidad nilang saklaw sa pinatinding militarisasyon at operasyong militar ng AFP-PNP-CAFGU. Kapansin-pansing matapos ibaba ang MO 32 at bisitahin ni Duterte ang rehiyon, sunud-sunod na pamamaslang ang isinagawa ng mga Duterte death squads kung saan karamihan sa mga biktima ay mga opisyal ng barangay at mga sibilyang magsasaka. Tampok na halimbawa nito ang tahasang panghihimasok ng 9th IB sa komunidad ng Brgy. Baya sa bayan ng Ragay nang isinasawalang-bahala ang otoridad ng punong barangay nitong si Marciana Quinones. Apat na sibilyan ang dinukot at iligal na idinitine ng mga nag-ooperasyong militar sa naturang barangay.

Subalit patunay rin ang pagtindig ni Punong Brgy. Quinones laban sa panghihimasok ng militar sa kapasyahan, kamulatan at kapangyarihan ng mga lider-komunidad na pumanig sa interes ng masa at ilantad ang militar at pulis bilang mga tunay na tagapaghasik ng karahasan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolano, lalo na sa mga lokal na opisyal at lider-komunidad sa rehiyon, na labanan ang lantarang pagmamanipula ni Duterte sa halalan sa pamamagitan ng mapanlinlang nitong pagkabig ng inyong suporta. Sa pamamagitan ng pinahigpit na pakikipagkaisa ng mga lokal na opisyal sa kanyang nasasakupang komunidad at nagkakaisang hanay ng lahat ng mamamayan mabibigo ang pagpapalakas at pagpapalawak ng terorismo at pasismo ng rehimeng US-Duterte.

## Liberalisasyon ng Bigas dulot ng Rice Tariffication Law, Matinding Banta sa Seguridad at Soberanya sa Pagkain

Pahayag sa Midya
Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Bikol
Pebrero 16, 2019

Kaisa ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid-Bikol (PKM-Bikol) sa pagkundena ng malawak na sambayanan sa matinding banta sa seguridad at soberanya sa pagkain ng Rice Tariffication Law na pinirmahan ni Duterte noong Enero 16. Matinding panganib sa kabuhayan ng magsasaka at mamamayan ang idudulot ng liberalisasyon sa bigas sa pamamagitan ng pagtatanggal ng mga quantitative restrictions o ang proteksyon sa bolyum ng bigas na maaaring iangkat ng bansa. Kapalit nito, magpapataw na lamang ng taripa o buwis sa lahat ng inaangkat na bigas sa bansa na magtataas pa ng halaga nito.

Sang-ayon ang naturang batas sa Agreement on Agriculture na pinirmahan ng Pilipinas kasabay ng iba pang mga bansa sa balangkas ng World Trade Organization (WTO) noong 1995. Itinatakda ng AOA sa WTO ang pagtatanggal sa lahat ng proteksyon sa mga produktong agrikultural ng bansa kabilang na ang bigas. Inoobliga ang bansa na buksan ang kanyang lokal na pamilihan sa pagbaha ng mga imported na kalakal at produkto.

Ang liberalisasyon ng bigas at sektor ng agrikultura sa pangkabuuan, ay lalong magbabansot sa malaon nang atrasadong agrikultura ng Pilipinas. Aasa ang reaksyunaryong gubyerno sa mga produkto ng ibang bansa habang hindi pinalalakas ang lokal na produksyon.

Una, malulugi ang mga magsasaka dahil sa pagbaha ng dayuhang bigas na higit na mababa ang presyo kaysa sa lokal na produkto. Daan-daang libong magsasaka ang mapipilitang magbenta sa napakakababang halaga sa pagpipilit na makahabol sa presyo ng inaangkat na bigas. Ang mga panggitna at mayamang magsasakang masasadlak sa kahirapan at mababaon sa utang ay mapipilitan ding ibenta ang kanilang binubungkal na lupa. Ang malalawak na palayan at lupaing agrikultural na pag-aari ng mga malalaking panginoong maylupa ay maibubukas sa kumbersyon para sa dayuhang plantasyon at iba pang pamumuhunang hindi para sa agrikultura.

Ikalawa, nananatiling kontrolado ng mga kartel sa bigas ang presyo. Sa pag-aalis sa restriksyon sa direktang pagbili ng bigas ng mga kartel, arbitraryong maitatakda ng mga kartel ang bolyum ng suplay at presyo nito sa pamilihan. Malaya silang iimbak ang biniling bigas at saka ilabas ang kanilang suplay sa panahong mataas ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan.

Ikatlo, hindi tunay na makatutulong sa mga magsasaka ang ipinagyayabang ng gubyernong P10 bilyong Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) na manggagaling umano sa taripa sa bigas. Sa ilalim din ng kasunduan sa WTO, ipinagbabawal ang direktang pagtulong ng gubyerno sa mga magsasaka. Hindi mapakikinabangan ng mga magsasaka ang RCEF na ibibigay sa porma ng pautang at walang aasahang subsidyo mula sa gubyerno. Dahil nananatiling atrasado ang agrikultura sa bansa, hindi rin kakayanin ng mga magsasakang humabol sa itinatakda ng gubyernong bolyum ng palay na dapat abutin ng lokal na produksyon upang makahabol sa kakumpetensya.

Ang Rice Tariffication Law ay bahagi ng serye ng mga neoliberal na batas na para sa interes ng dayuhang mamumuhunan at ng mga lokal na naghaharing-uri at taliwas sa kagalingan ng mga magsasaka. Ang malalawak na palayan ay murang mabibili lamang ng lokal na

malalaking negosyo sa real estate tulad ng mga Villar, Sy, Consunji at Ayala at pasasasaan ng mga dayuhang agribisnes para sa produktong agrikulturang pang-export.   Magdudulot ito ng malawak na kagutuman, kahirapan, kasalatan sa mamamayan at malayang magpapaubaya sa malalaking lokal at dayuhang kapital na makamkam ang masaganang taniman ng palay sa bansa.

Naninindigan ang PKM-Bikol na sa halip na itulak ang todo-largang liberalisasyon, dapat na magpatupad ng tunay na reporma sa lupa upang ganap na mapawi ang pyudalismo, suportahan ng gobyerno ang agrikultura pangunahin para sa pagkain ng mamamayan at gumawa ng mga patakaran at programang magpapaunlad sa kanayunan ng bansa katuwang ang makabayang industriyalisasyon.

Nananawagan ang PKM-Bikol at ang buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon na tutulan at labanan ang pahirap at mapanganib na liberalisasyon ng bigas at iba pang neoliberal na patakaran ng rehimeng US-Duterte.  Nararapat na magkaisa ang hanay ng magsasaka at buong sambayanan upang ipagtanggol ang agrikultura ng bansa mula sa lokal at dayuhang pandarambong at pangangamkam.

## Duterte, Nangangambang Kilalanin at Gunitain ang Anti-Diktadurang Paglaban ng Mamamayan sa Anibersaryo ng Pag-aalsang EDSA

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Pebrero 25, 2019

Taun-taong tinatakasan ni Duterte ang paggunita ng sambayanan sa pag-aalsang EDSA.  Sa kanyang pahayag, sukdulan niyang tinangkang palabnawin at ipagkibit-balikat bilang isang kudetang militar ang matagumpay na paglabang ito ng mamamayan.  Subalit hindi niya matatakasan ang kasaysayan.  Hindi mapapapahupa ng anumang militaristang pakana at saywar ng rehimen ang sumusulong na kilusang masang naglalayon sa kanyang pagkatalsik.  Tinutungo at sinasapit niya ang naging kamalian ng kanyang idolo na si Marcos: ang malunod sa pasistang diktadura at magbulag-bulagan sa rebolusyonaryong kapasyahan ng mamamayan.

Hinaharap ng rehimeng US-Duterte ang lumalawak na galit ng sambayanan dulot ng walang-kapantay na pasista at neoliberal na atake sa buhay at kabuhayan.   Patung-patong na pasakit na buwis ang ngayon pinapasan ng mamamayan dahil sa Train Law at pagpapatupad ng excise tax sa langis, dagdag pa sa EVAT.  Nanganganib ang walang kontrol na pagtaas ng presyo ng bigas at ang seguridad at soberanya sa pagkain dahil sa Rice Tariffication Law.   Kinasusuklamanan ang gera kontra-droga na pangunahing target ang mga biktima ng pagkalulong sa droga at mga kalabang druglord ni Duterte.   Malinaw ang mga maniobra ni Duterte upang makapangibabaw sa kontrol ng sindikato ng droga at proteksyunan ang operasyon nito gamit ang burukrasya at ang militar.  Patraydor nitong ibinenta ang soberanya at patrimonya ng bansa sa imperyalistang US at Tsina.   Sa layuning supilin ang lumalawak na pakikibaka ng mamamayan, pinatindi nito ang pasistang diktadura ng estado sa kasalukuyang pagpapaiiral ng de-facto na batas militar.

Walang saysay ang muling pagsusuot ng populistang maskara upang makakabig ng suportang elektoral at makabawi sa mabilis na pagkahiwalay sa masa.   Matapos ang matunog na pagtuligsa sa ganap na liberalisasyon ng bigas, sunud-sunod na pinirmahan ni Duterte ang ilang mga populistang batas sa layuning makakuha muli ng kredibilidad ang kanyang partido at mga kandidato sa darating na halalan.   Muli nitong idineklara ang pinahigpit na kampanya kontra-droga at itinambol sa midya ang paglutang ng drogang “cocaine” sa silangang karagatan ng bansa bilang higit na

suliraning operasyon ng pandaigdigang kartel sa droga at pagtakpan ang kanyang pagiging "drug overlord". Palagiang atrasan ang pagbubukas nito sa usapang pangkapayapaan upang maikubli ang usapin ng marahas na gera kontra-mamamayan na ilinulunsad nito.

Nasa pinakamainam na posisyon at panahon ang kilusang masa upang higit na sumulong at pabagsakin ang pasistang diktadura ni Duterte. Tangan ang mga aral ng Pag-aalsang EDSA at EDSA II, nanawagan ang NDF-Bikol sa mamamayan na palawakin at pahigpitin ang kanilang nagkakaisang hanay. Papalapit nang papalapit ang pagbagsak ng rehimen habang lalong nahihinog ang klima para sa pagdaluyong ng iba't ibang porma ng paglaban ng mamamayan. Hawakan ng mahigpit ang pagkakataon upang ibayong makapagpukaw, makapag-organisa at makapagpakilos at makapagkamit ng higit pang mga tagumpay. Ang pinagbigkis na lakas ng mamamayan ang mapagpasya sa pagtatakda ng kasaysayan.

## Pagbawi sa Iskolarship ng mga Mapanuring Kabataan, Bahagi ng Pagpapatupad ng EO 70

Pahayag sa Midya
Kabataang Makabayan-Bikol
Pebrero 22, 2019

Malinaw na bahagi ng pagpapatupad ng estratehiyang militar na Whole-of-Nation Approach (WoNA) sa pamamagitan ng EO 70 ang panukalang bawian ng iskolarship ang sinumang estudyanteng lumahok sa mga kilos-protesta at sa mga organisasyong nagtataguyod sa demokratikong interes ng kabataan. Sa katunayan, mariing inaatasan sa EO 70 ang mga state universities and colleges (SUCs) at ang buong akademya na maging makinarya ng National Task Force sa pinatinding crackdown at paniktik laban sa kilusang kabataan para lubusang maipatupad ang WoNA.

Upang matiyak ang layuning ito, itinalaga si Ronald Cardema, isang ahente ng militar sa paniktik, bilang kalihim ng National Youth Commission nang sa gayon ay maipailalim ang lahat ng institusyong pangkabataan sang-ayon sa militaristang disenyo. Ang panukalang ito ni Cardema ay pakana ni Duterte at ng mga arkitekto ng pasismo sa militar upang hatiin ang kabataan sa pamamagitan ng paglikha ng ilusyong magkabangga ang karapatan sa pagtuligsa at karapatan sa libreng edukasyon. Kung tutuusin, ito ay parehong marapat na tinatamasa ninuman. Binibigyang-daan din ng panukalang ito ang pagsagasa ng iba pang mga patakarang anti-estudyante katulad ng pagtataas ng matrikula, ng ibayong komersyalisasyon ng edukasyon hatid ng K-12 at ng panukalang pagbabalik ng pasistang Reserve Officers' Training Course o ROTC na kamakailan lang ay naipasa sa Kongreso.

Mulat sa mapagpasyang papel ng kabataan sa rebolusyonaryong kasaysayan at sa pagkakamit ng tunay na panlipunang pagbabago, ikinukondisyon ng estado ang mga kabataan na ang edukasyon ay nagsisilbi para lamang sa pansariling interes at hindi para sa kagalingan ng sambayanan. Hindi kataka-takang sa kabila ng matinding pagbatikos ng mamamayan kay Cardema, mariing pinanindigan ni DILG Sec. Eduardo Año ang panukala nilang ito at tahasang nagbanta na ipagpapatuloy ng rehimen ang panunugis sa mga aktibistang estudyanteng lumalahok sa mga demokratikong aktibidad.

Ang pagiging iskolar ng bayan ay hindi isang pribilehiyo. Higit sa pamantayan ng kahusayan sa akademya, tunay itong nasusukat sa paglilingkod sa pinagsasamantalahan at inaaping sambayanan—ang pinakadakilang pagsasapraktika ng husay at talino. Nananawagan ang KM-Bikol sa mga iskolar ng bayan na ipagpatuloy ang kanilang makasaysayang papel sa kilusang propaganda, patuloy na mag-organisa, maglingkod sa sambayanan at sumalig sa rebolusyon upang makamtan ang isang malayang bukas.

## Di-umanong P9 Bilyong Suporta ng Masa sa CPP-NDF-NPA, Hindi Lalayo sa Kitang Buwis ng Reaksyunaryong Gubyerno sa Kabikulan noong 2017

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Pebrero 26, 2019

Sana ay magdilang-anghel si Col. Paul Regencia at ang 9th IDPA sa pagpapahayag na umabot sa siyam na bilyong piso ang natanggap na suporta ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon para sa taong 2017 hanggang 2018. Ayon mismo sa datos ng Bureau of Internal Revenue (BIR)-Bicol[1], P10.7 bilyong piso ang nakolekta ng kanilang ahensya para sa taong 2017. Sa ganitong lohika, hindi nagkakalayo ang suportang tinatanggap ng CPP-NPA-NDF Bikol mula sa buwis na pumapasok sa reaksyunaryong gubyerno. Kung gayon, tila inamin na rin ni Regencia ang lakas at lawak na inaabot ng rebolusyonaryong kilusan, isang bagay na paulit-ulit din naman nilang iginigiit na hindi totoo.

Anong pahayag ngayon ang paninindigan ng 9th IDPA - mahina na at wala nang sapat na lakas ang rebolusyonaryong kilusan o igigiit nila ang siyam na bilyong pisong suportang nagpapatunay lamang ng impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan at mahigpit na pagyakap ng mamamayang Bikolano rito? Alinman sa dalawa, hindi maitatanggi ng 9th IDPA ang desperasyon nitong linlangin ang masa at ikubli mula sa publiko ang tuluy-tuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Sa kahuhugot ng militar ng kwento sa hangin, lalo lamang sila nabibilaukan sa sarili nilang mga salita.

Kung tutuusin, higit pa sa siyam na bilyong piso ang natatanggap na suporta ng rebolusyonaryong kilusan mula sa masa. Hindi matutumbasan ng anumang halaga ang buong-lugod na pagtangkilik at pag-angkin ng masang Bikolano sa demokratikong rebolusyong bayan. Sa loob ng 50 taon, ibayong pinanday at pinatatag ang pagkakaugat ng rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Sa kabila ng sukdulang karahasan at panunupil ng reaksyunaryong estado, patuloy na ihinahandog ng rehiyon ang pinakamahuhusay niyang anak ng bayan upang maglingkod sa interes ng nakararami. Buong kapasyahang isinusulong ng bawat salinlahi ng mga rebolusyonaryo ang digmang bayan na ipinundar ng mga naunang kasama.

Maluwag sa kalooban ng masang suportahan ang rebolusyonaryong kilusan dahil alam nilang ang mga programa at serbisyo ng demokratikong gubyernong bayan ay tunay na naglilingkod sa kanila. Sa araw-araw na nakasasalamuha nila ang mga kasama, napapatunayan mismo ng masa ang mahigpit na pagtangan ng mga kasama sa disiplina ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka. Iniaalay ng mga rebolusyonaryo ang kanilang panahon, husay, talino at lakas sa pagsisilbi sa bayan nang walang hinihintay na kapalit.

Napakalaking pagkakaiba nito sa mga berdugong militar at pulis na walang pagdadalawang-isip na nagwawasiwas ng karahasan kapalit ng sahod, gantimpala at promosyon. Para sa kasalukuyang taon, magbubuhos ang reaksyunaryong gubyerno ng P107 bilyong piso[2] para sa pondo ng militar na gagamitin lamang para sa kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte at pagpipyestahan sa kurakot ng mga upisyal. Samantala, bilyun-bilyon ang pondong kinaltas sa mga ahensya tulad ng Department of Education (DepEd), Department of Agrarian Reform (DAR) at Department of Agriculture (DA)[3].

Naninindigan ang NDF-Bikol sa talas ng mamamayan at sa kakayahan nilang suriin ang

tunay na kalagayan ng lipunan. Anumang kasinungalingan ang ipamarali ng militar, hindi kailanman malilinlang ang masa. Kilala nila ang tunay na hukbong nagsisilbi sa kanila. Sa pagtindi ng pasista at neoliberal na atake ng rehimeng US-Duterte, hindi nakapagtataka kung patuloy na tatamasahin ng rebolusyonaryong kilusan ang mainit na suporta ng masa.

*1 Calipay,C. (2018, February 14). BIR-Bicol exceeds 2017 tax collection target. Retrieved from Philippine News Agency Web site.*

*2 Expenditure Program for year 2019. (2018). Retrieved from Department of Budget and Management Web site.*

*3 Ibid.*

## Pagbayad ng Access Fee ng mga Tradisyunal na Pulitiko, Pagkilala sa Kapangyarihang Pampulitika ng Demokratikong Gubyernong Bayan

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Pebrero 26, 2019

Kinikilala maging ng mga tradisyunal na pulitiko ang pantay na pampulitikang katayuan ng rebolusyonaryong gubyernong bayan sa reaksyunaryong pamahalaan at ang kaakibat nitong angking karapatan sa pagpapataw ng buwis. Sa panahon ng eleksyon, ang pagtakda ng makatwirang halaga para sa mga kandidatong nais mangampanya sa loob ng mga sonang gerilya ay isang anyo ng buwis at nasa kategoryang "Access Fee" . May kaakibat itong mga kundisyon sa kondukta ng pangangampanya na tinatalakay sa bawat indibidwal na kandidato. Matapos magkasundo sa Access Fee at mga kondisyon ay saka lamang ipinagkakaloob ang Permit to Campaign o PTC.

Ang usapin ng Access Fee ay hindi lamang usapin ng pagbabayad ng isang takdang halaga sa rebolusyonaryong pamahalaan. Sa kabila ng matatag na paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan na bulok at huwad ang mga ilinulunsad na reaksyunaryong halalan, nanatili ang pagkilala nito sa mapagpasyang lakas ng mamamayan sa pagtataguyod ng kanilang mga demokratikong karapatan. Kabilang dito ang kanilang karapatang bumoto. Ang PTC na iginagawad ng rebolusyonaryong kilusan ay isa sa mga mekanismo upang matiyak ang kapakanan ng masa kahit sa panahon ng reaksyunaryong halalan. Upang mapagkalooban ng PTC, nangangako ang kandidato na tatalima sa mga patakarang itinakda ng rebolusyonaryong pamahalaan sa pagpasok nila sa sonang gerilya para mangampanya. Tinitiyak nitong hindi magdudulot ng takot at ligalig ang pangangampanya ng bawat kandidatong napagkalooban ng PTC. Gayundin, bago ipagkaloob ang PTC sa isang pulitiko, inaalam sa kanyang plataporma ang mga sosyo-ekonomikong programa para sa kapakinabangan ng masa. Hindi ipinagkakaloob ng demokratikong gubyenong bayan ang PTC sa sinumang kandidatong napatunayang maysala sa mga krimen laban sa mamamayan.

Lumang tugtugin na ang mga pahayag ni PNP Chief Oscar Albayalde laban sa diumano ay 'extortion activities' ng CPP-NPA-NDFP sa panahon ng eleksyon. Paulit-ulit na ibinabato ng reaksyunaryong gubyerno ang naturang usapin sa desperadong pagtatangka na pahupain ang suporta ng masa sa rebolusyonaryong kilusan at itanggi ang katotohanang kinikilala ng mga tradisyunal na pulitiko ang paglawak ng saklaw ng rebolusyonaryong baseng masa. Ang tanging layunin ni Albayalde sa pagpapangalan sa Kabikulan bilang isa sa mga rehiyong nakatatanggap ng pinakamalaking suporta mula sa mga pulitiko sa panahon ng eleksyon ay ang bigyang-matwid ang higit pang presensya ng PNP at militar sa halalan at maghasik ng klima ng kaguluhan sa rehiyon. Sinusuhayan ng ganitong mga pahayag ang hakbangin ng

rehimeng US-Duterte na ibalik nang ganap ang pasistang diktadura. Kabilang dito ang pagtitiyak na mangunguna ang militar at pulis sa manipulasyon ng eleksyon upang mailuklok ang mga kasapakat ni Duterte sa pulitika.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolano na tumindig laban sa kabulukan ng reaksyunaryong eleksyon at ilantad ang paggamit dito ng rehimeng US-Duterte upang maipwesto ang mga pulitikong kinabig para sa susunod na pampulitikang hakbang na Charter Change o pagbago ng Saligang Batas. Malinaw na layunin ng rehimeng US-Duterte na mailusot ang mga maka-imperyalistang probisyon at maitatak sa Konstitusyon ang pasistang diktadura sa pamamagitan ng pekeng pederalismo.

## Engkwentro sa Tuaca, Walang Katotohanan!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 6, 2019

Pekeng balita ang ipinagkakalat ng PNP Mobile Force-Camarines Norte hinggil sa engkwentro sa Brgy. Tuaca, Basud, Camarines Norte noong Marso 3. Walang katotohanan ang pahayag ni PSupt. Godofredo Tul-o na nagkaroon ng limang minutong labanan sa pagitan ng pwersa ng pulis at ng Armando Catapia Command (ACC)-BHB-Camarines Norte na nagresulta umano sa pagkakapaslang sa isang hindi kinilalang kasapi ng BHB. Ayon sa ulat na natanggap ng NDF-Bikol mula sa ACC-BHB-Camarines Norte, walang naganap na labanan at walang presensya ng mga kasama sa naturang lugar sa panahong nabanggit.

Nakababahala ang naturang pahayag dahil bagamat walang labanan na naganap ay mayroong pinatay na indibidwal ang pwersa ng pulis. Dapat kagyat na maimbestigahan ng lokal na gubyerno kasabay ang mga organisasyong tagapagtaguyod ng karapatang-tao, kagawad ng midya at mga taong-simbahan ang kasong ito. Kung pagbabatayan ang madugo at brutal na kasaysayan ng pulis at militar, malaki ang posibilidad na isa na namang sibilyan ang kanilang pinatay at saka ipinaradang kasapi ng BHB.

Walang tigil ang kasinungalingan ng militar at pulis. Sa unang kwarto ng taon, dalawang beses silang nagpakalat ng balita ng mga pekeng engkwentro sa naturang prubinsya. Gayundin, kamakailan lang ay nagpahayag ang 9th IDPA na umabot umano sa siyam na bilyong piso ang pinansyal na suportang natanggap ng rebolusyonaryong kilusan sa Bikol para sa taong 2017 hanggang 2018.

Alam ng 9th IDPA at ng PRO 5 na sa kabila ng kanilang pagyayabang na mahina na ang rebolusyonaryong kilusan ay napakalaking banta pa rin ito laban sa lubusang pamamayagpag ng kanilang armadong panunupil. Hindi sila makabawi mula sa tuluy-tuloy na pagyanig sa kanilang hanay ng mga anihilatibong taktikal na opensiba ng Pulang hukbo.

Ginagamit na tuntungan ng pulis at militar ang naturang balita ng mga pekeng engkwentro upang bigyang-matwid ang kanilang dagdag na presensya at higit na masinsing operasyong militar sa kanayunan. Sa paglapit ng eleksyon, kinakailangan nilang mabuo ang klima ng kaguluhan upang malayang makapanghimasok ang militar at pulis sa pandaraya at pakikialam sa halalan. Nagsisilbi ito sa pampulitikang maniobra ng kanilang among si Duterte na iluklok ang mga pulitikong masugid niyang alipures at titiyak sa kanyang pasistang diktadura.

Sa kagyat, hinihikayat ng NDF-Bikol ang mga makabayan at progresibong pwersa na magsagawa ng mga fact finding missions at panagutin ang mga yunit at upisyal ng AFP-PNP-CAFGU na salarin sa pamamaslang at sunud-sunod na abusong militar laban sa mga sibilyan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa masang Bikolano na magkaisa laban sa tumitinding militarisasyon at malawakang operasyong saywar ng militar at pulis. Hindi maaaring palampasin ng sambayanan ang lantarang pagyurak sa lahat ng karapatang sibil at demokratiko sa ilalim ng total war ng rehimeng US-Duterte.

## Kababaihan, Magkaisa! Labanan at Ibagsak ang Papet at Pasistang Rehimeng US-Duterte!

MAKIBAKA-Bikol
Marso 8, 2019

Malugod na nakikiisa ang Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan – Bikol (MAKIBAKA-Bikol) sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Pinagpupugayan ng rebolusyonaryong kilusan ang taglay na tapang at lakas ng kababaihan sa pagharap sa pamalagiang krisis ng ekonomya at pulitika. Malaking hamon para sa kababaihan at sa lahat ng aping sektor ng lipunan na palakasin ang pagkakaisa upang maibagsak ang naghaharing macho-pasista at teroristang rehimeng US-Duterte.

Inuudyok ng imperyalismong US ang pagpairal ng pasistang diktadura ng rehimeng Duterte upang bigyang daan ang pananalasa ng mga neoliberal na patakaran. Kamakailan, linagdaan ang Rice Tariffication Law upang bigyang solusyon umano ang kakulangan sa suplay ng bigas sa bansa subalit lubusang ipauubaya nito ang presyo sa malalaking traders. Tuluy-tuloy ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin dulot ng pangalawang bugso ng dagdag-singil sa buwis sa ilalim ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) Law. Habang walang-patumanggang pinagsasasaan ng imperyalistang kartel ang mataas na presyo ng langis, higit pang ginipit ang taong-bayan sa pataw na VAT at Excise Tax ng TRAIN LAW. Nakaamba pa ngayong taon ang pagpapatupad ng batas na Tax Reform for Better and High Quality Opportunities (TRABAHO) kung saan ibababa ang buwis na kailangang bayaran ng mga korporasyon.

Upang supilin ang makatarungang paglaban ng mamamayan sa mga mapagsamantalang patakarang ito, iwinasiwas ng rehimeng US-Duterte ang tripleng gera na Oplan Kapayapaan, Oplan Tokhang at pagpapairal ngde facto batas militar. Upang ganap na mapakawalan ng AFP-PNP-CAFGU ang matinding bigwas ng pasismo at terorismo ng estado, sinuhayan ito ng MO 32 at EO 70 upang laktawan ang mga restriksyong ilinagay laban sa pasistang diktadura sa Saligang Batas ng 1987. Kasapakat ang mga alagad nito sa kongreso at senado, isinabatas ang National ID System. Sa tabing ng gera kontra-terorismo, lalo pang pababagsikin ang Human Security Act ng mga amyendang ihinahapag sa kongreso.

Sa pagbubuo ni Duterte ng kanyang diktaduryang paghahari, hindi ligtas – at sa katunayan ay lubha pang nasa panganib – ang karapatan ng kababaihan. Bilang pangunahing tagapagtaguyod ng macho-pasistang kultura, sa kanya mismo nagmumula ang atas na bastusin, gahasain at patayin ang kababaihang mangangahas na tumindig at lumaban. Sa kabilang banda, pumupostura pa rin si Duterte na nagtataguyod ng kapakanan ng kababaihan sa pagsasabatas ng Expanded Maternity Leave. Ngunit dahil sadyang tinatalikuran nito ang pagkilala sa ugat ng kahirapan na dinaranas ng kababaihang anakpawis, paimbabaw lamang itong lunas sa mga panlipunang suliraning nakaugat sa umiiral na bulok na sistema.

Ang paglaya ng kababaihan ay mahigpit na nakakawing sa pakikibaka ng sambayanan para sa tunay na katarungan, demokrasya at kalayaan. Kailangan ang aktibong paglahok ng kilusang kababaihan sa pampulitikang pakikibaka ng mamamayan upang ibagsak ang estadong malakolonyal at malapyudal. Kailangang kasabay silang makibaka para sa paglaya ng uring manggagawa at magsasaka laban sa imperyalismo at pyudalismo. Sa kilusang pagpalaya ng uring anakpawis makakamit ng kilusang kababaihan ang paglaya sa pang-aapi at pagsasamantala sa kababaihan.

Mahigpit na nananawagan ang MAKIBAKA-Bikol sa lahat ng kababaihan at mamamayang Pilipino na magkaisa sa pagharap sa sumisidhing krisis sa ekonomya at paglaban sa pasistang diktadura. Kailangang lumahok at makibaka ang kababaihan upang makaisa sa paglikha ng daluyong ng kilusang masang magbabagsak. Ang paglaya ng Inang Bayan sa mula sa lokal at dayuhang naghaharing-uri ay hakbang pasulong sa paglaya ng kababaihan.

## Hinggil sa Red-Tagging ng rehimeng US-Duterte sa mga progresibong NGOs

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 14, 2019

Walang katotohanan ang paratang ng rehimeng US-Duterte at mga alipures nito laban sa mga progresibo at sibilyang organisasyon. Hindi ginagamit ng CPP-NPA-NDFP, sa Kabikulan at sa buong bansa, ang anumang non-government organization, sa loob at labas ng bansa, upang makakuha ng suporta para sa rebolusyonaryong aktibidad. Mga lehitimong organisasyong tumitindig para sa demokratikong interes ng mamamayan ang pinararatangan ng pasistang rehimen na may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Kabilang dito ang Kilusang Mayo Uno, isang organisasyon ng mga manggagawa; Karapatan, organisasyong tagapagtaguyod ng karapatang-tao; at Ibon Foundation, isang pretihiyosong insitusyong pananaliksik.

Ang malawakang red-tagging sa mga guro, kabataan-estudyante, kagawad ng midya, abugado, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, taong-simbahan, propesyunal, manggagawa at magsasaka ay desperadong taktika ng lahat ng mga papet na rehimeng nagpapakana ng tirano, awtokratiko at diktador na paghahari sa pamamagitan ng pasismo. Noong 2017, 600 pangalan ng mga kilalang personalidad kabilang na ang ilang upisyales ng United Nations ang binansagang terorista ni Duterte. Noong Oktubre 2018 naman, ipinakalat ni Duterte at ng kanyang mga alipures ang sabwatan umano ng ilang mga organisasyon at ng rebolusyonaryong kilusan upang pabagsakin ang kanyang rehimen. Katawa-tawang maging ang Jollibee Food Corp. ay kasabay sa listahan ng mga 'destabilizers' na ilinabas ng kanyang anak na si Paolo Duterte.

Ang masahol pa, ang pambabansag na ito ay ginagawang tuntungan ng militar at pulis upang maghasik ng sukdulang pasismo at atakehin ang mamamayan. Sa paglakas ng kilusang pagpapatalsik laban kay Duterte, lalo siyang nag-uulol sa pagwawasiwas ng marahas na armadong panunupil laban sa mga makabayang organisasyon at kritiko ng kanyang pasistang gubyerno upang takutin ang malawak na hanay ng mamamayan at pigilan ang tuluy-tuloy na paglalantad at paniningil sa mga krimen ng kasalukuyang rehimen. Sa Negros, ipinatupad ang mapandumog na Oplan Sauron na tumarget sa mga lider ng organisasyong masa at kanilang mga kapamilya. Umabot sa pito ang biktima ng ala-Tokhang na estilong 'pinatay dahil nanlaban'.

Marka ang pasismo ng reaksyunaryong estadong patuloy na nabibigo sa pag-apula ng makabayan at rebolusyonaryong sentimyento ng mamamayan. Sa Kabikulan, bigo pa rin ang 9th IDPA na durugin ang rebolusyonaryong armadong pwersa kung kaya nagkakasya na lamang sila sa pag-atake sa sibilyang populasyon. Sa kabila ng pagpapakalat ng mga gawa-gawang balita ng labanan, pagpaparada ng mga pekeng surrenderees at paglikha ng mga kaganapang magbibigay-matwid sa pinatinding militarisasyon, walang napadapang kahit isang larangang gerilya ang mga berdugong militar. Tuluy-tuloy na nakapaglulunsad ang mga yunit ng NPA ng mga batayang taktikal na opensiba at koordinadong aksyong yumayanig sa hanay ng AFP,PNP at kanilang mga ahente.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolano na labanan ang red-tagging, pananakot, panggigipit at malawakang pagtugis ng rehimeng US-Duterte sa mga lehitimong organisasyon ng iba't ibang sektor. Labanan ang ala-Martial Law na pagsikil sa karapatan ng mamamayang mag-organisa at magpahayag ng pagtuligsa sa mga neoliberal, anti-demokratiko at maka-imperyalistang patakaran ng rehimen. Singilin ang rehimeng US-Duterte sa patung-patong na krimen nito laban sa sambayanan at labanan ang kontra-mamamayang gera.

## Hinggil sa Paulit-ulit na Pagsasara ni Duterte sa Usapang Pangkapayapaan

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 22, 2019

Hindi na bago ang deklarasyon ng tuluyang pagtalikod ng pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan sapagkat tinalikuran na niya ito noong pang Nob. 2017 sa Proclamation Order #360. Ang bago ay ang kagalakan niya sa resulta ng Pulse Asia Survey na kabilang ang anim na kandidato niya sa Senado sa mga tinatayang mangunguna sa halalan. Sapat-sapat ang karagdagang bilang na ito upang lubusan niyang madomina ang Senado para sa mabilis at walang sagkang iskema ng Charter Change. Bunga nito, maaga niyang ihinahanda ang mamamayan sa kanyang adyenda sa SONA at panibagong atake sa CPP-NPA-NDFP kabilang na ang adyenda niya sa usapang pangkapayapaan upang mapapurol ang paglaban ng mamamayan sa pagbabago ng konstitusyon. Malinaw na ang huwad na pederalismo sa esensya ay pasistang diktadura at higit magpapalalim ng kontrol ng dayuhan sa bansa.

Sa maagang bahagi pa lamang ng kanyang panunungkulan, mabilis nang ilinantad ni Duterte ang kanyang pagkauhaw sa absolutong pampulitikang kapangyarihan. Mula umpisa, sinasakyan lamang ni Duterte ang malakas na panawagan ng mamamayan para sa isang usapang pangkapayapaan upang pabanguhin ang imahe ng kanyang marahas at pasistang rehimen at pansamantalang maikubli ang kanyang mga pampulitikang maniobra upang makonsolida ang kapangyarihan sa kanyang kamay.

Kahit bago pa man ang sinasabi niyang pagsasara nang tuluyan sa usapang pangkapayapaan, hindi kailanman nagpakita ng katapatan si Duterte sa layunin ng naturang negosasyon1. Iwinasiwas niya ang tripleng gera ng Oplan Tokhang, Oplan Kapayapaan at Batas Militar sa Mindanao kasabay ng iba pang mga mapanupil na hakbangin laban sa mamamayan. Daan-daang libong sibilyan na ang naging biktima ng kanyang total war mula nang maupo siya sa pwesto noong 2016.

Tuluy-tuloy din ang pataksil niyang pag-atake sa rebolusyonaryong kilusan at sa mga kasapi ng peace panel ng panig ng NDFP. Noong Mayo 2017, iligal na dinakip sina Rommel Salinas, NDFP peace consultant, Bishop Carlo Morales, obispo ng Iglesia Filipina Independiente at dalawang iba pa sa bayan ng Ozamiz. Noong Enero 2018, hinuli naman si Rafael Baylosis, isa ring NDFP peace consultant, at kasama niyang si Guillermo Roque sa Quezon City. Pinaslang naman ang NDFP consultant na si Alfredo 'Ka Bendoy' Merilos at sibilyang si Liz Ocampo noong Marso 2018 sa Camarines Sur. Bago matapos ang taong 2018, tatlong NDFP consultants pa (Vicente Ladlad, Adelberto Silva at Rey Casambre) at pitong sibilyang kasama nila ang iligal ding inaresto. Pagpasok ng taong 2019, pinaslang naman ng mga elemento ng militar si Felix Randy Malayao, isa ring peace consultant, sa Aritao, Nueva Vizcaya habang lulan ng isang pampasaherong bus.

Itinalaga rin niya si dating AFP Chief of Staff Carlito Galvez bilang Presidential Adviser on the Peace Process. Si Galvez ay dating kasapi ng komite sa Cessation of Fire and Disposition of Forces (CFDF). Hindi nakapagtataka kung gayon na sa pag-upo niya bilang tagapangulo ng tanggapan para sa usapang pangkapayapaan, isinulong ni Galvez ang kampanyang pagpapasuko at pagsasalong ng armas ng BHB sa halip na tiyakin ang mga mekanismo upang gumulong at umusad ang usapang pangkapayapaan.

Gayundin, matatandaang sa kabila ng mga pagsisikap ng panig ng NDFP upang maituloy ang usapang pangkapayapaan, makailang ulit na

nag-atras-abante ang panig ng GRP hanggang sa tuluyang ideklara ni Duterte ang pagsasara rito noong Nobyembre 2017 sa bisa ng Proclamation No. 360 at kakambal nitong Proclamation 374 na nagdeklara sa CPP-NPA-NDFP at sa mga kaalyadong organisasyon nito bilang mga terorista.

Malinaw ang tunguhin ni Duterte. Kinukumpleto niya ang lahat ng rekisitos upang tuluyang maitayo ang isang pasistang diktadurang kahalintulad ng sa kanyang idolong si Ferdinand Marcos. Kabilang na rito ang pagtitiyak na masusupil ang lahat ng tipo ng paglaban ng mamamayan at madudurog ang rebolusyonaryong kilusan sa loob ng kanyang termino.

Gayunpaman, napatunayan na sa kasaysayan na sa harap ng pinakamatitinding pang-aatake sa mamamayan at pinakamasasahol na reaksyunaryong hakbangin ay lalong nakapagpupunyagi ang rebolusyonaryong kilusan. Gaya ng pagsambulat ng galit ng mamamayan sa panahon ng diktador na si Marcos, haharapin ni Duterte ang pagngangalit ng sambayanang inaapi't pinagsasamantalahan. Ibayong umuugat sa diwa ng malawak na mamamayan ang pagnanais na pabagsakin ang papet at pasistang si Duterte at isulong ang digmang bayan hanggang tagumpay.

## Hinggil sa Pagtalikod ni Duterte sa Usapang Pangkapayapaan

Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, BHB-Bikol
Marso 23, 2019

Ang tuluyang pagtalikod ng rehimeng US-Duterte sa usapang pangkapayapaan ay matibay na patunay ng kawalan nito ng kapasyahan at kakayahang resolbahin ang ugat ng armadong sigalot sa bansa. Taliwas sa malisyoso at kontrarebolusyonaryong pahayag ni Brig. Gen. Antonio Parlade Jr., Deputy Chief of Staff for Operations at Civil Military Operations (CMO) Head ng AFP, ang panig ng reaksyunaryong gubyerno ang walang ipinakitang ni katiting na respeto at katapatan sa usapang pangkapayapaan.

Pinalalabas ng militar at reaksyunaryong gubyerno na ang pinakamalaking hadlang sa pag-usad ng usapang pangkapayapaan ay ang patuloy na pagsusulong ng CPP-NPA-NDFP ng armadong pakikibaka. Sa balighong lohika nila, hindi tapat ang rebolusyonaryong kilusan sa pagharap sa negosasyon dahil bahagi lamang ito ng 'pakikibakang ligal' ng rebolusyonaryong kilusan. Linalayon lamang ng pagpapakalat ng ganitong baluktot na mga pahayag na itulak sa pagsuko at pagsasalong ng armas ang mga yunit ng Pulang Hukbo.

Ang usapang pangkapayapaan ay isinasagawa sa pagitan ng panig ng GRP at NDFP upang tugunan ang ugat ng armadong tunggalian sa Pilipinas. Umiiral ito sa kontekstong mayroong mga makatwirang dahilan ang isang panig kung bakit ito nag-aarmas laban sa kabilang panig. Kinikilala maging sa internasyunal na komunidad ang ganitong katayuan ng gera sibil sa bansa.

Isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang armadong pakikibaka dahil karahasan at panunupil lamang ang tugon ng reaksyunaryong estado sa mga kahingian ng sambayanang Pilipino. Kinakailangan mag-armas ng masa upang ipagtanggol ang sarili at upang makamit ang mga demokratikong interes at mga makabuluhang reporma tulad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Ang lakas ng nag-aarmas na mamamayan ang siyang nagtutulak sa reaksyunaryong gubyerno na harapin ang mga suliraning patuloy na bumabayo sa lipunang Pilipino. Kung bibitawan ng CPP-NPA-NDFP ang pagsusulong ng armadong pakikibaka, mawawalan ng armas ang sambayanan laban sa pandarahas, pang-aapi

at pagsasamantala ng reaksyunaryong estado at mga naghaharing-uri. Magiging malaya ang GRP na ipagsawalambahala ang interes ng masa at supilin ang anumang porma ng ligal na pakikibaka.

Lalo lamang ilinalantad ni Parlade sa publiko ang babaw ng pag-unawa ng AFP sa malalim na ugat ng limang dekadang pag-aarmas ng sambayanan laban sa isang sistemang mapang-api at mapagsamantala. Para sa kanila, hindi mahalaga ang matugunan ang mga suliranin ng bansa. Nagmamadali lamang silang pasukuin at pagsalungin ng armas ang rebolusyonaryong pwersa.

Hindi nakapagtataka kung gayon ang kawalan ng interes ng GRP sa usapang pangkapayapaan. Wala itong balak na harapin at resolbahin ang mga makatwirang dahilang ilinalapit ng CPP-NPA-NDFP sa pagharap sa mga negosasyong pangkapayapaan.

Ngunit nagkakamali ang militar at reaksyunaryong gubyerno kung inaakala nilang maitutulak nila sa pasipikasyon at kapitulasyon ang Pulang Hukbo sa pagtalikod sa usapang pangkapayapaan at pagbabanta ng higit pang mararahas na mga atake laban sa mga rebolusyonaryo. Hanggat hindi nakakamit ang mamamayan ang kanilang mga sosyo-ekonoming kahingian at demokratikong interes, patuloy nilang ilulunsad ang makatwirang digma.

## Hamon sa Sambayanan: Lumaban! Ibayong Ilantad ang Drug Overlord na si Duterte!

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 29, 2019

Lantarang kinakasangkapan ni Duterte ang buong reaksyunaryong gubyerno upang lubusang pagtakpan ang kanyang kontrol sa operasyon ng iligal na droga sa bansa. Sa ilinabas na ulat ni dating PSSupt Eduado Acierto ng PNP-Drug Enforcement Group hinggil sa kaugnayan ni Duterte sa drug lord na si Michael Yang, malinaw ang mga hakbangin ni Duterte sa malaking operasyon ng iligal na droga sa bansa.

Mula noong makapwesto si Duterte bilang presidente gamit ang pondo ng iligal na droga, ginamit na niya ang makinarya ng estado upang higit na mapalawak ang kanyang monopolyo sa operasyon ng iligal droga sa bansa, mula sa pagpuslit nito sa Bureau of Customs (BOC), pagproseso sa mga laboratoryo at hanggang sa distribusyon sa mga kasapakat na sindikatong druglord.

Ginagamit nito bilang tabing ang madugong Oplan Tokhang kung saan malawakang pinaslang ang mga mahihirap at ang kakumpitensya niyang mga druglord at pulitiko sa suplay ng droga. Ilinagay ni Duterte ang mga tauhan niya sa AFP na sina Nicanor Faeldon at Isidro Lapeña at ipinasakamay sa kontrol ng militar ang BOC upang maipuslit ang tone-tonelada ng shabu na nagkakahalaga ng humigit-kumulang P20 bilyon para sa mga pinapaburang sindikatong kinabibilangan ni Michael Yang at kinasuhan ang mga ahente ng PDEA tulad ni Acierto na nakatuklas ng kanilang operasyon. Muling pinalitan ni Duterte ng ibang sundalo ang BOC sa pamumuno ni Rey Leonardo Guerrero upang patuloy na maipuslit ng walang problema ang bultu-bultong iligal na droga habang nakokontrol ang iba pang mga iligal na operasyon ng BOC na nagkakait ng bilyun-bilyong piso ng halaga ng buwis sa kabang-yaman ng bansa.

Tahasang dinarahas at ginigipit ng kanyang pasistang makinarya ang mga indibidwal, institusyon at sektor sa loob at labas ng bansa na tumutuligsa sa kanyang madugong gera kontra-droga. Subalit nailantad ng mapanuri at nagngangalit na sambayanan ang pangkating

Duterte bilang utak ng malaking operasyon ng iligal na droga sa bansa at naitulak ito upang desperadong pagtakpan ang malalim na partisipasyon nito sa talamak na operasyon ng drogang shabu at pati na cocaine sa bansa.

Ibayong tumatambol sa loob at labas ng bansa ang panawagang imbestigahan si Duterte kasabay ng kanyang mga pangunahing kasapakat na sina Bong Go at Ronald "Bato" Dela Rosa, na kasalukuyang tumatakbo bilang senador, kaugnay ng ilinabas na ulat ni Acierto. Hamon sa mapanuring midya na ilantad sa publiko ang mga hinabing kasinungalingan ng rehimen at ibayong patambulin ang panawagan ng mamamayan na imbestigahan sina Duterte at ang mga kasakapat niya. Marapat na magpursige ang mga kagawad ng midya na ihatid sa mamamayan ang mga impormasyon na pilit na itinatago ng rehimen sa pamamagitan ng pagwawasiwas ng ligal na mga sagka. Inaasahang sa mga susunod na araw, magkukumahog ang pangkating Duterte na gumawa ng mga senaryo upang matabunan ang isiniwalat ni Acierto. Ngayon pa lamang, nilulunod na ng paninirang puri ng iba't-ibang upisyal ng gubyerno si Acierto. Samantala, kanya-kanyang iwas-pusoy naman ang iba't-ibang upisyal ng pulis na dinaluyan ng ispesyal na ulat ni Acierto upang linisin ang kanilang pangalan.

Nasa mainam na posisyon ang mamamayan upang itayo ang pinakamalapad na kilusang masa upang singilin at panagutin ang rehimen sa patung-patong na krimen nito sa ilalim ng huwad na gera kontra droga. Mahalagang salik dito ang pagpanig sa mamamayang lumalaban ng mga institusyong nagtataguyod ng katotohanan.

Hamon sa mga lingkod-bayan, kandidatong pulitiko at mga makabayang propesyunal na ilantad ang pambabanta at panggigipit ng rehimen US-Duterte na kaakibat ng paglalabas ng narco-list. Ilantad ang ginagawang 'whitewash' ng Kongreso at Senado sa pamumuno ng ilang mga upisyal na kontrolado ni Duterte upang hugasan ang imahe ng kanyang mga pangunahing kandidato sa darating na halalan at maikubli ang kanyang direktang partisipasyon sa kalakalan ng iligal na droga sa bansa.

Marapat ding ipagpatuloy ng simbahan ang pagkundena sa malawakang pamamaslang at maging katuwang ng mga organisasyong masa sa pagpapalaganap ng mga kampanyang edukasyon hinggil sa huwad na Oplan Tokhang.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino na itaas ang antas ng pagkasuklam kay Duterte tungo sa paglaban. Sa harap ng pinatinding terorismo ng rehimeng US-Duterte at pagtutulak ng tripleng gerang Oplan Tokhang, Oplan Kapayapaan at batas militar, walang ibang magiging pananggalang ang mamamayan kung hindi ang pinakamaigting na pagkakaisa at pakikibaka para sa pagpapabagsak ng pasistang rehimen.

## Pinagtatakpan ni Duterte ang Kanyang Kaugnayan sa Malaking Sindikato ng Droga na Pinamumunuan ni Michael Yang at Allan Lim

Ka Ma. Roja Banua,
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 29, 2019

Pinatunayan lamang ng patuloy na pagtatanggol at paglilinis ng Malacañang sa pangalan ni Michael Yang, dating Presidential Economic Adviser ni Duterte, na may basbas at pinakikinabangan ni Duterte ang malawakang operasyon ng ilang mga pinapaburang sindikato ng iligal na droga sa bansa, kabilang ang grupo ni Michael Yang. Ito ang isa sa mga tuntungan ni Duterte upang ganap na makontrol ang suplay ng iligal na droga sa bansa at maipwesto ang sarili bilang 'drug overlord'. Samantala, patuloy na tinutugis at pilit na dinudungisan ang pangalan ng mga nagsasagawa ng imbestigasyon at nakadiskubre sa malapit na koneksyon ni Duterte at ilan niyang pinakamatatapat na tauhan, kabilang si Special Assistant to the President Bong Go, sa grupo nina Michael Yang at Allan Lim.

Kamakailan lamang, ilinantad sa publiko ni dating PSSupt. Eduardo Acierto ang ulat na kanyang sinumite kaugnay dito. Ayon sa ulat na ito ni Acierto, malinaw na ilinatag ng isang 'informant', alyas 'Panther', ang kaugnayan nina Duterte at Bong Go kay Michael Yang, alyas 'Dragon'. Sina Michael Yang, kasama si Allan Lim, ay tinukoy na utak ng malalakihang pagpuslit ng shabu at operasyon ng mga laboratoryo sa paggawa nito sa Mindanao at Luzon. Kabilang dito ang pagpuslit ng P11 bilyong halaga ng shabu noong 2018 na itinago sa mga 'magnetic lifters' na natagpuan sa Maynila at sa Cavite kung saan nakabase si Lim. Nagsimula ang patung-patong na mga akusasyong ito kay Michael Yang noon pa mang nagsisilbi si Duterte bilang alkalde ng Davao City.

Ayon mismo kay PDEA Chief Aaron Aquino, tinalakay kay Duterte sa pamamagitan ni Bong Go ang nasabing ulat. Subalit sa halip na magsagawa ng puspusang imbestigasyon upang patotohanan ang mga ilinahad ni alyas Panther sa ulat ni Acierto, itinalaga pa si Michael Yang sa gabinete bilang Presidential Economic Adviser noong Enero 2018, ilang buwan bago naganap ang pagpuslit ng tone-toneladang shabu. Kahina-hinala na sa kabila ng mga kontratang nagpapatunay sa pagkakatalaga ni Michael Yang sa pusisyong ito, papaling-paling ang pahayag ng Malacañang hinggil dito.

Matapos nito, ilinabas naman ni Duterte ang kanyang sariling 'special report' na naglalaman ng listahan ng mga narco-police. Ilinagay sa unahan ng listahan si Acierto at itinuro bilang utak sa nasabing pagpuslit ng P11 bilyong halaga ng shabu. Isinama rin sa listahan ang iba pang miyembro ng isang ispesyal na yunit ng PNP-Drug Enforcement Group na nagsagawa ng imbestigasyon sa sindikatong kinabibilangan nina Michael Yang at Allan Lim. Ilinagay din ang Bureau of Customs (BOC) sa kontrol ng militar upang tiyaking hindi mailalantad ang iba pang impormasyong magpapatunay sa partisipasyon ng pangkating Duterte sa pagpuslit ng shabu. Kahina-hinala din na nito lamang Pebrero, nasunog ang upisina ng BOC kung saan nakaimbak ang lahat ng rekord ng mga transaksyon ng nasabing tanggapan.

Higit na makabuluhan ang ulat na ito ni Acierto sa harap ng patuloy na pagkalantad sa mamamayan ng huwad na gera kontra-droga. Upang muling mapatingkad ang kampanya laban sa droga, pinatampok sa balita ang pagpasok sa bansa ng 276 kilo ng shabu na nagkakahalaga ng P2.9 bilyon ilang buwan bago ang Eleksyon 2019. Muling nagkaroon ng tuntungan si Duterte para maglabas ng panibagong listahan ng mga narco-pulitiko. Kataka-takang wala ni isa sa kanyang pangkatin, alyado, kapartido at kapamilya ang nasa listahan gayong may malinaw na mga tuntungan ng

upang magsagawa ng imbestigasyon. Kabilang dito ang pagkakasabwat ng kanyang anak na si Paolo Duterte at kanyang manugang na si Mans Carpio sa pagpuslit ng P6.4 bilyong halaga ng iligal na droga sa bansa na naipabalita noong Mayo 2017.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino na panagutin at ibagsak ang rehimeng US-Duterte bilang utak ng lumalawak na operasyon ng iligal na droga sa bansa. Ang 'gera kontra droga' na kumitil sa puu-puong libong mamamayan ay isang gerang ilinunsad ni Duterte upang maging ganap ang kanyang pagiging 'drug overlord'. Dapat ilantad ang tangka ng rehimen na itago ang isinawalat na ulat ni Acierto upang pabanguhin ang imahe nito at matiyak ang pagkapanalo ng kanyang pangkatin sa darating na halalan.

## Hustisya para sa Labing-apat na Magsasakang Pinaslang sa Negros! Mamamayan, Makibaka at Ipagtanggol ang Sarili laban sa Pasismo ng Estado!

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 31, 2019

Nananawagan ang NDF-Bikol sa lahat ng pwersang progresibo at demokratiko na makibahagi sa paglaban ng mamamayang Negrense sa sukdulang karahasan at pagsasamantala sa kanilang hanay. Labing-apat na magsasaka ang brutal na pinaslang ng mga elemento ng 94th IBPA, PNP-Canlaon at Special Action Forces (SAF) sa Canlaon City, Negros Oriental noong Marso 30. Ang mga pinaslang na sina Edgardo 'Gadong' Avelino, Ismael Avelino, Rogelo Recumuno, Ricky Recumuno at 10 iba pa ay pawang mga sibilyan. Si Ismael Avelino ay lider ng asosasyon ng mga magsasaka sa ilalim ng Hugpong Kusog Mangunguma (HUKOM) Canlaon City Chapter ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Samantala, ilang sibilyan na rin ang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso sa iba't ibang bahagi ng Negros Oriental.

Dagdag pa, nasa ilalim ngayon ng matinding militarisasyon ang buong lungsod ng Canlaon. Nangangamba ang mga residente para sa kanilang buhay at kabuhayan sa harap ng matinding presensya ng mga berdugong militar sa kanilang lugar. Aabot sa lampas 500 elemento ng AFP-PNP o halos dalawang batalyon ang kasalukuyang nakadeploy sa naturang bayan.

Ang karumal-dumal na pagpatay sa 14 na magsasaka at iba pang serye ng abusong militar ay panibagong bugso ng pasistang atake sa Negros na bahagi ng pagpapatupad ng MO 32 at EO 70. Ilinunsad nitong Disyembre 27, 2018 hanggang Enero 15, 2019 ang one time big time Synchronized Enhanced Managing Police Operations (SEMPO) o Oplan Sauron sa Guihulngan City, Negros Oriental na nagresulta sa lampas 50 kaso ng iligal na pag-aresto at pitong kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang.

Nagngangalit ang mamamayan sa napakahabang krimen ng pasistang rehimeng US-Duterte laban sa masang anakpawis na ang tanging hangad ay maayos na kabuhayan. Sa halip na tunay na reporma sa lupa, bala at karahasan ang ipinantatapat ng reaksyunaryong gubyerno sa mga naghihikahos na magsasaka. Sa Negros, nananatili sa kontrol ng iilang malalaking panginoong may-lupa ang malalawak na lupaing agrikultural habang nagkakasya sa halos P50 arawang kita ang mga sakada at manggagawang-bukid na siyang nagbubungkal ng lupa.

Kaisa ng mamamayang Negrense ang buong rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan at

buong bansa sa pagbabalikwas laban pasistang diktadurang ilinalatag ng rehimeng US-Duterte. Hindi nakapagtataka na sa harap ng ganito katinding pang-aapi at pagsasamantala ay piliin ng masang magsasaka na tumangan ng armas at tahakin ang landas ng rebolusyon. Para sa mga sakada, manggagawang-bukid at magsasakang ilang daang siglo nang dinarahas at pinagkakaitan ng kanilang karapatang mamuhay nang marangal at masagana, walang ibang masasandigan kung hindi ang sariling lakas at ang ipagtanggol ang sarili sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at armadong pakikibakang itinataguyod ng Bagong Hukbong Bayan. Makatwiran ang digmang bayan dahil ito ang tatapos sa marahas na paghahari ng iilan.

## Bakit Wala sa Listahan ng mga Narco-Pulitiko si Paolo Duterte at Mans Carpio?

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Marso 31, 2019

Kahina-hinalang hindi napabilang sa listahan ng mga narco-pulitiko sina Paolo Duterte at Mans Carpio sa kabila ng mga naganap na pampublikong pagdinig na nagresulta sa konkretong mga ebidensyang nagpapatunay sa kaugnayan nila sa pagpuslit ng P6.4 bilyong halaga ng shabu sa Davao noong 2017. Tigas-mukhang ilinabas ng Malacanang ang listahan sa kabila ng kawalan ng sapat na batayang nag-uugnay sa droga sa mga pulitikong napabilang rito.

Malinaw na bahagi ang paglalabas ng mga narco-politicians sa malawakang whitewashing o cover-up ng kampo ni Duterte sa kanilang kaugnayan sa malawakang operasyon ng iligal na droga sa bansa. Layunin nitong patahimikin ang mga pulitiko at upisyal ng gubyerno na nakaaalam sa mga operasyon at transaksyon ng sindikato ni Yang at Duterte sa buong bansa. Sa gayon, linilinis ang pangalan ng mga aktwal na kalahok sa kalakalan ng droga katulad nina Paolo Duterte at Mans Carpio upang buong laya nilang maipagpatuloy ang kanilang mga operasyon. Kamakailan lang, agarang lininis ni Albayalde at ng PNP ang pangalan ni Yang gayong hindi pa lubusang napalalalim ang sariling intel report ng kanilang ahensya hinggil sa sindikato ni Yang.

Tahasang ginagamit ni Duterte ang buong reaksyunaryong gubyerno bilang kasangkapan sa kanyang pakanang cover-up. Hindi dapat pabayaan ang pangkating Duterte na salaulain nito ang mga makinaryang para sa demokratikong interes ng mamamayan. Dapat tumugon ang mga makabayang kinatawan sa Kongreso sa paghahain ng mga panukalang resolusyon o motu propio na imbestigasyon. Kuwestyunin sa Korte ang lantarang pag-amin ni Duterte na kanyang inatasan ang pulis at militar na patayin si Acierto.

Nananawagan ang mamamayang Pilipino sa mga lingkod-bayan, pulitiko at upisyal ng reaksyunaryong gubyerno na pumanig sa lumalawak na panawagang imbestigahan si Duterte at ilantad ang tunay nitong katangian bilang isang drug overlord.

## RESULTA NG ELEKSYON 2019, KONSOLIDASYON NG PWERSA NG REHIMENG US-DUTERTE PARA SA PASISTANG DIKTADURA

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Mayo 20, 2019

Buong tahasang ipinapangalandakan bilang Duterte Magic ang garapalang pandaraya, malawakang pananakot at pagbubuhos ng pondo ng taumbayan para makamit ng rehimeng US-Duterte ang super majority sa Senado at Kongreso. Pagkatapos ng isa sa mga pinakamaruruming eleksyon sa bansa, mapanlinlang na nailuklok ng pangkating Duterte ang mayorya sa kanyang mga pinakamatatapat na kaalyadong pulitiko upang higit na makamit ang konsolidasyon ng paghahari nito sa buong reaksyunaryong gubyerno at mailatag ang mga kundisyon para sa pagpapalawig ng termino ni Duterte lampas sa taong 2022.

Muli, pinamumugaran ng mga dati nang napatunayang sangkot sa korapsyon, sindikato ng droga, taksil sa soberanya ng bansa at salarin sa napakahabang listahan ng mga krimen laban sa mamamayan ang reaksyunaryong gubyerno. Ilan sa kanila ay pinatunayan ang katapatan sa pangkating Duterte sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga kontra-mamamayang batas tulad ng TRAIN Law (ipinanukala ni Sonny Angara) at Rice Tariffication Law (ipinanukala ni Cynthia Villar), pagsuporta sa mapanupil na hakbangin tulad ng Oplan Tokhang (itinulak ng dating PNP Chief Bato dela Rosa) at Batas Militar.

Dahil sa lantarang pagsalaula sa mga batayang karapatan ng mamamayan, higit na nahihiwalay ang rehimeng US-Duterte sa malawak na hanay ng masang anakpawis, mga makabayan at progresibong sektor, mga patriyotikong burukrata at upisyal sa loob ng reaksyunaryong gubyerno at iba pang pwersang anti-pasista at anti-neoliberal. Lalong nagiging malinaw sa sambayanang Pilipino na hindi kailanman kikilanin ng isang reaksyunaryong halalan ang kanilang karapatan sa pagboto at pagpili ng mga karapat-dapat na lider.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Pilipino na paghandaan ang panibagong unos na idudulot ng mga neoliberal at pasistang hakbangin ng rehimeng US-Duterte. Ngayong kontrolado na ni Duterte ang Senado, hawak na niya ang lahat ng sangay ng reaksyunaryong gubyerno mula sa ehekutibo, hudikatura at lehislatura. Higit nang mapadudulas ang pagpapasa ng mga kontra-mamamayang panukalang dati ay nahahadlangan ng ilang mga upisyal na nakikinig sa progresibo at militanteng paninindigan ng mamamayan. Nangunguna sa kanyang plano ang tuluyang pagbabago ng konstitusyon o Chacha na magbubukas sa sa sa ibayong dayuhang pandarambong, panghihimasok militar at pagsasakatuparan sa huwad na pederalismong ipinantatabing niya sa kanyang planong diktadura.

Naninindigan ang NDF-Bikol na pagharian man ni Duterte ang gubyerno, tulad ng ginawa ng diktador na si Marcos sa panahon ng kanyang diktadura, lalo lamang nagngangalit ang sambayanang Pilipino sa harap ng tumitinding pang-aapi at pagsasamantala. Sa paghigpit ng kontrol ni Duterte sa lahat ng sangay ng reaksyunaryong gubyerno, lalong tumitingkad ang kawastuhan ng paglaban ng mamamayan.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolano na makibahagi sa paglalantad sa malaganap na pampulitika at pang-ekonomikong pananalasa ng rehimen at paglaban sa pakanang diktadura nito.

Sa kanayunan, ibayong paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang pagsusulong ng armadong pakikibaka upang pahinain ang mahihinang kawing ng reaksyunaryong hukbong sandigan ng reaksyunaryong paghahari. Sa kalunsuran, patuloy na magpapalakas ang nagkakaisang hanay ng mamamayan upang singilin at papanagutin ang rehimeng US-Duterte hanggang sa ito ay maibagsak.

## Bukas na liham ng isang kasama para sa mga Sundalo at Pulis ngayong Araw ng Kalayaan

Mga kasama sa kasundaluhan at kapulisan,

Kamusta kayo?

Ipinagbubunyi natin ngayong araw ang pagtalilis ng mga prayle at mga Espanyol at pagkakatatag ng Republika ng Pilipinas. Sa halagang dalawampung milyon nagpalit-kamay ang pangingibabaw ng monarkiya ng Espanya patungo sa paghahari ng imperyalistang US. Ngunit huwag sana nating kalilimutang ang republikang ito'y naitatag mula sa pagbabalikwas ng Katipunan. Huwag nating kalilimutang sa bisperas ng tagumpay ng Rebolusyong Pilipino, ipinagkanulo at nakipagsabwatan si Heneral Emilio Aguinaldo at mga kasapakat na ilustrado sa imperyalistang US at inagaw ang pamumuno ng Katipunan sa kamay ni Andres Bonifacio at anakpawis na kasapian nito.

Isinuko ng mga ilustrado ang ganap na kalayaan ng bansa at pinawalan ng saysay ang mahabang panahon ng pagbabalikwas ng mamamayang Pilipino. Anong kalayaan kung gayon ang ating ipinagdiriwang? Dito sa ating sariling bayan, tayo ang itinuturing na alipin ng mga dayuhan. Tayo ang nakaluhod sa paghahari ng mga panginoong maylupa sa kanayunan. At hindi makapanaig ang makabayang interes sa pangingibabaw ng mga burukrata kapitalista.

Marapat kayong maging mapanuri.Bakit, sa kabila ng lahat ng kampanyang pandarahas at paninira ng inyong mga upisyal ay nananatiling matatag ang nakikibakang sambayanan?

Hindi kailanman nagmaliw ang hangarin ng sambayanan para sa tunay at ganap na kalayaan. Ipinagpapatuloy ang rebolusyon dahil hinahangad nito ang tunay na kalayaan para sa lahat ng mamamayan at ating salinlahi. Nananatili ang rebolusyon dahil patuloy na namumulat ang sambayanan na ang kanilang paglaya ay nakasalalay sa paglaya ng iba.

Kung iilan na lang ang pulang mandirigma, bakit walang iskwad ng inyong pormasyon ang nangangahas na pumasok sa sonang gerilya?

Maging kayo'y hindi naniniwala sa paghina ng Bagong Hukbong Bayan. Walang katiyakan ang inyong tagumpay sa kabila ng mga modernong armas at kasanayan. Hawak ng Bagong Hukbong Bayan ang pampulitikang kamulatan at kapasyahang ipagtanggol ang mamamayan. Dahil dito'y mananatiling hungkag ang inyong lakas armas at tauhan. Nangangatog ang inyong tuhod at sumisikdo ang inyong dibdib sa tuwing papasok sa sonang gerilya dahil batid ninyong hawak ng BHB ang pamilyaridad sa tereyn at pagiging malikhain sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba. Hindi sasapat ang isang iskwad para lupigin ang sinasabi ninyong napakahina nang BHB.

Kung mahina na ang suporta ng mamamayan sa kilusan, bakit kailangang sapilitan ang mga pintuang palagiang bukas sa mga itinuturing ng masang bahagi ng kanilang pamayanan?

Hinuhulma ang inyong kahusayan sa pamamagitan ng pagtalikod sa mga batayang kaugalian ng isang mahusay at sibilisadong tao. Hinubog ang inyong hukbo ng kultura na karahasan sa inyong mga pagsasanay at pagsasagawa ng mga operasyong militar. Iginawad ang pinakamataas na parangal at promosyon sa mga pinakamahuhusay na tagapaglabag ng karapatang tao sa inyong hanay. Sa ganitong kalagayan, hindi nakapagtatakang ituring kayong kaaway ng magniniyog na naghangad ng mataas na presyo ng kopra, ng manggagawang nagnais ng nakabubuhay na sahod, ng estudyanteng nangarap ng de-kalidad na edukasyon at trabaho, ng mamamayang nakikibaka para tamasahin ang isang malaya at magandang bukas.

Kung talagang nagsisilbi ang inyong hukbo para sa mamamayang Pilipino, bakit dayuhang korporasyon ang inyong ipinagtatanggol at inaalalayan? Bakit kapwa Pilipino ang inyong ginegera at hindi ang mga nanakop ng ating teritoryo sa West Philippine Sea?

Itinatag ang inyong hukbo at ahensya para itaguyod ang soberanya ng mamamayang Pilipino. Ngunit nagsisilbi kayong mersenaryo't tagapatanggol ng iilang naghaharing-uri at imperyalistang US. Sa tuwina'y wala sa likod ninyo ang masa. Ang katunggali niyo'y ang mamamayang inyong ipinangako na pagsisilbihan.

Hindi ba't sa mga rali ang nasa likod ninyo'y mga kurakot at ganid na upisyal? Hindi ba't sa mga operasyong militar ang nasa likod ninyo'y mga dayuhang korporasyon at mga panginoong maylupang nangangamkam ng lupa?

Kasuklam-suklam na sinasamantala ng US at ni Duterte ang dinaranas nating kahirapan upang patuloy tayong pagharapin sa isang gerang tayo ang dapat magkapanig. Sa sistemang kanyang itinataguyod ang kalayaan ay para lamang sa mga bulag, pipi at bingi sa kahilingan ng mamamayan. At ang payapang kanyang ihinahain ay ang katahimikan ng daang libong puntod sa kaparangan at kabundukan.

Ibinaon ng kasaysayan ang mahabang listahan ng mga taksil sa bayan. Ngunit nananatili sa alaala ang mga bayaning pumanig sa mamamayan. Sina Korporal Elias Angeles at Felix Plazo, mga Katipunero, mga gwardya-sibil na namulat sa pang-aapi at pagsasamantala, ay piniling lumahok sa armadong rebelyon sa Nueva Caceres, Camarines Sur noong Setyembre 18, 1898. Si General Simeon Ola, Katipunero, bayani rin ng inyong hukbo ay ang huling heneral na sumuko sa paglaban sa pwersang Amerikano.

Kasaysayan na ang nagpapasya. Nanatili ang pangalan ng mga pasistang Heneral at upisyal habang sila'y nasa poder. Ngunit ang kabayanihan ay hindi masusukat ng mga medalya at sertipiko. Masusukat ito sa patuloy na pananalaytay ng kanilang alaala sa mga kwento ng masang ipinapasa sa kanilang salinlahi.

Sinong heneral pa ba ang natatandaan ng masa sa 9th ID? Di ba't ang nakaukit sa kanila ay ang buong kasaysayan ng kalupitan at karahasan ng buong dibisyon?

Tulad niyo'y inaasam kong matupad ang mga pangarap ko para sa aking pamilya. Ngunit napagpasyahan kong ialay ang aking buhay para tuparin hindi lang ang sarili kong mga pangarap, kundi maging ang pangarap ng milyun-milyon pang iba. Kasama kayo at inyong salinlahi sa mga pangarap na ito.

Hindi tayo ang magkalaban. Silang mga isinuko ang dignidad para sa interes ng mga dayuhan at  tumalikod kanilang lahi at bayan ang tunay na kaaway. Tayong anakpawis ay iisa ang tinatanaw—malaya at masaganang bukas para sa ating salinlahi. Magkakampi tayo at magkakaisa laban sa tunay na nagkakait sa atin ng kalayaan, ang imperyalistang US at kasalukuyang naghaharing pangkatin.

Buong puso kayong yayakapin ng BHB sa panahong mapagpasyahan niyong makiisa sa panig ng mga tunay na magwawagi—ang panig ng sambayanang Pilipinong lumalaban.

## Kamtin ang Hustisya para kina Nelly Bagasala, Ryan Hubilla at lahat ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao!

Hunyo 15, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Walang kasing-bagsik at kasing-sahol ang atake ni Duterte sa karapatang tao sa ilalim ng kanyang kontra-mamamayang gerang Oplan Kapanatagan. Sa loob lamang ng isang araw, dalawang sibilyan ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa rehiyon. Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang pagpatay ng mga ahente ng reaksyunaryong estado kina Ryan Hubilla at Nelly Bagasala kahapon ng alas-otso ng umaga sa Phase 2, Seabreeze Homes, Brgy. Cabid-an, Sorsogon City. Sina Hubilla, isang estudyante ng senior high school at Bagasala, residente ng bayan ng Barcelona, ay walang patumanggang pinagbabaril habang lulan ng isang pampasaherong traysikel sa naturang lugar. Ang dalawa ay kilalang aktibong myembro ng KARAPATAN-Sorsogon, isang progresibong organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao. Ang mga biktima ay bahagi ng grupo ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao na nag-asikaso sa kaso nina Carlito De Guzman, 63 taong gulang, Joan Cuesta, 40 taong gulang at Hugo Fuentes, 70 taong gulang na sinampahan at iligal na idinetine noong Abril 11.

Hindi ito ang unang beses na mayroong pinaslang na sibilyang may kaugnayan sa imbestigasyon ng mga paglabag sa karapatang tao. Sa iba't ibang bahagi ng bansa, sunud-sunod ang pagtarget at pagpaslang sa mga sibilyang kasapi ng mga progresibong organisasyon. Sa Negros, pinaslang si Bernardino 'Toto' Patigas noong Abril 23 habang pauwi sa kanilang tahanan. Si Patigas ang ika-48 myembro ng KARAPATAN na pinaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Tulad ng iba pang mga kaso ng pagpaslang sa mga abogado, taong-simbahan at iba pang personaheng tagapagtanggol ng karapatan at katotohanan, ang pagpatay kina Bagasala at Hubilla ay bahagi ng mga desperadong hakbang ng rehimen upang pagtakpan ang kanilang kabiguang pahupain kapwa ang malawak na kilusang masang ipinagpoprotesta ang kabulukan ng gubyerno at ang armadong pakikibaka ng mamamayan.

Namumuhi ang sambayanan sa sunud-sunod na krimen at mga brutal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Ngunit, ang sukdulang karahasan at pagsasamantala ring ito ang nagtutulak sa mamamayang lumaban at lumahok sa armadong pakikibaka. Ito ang dahilan kung bakit nananatiling isa sa mga muog ng rebolusyonaryong kilusan ang rehiyong BIkol. Makaaasa ang pamilya nina Bagasala, Hubilla at lahat ng biktima ng karahasan ng reaksyunaryong estado na hindi titigil ang rebolusyonaryong kilusan hanggat hindi nakakamit ang hustisya para sa kanila.

HUSTISYA PARA KINA NELLY BAGASALA AT RYAN HUBILLA!
LABANAN ANG OPLAN KAPANATAGAN!
PABAGSAKIN ANG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE!

## KATARUNGAN PARA KAY NEPHTALI MORADA!

Hunyo 17, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Kinakaharap ngayon ng mamamayang Bikolano ang pinakamabagsik na hagupit ng berdugo at pasistang estado. Isa na namang sibilyan ang walang-awang pinaslang ng mga ahente ng estado kaninang umaga sa San Isidro, Naga City. Ang biktima ay si Nephtali Morada, dating campaign committee head ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)-Bikol at kasapi ng Students Christian Movement in the Khilippines (SCMP), ay kasalukuyang nagtatrabaho bilang staff ng dating Bise Gubernador ng Camarines Sur na si Ato Pena.

Ang pagpaslang kay Morada ay naganap dalawang araw lamang matapos ang karumal-dumal na pagpatay kina Nelly Bagasala at Ryan Hubilla, kapwa kasapi ng KARAPATAN. Sa loob din ng linggong ito, tinortyur at pinatay ang hors de combat na si Edwin 'Ka Dupax' Dematera ng mga militar na nakahuli sa kanya. Hindi pa natatapos ang pagluluksa ng Kabikulan sa sunud-sunod na pagkawala ng mga buhay ay nadagdagan na ng isa na namang bagong kaso ng ekstrahudisyal na pagpaslang sa rehiyon. Malinaw na hindi titigil ang pulis, militar at ang pinaglilingkuran nitong pasistang rehimen hanggat hindi nila napadadanak ang dugo at napatatahimik ang paglaban ng sambayanan.

Ito ang tunay na mukha ng Oplan Kapanatagan ng rehimeng US-Duterte. Tulad ng lahat ng mga nagdaang oplan, wala itong ibang layunin kundi targetin, tugisin at patayin ang lahat ng maglalakas-loob na ipagtanggol ang kanilang karapatan - bata, matanda, sibilyan o kombatant. Walang halaga ang buhay para sa inutil at pasistang rehimeng ito.

Nag-uumapaw ang galit ng sambayanan sa sunud-sunod na pamamaslang, walang humpay na redtagging at patung-patong na paglabag sa karapatang tao ng hayok-sa-kapangyarihang rehimeng US-Duterte.

Ngunit hindi kailanman aatras ang bayan. Nagkakamali sila kung inaakala nilang matatapos ang laban ng sambayanan sa paglagot nila sa hininga ng mga pinakamagigiting na anak ng Kabikulan. Kaisa ng mga kaanak, kaibigan, kakilala at kasama nina Ka Dupax, Manay Nelly, Ryan at Nephtali ang NDF-Bikol at buong rebolusyonaryong kilusan sa paniningil at pagpapanagot sa berdugong estado at mersenaryong sandatahang lakas nito.

Nananawagan din ang NDF-Bikol sa lahat ng mga masang Bikolano at sa sambayanang Pilipino na higit na pagtibayin ang hanay. Hindi kailanman dapat magupo ng takot at masindak sa karahasan ng estado. Makakamit lamag ang tunay na katarungan sa patuloy na pagpupunyagi at paglaban.

Para kina Ka Dupax, Manay Nelly, Ryan, Nephtali at lahat ng mga biktima ng karapatang-tao, itutuloy ng daang libong masang inaapi at pinagsasamantalahan ang paglaban. Tatahakin ng mga anak ng bayan ang landas ng makatarungan at makatwirang digma. Tatanganan ng sanlaksang mamamayan ang armas hanggang makamit ang tunay na katarungan at kapayapaan. Para sa inyong alaala at para sa isang kinabukasang tunay na malaya mula sa pandarahas at pagsasamantala, tuloy ang laban. Magpapatuloy, at magtatagumpay, ang digmang bayan!

Katarungan para kay Nephtali Morada!
Katarungan para kina Manay Nelly, Ryan, Ka Dupax, Tay Herardo at lahat ng biktima ng karahasan ng estado!
Labanan ang Oplan Kapanatagan! Pabagsakin ang pasistang rehimeng US-Duterte!

## Mapangahas na Labanan ang Pandarahas at Panunupil ng Rehimeng US-Duterte

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Hunyo 19, 2019

Marapat na ipakita ng nagkakaisang hanay ng mamamayang Bikolano ang kanilang pagkundena sa sistematiko at malawakang panunupil at pandarahas ng rehimeng US-Duterte upang apulahin ang pangangalit ng mamamayan. Ang panatiko't madugong gera ng rehimen ay dapat harapin ng buong tatag at determinasyon ng sambayanang lumalaban.

Hindi mapagtatakpan ng anumang palabas na "distribusyon ng lupa" ang kainutilan ng reaksyunaryong reporma sa lupa. Ang pangako ni Duterte na pamumudmod ng mga Certificate of Land Ownership Agreement ay magbubukas lamang ng mga pampublikong lupain para sa huwad na distribusyon. Hindi nito titibagin ang malawakang pangingibabaw, pangangamkam at pagpapalit-gamit ng lupa ng mga panginoong maylupa at asendero. Hindi nito tutugunan ang pasakit ng papasidhing pyudal at mala-pyudal na kaayusan sa kanayunan. Nagsisilbi ito sa pagpapatuloy ng panlulumpo sa nakakaasa-sa-sarili at sustenableng agrikultura upang bigyang daan ang mga proyektong imprastruktura, plantasyon, agro-industriyal, eko-turismo at minahan sa ilalim ng programang Build, Build, Build. Nagdulot ito ng malawakang dislokasyon at ligalig sa kanayunan at paligid ng mga sentrong bayan. Ang 1.7 milyong nawalan ng trabaho sa agrikultura sa loob lamang ng isang taon ang pinakamalaki mula noong panahon ng rehimeng US-Marcos.

Daan-daang pamilyang Bikolano ang pinalalayas sa kanilang mga binubungkal na lupa upang bigyang-daan ang mga dambuhalang proyekto tulad ng P175 bilyong PNR Long South Haul o Bicol Express, ang P190.19 bilyong Masbate International Tourism Enterprise and Special Economic Zone o MPARK, Quezon-Bicol Expressway at ang Pacol Growth Corridor (Naga Agro-Industrial Park) sa Camarines Sur.

Patuloy na pinagkakait sa mga maliliit na magniniyog at magsasaka sa rehiyon ang kinakailangan nilang suporta para paunlarin ang lokal na produksyon sa agrikultura. Bumulusok ang presyo ng mga produktong agrikultural tulad ng kopra, palay at mais. Masidhing kagutuman at kahirapan ang dagdag hambalos ng TRAIN law at pagsirit ng produktong petrolyo at kaakibat nitong pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin at serbisyo.

Walang ibang tugon ang rehimen sa pagtuligsa sa dinaranas ng mamamayang kahirapan kundi ang estratehiyang militar na Whole of the Nation Approach na ipinapatupad sa ilalim ng Oplan Kapanatagan. Nakatuon ang mga programang limos at pangkagalingan tulad ng 4Ps, Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP), PAMANA at Kalahi-CIDSS na hindi nakatuon sa pangmatagalang kaunlaran at kagalingan ng mamamayan. Ginagawa ring balon ng korapsyon ng mga upisyal militar ang nasabing mga programa.

Pinakawalan ang buong bigwas ng lahat ng makinarya ng estado para ipataw ang pasismo at terorismo sa buong bansa. Sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, pinakamarami ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa hanay ng uring magsasaka. Umaaabot ns sa 70 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa rehiyon. Kabilang dito ang 15 pinaslang mula nang ipatupad ang MO 32 noong nakaraang taon.

Sa loob lamang ng nagdaang 10 araw, limang progresibong aktibista ang pinatay ng mga Duterte Death Squad. Tampok

rito ang pagtambang at pagpaslang kina Neptali Morada, dating Regional Campaign Coordinator ng BAYAN-Bikol sa Naga City noong Hunyo 17. Pinagbabaril sina Ryan Hubilla at Nelly Bagasala, mga manggagawa para sa karapatang tao sa Sorsogon City noong Hunyo 15. Sa Masbate, pinaslang ang mga maslider na tumututol sa pangangamkam ng lupa at pagpapalayas ng magsasaka sa sinasaklaw ng MPARK.

Malinaw na inaamin ng 9th ID na kagagawan ng AFP at PNP ang mga naganap na pamamaslang. Ipinangangalandakan ni Col. Paul Regencia ang kawastuhan ng pandarahas sa mga progresibong grupo at indibidwal dahil sa kaugnayan nito sa rebolusyonaryong kilusan. Ipinagtatanggol niya ang kultura ng karahasan at kawalang pananagutan ng rehimen at pwersa ng estado.

Sa kanayunan, walang humpay ang panggagalugad ng mga Peace and Development Team (PDT) at Community Support Program (CSP). Sa Masbate 11 magsasaka ang hinuli, binugbog at sapilitang pinasusurender. Sa Camarines Sur, inokupa ng mga CSP ang mga baryong kanilang sinaklaw at nagpatupad ng mga mga mapanupil na patakaran na nakaapekto sa buhay at kabuhayan ng masa. Sa Sorsogon, tuluy-tuloy ang mga strike operation laban sa BHB ngunit mga sibilyan ang sapilitang pinapasok ang bahay, ninanakawan at iligal na ikinukulong. Ginagawang kalakaran ng AFP-CAFGU ang pagbase sa mga pampublikong pasilad at maging ilang piling pribadong pag-aari. Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng teroristang kapanatagan na nais ipamarali ng rehimen.

Higit pang sasahol ang kalagayang ito hatid ng puspusang pagpapausad ni Duterte ng pagbabago sa Konstitusyong 1987 o ChaCha. Titiyakin ng rehimeng US-Duterte ang lubusang pagpapatupad ng pasistang diktadura upang busalan at supilin ang paglaban ng mamamayan laban sa buu-buong pagbubukas ng bansa sa imperyalistang pandarambong at militar na panghihimasok.

Sa harap ng papasidhing kalagayang pang-ekonomya at pampulitka, nananawagan ang NDF-Bikol na ibayong patatagin ang pagkakaisa ng mamamayang Bikolano laban sa papatinding pasista at neoliberal na atake ng rehimeng US-Duterte. Bilang pinakamalaking pwersang magpapabagsak sa rehimen, mahalaga ang pagkilos ng uring magsasaka para sa tunay na repormang agraryo, paniningil sa teroristang krimen ng reaksyunaryong estado, pagtutol sa mga neoliberal na patakaran at pagtatanggol sa mga demokratikong karapatan ng mamamayang Pilipino.

Harapin ng buong tatag at tapang ang pasismo at terorismo ng estado!
Lumahok sa digma ng pagpapalaya!
Ipagtanggol ang mamamayang Pilipino!

## Ipagbunyi ang Lumalawak na Makabayang Diwa

Ka Ma. Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Hunyo 19, 2019

Dapat na ipagbunyi ng sambayanang Pilipino ang panibagong bugso na diwang makabayan dulot ng pandarahas ng mga Tsino sa mga mangingisdang Pilipino sa Recto Bank ng West Philippine Sea. Marapat at matuwid ang pagturing sa dayuhang panghihimasok at pandarambong bilang pangunahing banta sa ating bansa.

Patuloy na isinusuko ng rehimeng US-Duterte ang soberanya at patrimonya ng bansa. Wala itong kakayahang ipagtanggol ang bansa laban sa mga dayuhan. Walang maipagmamalaking armadong pwersa ang bansa kung kaya't usapin lamang ng basura ang kaya nito ipaggitgitan. Sa halip na palakasin ang kapasidad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) laban sa dayuhang panghihimasok, nakatuon ang buong lakas nito sa paniniktik, pandarahas at panunupil ng mamamayan. Walang ibang kakayaning bigwasan ang AFP-PNP-CAFGU kundi ang walang kalaban-labang sibilyang populasyon ng bansa. Kung anong bangis nito sa masang Pilipino ay siya namang paninikluhod nito sa harap ng mas malakas na kapangyarihang militar at ekonomya ng Tsina. Sa kabilang banda, nagkakandarapa ito sa paglalatag ng pasistang diktadura sa bansa upang masiguro ang ayudang militar ng imperyalistang US.

Nagkakaisa ang US at Tsina sa pandarambong sa Pilipinas. Kapalaluan ang sinasabi ni Duterteng magiging mitsa ng digmaang nukleyar ang paglaban ng bansa sa Tsina. Kung lulusawin ng mga imperyalista ang mundo, walang hilaw na materyales na maaring pagtubuan para sa kanilang labis na produksyon,walang mangyayaring trade war o gera sa kalakalan kung wala silang pagbabagsakan ng kanilang produkto at kung magkagayon walang pakinabang ang pagpapalawak ng teritoryo. Higit sa lahat, wala sa bokabularyo ng mga imperyalista ang tunay na pagtatanggol sa inaapi. Kolateral lamang ang Pilipinas sa kanilang tunggalian sa kapangyarihan at pusisyon. Ang sandatang nukleyar ng mga imperyalista ay pangontra lamang laban sa atakeng nukleyar sa isa't isa at ang tanging nakikinabang dito ay ang imperyalistang industriya at pinansya sa gera.

Di ba't walang ginawang pagtutol ang US sa pang-aagaw ng isla at pagtatayo ng baseng militar ng Tsina sa West Philippine Sea? Anong armas nukleyar ang iuumang ng gubyernong Duterte sa Tsina?

Pataksil na itinutulak ng rehimeng US-Duterte ang Charter Change para alisin ang mga restriksyon ng Saligang Batas sa buu-buong dayuhang panghihimasok sa ekonomya at larangang militar. Aanhin ng US ang kapiranggot na isla sa WPS kung kaya nitong kontrolin ang buong Pilipinas?

Napatanuyan sa kasaysayan ang kakayahan ng sambayanang Pilipino bumangon at ipagtanggol ang Inang Bayan. Napatunayan din sa kasaysayan ang pagtataksil ng mga naghaharing uri sa bayan upang isulong kanilang interes. Higit na kinatatakutan ni Duterte ang bilyong kurakot na mawawala mula sa mga proyektong pinopondohan ng Tsina.

Ang rebolusyong Pilipinong ipinagpapatuloy ng CPP-NPA-NDFP laban sa imperyalistang dayuhan at mga kasapakat nitong naghaharing uri ay higit na lalakas at lalawak sa paglahok ng mga makabayang Pilipino sa digma ng pagpapalaya. Tinitipon nito ang lakas ng nagkakaisang hanay ng mamamayan upang ituon sa tunay na kalaban ng mamamayang Pilipino ang lakas ng pagbalikwas—ang mga imperyalistang dayuhan at kanilang mga tuta.

Walang aasahan ang masang Pilipino sa rehimeng US-Duterte na ipagtanggol ang Inang Bayan at kanyang mamamayan. Patuloy itong maninikluhod sa mga imperyalista't isasantabi ang interes ng sambayanang Pilipino hangga't nabubuhong ito sa kapangyarihan at pagpapakapal ng kanyang bulsa mula sa korapsyon at iligal na droga.

## Hinggil sa Sunud-sunod na mga Kaso ng Paglabag sa Karapatang-Tao

Hunyo 24, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Napakalakas ng loob ni Col. Paul Regencia na ibunton ang sisi sa pagpatay kina Bagasala, Hubilla, Morada at iba pa sa kanilang mga kasama sa pagtataguyod ng karapatang-tao.

Akala yata niya ay mang-mang ang mamamayan at mayroon pang maniniwala sa kanilang pilit na panlilibak kapwa sa progresibong organisasyon at sa rebolusyonaryong kilusan.

Hindi ba't ang todo-largang gera at mga pantutugis sa mga progresibo ay direktang atas ng kanilang Commander-in-Chief na si Duterte? Hindi ba't nagmula mismo sa bibig ni Duterte ang kautusang patayin ang lahat ng mangangahas lumaban at poprotektahan niya ang pulis at militar anuman ang gawing paglabag ng mga ito? O sasabihin na naman ba niyang biro rin ang mga bantang ito?

Anuman ang sabihin ni Regencia, alam ng madlang umiiral ang kultura ng karahasan at kawalang-pananagutan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. Hinahamon ng NDF-Bikol si Regencia, ang 9th IDPA, Joint Task Force Bicolandia at ang buong rehimeng harapin ang paniningil ng mamamayan.

Marapat lamang pakatandaan ang aral ng kasaysayan, na hangga't may pang-aapi at pagsasamantala hindi kailanman titigil ang mamamayan sa paglaban para makamit ang tunay na panlipunang pagbabago.

## Isang Bukas na Liham sa Mga Kagawad ng Midya sa Bombo Radyo Naga

Mula kay Ka Ma.  Roja Banua,
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Hulyo 2, 2019

Ibinalita kamakailan sa Bombo Radyo Naga ang mga naganap na engkwentro sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan at iba't ibang yunit ng 9th Infantry Division-Philippine Army at PNP-Provincial Mobile Force Company sa mga bayan ng Caramoan at Ragay, Camarines Sur.  Sa mga balitang ito, partikular na pumukaw sa aming atensyon ang mga naging komentaryo ng ilang brodkaster ng Bombo Radyo Naga na nakatuon sa pag-aayang iwanan na ng mamamayan ang landas ng armadong pakikibaka.  Pinalawig din ang puntong ito ng isa pang brodkaster sa pamamagitan ng pagsasabing ginagamit ng BHB ang sibilyang masa na pananggalang laban sa pananalakay ng militar.

Hamon sa hanay ng mga kagawad ng midya na panghawakan ang integridad ng inyong propesyon sa harap ng tumitinding panunupil, paninindak at pandarahas ng rehimeng US-Duterte sa mga kagawad ng midya at iba pang mga propesyong mulat sa tungkuling tumindig para sa interes ng sambayanan.  Alam ninyo ang mga naging hakbangin ng rehimeng US-Duterte para busalan at kontrolin ang inyong tinig.

Napatunayan ng inyong mga naging paninindigan sa ilang mga tampok na usapin tulad ng pagsuko ng rehimeng US-Duterte sa soberanya ng bansa sa West Philippine Sea ang kakayanan ninyong maging mapanuri at kritikal.  Sa gayon, hindi lingid sa inyong hanay ang kawastuhan ng pagsalig sa isa sa mga pinakabatayang prinsipyo ng inyong propesyon: ang pagsusuri at pagsisiyasat.  Malinaw sa inyo na ang sukatan ng isang tapat na mamamahayag ay sa kanyang paninindigang pinanday ng kongkretong pag-alam sa kalagayan at hindi sa kung anong ihinahapag lamang ng isang panig.

Kapansin-pansin, kung gayon, ang makaisang-panig na tindig ng inyong istasyon hinggil sa usapin ng paglulunsad ng armadong pakikibaka. Mapanganib ang ganitong tunguhin. Sa tuwirang pagsuporta at sa mga pahayag ni Col. Paul Regencia, tagapagsalita ng 9th IDPA, tinutungo ng inyong istasyon ang pagsasalin ng mga ideya na nagpapawalang saysay sa hirap at kalupitang dinaranas ng masang Bikolano sa ilalim ng pinatinding militarisasyon at walang habas na paglabag sa karapatang-tao sa kanayunan at kalunsuran. Tinutungo ng inyong istasyon ang pagiging instrumento ng disimpormasyon at pagkukubli ng mga krimen ng tiranikong rehimen.

Ano't nakapagbibitiw kayo ng mga pahayag na nagpapawalang saysay sa paglaban ng mamamayan? Nagkaroon ba ng pagkakataon ang inyong mga komentarista na tumungo sa mga komunidad na nakaranas ng pananalakay ng militar? Nakadaop-palad ba nila ang mga sibilyang sinasabi nilang ginawang pananggalang ng BHB?

Kaninong katotohan at kaninong perspektiba ang nais niyong iparinig? Ang perspektiba ng mga nagnanais na supilin ang pinagkaisang lakas ng mamamayan o ang perspektiba ng mamamayang handang magbuwis ng buhay para ipagtanggol ang mga karapatan at isulong ang tunay na panlipunang pagbabago?

Katulad ninyo, ang rebolusyonaryong kilusan ay nagmula, sumulong at lumawak sa pagtangan sa saligang prinsipyo ng kongkretong pagsusuri batay sa kongkretong kalagayan at pagsisilbi sa mamamayan. Nananatiling matatag ang kilusan dahil pinanday ito ng hindi magmamaliw na kapasyahan ng masa na unawain ang kanilang kalagayan, pataasin ang kanilang kamulatan at ng pagkilalang tanging sa kanilang pinagkaisang rebolusyonaryong lakas makakamtan ang tunay na panlipunang pagbabago.

Pinili ng mga kasamang yakapin ang landas ng rebolusyon, ang sakripisyo at pag-alay maging ng kanilang buhay dahil malinaw sa kanila ang tungkulin at pangako ng pagpawi sa pang-aapi at pagsasamantala. Nananalaytay sa kanilang mga puso na ang paglahok sa digma ng mamamayan ang kanilang maiaambag para sa wakasan ang siklo ng pang-aapi't pagsasamantala. Ito ang diwang nagtulak sa milyun-milyong Pilipino upang maglunsad ng daan-daang rebolusyong naganap sa buong kasaysayan.

Mga kasama sa midya, parehas ang ating tinatanaw at hangarin, ang maging daluyan ng kolektibong lakas ng masa upang tunay na makamtan ang panlipunang pagbabago. Higit kailanman, kinakailangan tayo ng masa. Bilang daluyan ng boses ng masa, hinihimok namin kayong ibayong buksan ang inyong pintuan at kongkretong alamin ang saloobin, pananaw at interes ng masa. Magsilbi sanang inspirasyon ang patuloy na pakikibaka ng masa upang pagtibayin ang inyong paninindigan sa kabila ng pinatinding panggigipit at panunupil ng rehimeng US-Duterte. Buong-puso kayong sasalubungin ng masa sa inyong pagpasok sa kanilang mga komunidad dahil alam nilang makatutuwang nila kayo sa paglalantad ng katotohanan at pagtatanggol ng kanilang interes.

## PINAKAMATAAS NA PAGPUPUGAY PARA KAY KA OBET at KA CARDO

Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol
Hulyo 2, 2019

Ipinagluluksa ng buong Kabikulan ang pagkawala ng buhay sa nagpapatuloy na todo-giyera ng Rehimeng US-Duterte laban sa mamamayan. Nakikiramay ang NDF-Bicol at ang buong rebolusyonaryong kilusan sa mga pamilya, kakilala, kaibigan at kasama nina Norberto "Ka Obet" Balcueva at Salvador "Ka Cardo" Howe ng Tomas Pilapil Command, NPA-East Camarines Sur. Napaslang sila sa pangungubkob ng magkakumbinang pwersa ng militar at pulis sa Brgy. Mampirao, Caramoan nitong Hunyo 28. Iniaalay ng rebolusyonaryong kilusan ang pinakamataas na pagpupugay at pagdakila sa kanilang walang pag-iimbot na pagbubuwis ng buhay para paglingkuran ang masang inaapi at pinagsasamantalahan.

Ngunit nagluluksa man sa kanilang pagkawala, patuloy na manininindigan ang mga kasamang kanilang naiwan na ipagpapatuloy ang paglaban. Ipagpapatuloy ng sanlaksang pulang mandirigma ang makatwiran at makatarungang armadong pakikibaka hangga't hindi nakakamtan ng sambayanang Pilipino ang tunay na kalayaan at makatarungang kapayapaan. Taas-noong ipagmamalaki ng mga kasama ang kanilang walang-kapantay na ambag sa rebolusyong Pilipino.

Ito ang isa sa pinakamatitingkad na pagkakaiba ng Pulong Hukbo sa militar at pulis. Hindi kailanman itinanggi ng mga kasama ang kanilang mga martir dahil lubos ang pagpapahalaga nila sa buhay ng mga pulang mandirigma at kumander na ibinuhos sa puspusang pakikibaka. Dahil gagap nang husto ng mga kasama ang layunin ng demokratikong rebolusyong bayan, karangalan para sa lahat ng pulang mandirigma na pagsilbihan ang masa hanggang sa huli. Ang kamatayan ng bawat kasama ay simbigat ng Bundok ng Isarog at habambuhay na nakaukit sa diwa ng kanilang mga naiwan.

Kung tunay ngang nauunawaan at ipinagmamalaki ng mga militar at pulis ang dahilan ng kanilang panggigiyera sa mamamayan, ano't itinatago nila ang bilang ng mga namatay nilang kasamahan sa mga operasyong militar na kanilang ilinunsad? Kung sa tingin ng mersenaryong hukbo ay karangalan ang mamatay sa kanilang propesyon, ano't ang mga inaamin nilang kaswalti ay yaong hindi na nila maitanggi? Ano't ginagawa nila ang lahat ng pamamaraan upang maitago ang mga namatay nilang kasamahan? Nang ipinagyayabang nilang mga napatay nila sina Ka Obet at Ka Cardo sa kubkob sa Caramoan, binanggit man lamang ba nila na mayroon ding limang militar na namatay sa naturang pagsalakay? Pinarangalan ba nila ang 13 kasamahan nilang namatay sa misengkwentro sa pagitan ng 1st Provincial Mobile Force Company (PMFC), Military Intelligence Company (MICO) at 9th IDPA Regional Intelligence Division sa Masbate noong Marso 9?

Para sa bulok na estado, ang buhay ng isang militar at pulis ay collateral damage lamang. At ang pag-amin na mayroong nabuwal sa kanilang hanay ay makasisira pa sa kanilang isinusubong imahe sa masa na sila ay matatag, at hindi kailanman magagapi. Palakpak at pagkilala ang alay sa mga upisyal ng militar at pulis na naglustay sa ilan libong buhay at nangwasak sa ilang daang komunidad samantala patagong kompensasyon, kung mayroon man, ang iginagawad sa mga nagbuwis ng buhay sa kanilang hanay. Kagitingan ang tawag sa pagsalaula sa karapatang pantao at panggigiyera sa mamamayan. Hindi mahalaga kung dumanak ang dugo, ang mahalaga lamang ay makapatay. Mamatayan man, madaling palitan ng bagong bayarang alipin na pikit-matang tatalima sa lahat ng ipag-utos ng kanilang amo.

Kasalukuyang nararanasan ng sambayanang Pilipino ang isa sa pinakamabalasik na pag-atake sa karapatan at buhay ng mamamayan. Nananawagan ang NDF-Bikol sa lahat ng masang inaapi at pinagsasamantalahan na manindigan sa kontra-mamamayang gyera ng estado. Walang aasahan ang masang Bikolano at ang buong sambayanan sa isang rehimeng bala ang tugon sa lahat ng karaingan ng mamamayan. Ang pagkamatay nina Ka Obet at Ka Cardo ay hamon sa mga naiwan na magpatuloy sa pagpupunyagi nang mabago ang kasalukuyang lipunang ni walang kapiranggot na pagpapahalaga sa buhay ng tao. Habang nagpapakalango ang 9th IDPA sa kanilang hungkag na tagumpay, rumaragasa sa kanayunan hanggang kalunsuran ang naglalagablab na apoy na paglaban ng mamamayan. Dapat nilang tandaan na walang makapipigil sa pagliyab ng rebolusyon. Tatapusin ng ilan libo pang tulad nila Ka Obet at Ka Cardo ang tanikala ng pang-aapi at pagsasamantala.

Pagpupugay kina Ka Obet, Ka Cardo at sa lahat ng martir ng sambayanan!
Wakasan ang Pagsasamantala!

Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan Hanggang sa Tagumpay!
Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!

## Hinggil sa Tangkang Pagpaslang kay ex-Kap. Albert Villarete

Hulyo 4, 2017
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Mariing kinukundena ng NDF-Bikol ang ginawang pamamaril ng mga ahente ng estado sa dating kapitan ng Brgy. Antolon, Caramoan na si Albert Caballero Villarete noong ika-2 ng Hulyo habang nagmamaneho ng motorsiklo patungong Brgy. Sta. Cruz, Caramoan. Ayon sa mga saksi, nakilala ang suspek na si Sandy Santileses, residente ng Poloan, Caramoan. Si Santileses ay myembro ng yunit ng CAFGU na hawak ng 83rd IBPA. Si Santileses din ang suspek sa pagpatay sa sibilyang si Manuel Nases, residente ng bayan ng Caramoan, noong Setyembre 2018.

Ang naturang krimen ay naganap matapos ang pananalakay ng militar sa isang yunit ng Tomas Pilapil Command-BHB East Camarines Sur kung saan kabilang sa napatay si Norberto 'Ka Obet' Balcueva na residente rin ng Brgy. Antolon. Batay sa awtopsiya sa bangkay, liban sa tama ng bala ay nagtamo si Ka Obet ng mga taga sa katawan at marka ng pagbali sa mga buto. Dahil dito, binabalak ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang tao na magsagawa ng isang fact finding mission hinggil sa kaso ng panonortyur at desekrasyon sa bangkay ni Ka Obet.

Tinarget ng militar si Villarete dahil sa progresibong rekord nito at dahil kababaryo nito si Ka Obet. Malaki ang posibilidad na lumahok din ito sa fact finding mission. Ang biktimang si Villarete ay kilala sa kanyang mga progresibong tindig at may kasaysayan ng aktibong paglahok sa mga anti-pasistang pagkilos. Siya ang tumayong lider ng binuong alyansa sa kanilang bayan laban sa militarisasyon noong 2014.

Upang pagtakpan ang kanilang mga krimen, nagmamadali ang militar na patahimikin ang mga indibidwal at organisasyong maaaring magsiwalat ng katotohanan sa publiko. Dahil nailalagay sa depensibang pusisyon ang militar at pulis bunsod ng sunud-sunod na kaso nila ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pinapalaganap nila ang kasinungalingang ang rebolusyonaryong kilusan ang nasa likod ng mga karumal-dumal na pamamaslang.

Nananawagan ang RJC-Bikol sa lahat ng mga progresibong organisasyon, kagawad ng midya, taong-simbahan, upisyal ng lokal na gubyerno, propesyunal at iba pang sektor na kagyat magsagawa ng mga fact finding mission hinggil sa magkakasunod na paglabag sa karapatang-tao sa bayan ng Caramoan. Dapat kagyat na ilantad sa publiko at mapigilan ang mga nakahilera pang pananalakay ng militar sa mga residente ng naturang bayan at iba pang bahagi ng rehiyon. Dapat singilin at pananagutin ang militar at pulis sa pagtarget nila sa mga sibilyan at sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

## Dalawang Pulis at isang police informant, kolateral sa operasyong militar ng 83rd IB

Hulyo 16, 2019
Ka Ma Roja Banua
Tagapagsalita, NDF-Bikol

Buong sigasig ang PRO 5 sa kampanyang linisin ang kanilang imahe matapos ang kalunus-lunos at palpak na engkwentro sa pagitan ng mga elemento ng 83rd IB at mga pulis. Pinalalabas na ang pangyayari sa Payak, Bato nitong Hulyo 15 ay engkwentro sa pagitan ng yunit ng Edmundo Jacob Command (EJC) at pinagsamang lakas ng militar at pulis. Dalawang elemento ng pulis, isang army at isang police informant ang napaslang sa nasabing engkwentro at marami pa ang nasugatan.

Maaari na sanang akuin ng BHB-EJC ang pagbigo sa tangkang pagsalakay ng militar at pulis sa Payak lalo't ipinamalita na ito ng 83rd IB. Ngunit, higit na mahalaga para sa rebolusyonaryong kilusan ang pagkamit ng katarungan para sa mga kapamilya ng mga nasawi.

Walang ibang dapat managot sa pagkasawi nina Police Senior Master Sergeant Javier, Ronnel Sestoso at iba pa kundi ang kumand ng 9th ID at PRO 5 sa paglulunsad ng isang koordinadong operasyong militar. Sa kabila ng pagbisita at pangako ng marangal na libing ni PRO Regional Director Escobal, kinakailangang singilin ng mga kapamilya't kaibigan ng mga nasawi ang buong kumand ng 9th IDPA at PRO 5 sa pagtalikod nila sa obligasyong papanagutin ang mga upisyal na nag-atas na ilunsad ang operasyon.

Hinihikayat ng NDF-Bicol ang mga kagawad ng midya na tulungan ang mga kapamilya ng mga elemento ng pulis na maitulak ang imbestigasyon sa naturang insidente.

---

## Pagpupugay sa Mapagpasyang Paglaban ng Bagong Hukbong Bayan-Bikol sa Teroristang Opensiba ng Joint Task Force-Bicolandia!

Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, Romulo Jallores Command (Bagong Hukbong Bayan-Bikol)
Hulyo 16, 2019

Pagpupugay ang ipinapaabot ng Romulo Jallores Command (BHB-Bikol) sa mga Pulang kumander at mandirigma sa kanilang buong giting at ubos-kayang pagharap sa papaigting na mga operasyong militar ng Joint Task Force Bicolandia. Sa harap ng malaganap na teroristang atake ng AFP at PNP sa ilalim ng Oplan Kapanatagan, higit pang napapanday ang kapasyahan ng mga pulang mandirigma ng BHB-Bikol na ipagtanggol ang masang Bikolano.

Mula Marso hanggang Hunyo, naitala ang 54 na kaswalti sa hanay ng militar, pulis at mga ahente nito. Hindi rin ibinunyag sa publiko ang naitalang patay sa panig ng AFP at PNP hatid ng mapagpasyang paglaban ng mga BHB sa mga operasyong strike sa Brgy. Mampirao, Caramoan at Brgy. La Medalla, Tinambac.

Pinipili ng 9th IDPA na itago ang mga kaswalti sa hanay ng militar at pulis upang palabasing matagumpay ang kampanyang pagpapahina sa armadong rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon. Bagamat sa mga pahayag ay idinidiin ng mga tagapagsalita ng AFP at PNP na bayani ang lahat ng kanilang mga sundalo at pulis, ano't ipinagkakait nila ang pinakamataas na pagpupugay sa kanilang elemento sa pamamagitan ng marangal na mga pampublikong burol? Bakit kailangang

itago ng kanilang mga kapamamilya ang kanilang pagdadalamhati?

Nananawagan ang BHB-Bikol sa bawat yunit nito na panghawakan ang syensya ng pakikidigmang gerilya at ubos-kayang biguin ang pasista at teroristang pananalasa ng rehimeng US-Duterte sa ilalim ng Oplan Kapanatagan. Tanganan ang alala't inspirasyon ng mga rebolusyonaryong martir na nagbuwis ng buhay para isulong ang makatarungan at makatwirang digma ng pagpapalaya.

Bagong Hukbong Bayan armas ng mamamayan!
Harapin ang pasista't teroristang atake ng Oplan Kapanatagan!

## Ilantad ang Saywar ng 9th IDPA! Biguin ang Oplan Kapanatagan, MO 32 at EO 70!

Pahayag sa Midya
Ka Raymundo Buenfuerza
Tagapagsalita, BHB-Bikol
Hulyo 18, 2019

Lumang tugtugin na ang linya ng pahayag ni Major Ricky Aguilar, tagapagsalita ng 9th IDPA, laban sa rebolusyonaryong kilusan. Nauuwi sa paglalatag ng kung anu-anong intriga't disimpormasyon si Aguilar upang mailihis sa isyu ng kapalpakan ng AFP at PNP ang diskurso . Sang-ayon ang maruming propaganda sa layunin ng MO 32 at EO 70 na lumikha ng klima ng takot at kaguluhan sa mga komunidad, itulak ang mga upisyales ng lokal na gubyernong makipagtulungan sa higit na masinsing panggagalugad ng militar sa kanayunan at bigyang-daan ang pagkubabaw ng militar sa lahat ng aspeto ng sibilyang burukrasya.

Tigas-mukhang ipinahayag ni Maj. Aguilar sa kanyang panayam sa Bombo Radyo na hindi gawain ng militar ang 'manunog, manortyur o pumaslang ng mga inosenteng tao'. Saan kumukuha ng lakas ng loob si Maj. Aguilar gayong hindi ba't noong Abril 2018 ay hindi nila isinaalang-alang ang buhay ng mga sibilyang sina Orlando San Jose, JR. at Ana Nias San Jose sa paghahabol nilang durugin ang BHB? Hindi ba't sa kabila ng pagpupumilit ng kanilang kaanak at kaibigan na ang mga ito'y sibilyan ay ipinakalat ng 83rd IB na matagumpay sila sa pagpaslang ng mga pulang mandirigma?

Hindi ba't limang buwan pa lamang ang nakalilipas mula nang magsalita rin sa naturang istasyon ang apat na magsasakang residente ng Sityo Pulang Daga, Brgy. Baya, Ragay, Camarines Sur na dinukot at iligal na dinetine ng mga elemento ng 9th IBPA noong ika-9 ng Pebrero?

Sa pahayag ng mga biktima, paulit-ulit nilang kinumpirmang militar ang dumukot at tumortyur sa kanila. Ayon pa sa kanila, pinaghukay sila ng sarili nilang libingan, at kung hindi pinagsikapang bawiin ng kanilang mga kababaryo, natulad na sa kalunus-lunos na sinapit nina Roberto Naris, 30 anyos, Ronel Naris, 28 anyos at Antonio Bonagua, 19 anyos, na dinakip, tinortyur at ilinibing nang buhay ng mga militar sa Patalunan, Ragay.

Kung babalikan ang kasaysayan, kukulangin ang isang araw sa haba ng krimen ng militar at pulis laban sa mamamayan. Napakabilis maghugas-kamay ng 9th IDPA, ngunit dapat nilang tandaang hindi nakalilimot ang masa sa duguan at brutal nilang rekord. Madali para sa militar ngayong hubugin ang takbo ng balita dahil tinitiyak ng rehimeng US-Duterte na limpak-limpak ang pondo ng kanyang kontra-mamamayang

todo-gera. Ngunit sa tulungan ng mga kaanak ng mga biktima, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, masang Bikolano at malawak na mamamayan, hindi mapipigilan ang paglabas ng katotohanan.

Hinihikayat ng RJC-Bikol ang mga kagawad ng midya na manguna sa pagsisiwalat ng maruming saywar ng militar. Hinihikayat din ang mga pamilya ng mga namatay na militar, pulis at CAFGU na lumantad sa publiko, manindigan laban sa pagpapain sa kanilang mga kaanak sa mga operasyong militar at ilahad kung paano itinatago ng militar ang kaswalti sa kanilang hanay. Nanawagan din ang RJC-Bikol sa lahat ng kaanak at kaibigan ng mga biktima ng karapataong tao ng AFP-PNP-CAFGU na hindi bigyang puwang ang pagpapalaganap ng kasinungalingan ng 9th IDPA sa pamamagitan ng muling paglalabas ng kanilang mga pahayag at saloobin hinggil dito.

Nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa masang Bikolano na magkaisa laban sa MO 32 at EO 70. Masa ang tinatarget ng tumitinding militarisasyon at malawakang operasyong saywar ng militar at pulis. Maging ang mga rank-and-file na militar, pulis at CAFGU ay kolateral lamang sa walang katuturang gera ng rehimeng US-Duterte. Hindi maaaring palampasin ng sambayanan ang tahasang pang-aatake sa kanila sa ilalim ng total war ng rehimeng US-Duterte.